
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • MAYO 2011

# Liahona



## Mga Mensahe sa Pangkalahatang Kumperensya

**Ika-75 Anibersaryo ng Programang Pangkapakanan ng Simbahan**

**Tatlong Bagong Templo Ibinalita**



SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

*Ang Nasa Akin, ang Siya Kong Ibibigay sa Iyo,* ni Walter Rane

*"Isang lalake na pilay buhat pa sa tiyan ng kanyang ina . . . siya'y inilalagay nila araw-araw sa pintuan ng templo . . . ;*
*"Pagkakita kay Pedro at kay Juan na magsisipasok sa templo, ay namanhik upang tumanggap siya ng limos. . . .*
*"Datapuwa't sinabi ni Pedro, Pilak at ginto ay wala ako; datapuwa't ang nasa akin,*
*ay siya kong ibibigay sa iyo: Sa pangalan ni Jesucristong taga Nazaret, lumakad ka.*
*"At kaniyang [Pedro] hinawakan siya [ang pilay na lalaki] sa kananag kamay, at siya'y itinindig:*
*at pagkadaka'y nagsilakas ang kaniyang mga paa at mga bukong-bukong" (Ang Mga Gawa 3:2–3, 6–7).*

# Mga Nilalaman Mayo 2011

Tomo 14 • Bilang 5

2 Buod para sa Ika-181 Taunang Pangkalahatang Kumperensya

**SESYON SA SABADO NG UMAGA**

4 Kumperensya na Naman *Pangulong Thomas S. Monson*

6 Ang Sabbath at ang Sakramento *Elder L. Tom Perry*

10 Maging Tulad sa Isang Maliit na Bata *Jean A. Stevens*

13 Mga Alagad ni Cristo *Elder Walter F. González*

15 Sakop ng Pagbabayad-sala ang Lahat ng Nararamdaman Nating Sakit *Elder Kent F. Richards*

18 Ang mga Babaeng LDS ay Kahanga-hanga! *Elder Quentin L. Cook*

22 Mga Pagkakataong Gumawa ng Mabuti *Pangulong Henry B. Eyring*

**SESYON SA SABADO NG HAPON**

26 Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan *Pangulong Dieter F. Uchtdorf*

28 Ulat ng Church Auditing Department, 2010 *Robert W. Cantwell*

29 Ulat sa Estadistika, 2010 *Brook P. Hales*

30 Ginagabayan ng Banal na Espiritu *Pangulong Boyd K. Packer*

34 Harapin ang Kinabukasan nang may Pananampalataya *Elder Russell M. Nelson*

37 Pagtatatag ng Isang Tahanang Nakasentro Kay Cristo *Elder Richard J. Maynes*

40 Patotoo *Elder Cecil O. Samuelson Jr.*

42 Hangarin *Elder Dallin H. Oaks*

46 Pagkakaroon ng Kagalakan sa Mapagmahal na Paglilingkod *Elder M. Russell Ballard*

**SESYON SA PRIESTHOOD**

49 Paghahanda sa Mundo para sa Ikalawang Pagparito *Elder Neil L. Andersen*

53 Pag-asa *Elder Steven E. Snow*

55 Mga Sagradong Susi ng Aaronic Priesthood *Larry M. Gibson*

58 Ang Inyong Potensyal, ang Inyong Pribilehiyo *Pangulong Dieter F. Uchtdorf*

62 Pagkatuto sa Priesthood *Pangulong Henry B. Eyring*

66 Kapangyarihan ng Priesthood *Pangulong Thomas S. Monson*

**SESYON SA LINGGO NG UMAGA**

70 Paghihintay sa Daan patungong Damasco *Pangulong Dieter F. Uchtdorf*

78 Higit pa sa mga Mapagtagumpay sa Pamamagitan Niyaong sa Atin ay Umiibig *Elder Paul V. Johnson*

81 Ang Nagpapabanal na Gawaing Pangkapakanan *Bishop H. David Burton*

84 Ang Kahulugan ng Pagiging Disipulo *Silvia H. Allred*

87 Ang Diwa ng Paghahayag *Elder David A. Bednar*

90 Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo *Pangulong Thomas S. Monson*

**SESYON SA LINGGO NG HAPON**

94 Ang mga Walang Hanggang Pagpapala ng Kasal o Pag-aasawa *Elder Richard G. Scott*

97 "Ang Lahat Kong Iniibig, ay Aking Sinasaway at Pinarurusahan" *Elder D. Todd Christofferson*

101 Ang Pinakamahahalagang Pagpapala ng Panginoon *Elder Carl B. Pratt*

103 Maging Anong Uri ng mga Tao Ba Nararapat Kayo? *Elder Lynn G. Robbins*

106 Tinawag na mga Banal *Elder Benjamín De Hoyos*

108 Ang Himala ng Pagbabayad-sala *Elder C. Scott Grow*

111 Isang Sagisag sa mga Bansa *Elder Jeffrey R. Holland*

114 Sa Paghihiwa-hiwalay *Pangulong Thomas S. Monson*

**PANGKALAHATANG PULONG NG YOUNG WOMEN**

115 Naniniwala Ako sa Pagiging Matapat at Tunay *Ann M. Dibb*

118 "Kaya't Tandaan: Ang Kabaitan sa 'Kin Nagmumula" *Mary N. Cook*

121 Mga Tagapangalaga ng Kabanalan *Elaine S. Dalton*

125 Isang Buhay na Patotoo *Pangulong Henry B. Eyring*

72 Mga General Authority ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

129 Indeks ng mga Kaganapan sa Kumperensya

130 Nagsalita Sila sa Atin: Gawing Bahagi ng Ating Buhay ang Kumperensya

132 Mga General Auxiliary Presidency

132 Mga Turo para sa Ating Panahon

133 Mga Balita sa Simbahan



# Buod para sa Ika-181 Taunang Pangkalahatang Kumperensya

**SABADO NG UMAGA, ABRIL 2, 2011, PANGKALAHATANG SESYON**
Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na Panalangin: Elder Allan F. Packer. Pangwakas na Panalangin: Elder Dale G. Renlund. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Clay Christiansen, organista: "Panginoo'y Hari!" *Mga Himno,* blg. 33; "Luwalhati sa Ating Diyos," *Mga Himno,* blg. 37; "We Listen to a Prophet's Voice," *Hymns,* blg. 22, isinaayos ni Murphy, di-inilathala; "Buhay ang Aking Manunubos," *Mga Himno,* blg. 78; "I Know That My Savior Loves Me," Creamer/Bell, isinaayos ni Murphy, di-inilathala; "Sa Tuktok ng Bundok," *Mga Himno,* blg. 5, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala.

**SATURDAY NG HAPON, ABRIL 2, 2011, PANGKALAHATANG SESYON**
Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na Panalangin: Elder Kevin W. Pearson. Pangwakas na Panalangin: Elder Michael T. Ringwood. Musikang handog ng pinagsamang koro mula sa Brigham Young University–Idaho; Eda Ashby at Randall Kempton, mga tagakumpas; Bonnie Goodliffe, organista: "Saligang Kaytibay," *Mga Himno,* blg. 47, isinaayos ni Ashby, di-inilathala; "Dakilang Karunungan at Pag-ibig," *Mga Himno,* blg. 116; "Magpunyagi, mga Banal," *Mga Himno,* blg. 43; "Let Zion in Her Beauty Rise," *Hymns,* blg. 41, isinaayos ni Kempton, di-inilathala.

**SABADO NG GABI, ABRIL 2, 2011, SESYON SA PRIESTHOOD**
Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na Panalangin: Elder Rafael E. Pino. Pangwakas na Panalangin: Elder Joseph W. Sitati. Musikang handog ng isang koro ng priesthood mula sa Ogden Utah at Logan Utah Institutes; Jerald F. Simon, J. Nyles Salmond, at Alan T. Saunders, mga tagakumpas; Andrew Unsworth, organista: "See the Mighty Priesthood Gathered," *Hymns,* blg. 325; "Guide Me to Thee," *Hymns,* blg. 101, isinaayos ni Unsworth, di-inilathala; "Manunubos ng Israel," *Mga Himno,* blg. 5; "Sa Tatag N'yaring Kabundukan," *Mga Himno,* blg. 25, isinaayos ni Durham, inilathala ng Jackman.

**LINGGO NG UMAGA, ABRIL 3, 2011, PANGKALAHATANG SESYON**
Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na Panalangin: Elder Gary E. Stevenson. Pangwakas na Panalangin: Elder Tad R. Callister. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg, tagakumpas; Richard Elliott at Andrew Unsworth, mga organista: "Saligan ng Kaligtasan," *Mga Himno,* blg. 160; "Sabbath Day," *Hymns,* blg. 148; "O, Makinig Lahat ng Bansa!" *Mga Himno,* blg. 165, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala; "Magpatuloy Tayo," *Mga Himno,* blg. 148; "Ako Ba'y May Kabutihang Nagawa?" *Mga Himno,* blg. 135, isinaayos ni Zabriskie, inilathala ni Plum; "Espiritu ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 2, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala.

**LINGGO NG HAPON, ABRIL 3, 2011, PANGKALAHATANG SESYON**
Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na Panalangin: Elder José A. Teixeira. Pangwakas na Panalangin: Elder Kent D. Watson. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Linda Margetts at Bonnie Goodliffe, mga organista: "I Saw a Mighty Angel Fly," *Hymns,* blg. 15, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala; "Sinisikap Kong Tularan si Jesus," *Aklat ng mga Awit Pambata*, 40–41, isinaayos ni Bradford, inilathala ng Nature Sings; "O mga Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 30; "Kabanalang Lalo, Aking Kahilingan," *Mga Himno,* blg. 80, isinaayos ni Staheli, inilathala ng Jackman.

**SABADO NG GABI, MARSO 26, 2011, PANGKALAHATANG PULONG NG YOUNG WOMEN**
Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Elaine S. Dalton. Pambungad na panalangin: Emily Lewis. Pangwakas na Panalangin: Bethany Wright. Musikang handog ng isang koro ng Young Women mula sa mga stake sa Salt Lake City area; Merrilee Webb, tagakumpas; Linda Margetts at Bonnie Goodliffe, mga organista: "Sa Tuktok ng Bundok," *Mga Himno,* blg. 4; "Guardians of Virtue," *Strength of Youth Media 2011: We Believe,* di-inilathala (cello: Jessica Hunt); "Buhay ang Aking Manunubos," *Mga Himno,* blg. 78, isinaayos ni Lyon, inilathala ng Jackman (arpa: Hannah Cope); "Saligang Kaytibay," *Mga Himno,* blg. 47, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala.

**MAKUKUHANG MGA MENSAHE SA KUMPERENSYA**
Para ma-akses ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya sa maraming wika, bumisita sa conference.lds.org . Pagkatapos ay pumili ng wika. Karaniwan sa loob ng dalawang buwan kasunod ng kumperensya, mayroon nang mga audio recording sa mga distribution center.

**MGA MENSAHE SA HOME AT VISITING TEACHING**
Para sa mga mensahe sa home at visiting teaching, mangyaring pumili ng isang mensaheng pinakamainam na tutugon sa mga pangangailangan ng inyong mga binibisita.

**SA PABALAT**
Harap: Larawang kuha ni Weston Colton.
Likod: Larawang kuha ni Les Nilsson.

**MGA LARAWANG KUHA SA KUMPERENSYA**
Ang mga larawan ng pangkalahatang kumperensya sa Salt Lake City ay kuha nina Craig Dimond, Welden C. Andersen, John Luke, Matthew Reier, Christina Smith, Cody Bell, Les Nilsson, Weston Colton, Sarah Jensen, at Derek Israelsen; sa Argentina ni Marcelino Tossen; sa Brazil nina Laureni Fochetto, Ana Claudia Souza de Oliveira, at Veruska Oliveira; sa Ecuador ni Alex Romney; sa Germany ni Mirko Kube; sa Jamaica ni Alexia Pommells; sa Mexico ni Ericka González Lage; sa Philippines ni Wilmore La Torre; sa Portugal ni Juliana Oliveira; sa Romania ni Matei Florin; sa Slovenia ni Ivan Majc; sa South Africa ni Kevin Cooney; sa Ukraine ni Marina Lukach; sa Maryland, USA, ni Sasha Rose; at sa Zambia ni Tawanda Maruza.



**MAYO 2011 TOMO 14 BLG. 5**
**LIAHONA 09685 893**
Opisyal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Paul B. Pieper
**Mga Tagapayo:** Stanley G. Ellis, Christoffel Golden Jr., Yoshihiko Kikuchi

**Namamahalang Direktor:** David L. Frischknecht
**Direktor sa Patnugutan:** Vincent A. Vaughn
**Direktor sa Graphics:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang mga Patnugot:** Jenifer L. Greenwood, Adam C. Olson
**Associate na Patnugot:** Ryan Carr
**Assistant na Patnugot:** Susan Barrett
**Staff sa Patnugutan:** David A. Edwards, Matthew D. Flitton, LaRene Porter Gaunt, Larry Hiller, Carrie Kasten, Jennifer Maddy, Melissa Merrill, Michael R. Morris, Sally J. Odekirk, Joshua J. Perkey, Chad E. Phares, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Janet Thomas, Paul VanDenBerghe, Mellissa Zenteno

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Scott Van Kampen
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Mga Senior Designer:** C. Kimball Bott, Thomas S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy
**Staff sa Produksyon:** Collette Nebeker Aune, Howard G. Brown, Julie Burdett, Reginald J. Christensen, Gene Christiansen, Kim Fenstermaker, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Ty Pilcher, Gayle Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin
**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagasasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong sa *Liahona,* Rm. 2420, 50 E. North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org**

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2011 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin kung mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala anag mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:** May 2011 Vol. 14 No. 5. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.



**MGA TAGAPAGSALITA AYON SA ALPABETO**

Allred, Silvia H., 84
Andersen, Neil L., 49
Ballard, M. Russell, 46
Bednar, David A., 87
Burton, H. David, 81
Christofferson, D. Todd, 97
Cook, Mary N., 118
Cook, Quentin L., 18
Dalton, Elaine S., 121
De Hoyos, Benjamín, 106
Dibb, Ann M., 115
Eyring, Henry B., 22, 62, 125
Gibson, Larry M., 55
González, Walter F., 13
Grow, C. Scott, 108
Holland, Jeffrey R., 111
Johnson, Paul V., 78
Maynes, Richard J., 37
Monson, Thomas S., 4, 66, 90, 114
Nelson, Russell M., 34
Oaks, Dallin H., 42
Packer, Boyd K., 30
Perry, L. Tom, 6
Pratt, Carl B., 101
Richards, Kent F., 15
Robbins, Lynn G., 103
Samuelson, Cecil O., Jr., 40
Scott, Richard G., 94
Snow, Steven E., 53
Stevens, Jean A., 10
Uchtdorf, Dieter F., 26, 58, 70

**INDEKS NG MGA PAKSA**

Aaronic Priesthood, 55
Bagong Tipan, 6
Banal, mga, 106
Banal na Kasulatan, mga, 30
Bata, mga, 10, 37, 103
Diborsiyo, 66
Espiritu Santo, 30, 40, 58, 70, 87, 111
Gawain, 84
Gawaing misyonero, 4, 46, 49
Halimbawa, 10, 121, 125
Hangarin, mga, 42
Ikalawang Pagparito, 49
Ikapu, 10, 34, 101
Ilaw o Liwanag, 87
Jesucristo, 6, 13, 15, 30, 78, 103, 108, 114
Kababaihan, 18
Kabaitan, 118
Kabanalan, 115, 121
Kagandahang-loob, 118
Kalayaan, 42
Kapulungan, mga, 18
Kasal o pag-aasawa, 42, 66, 94
Katapatan, 121
Katotohanan, 40, 121
Pag-asa, 53
Pagbabayad-sala, 15, 40, 53, 106, 108, 114
Paghahanda, 49
Paghahayag, 30, 87
Paghihirap, 15, 34, 78, 106
Pag-ibig sa kapwa, 46, 53, 81
Pagiging disipulo, 13, 84, 111
Pagiging ina, 18
Pagiging magulang, 37, 94, 103
Paglilingkod, 22, 46, 55, 58, 70, 81, 84, 118
Pagmamahal, 13, 22, 46, 62, 84, 94
Pagpapakumbaba, 10, 15
Pagpapala, mga, 34, 78, 101
Pagsamba, 6
Pagsisisi, 40, 97, 108
Pagsunod, 10, 34, 40, 87, 97, 101, 103, 125
Pagtatama o pagwawasto, 97
Pagtustos sa Sariling Panga-ngailangan, 22, 81, 84
Pagtuturo, 37
Pamantayan, mga, 111
Pamilya, 10, 18, 37, 90, 94
Pamumuno, 55, 62
Panalangin, 125
Pananampalataya, 18, 34, 42, 53, 70, 78, 87, 101, 106, 125
Pangkalahatang kumperen-sya, 111, 114
Pasensya, tiyaga, 15, 78
Pasko ng Pagkabuhay, 114
Patotoo, 40, 66, 125
Pioneer, mga, 53
Prayoridad, mga, 42
Priesthood, 30, 49, 58, 62, 66
Programang pangkapaka-nan, 22, 81, 84
Propeta, mga, 111
Relief Society, 84
Sabbath, 6
Sakramento, 6
Sakripisyo, 90
Templo, mga, 4, 90, 115
Tipan, mga, 13, 90, 94, 115
Tulong-pantao, 4
Tungkulin, 55, 62



**Ni Pangulong Thomas S. Monson**

# Kumperensya na Naman

*Salamat sa inyong pananampalataya at katapatan sa ebanghelyo, sa pagmamahal at pangangalaga ninyo sa isa't isa, at sa inyong paglilingkod.*

Nang planuhin ang gusaling ito, akala namin ay hinding-hindi natin ito mapupuno. Ngunit tingnan lang ninyo ito ngayon.

Mahal kong mga kapatid, mabuti at nagkasama-sama tayong muli sa pagsisimula ng ika-isandaan at walumpu't isang taunang kumperensya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Tila mabilis na nagdaan ang anim na buwan dahil naging abala ako sa maraming responsibilidad. Isa sa mga dakilang pagpapala sa panahong iyon ang muling paglalaan ng magandang Laie Hawaii Temple, na halos dalawang taong sumasailalim sa malawakang renobasyon.





Sinamahan ako noon nina Pangulo at Sister Henry B. Eyring, Elder at Sister Quentin L. Cook, at Elder at Sister William R. Walker. Noong gabi bago ang muling paglalaan, na naganap noong Nobyembre, pinanood namin ang 2,000 kabataan mula sa temple district nang punuin nila ang Cannon Activities Center sa BYU-Hawaii campus at nagtanghal para sa amin. Ang kanilang produksyon ay pinamagatang "The Gathering Place [Ang Lugar



ng Pagtitipon]" at malikhain at buong husay na muling isinalaysay ang mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng Simbahan sa lugar na iyon at ang kasaysayan ng templo. Kayganda ng gabing iyon!

Kinabukasan ay nagkaroon ng espirituwal na piging nang muling ilaan ang templo sa tatlong sesyon. Damang-dama namin ang Espiritu ng Panginoon.

Patuloy tayong nagtatayo ng mga templo. Pribilehiyo ko ngayong umaga na ibalita ang tatlong karagdagang templo na binibilhan na ng lote at itatayo, sa darating na mga buwan at taon, sa sumusunod na mga lugar: Fort Collins, Colorado; Meridian, Idaho; at Winnipeg, Manitoba, Canada. Tiyak na magiging pagpapala ang mga ito sa ating mga miyembro sa mga lugar na iyon.

Bawat taon milyun-milyong ordenansa ang isinasagawa sa mga templo. Nawa'y patuloy tayong maging tapat sa pagsasagawa ng gayong mga ordenansa, hindi lamang para sa ating sarili kundi para din sa ating mga mahal sa buhay na yumao na hindi ito magawa para sa kanilang sarili.

Ang Simbahan ay patuloy na nagbibigay ng humanitarian aid sa panahon ng mga kalamidad at sakuna. Kamakailan nagpaabot tayo ng ating pakikiramay at pagtulong sa Japan kasunod ng mapaminsalang

lindol at tsunami at sa banta ng nuclear meltdown na dulot ng mga ito. Namahagi tayo ng mahigit 70 tonelada ng mga suplay, kabilang na ang pagkain, tubig, mga kumot, higaan, hygiene items, damit, at panggatong. Nagboluntaryo ng kanilang panahon ang ating mga young single adult upang hanapin ang nawawalang mga miyembro gamit ang Internet, social media, at iba pang makabagong paraan ng komunikasyon. Naghahatid ng tulong ang mga miyembro gamit ang mga scooter na laan ng Simbahan sa mga lugar na mahirap marating ng kotse. Ang mga proyektong paglilingkod na magbuo ng mga hygiene kit at panlinis ay inorganisa sa maraming stake at ward sa Tokyo, Nagoya, at Osaka. Sa ngayon, mahigit 40,000 oras ng paglilingkod ang naibigay ng mahigit 4,000 boluntaryo. Magpapatuloy ang pagtulong natin sa Japan at sa iba pang mga lugar kung saan ito kailangan.

Mga kapatid, salamat sa inyong pananampalataya at katapatan sa ebanghelyo, sa pagmamahal at pangangalagang ipinakikita ninyo sa isa't isa, at sa paglilingkod ninyo sa inyong mga ward at branch at stake at district. Salamat din sa inyong katapatang magbayad ng inyong ikapu at mga handog at sa bukas-palad na pag-aambag sa iba pang mga pondo ng Simbahan.

Sa pagtatapos ng taong 2010, may 52,225 misyonerong naglilingkod sa 340 misyon sa buong daigdig. Gawaing misyonero ang buhay ng kaharian. Iminumungkahi ko na kung kaya ninyo, maaari ninyong isiping magambag sa General Missionary Fund ng Simbahan.

Ngayon, mga kapatid, nasasabik na tayong makinig sa mga mensaheng ibibigay sa atin ngayon at bukas. Ang mga magsasalita sa atin ay humingi ng tulong at patnubay ng langit sa paghahanda ng kanilang mensahe. Dalangin ko na mapuspos tayo ng Espiritu ng Panginoon at mapasigla at mabigyang-inspirasyon habang nakikinig tayo at natututo. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder L. Tom Perry**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Sabbath at ang Sakramento

*Maging puno ng pagmamahal ang inyong pamilya habang buong araw na iginagalang ninyo ang Sabbath at maranasan ninyo ang mga espirituwal na pagpapala nito sa buong linggo.*

Mga kapatid ko, sa buong mundo ngayong umaga naparito tayo upang makinig sa tinig ng isang propeta. Pinatototohanan ko na ang tinig na ating narinig ay tinig ng buhay na propeta ng Diyos sa lupa ngayon, si Pangulong Thomas S. Monson. Kaypalad nating makamtan ang kanyang mga turo at halimbawa!

Sa taong ito may pagkakataon tayong lahat na pag-aralan ang mga salita ng mga propeta sa Bagong Tipan sa Sunday School. Kung ang Lumang Tipan ay pag-aaral tungkol sa mga propeta at sa isang lahi, ang Bagong Tipan naman ay nakatuon sa buhay at impluwensya ng nag-iisang Tao na nabuhay sa mundo na may dalawang pagkamamamayan sa langit at sa lupa—ang ating Tagapagligtas at Manunubos na si Jesucristo.

Ang mundo ngayon ay punungpuno ng mga doktrina ng tao kaya madaling malimutan ang at mawalan ng pananampalataya sa napakahalagang salaysay ng buhay at ministeryo ng Tagapagligtas—ang Bagong Tipan. Ang sagradong aklat na ito ang sentro ng kasaysayan ng banal na kasulatan, katulad ng dapat ay Tagapagligtas mismo ang sentro ng ating buhay. Dapat tayong mangako sa ating sarili na pag-aralan at pahalagahan ito!

May matatagpuang walang-katumbas na karunungan sa pag-aaral natin ng Bagong Tipan. Lagi akong natutuwang basahin ang mga salaysay ni Pablo nang maglakbay siya at organisahin niya ang Simbahan ng Tagapagligtas, lalo na ang mga turo niya kay Timoteo. Sa ikaapat na kabanata ng mga sulat ni Pablo kay Timoteo, mababasa natin: "Ang mga bagay na ito'y iyong iutos at ituro. . . . Ikaw ay maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya, sa kalinisan."[1] Wala akong maisip na mas magandang paraan para tayo makapagsimula o patuloy tayong maging halimbawa ng mga nagsisisampalataya kaysa sa pagdiriwang natin ng araw ng Sabbath.

Simula sa Paglikha ng mundo, isang araw ang inilaan para rito. "At binasbasan ng Dios ang ikapitong

araw at kaniyang ipinangilin."[2] Kahit ang Diyos ay nagpahinga mula sa Kanyang mga gawain sa araw na ito, at inaasahan Niyang gagawin din ito ng Kanyang mga anak. Sa mga anak ng Israel, ibinigay Niya ang utos:

"Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin.

"Anim na araw na gagawa ka at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain.

"Nguni't ang ikapitong araw ay sabbath sa Panginoon mong Dios. . . .

". . . Ano pa't pinagpala ng Panginoon ang araw ng sabbath, at pinakabanal."[3]

Dapat ay laging may kalakip na pagsamba ang huwaran ng pagdiriwang natin ng araw ng Sabbath. Matapos likhain sina Adan at Eva, inutusan silang "sambahin ang Panginoon nilang Diyos, at . . . ialay ang mga panganay ng kanilang mga kawan, bilang isang handog sa Panginoon . . . [na] kahalintulad ng sakripisyo ng Bugtong na Anak ng Ama."[4] Ang pagsasakripisyo ng mga hayop ay nagpapalala sa mga inapo ni Adan na balang araw ay isasakripisyo ng Kordero ng Diyos, si Jesucristo, ang sarili Niyang buhay para sa atin.

Buong buhay Niya ay binanggit ng Tagapagligtas ang sakripisyong iyon.[5] Noong gabing bago Siya ipinako sa Krus, nagsimula nang matupad ang Kanyang mga sinabi. Tinipon Niya ang Kanyang mga disipulo sa silid sa itaas, malayo sa mga panggagambala ng mundo. Pinasimulan Niya ang sakramento ng Hapunan ng Panginoon.

"At samantalang sila'y nagsisikain, ay dumampot si Jesus ng tinapay, at pinagpala, at pinagputolputol; at ibinigay sa mga alagad, at sinabi, Kunin ninyo, kanin ninyo; ito ang aking katawan.

"At dumampot siya ng isang saro, at nagpasalamat, at ibinigay sa kanila, na nagsasabi, Magsiinom kayong lahat diyan;

"Sapagka't ito ang aking dugo ng bagong tipan, na nabubuhos dahil sa marami, sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan."[6]

Magmula noon, ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ang naging



dakila at huling sakripisyo. Nang magpakita Siya sa kontinente ng Amerika matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, ipinagkaloob Niya ang Kanyang Priesthood sa Kanyang mga disipulo at pinasimulan ang sakramento sa pagsasabing:

"At ito ay lagi ninyong gagawin, . . . maging katulad ng pagputul-putol ko ng tinapay at binasbasan ito at ibinigay ito sa inyo."

". . . At ito ay magiging patotoo sa Ama na lagi ninyo akong naaalaala. At kung lagi ninyo akong aalalahanin ang aking Espiritu ay mapapasainyo."[7]

Kapansin-pansin na kahit sa mahihirap na panahon ng apostasiya, ang huwarang ito ng pagsamba sa araw ng Sabbath at ng sakramento ay nagpatuloy sa maraming paraan.

Nang ipanumbalik ang ebanghelyo, sina Pedro, Santiago, at Juan, ang tatlo sa mga Apostol na unang tumanggap ng sakramento mula sa Tagapagligtas, ay nagpakita kina Joseph Smith at Oliver Cowdery. Sa kanilang pamamahala, ang awtoridad ng priesthood na kailangan upang pangasiwaan ang sakramento sa mga miyembro ng Simbahan ay naipanumbalik.[8]

Ipinagkaloob ng Tagapagligtas sa Kanyang mga propeta at apostol at mula sa kanila papunta sa atin, ang awtoridad ng priesthood na iyon ay nagpapatuloy sa mundo ngayon. Ang mga kabataang may priesthood sa buong mundo ay ginagawang marapat ang kanilang sarili na gamitin ang kapangyarihan ng priesthood sa masigasig nilang pagsunod sa mga utos at pagsasabuhay ng mga pamantayan ng ebanghelyo. Kapag nanatiling espirituwal na malinis ang mga kamay at dalisay ang mga puso ng mga kabataang lalaking ito, inihahanda at binabasbasan nila ang sakramento sa paraang itinuro ng Tagapagligtas—isang paraang ipinakita Niya kung paano gagawin mahigit na 2,000 taon na ang nakararaan.

Pagtanggap ng Sakramento ang sentro ng pagdiriwang natin ng araw ng Sabbath. Sa Doktrina at mga Tipan, inutusan tayong lahat ng Panginoon:



“At upang lalo pa ninyong mapag-ingatan ang inyong sariling walang bahid-dungis mula sa sanlibutan, kayo ay magtungo sa panalanginan at ihandog ang inyong sakramento sa aking banal na araw;

“Sapagkat katotohanang ito ay araw na itinakda sa inyo upang magpahinga mula sa inyong mga gawain, at iukol ang inyong mga panalangin sa Kataas-taasan. . . .

“At sa araw na ito wala kayong iba pang bagay na gagawin.”[9]

Habang isinasaalang-alang natin ang Sabbath at Sakramento sa sarili nating buhay, tila may tatlong bagay na hinihingi ang Panginoon sa atin: una, manatili tayong walang bahid-dungis mula sa mundo; pangalawa, magtungo sa bahay ng panalanginan at ihandog ang ating mga sakramento; at pangatlo, magpahinga mula sa ating mga gawain.

Napakasarap maging Kristiyano at mamuhay bilang tunay na disipulo ni Cristo. Sinabi Niya tungkol sa atin, “Hindi sila taga sanglibutan, na gaya ko naman na hindi taga sanglibutan.”[10] Para manatili tayong walang bahid-dungis mula sa mundo, inaasahan Niya tayong iwaksi ang mga makamundong alalahanin ng pangangalakal at paglilibang sa araw ng Sabbath.

Naniniwala ako na nais din Niya tayong manamit nang angkop. Maaaring isipin ng ating mga kabataan na hindi na uso ang lumang kasabihang “Sunday best.” Gayunman, alam natin na kapag isinuot natin sa araw ng Linggo ang isinusuot natin sa karaniwang araw, naaapektuhan nito ang mga pag-uugali at pagkilos natin. Siyempre, hindi naman kailangang magsuot ng pormal na damit ang ating mga anak sa araw ng Linggo hanggang lumubog ang araw. Gayunman, sa pananamit na hinihikayat nating isuot nila at sa mga aktibidad na ipinaplano natin, tinutulungan natin silang maghanda para sa sakramento at matamasa ang mga pagpapala nito sa buong maghapon.

Ano ang ibig sabihin ng ihandog ang ating mga sakramento sa Panginoon? Inaamin natin na lahat tayo ay nagkakamali. Bawat isa sa atin ay kailangang ipagtapat at talikuran ang ating mga kasalanan at pagkakamali sa ating Ama sa Langit at sa ibang maaaring nasaktan natin. Ang Sabbath ay nagbibigay sa atin ng mahalagang pagkakataong ihandog ito—na ating mga sakramento—sa Panginoon. Sinabi Niya, “Tandaan na dito, sa araw ng Panginoon, inyong iaalay ang inyong mga handog at ang inyong mga sakramento sa Kataas-taasan, ipinagtatapat ang inyong mga kasalanan sa inyong mga kapatid at sa harapan ng Panginoon.”[11]

Mungkahi ni Elder Melvin J. Ballard, “Ibig naming makita ang bawat Banal sa mga Huling Araw na dumalo sa sakramento dahil ito ang lugar para suriin ang ating sarili, lugar kung saan matututuhan nating itama ang ating landas at ayusin ang ating mga buhay, itinutugma ang ating mga sarili sa mga turo ng Simbahan at sa ating mga kapatid.”[12]

Sa marapat nating pagtanggap ng Sakramento, ipinakikita nating handa tayong taglayin sa ating sarili ang pangalan ng Tagapagligtas at sumunod sa Kanyang mga utos at lagi Siyang aalalahanin upang mapasaatin ang Kanyang Espiritu. Sa ganitong paraan ang tipan noong tayo’y binyagan ay nasasariwa. Tiniyak ng Panginoon sa

Kanyang mga alagad, "Kasindalas na gagawin ninyo ito, maaalaala ninyo ang oras na ito na ako ay nasa piling ninyo."[13]

Minsan iniisip natin na ang pagpapahinga sa mga gawain ay ang hindi lamang pagpasok sa trabaho at pagpaskil ng "Closed" na karatula sa tindahan. Subalit sa mundo ngayon, kabilang sa trabaho ang araw-araw nating ginagawa sa ating buhay. Maaari itong mga transaksyon sa negosyo na ginagawa natin sa bahay, mga kompetisyon sa isports at iba pang pinagkakaabalahan natin na makahahadlang sa ating pagsamba sa Araw ng Sabbath at sa paglilingkod natin sa iba.

"Huwag lapastanganin ang mga bagay na banal,"[14] paghahayag ng Panginoon sa unang mga Banal, na parang ipinapaalala sa atin ang sinabi Niya sa Kanyang mga alagad, "Ginawa ang sabbath ng dahil sa tao, at di ang tao ng dahil sa sabbath."[15]

Mga kapatid, sa mga huling araw na ito, ang kalaban ay nagtatagumpay kapag maluwag tayo sa ating mga pangako sa Tagapagligtas, binabalewala ang Kanyang mga turo sa Bagong Tipan at ibang mga banal na kasulatan, at tumigil na sundin Siya. Mga magulang, ngayon ang panahon upang turuan ang ating mga anak na maging uliran ng mga nagsisisampalataya sa pamamagitan ng pagdalo sa Sacrament meeting. Sa umaga ng araw ng Linggo, papagpahingahin sila, maayos ang pananamit, at espirituwal na handang tumanggap ng simbulo ng Sakramento at matanggap ang nagpapaliwanag, nagpapasigla, nagpapadakilang kapangyarihan ng Espiritu Santo. Maging puno ng pagmamahal ang inyong pamilya habang buong araw na iginagalang ninyo ang Sabbath at maranasan ninyo ang mga espirituwal na pagpapala nito sa buong linggo. Anyayahan ang inyong mga anak na "bumangon at magliwanag," sa pamamagitan ng pagpapabanal sa Araw ng Sabbath, upang "[ang kanilang] liwanag ay maging sagisag sa mga bansa."[16]

Habang lumilipas ang mga taon, patuloy kong binabalikan ang mga panahon ng Sabbath noong bata pa at binata na ako. Naalala ko pa ang unang araw nang mangasiwa ako sa sakramento bilang deacon at ang maliliit na babasaging cup na ipinasa ko sa mga miyembro ng aming ward. Ilang taon na ang nakakaraan isang gusali ng Simbahan sa bayan ko ang naremodeled. Isang kompartamento nito sa pulpito ang isinara noon pa. Nang buksan iyon, mayroon pa rin doong ilang maliliit na babasaging cup na nanatiling nakatago sa loob ng maraming taon. Isa sa mga ito ay ibinigay sa akin bilang alaala.

Naaalala ko rin ang isang berdeng baul na dala-dala namin sa Marine Corps. Sa loob noon ay isang tray na gawa sa kahoy at isang pakete ng sacrament cup, upang pagpalain kami ng kapayapaan at pag-asa ng Hapunan ng Panginoon sa gitna ng labanan at kawalang pag-asa ng digmaan.

Sa pagbabalik-tanaw ko sa mga sacrament cup noong aking kabataan, isa sa lambak kung saan ako lumaki, at ang isa ay sa milya-milyang layo sa Pasipiko, napupuspos ako ng pasasalamat na ang Tagapagligtas ng Sanlibutan ay handang uminom sa "mapait na saro"[17] para sa kapakanan ko. At dahil ginawa Niya ito, masasabi ko rin tulad ng Mangaawit, "ang aking saro ay inaapawan"[18] ng mga pagpapala ng Kanyang walang katapusan at walang hanggang Pagbabayad-sala.


Sa araw na ito bago ang Sabbath, sa pag-umpisa ng dakilang kumperensyang ito, alalahanin natin ang mga pagpapala at oportunidad na mapapasaatin sa pagdalo sa Sacrament meeting tuwing linggo sa ating mga ward at branch. Maghanda at pangasiwaan natin ang ating mga sarili sa Sabbath sa paraang mapapasaatin ang mga pagpapalang ipinangako sa atin at sa ating mga pamilya. Pinatototohanan ko na ang pinakadakilang kagalakan na matatamo natin sa buhay na ito ay sa pagsunod sa Tagapagligtas. Nawa'y sundin natin ang Kanyang mga utos sa pamamagitan ng pagpapabanal natin sa Kanyang sagradong araw, ang aking panalangin, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. I Kay Timoteo 4:12.
2. Genesis 2:3
3. Exodo 20:8–11
4. Moises 5:5.
5. Tingnan, halimbawa, ang Marcos 10:32–34; Juan 2:19; 10:17; 12:32.
6. Mateo 26:26–28
7. 3 Nephi 18:6–7
8. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–69, 72; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 27:12–13.
9. Doktrina at mga Tipan 59:7, 21.
10. Juan 17:3.
11. Doktrina at mga Tipan 123:12.
12. Sa Bryant S. Hinckley, *Sermons and Missionary Services ni Melvin Joseph Ballard* (1949), 150.
13. Tingnan sa Joseph Smith Translation, Marcos 14:21, sa Bible appendix.
14. Doktrina at mga Tipan 123:12.
15. Marcos 2:27
16. Doktrina at mga Tipan 115:5.
17. 3 Nephi 11:11.
18. Mga Awit 235.

***Kyiv, Ukraine***





**Ni Jean A. Stevens**
Unang Tagapayo sa Primary General Presidency

# Maging Tulad sa Isang Maliit na Bata

*Kung tayo ay may pusong madaling turuan at handang tularan ang halimbawa ng mga bata, ang kanilang mga banal na katangian ay maaaring maging susi na magbubukas ng ating sariling espirituwal na pag-unlad.*

Ipinadadala ng ating Ama sa Langit, sa Kanyang dakilang karunungan at pagmamahal, ang Kanyang mga espiritung anak sa mundo bilang mga sanggol. Sila ay isinisilang sa mga pamilya bilang natatanging kaloob na may banal na katangian at tadhana. Alam ng ating Ama sa Langit na ang mga anak ay instrumentong makakatulong sa atin na maging katulad Niya. Napakarami nating matututuhan sa mga bata.

Ang mahalagang katotohanang ito ay nakita ilang taon na ang nakararaan nang papuntahin ang isang miyembro ng Pitumpu sa Hong Kong para sa isang gawain. Bumisita siya sa isang napakahirap na ward na hikahos sa maraming bagay, at hindi matugunan ang sariling pangangailangan. Habang inilalarawan ng bishop ang kanilang sitwasyon, nadama ng General Authority na hilingin sa mga miyembro na magbayad ng ikapu. Ang bishop, na alam ang kanilang kahirapan, ay nag-aalala kung paano niya maipatutupad ang payong iyon. Pinag-isipan niya ito at nagpasiyang kausapin ang ilan sa lubos na sumasampalatayang mga miyembro ng ward at hinilingan silang magbayad ng ikapu. Nang sumunod na Linggo nagpunta siya sa Primary. Itinuro niya sa mga bata ang batas ng ikapu ng Panginoon at nagtanong kung handa silang magbayad ng ikapu sa perang naipon nila. Sinabi ng mga bata na gagawin nila iyon. At ginawa nga nila ito.

Pagkatapos nagpunta ang bishop sa mga nakatatanda sa ward at ikinuwento sa kanila na sa nakalipas na anim na buwan ay nagbayad ng ikapu ang kanilang matatapat na anak. Tinanong Niya sila kung handa silang tularan ang halimbawa ng mga batang ito at gawin din iyon. Labis na naantig ang mga tao sa sakripisyong ginawa ng mga bata kaya ginawa nila ang kailangan para makabayad ng kanilang ikapu. At nabuksan ang mga dungawan ng langit. Dahil sa halimbawa ng matatapat na batang ito, nag-ibayo ang pagsunod at patotoo ng ward.

Si Jesucristo Mismo ang nagturo sa atin na gawing halimbawa ang ating mga anak. Nakasaad sa Bagong Tipan ang Kanyang sagot nang pagtalunan ng Kanyang mga disipulo kung sino ang pinakadakila sa kaharian ng langit. Sinagot ni Jesus ang kanilang tanong sa paggamit ng maliit ngunit matinding pakay-aralin. Pinalapit Niya ang isang maliit na bata at inilagay sa gitna nila at sinabing:

"Malibang kayo'y magsipanumbalik, at maging tulad sa maliliit na bata, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit.

"Sinoman ngang magpakababa na gaya ng maliit na batang ito, ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit" (Mateo 18:3–4).

Ano ang dapat nating matutuhan sa mga bata? Anong mga katangian ang taglay nila at anong mga halimbawa ang ipinapakita nila na makakatulong sa sarili nating espirituwal na pag-unlad?

Ang natatanging mga anak na ito ng Diyos ay dumating sa atin na may pusong nananalig. Sila ay puno ng pananampalataya at nakikinig sa pahiwatig ng Espiritu. Sila ay halimbawa ng pagpapakumbaba, pagsunod, at pagmamahal. Sila kadalasan ang unang nagmamahal at unang nagpapatawad.

Magbabahagi ako ng ilang karanasan kung paano makakatulong ang mga bata sa ating buhay dahil sa kanilang walang-malay ngunit mabuting halimbawa ng mga katangiang katulad ng kay Cristo.

Si Todd, isang batang lalaki na dalawang taong gulang pa lamang, ay sumama sa kanyang ina kamakailan sa isang art museum na nagtatanghal ng isang espesyal na eksibit ng magagandang ipinintang larawan ng Tagapagligtas. Nang maraanan nila ang mga sagradong larawang ito, narinig niya na mapitagang binibigkas ng kanyang anak ang pangalang "Jesus." Tiningnan niya ito at nakita niyang humalukipkip ito at yumuko habang nakatingin sa mga larawan. May matututuhan ba tayo kay Todd tungkol sa pagpapakumbaba, pagpipitagan, at pagmamahal sa Panginoon?

Noong nakaraang taglagas, minasdan ko ang halimbawa ng isang 10-taong-gulang na batang lalaki sa Armenia. Habang hinihintay naming magsimula ang sacrament meeting,



napansin niya ang pagdating ng pinakamatandang miyembro ng branch. Siya ang kaagad na lumapit dito, inalalayan ito sa bisig para mapatatag ang mabuway na paglakad nito. Pinaupo niya ito sa harapang upuan ng kapilya kung saan ito makakarinig. Ang ginawa ba niyang munting kabaitan ay nagtuturo sa atin na ang mga pinakadakila sa kaharian ng Panginoon ay yaong naghahanap ng mga pagkakataong maglingkod sa kapwa?

Tinuruan tayo ni Katie, isang batang Primary, nang makita natin ang impluwensya niya sa kanyang pamilya. Dumalo siya sa Primary at naakit sa mga turo ng ebanghelyo. Dahil lumakas ang pananampalataya at patotoo, nag-iwan ng sulat si Katie sa unan ng kanyang mga magulang. Isinulat niya na ang mga katotohanan ng ebanghelyo ay "napamahal na sa kanyang puso." Ibinahagi niya ang kanyang pananabik na mapalapit sa kanyang Ama sa Langit, sumunod sa Kanyang mga utos, at mabuklod ang kanilang pamilya sa templo. Ang simpleng patotoo ng kanilang malambing na anak ay umantig nang husto sa puso ng kanyang mga magulang. Si Katie at kanyang pamilya ay tumanggap ng mga sagradong ordenansa sa templo na nagbuklod sa kanilang pamilya magpakailanman. Ang pusong nananalig at halimbawa ng pananampalataya ni Katie ay nakapaghatid ng mga walang hanggang pagpapala sa kanyang pamilya. Naakay ba tayo ng kanyang tapat na patotoo at hangaring sundin ang plano ng Panginoon na makita nang mas malinaw ang tunay na pinakamahalaga?

May natutuhan ang aming pamilya sa isang malapit naming kamag-anak na si Liam, anim-na-taong-gulang. Nitong nakaraang taon nakibaka siya sa malalang kanser sa utak. Matapos ang dalawang maselang operasyon, ipinasiya na kakailanganin niya rin ng radiation. Sa pagpapasailalim sa radiation, kailangan ay mag-isa lang siya at nakahiga nang walang kakilos-kilos. Ayaw ni Liam na bigyan siya ng pampakalma dahil hindi niya gusto ang epekto nito sa kanya. Ipinasiya niya na kung maririnig lang niya ang boses ng kanyang ama sa intercom, panatag siyang makakahiga nang walang pampakalma.

Sa nakababalisang mga sandaling ito, pinalakas ng kanyang ama ang loob niya at ipinadama ang pagmamahal sa kanya. "Liam, kahit hindi mo ako nakikita, narito lang ako. Alam kong kaya mo iyan. Mahal kita." Tagumpay na natapos ni Liam ang 33 kailangang radiation habang nakahiga nang walang kakilos-kilos, isang tagumpay na akala ng mga doktor ay imposibleng gawin sa isang napakabata nang walang pampakalma. Sa loob ng ilang buwang pagdaranas ng sakit at hirap, ang nakakahawang positibong pananaw ni Liam ay naging malaking halimbawa ng pagharap sa paghihirap nang may pag-asa at kaligayahan din. Ang kanyang mga doktor, narses, at napakaraming iba pa ay nabigyang-inspirasyon ng kanyang katapangan.




Lahat tayo ay natututo ng mahahalagang aral mula kay Liam—mga aral tungkol sa pagpiling sumampalataya at magtiwala sa ating Ama sa Langit. Katulad ni Liam, hindi natin nakikita ang ating Ama sa Langit, ngunit maaari nating marinig ang Kanyang tinig upang bigyan tayo ng lakas na kailangan natin upang matiis ang mga pagsubok ng buhay.

Ang halimbawa ba ni Liam ay mas magpapaunawa sa atin ng mga salita ni Haring Benjamin na maging tulad sa isang bata—masunurin, maamo, mapakumbaba, mapagtiis, at puno ng pag-ibig? (tingnan sa Mosias 3:19).

Ang mga batang ito ay nagbibigay ng mga halimbawa ng ilan sa mga katangiang katulad sa isang bata na kailangan nating taglayin o tuklasing muli sa ating sarili upang makapasok tayo sa kaharian ng langit. Sila ay mga dalisay na espiritu na hindi nadungisan ng mundo—madaling turuan at puno ng pananampalataya. Kaya pala may espesyal na pagmamahal at pagpapahalaga ang Tagapagligtas sa maliliit na bata.

Kabilang sa mga di-pangkaraniwang kaganapan sa pagdalaw ng Tagapagligtas sa mga lupain ng Amerika, katangi-tangi ang Kanyang magiliw na pagmiministeryo sa mga bata. Sa mapagmahal na paraan ay kinuha Niya ang bawat bata.

"At kinuha ang kanilang maliliit na anak, isa-isa, at binasbasan sila, at nanalangin sa Ama para sa kanila.

"At nang magawa na niya ito, siya ay . . . tumangis. . . .

"At nangusap siya sa maraming tao, at sinabi sa kanila: Masdan ang inyong mga musmos" (3 Nephi 17:21–23).

Itinuro sa atin ni Elder M. Russell Ballard ang kahalagahan ng utos ng Tagapagligtas na "masdan ang inyong mga musmos" nang sabihin niyang: "Pansinin na hindi Niya sinabing 'sulyapan sila' o 'tingnan lang sila' o 'tumingin paminsan-minsan sa kanilang direksyon.' Ang sabi Niya'y *masdan* sila. Para sa akin nangangahulugan iyan na dapat natin silang bantayan at mahalin; dapat natin silang tingnan at pahalagahan kung sino sila talaga: mga espiritung anak ng ating Ama sa Langit, na may mga banal na katangian" ("Behold Your Little Ones," *Tambuli,* Okt. 1994, 40; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Wala nang iba pang mas perpektong lugar upang masdan ang ating mga musmos kundi sa ating pamilya. Ang tahanan ay isang lugar kung saan lahat tayo ay sama-samang matututo at uunlad. Itinuturo ng isa sa magagandang awitin sa Primary ang katotohanang ito:

*Diyos tayo'y binigyan*
*Ng pamilya nang S'ya ay matularan—*
*Ang pag-ibig N'ya'y taos,*
*Dahil pamilya'y sa Diyos.*
("Pamilya'y sa Diyos," *Liahona,* Okt. 2008, K12–13.)

Dito sa ating pamilya, sa kapaligirang may pagmamahal, kung saan natin nakikita at napapahalagahan sa mas personal na paraan ang mga banal na katangian ng Kanyang mga espiritung anak. Dito sa ating pamilya mapalalambot ang ating puso at sa pagpapakumbaba ay nais nating magbago, maging higit na katulad ng isang bata. Ito ay isang proseso para tayo maging higit na katulad ni Cristo.

Pinawi na ba ng ilang karanasan sa buhay ang inyong pusong nananalig at pananampalatayang katulad sa isang bata na taglay ninyo noon? Kung gayon, tingnan sa paligid ang mga bata sa inyong buhay. At pagkatapos ay muling tumingin. Maaaring sila ay mga bata sa inyong pamilya, sa tapat ng bahay ninyo, o sa Primary sa inyong ward. Kung tayo ay may pusong madaling turuan at handang tularan ang halimbawa ng mga bata, ang kanilang mga banal na katangian ay maaaring maging susi na magbubukas ng ating sariling espirituwal na pag-unlad.

Lagi kong pasasalamatan ang mabiyayaan ng sarili kong mga anak. Ang halimbawa ng bawat isa ay nagturo sa akin ng mga aral na kailangan ko. Tinulungan nila ako na higit pang magpakabuti.

Iniiwan ko ang aking aba ngunit tiyak na patotoo na si Jesus ang Cristo. Siya ang nag-iisang perpektong Anak—masunurin, maamo, mapakumbaba, mapagtiis, at puno ng pag-ibig. Nawa'y naisin ng bawat isa sa atin na sundan ang Kanyang halimbawa, na maging tulad sa isang maliit na bata, at sa gayon ay makabalik tayo sa ating tahanan sa langit, ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder Walter F. González**
Ng Panguluhan ng Pitumpu

# Mga Alagad ni Cristo

*Ang mga alagad ni Cristo ay ginagawang huwaran sa buhay ang Tagapagligtas na lumakad sa liwanag.*

Noong Oktubre, sinamahan naming mag-asawa sina Elder at Sister Neil L. Andersen para sa groundbreaking ng isang bagong templo sa Cordoba, Argentina. Tulad nang kaugalian, sinundan ng isang press conference ang seremonya. Isang mamamahayag, na hindi miyembro ng ating simbahan, ang nagsabi na naobserbahan niya kung gaano pinahalagahan ng mga lalaki ang kanilang asawa. Pagkatapos ay hindi inaasahang itinanong nito, "Totoo ba iyon o likhang-isip lang?" Tiyak ko na may nakita at nadama siyang kakaiba sa ating mga miyembro. Naramdaman niya siguro ang pagnanais ng ating mga miyembro na sundin si Cristo. Ganyan ang pagnanais ng mga miyembro sa iba't ibang panig ng mundo. Kasabay nito, nais din ng milyun-milyong kataong hindi miyembro ng Simbahan na sundin Siya.

Humanga kaming mag-asawa sa mga taong nakita namin sa Ghana at Nigeria. Karamihan ay hindi mga miyembro ng ating simbahan. Masaya kaming makita na nais nilang sundin si Cristo sa mga pag-uusap nila sa bahay, sa sasakyan, sa mga pader, at sa kanilang mga billboard. Hindi pa kami nakakita ng gayon karaming simbahang Kristiyano na magkakatabi.

Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, tungkulin nating anyayahan ang milyun-milyong tulad nila na magpunta at tingnan kung ano ang maidaragdag natin sa mabubuting bagay na mayroon na sila. Sinumang tao saanmang lupalop, klima, o kultura ay maaaring malaman sa kanyang sarili na nakita ni Propetang Joseph Smith ang Ama at Anak sa isang pangitain. Malalaman niya na ipinanumbalik ng mga sugo ng langit ang priesthood at ang Aklat ni Mormon ay isa pang tipan ni Jesucristo. Sa mga salita ng Panginoon kay Enoc, "Kabutihan [ang ipinadala] mula sa langit; at katotohanan [ang ipinadala] sa lupa, upang [patotohanan ang] Bugtong na Anak [ng Ama]."[1]

Nangako ang Tagapagligtas, "Ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan."[2] Ang mga alagad ni Cristo ay ginagawang huwaran sa buhay ang Tagapagligtas na lumakad sa liwanag. Dalawang katangian ang makakatulong sa atin upang matukoy kung hanggang saan natin Siya susundin. Una, ang mga alagad ni Cristo ay mapagmahal. Pangalawa, ang mga alagad ni Cristo ay gumagawa at tumutupad ng mga tipan.

Ang unang katangian, ang pagiging mapagmahal, ay isang bagay na napansin siguro ng mamamahayag sa Córdoba sa mga miyembro ng ating Simbahan. Sinusunod natin si Cristo dahil mahal natin Siya. Kapag sinusunod natin ang Manunubos dahil sa pagmamahal, tinutularan natin ang Kanyang halimbawa. Dahil sa pagmamahal sinunod ng Tagapagligtas ang kalooban ng Ama anuman ang sitwasyon. Sumunod ang ating Tagapagligtas kahit nangahulugan ito ng matinding sakit ng katawan at damdamin; na hampasin Siya ng latigo at kutyain; na pahirapan Siya ng Kanyang mga kaaway at talikuran Siya ng Kanyang mga kaibigan. Ang nagbabayad-salang sakripisyo, na natatatangi sa misyon ng Tagapagligtas, ang pinakamagandang pagpapahayag ng pagmamahal sa lahat. "Ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo."[3]

Tulad ng pagsunod ni Cristo sa Kanyang Ama anuman ang sitwasyon, dapat nating sundin ang Kanyang Anak. Kung gagawin natin ito, hindi na mahalaga kung anong klaseng pag-uusig, pagdurusa, dalamhati, o "tinik sa laman" [4] ang nararanasan natin. Hindi tayo nag-iisa. Tutulungan tayo ni Cristo. Palalakasin tayo ng Kanyang magigiliw na awa anuman ang sitwasyon.[5]

Ang pagsunod kay Cristo ay maaaring mangahulugan ng pagtalikod sa maraming bagay na itinatangi, tulad ng ginawa ni Ruth na Moabita. Bilang bagong binyag, dahil sa pagmamahal sa Diyos at kay Naomi, iniwan niya ang lahat para ipamuhay ang kanyang relihiyon.[6]

Maaari din itong mangahulugan ng pagtitiis ng paghihirap at paglaban sa tukso. Noong kabataan niya, ipinagbili si Jose para maging alipin. Inilayo siya sa lahat ng mahal sa kanya. Kalaunan ay tinukso siyang magkasala. Nilabanan niya ang tukso at sinabi, "Paano ngang aking magagawa itong malaking kasamaan, at kasalanan laban sa Dios?"[7] Ang pagmamahal niya sa Diyos ay mas matindi kaysa anumang paghihirap o tukso.

Mayroon tayo ngayong mga makabagong Ruth at Jose sa iba't ibang dako ng mundo. Nang matanggap ni



Brother Jimmy Olvera ng Guayaquil, Ecuador, ang kanyang tawag sa mission, naghihirap ang kanyang pamilya. Sa araw na aalis na siya, sinabihan siya na kung lalabas siya ng pintuan, itatakwil siya ng kanyang pamilya. Malungkot siyang lumabas ng pintuang iyon. Habang nasa misyon, sinabi ng kanyang ina na magtagal pa siya sa misyon dahil napakarami nilang biyayang natatanggap. Si Brother Olvera ay isa na ngayong stake patriarch.

Ang tapat na pagmamahal kay Cristo ay naglalaan ng kailangang katatagan upang sundin Siya. Ipinakita ito ng Panginoon Mismo nang tatlong beses Niyang itanong kay Pedro, "Iniibig mo baga ako?" Matapos sabihin nang malakas ni Pedro ang pagmamahal niya sa Kanya, sinabi ng Panginoon kay Pedro ang darating na mga paghihirap. Pagkatapos ay dumating ang payo: "Sumunod ka sa akin." Maaari ding itanong sa atin ang tanong ng Tagapagligtas kay Pedro: "Iniibig mo baga ako?" na sinundan ng tawag na kumilos: "Sumunod ka sa akin."[8]

Ang pagmamahal ay isang mabisang impluwensya sa ating puso sa pagsisikap nating sumunod. Ang pagmamahal sa ating Tagapagligtas ay nagbibigay-inspirasyon sa atin na sundin ang Kanyang mga utos. Ang pagmamahal sa isang ina, ama, o asawa ay magbibigay-inspirasyon din sa atin na sundin ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang pakikitungo natin sa iba ay nagpapakita kung gaano natin nasusunod ang Tagapagligtas sa pagmamahal natin sa isa't isa.[9] Ipinapakita natin ang ating pagmamahal sa Kanya kapag tumigil tayo para tulungan ang iba, kapag tayo ay "ganap na matatapat at matwid sa lahat ng bagay"[10] at gumagawa at tumutupad tayo ng mga tipan.

Ang pangalawang katangian ng mga alagad ni Cristo ay ang paggawa at pagtupad ng mga tipan, tulad ng ginawa Niya. Itinuro ni Moroni na ang "pagbubuhos ng dugo ni Cristo . . . [ay] nasa tipan ng Ama tungo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, upang kayo ay maging banal, na walang bahid-dungis."[11]

Itinuro ni Propetang Joseph Smith na bago pa man nilikha ang mundong ito, ginawa na ang mga tipan sa langit.[12] Ang mga sinaunang propeta at patriarch ay gumawa ng mga tipan.

Ang Tagapagligtas Mismo ang nagpakita ng halimbawa. Bininyagan Siya ng isang may wastong awtoridad upang isakatuparan ang lahat ng katwiran. Sa pamamagitan ng Kanyang binyag, pinatunayan ng Tagapagligtas sa Ama na susundin Niya ang lahat ng utos ng Ama.[13] Tulad noong unang panahon, sinusunod din natin si Cristo at nakikipagtipan tayo sa pamamagitan ng mga ordenansa ng priesthood.

Ang paggawa ng mga tipan ay isang bagay na maidaragdag ng milyun-milyong hindi miyembro ng ating simbahan sa mabubuting bagay na mayroon na sila. Ang paggawa ng mga tipan ay pagpapakita ng pagmamahal. Isang paraan iyon ng pagsasabi sa Kanya ng, "Opo, susundin ko Kayo dahil mahal ko Kayo."

Ang mga tipan ay may lakip na mga pangako, "maging ng buhay na walang hanggan."[14] Lahat ng bagay ay magtutulungan para sa ating ikabubuti kung aalalahanin natin ang ating mga tipan.[15] Dapat gawin at tuparin ang mga ito para lubos na matanggap ang mga pangakong kalakip nito. Tutulungan tayo ng pagmamahal sa Tagapagligtas at pag-alala sa ating mga tipan na matupad natin ang mga ito. Ang pagtanggap ng sacrament ay isang paraan ng pag-alala sa mga ito.[16] Ang isa pang paraan ay pumunta sa templo nang madalas. Naaalala ko ang isang bagong kasal sa South America na gusto nang maghiwalay dahil hindi sila magkasundo. Pinayuhan sila ng isang lider ng priesthood na pumunta sa templo at pakinggang mabuti ang mga salita at pangako ng mga tipang ginagawa roon. Ginawa nila iyon at naisalba ang pagsasama nila. Ang kapangyarihan ng ating mga tipan ay mas matindi kaysa anumang hamong kinakaharap o kakaharapin natin.

Sa mga miyembrong hindi aktibo sa ebanghelyo, magbalik na sana kayo. Damhin ang mga pagpapala ng

pag-alala at pagpapanibago ng mga tipan sa pamamagitan ng sacrament at pagpunta sa templo. Ang paggawa nito ay pagpapakita ng pagmamahal at kahandaang maging tunay na alagad ni Cristo. Gagawin kayo nitong karapat-dapat na matanggap ang lahat ng ipinangakong pagpapala.

Sa mga hindi miyembro ng ating simbahan, inaanyayahan ko kayong sumampalataya, magsisi, at maging karapat-dapat na tumanggap ng tipan sa binyag sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sa paggawa nito, maipapakita ninyo na mahal ninyo ang ating Ama sa Langit at handa kayong sundin si Cristo.

Pinatototohanan ko na mas maligaya tayo kapag sinusunod natin ang mga turo ng ebanghelyo ni Jesucristo. Kapag nagsikap tayong sundin Siya, darating sa atin ang mga pagpapala ng langit. Alam ko na matutupad ang Kanyang mga pangako kapag gumawa at tumupad tayo ng mga tipan, at naging tunay na mga alagad ni Cristo. Pinatototohanan ko ang Kanyang dakilang pagmamahal sa bawat isa sa atin, at sinasabi ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Moises 7:62.
2. Juan 8:12.
3. Isaias 53:5.
4. II Mga Taga Corinto 12:7.
5. Tingnan sa 1 Nephi 1:20.
6. Tingnan sa Ruth 1:16.
7. Tingnan sa Genesis 39:7–9.
8. Tingnan sa Juan 21:15–19.
9. Tingnan sa Juan 13:35.
10. Alma 27:27.
11. Moroni 10:33.
12. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 42; tingnan din sa Spencer W. Kimball, "Be Ye Therefore Perfect" (pananalita sa debosyonal, Salt Lake Institute of Religion, Ene. 10, 1975): "Gumawa tayo ng mga sumpa, mga taimtim na sumpa, sa langit bago tayo nabuhay sa mundong ito. . . . Nakipagtipan tayo. Ginawa natin ang mga ito bago natin tinanggap ang ating katungkulan dito sa lupa."
13. Tingnan sa 2 Nephi 31:5–7.
14. Abraham 2:11. Tingnan din sa John A. Widtsoe, "Temple Worship" (lektyur, Assembly Hall, Salt Lake City, Okt. 12, 1920), 10: "Ang tipan ay nagbibigay-buhay sa katotohanan; at ginagawang posible ang mga pagpapalang ganti sa mga yaong gumagamit ng kaalaman nang wasto."
15. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 90:24.
16. Tingnan, halimbawa, sa 3 Nephi 18:7–11.



**Ni Elder Kent F. Richards**
Ng Pitumpu

# Sakop ng Pagbabayad-sala ang Lahat ng Nararamdaman nating Sakit

*Ang ating malaking personal na hamon sa buhay na ito ay ang maging "banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo."*

Bilang surgeon, malaking bahagi ng oras ko sa aking propesyon ay nagugol sa paksa tungkol sa sakit. Dahil kailangan, nakapagdulot ako nito sa mga operasyon ko halos araw-araw—malaking bahagi ng gawain ko noon ay ginugol ko sa pagkontrol at pagbawas ng sakit na nararamdaman ng mga tao.

Pinag-isipan ko kung bakit dapat makaramdam ang tao ng sakit. Walang sinuman sa atin ang hindi nakakaranas ng sakit. Nakita ko na sa iba't ibang paraan ito dinaranas o tinitiis ng mga tao. Ang ilan ay tinatalikuran ang Diyos dahil sa galit, habang ang iba naman ay hinahayaan ang pagdurusa nila na maglalapit sa kanila sa Diyos.

Tulad ninyo, naranasan ko na ring masaktan. Ang sakit ay sukatan ng paggaling. Kadalasan tinuturuan tayo nito ng pasensya. Kaya siguro ginagamit natin ang salitang *pasyente* sa pagtukoy sa mga maysakit.

Isinulat ni Elder Orson F. Whitney: "Walang sakit na ating dinadanas, walang pagsubok na ating nararanasan ang nasasayang. Tumutulong ito sa ating edukasyon, sa pag-unlad ng mga katangiang gaya ng pagtitiis, pananampalataya, katatagan, at pagpapakumbaba. . . . Sa dalamhati, pagdurusa, pagpakapagod, at pagsubok natin nakakamit ang edukasyon na dapat nating makamtan sa pagpunta natin dito."[1]

Gayundin, sinabi ni Elder Robert D. Hales:

"Dahil sa sakit na nadarama ninyo magiging mapagpakumbaba kayo na siyang naghihimok sa inyong makapag-isip. Isang karanasan ito na nagpapasalamat akong napagtiisan ko. . . .

Natutuhan ko na ang sakit na nararamdaman ng katawan at ang paggaling nito matapos ang maselang

operasyon ay kapansin-pansing katulad sa espirituwal na sakit at paghilom ng kaluluwang nasa proseso ng pagsisisi."[2]

Marami sa mga pagdurusa natin ay hindi naman kasalanan natin. Ang mga hindi inaasahang bagay, mga kalagayang salungat o di ayon sa inaasahan natin, nakakaantalang sakit, at maging kamatayan ay nakapaligid sa atin at nakakaapekto sa ating buhay. Dagdag pa rito, dumaranas tayo ng mga pasakit na dahil sa mga gawa ng ibang tao.[3] Isinulat ni Lehi na si Jacob ay "nagdanas ng . . . maraming kalungkutan, dahil sa kalupitan ng [kanyang] mga kapatid."[4] Ang oposisyon ay bahagi ng plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit. Sapat na ang dinaranas nating lahat para madama ang pagmamahal ng ating Ama at ang pangangailangan natin sa tulong ng Tagapagligtas.

Ang Tagapagligtas ay hindi tahimik na nagmamasid. Alam na alam Niya mismo ang lahat ng pasakit na ating dinaranas.

"Kanyang titiisin ang sakit ng lahat ng tao, oo, ang sakit ng bawat nilalang, kapwa lalaki, babae, at mga bata."[5]

"Magsilapit nga tayong may pagkakatiwala sa luklukan ng biyaya, upang tayo'y magsipagtamo ng awa, at mangakasumpong ng biyaya upang tumulong sa atin sa panahon ng pangangailangan."[6]

Minsan sa gitna ng sakit na dinaranas natin, natutukso tayong magtanong, "Wala bagang balsamo sa Galaad; wala bagang manggagamot doon?"[7] Pinatototohanan ko na mayroon, may manggagamot. Sakop ng pagbabayad-sala ni Jesucristo ang lahat ng kundisyon at layuning ito ng buhay sa mundo.

May isa pang uri ng sakit na tayo *ang* responsable. Ang espirituwal na sakit na nararamdaman natin ay nasa ating mga kaluluwa at waring hindi mapapawi minsan, at "ginigiyagis" tayo ng "masidhing takot," ayon kay Alma.[8] Bunga ito ng ating mga pagkakasala at kawalan ng pagsisisi. Sa sakit na ito mayroon ding tiyak na lunas para sa lahat. Nagmula ito sa Ama, sa pamamagitan ng Anak, at para ito sa bawat isa sa atin na handang gawin ang lahat ng kailangan para magsisi. Sinabi ni Cristo, "Hindi pa ba kayo ngayon magbabalik sa akin . . . at magbalik-loob, upang mapagaling ko kayo?"[9]

Itinuro ni Cristo:

"At isinugo ako ng aking Ama upang ako ay ipako sa krus; at *matapos* na ako ay maipako sa krus, upang mahikayat ko ang lahat ng tao na lumapit sa akin. . . .

"Kaya nga, alinsunod sa *kapangyarihan* ng Ama ay hihikayatin ko ang lahat ng tao sa akin."[10]

Marahil ang pinakamahalagang gawain Niya ay nasa patuloy na pagsisikap na isa-isa tayong pasiglahin, basbasan, palakasin, suportahan, gabayan, at patawarin.

Tulad ng nakita ni Nephi sa pangitain, halos buong pagmiministeryo ni Cristo noong nabubuhay pa siya sa mundo ay inilaan sa pagbabasbas at pagpapagaling sa lahat ng uri ng sakit—pisikal, emosyonal, at espirituwal. "At namasdan ko ang maraming tao na may karamdaman, at yaong mga naghihirap sa lahat ng uri ng sakit. . . . At pinagaling sila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kordero ng Diyos."[11]

Ipinropesiya rin ni Alma na "siya ay hahayo, magdaranas ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso; at . . . dadalhin niya sa kanyang sarili ang mga pasakit at ang mga sakit ng kanyang mga tao. . . .

"Upang ang *kanyang* sisidlan ay mapuspos ng awa, . . . upang malaman *niya* nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan."[12]

Isang hatinggabi habang nakahiga sa kama sa ospital, sa pagkakataong ito bilang pasyente at hindi isang doktor, binasa ko ang mga talatang iyon nang paulit-ulit. Inisip ko: "Paano ito ginawa? Para kanino? Ano ang kailangan upang maging marapat ang isang tao? Katulad ba ito ng pagpapatawad ng kasalanan? Kailangan bang maging karapat-dapat tayo sa Kanyang pagmamahal at tulong?" Sa aking pag-iisip, naunawaan ko na noong nabubuhay pa si Cristo sa lupa *pinili* Niyang danasin ang mga pasakit at paghihirap upang maunawaan tayo. Marahil kailangan din nating danasin ang mga paghihirap sa buhay na ito upang maunawaan Siya at ang ating walang hanggang mga layunin.[13]

Itinuro ni Pangulong Henry B. Eyring: "Aaliwin tayo nito habang nagaalalang naghihintay tayo sa pangakong ginhawa ng Tagapagligtas na alam Niya, mula sa karanasan, kung paano tayo pagagalingin at tutulungan. . . . At ang pananampalataya sa gayong kapangyarihan ang magbibigay sa atin ng tiyaga habang nagdarasal at gumawa at naghihintay tayo ng tulong. Maaari Niyang malaman kung paano tayo tulungan sa pamamagitan ng paghahayag, ngunit *pinili*

***Guayaquil, Ecuador***





*Niyang matuto mula sa sarili Niyang karanasan.*"[14]

Naramdaman ko ang yakap ng kanyang pagmamahal nang gabing iyon.[15] Nabasa ng luha ang unan ko sa pasasalamat. Kalaunan, habang binabasa ko ang Mateo tungkol sa ministeryo ni Cristo sa lupa, may isa pa akong natuklasan: "At nang kinahapunan, ay dinala nila sa kaniya ang marami . . . at [kanyang] . . . pinagaling ang *lahat* ng mga may sakit."[16] Pinagaling Niya ang *lahat* ng lumapit sa Kanya. Walang sinumang hindi ginamot.

Ayon sa turo ni Elder Dallin H. Oaks: "Ang mga basbas na nagpapagaling na maaaring dumating sa maraming paraan, bawat isa rito ay akma sa mga personal na pangangailangan natin, na batid Niya na lubos na nagmamahal sa atin. Kung minsan ang isang 'pagpapagaling' ay gumagamot sa ating karamdaman o nagpapagaan sa ating pasanin. Ngunit kung minsan ay 'gumagaling' tayo dahil nabigyan tayo ng lakas o pang-unawa o tiyagang tiisin ang bigat ng mga pasaning ipinabalikat sa atin."[17] Lahat ng lalapit ay maaaring "mayakap ng mga bisig ni Jesus."[18] Lahat ng kaluluwa ay mapapagaling ng Kanyang kapangyarihan. Lahat ng sakit ay mapapaginhawa. Sa Kanya, maaaring "masumpungan [natin] ang kapahingahan sa [ating] mga kaluluwa."[19] Maaaring hindi kaagad magbago ang ating sitwasyon sa mundo, ngunit ang ating sakit na nararamdaman natin, pangamba, pagdurusa, at takot ay maaaring mapawi ng Kanyang kapayapaan at nagpapagaling na balsamo.

Napansin ko na madalas ay likas sa mga bata na tanggapin ang mga sakit na nararamdaman nila at ang pagdurusa. Tahimik silang nagtitiis nang may pagpapakumbaba at kaamuan. Nadama ko na may isang maganda, magiliw na pakiramdam na nakapalibot sa mga batang ito.

Ang labintatlong-taong-gulang na si Sherrie ay sumailalim sa operasyon sa loob ng labing-apat na oras para sa tumor na nasa gulugod niya. Nang magkamalay siya sa intensive care unit, sinabi niya: "Itay, narito po si Tita Cheryl, . . . at . . . sina Lolo Norman . . . at Lola Brown . . . ay narito rin. At Itay, sino po ang nakatayo sa tabi ninyo? . . . Kahawig po ninyo siya, pero mas matangkad. . . . Sabi po niya, siya ang kapatid ninyong si Jimmy." Namatay sa cystic fibrosis ang tiyo niyang si Jimmy sa edad na 13.

"Sa loob halos ng isang oras, inilarawan ni Sherrie ang . . . kanyang mga bisita, lahat ay yumaong miyembro ng pamilya nila. Nang mapagod, nakatulog na siya."

Kalaunan, sinabi niya sa tatay niya, "Itay, may mga anghel na tumutulong sa lahat ng bata rito sa intensive care unit."[20]

Sa ating lahat sinabi ng Tagapagligtas:

"Masdan, kayo ay maliliit na bata at hindi ninyo makakaya ang lahat ng bagay sa ngayon; kailangan kayong lumaki sa biyaya at sa kaalaman ng katotohanan.

"Huwag matakot, maliliit na bata, sapagkat kayo ay akin. . . .

"Samakatwid, ako ay nasa inyong gitna, at ako ang mabuting pastol."[21]

Ang ating malaking personal na hamon sa buhay na ito ay ang maging "banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo."[22] Maaaring nasusukat ang prosesong ito sa mga sakit na nararanasan natin. Sa kabilang banda, maaari tayong maging tulad ng mga bata sa ating puso, magpakumbaba, at "manalangin, at magsikap at maghintay"[23] na nagtitiis para mapagaling ang ating kaluluwa at katawan. Tulad ni Job, matapos tayong mapadalisay ng ating mga pagsubok, tayo ay "lalabas na parang ginto."[24]

Pinatototohanan ko na Siya ang ating Manunubos, ating Kaibigan, ating Tagapagtanggol, ang Dakilang Manggagamot. Sa Kanya tayo makasusumpong ng kapayapaan at kaginhawahan sa at mula sa mga sakit na nararamdaman natin at sa mga kasalanan natin kung lalapit lamang tayo sa Kanya nang may pagpapakumbaba. Ang Kanyang "biyaya ay sapat."[25] Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Orson F. Whitney, sa Spencer W. Kimball, *Faith Precedes the Miracle* (1972), 98.
2. Robert D. Hales, "Healing Soul and Body," *Ensign,* Nob. 1998, 14.
3. Tingnan sa Alma 31:31, 33.
4. 2 Nephi 2:1.
5. 2 Nephi 9:21.
6. Mga Hebreo 4:16. Itinuro sa atin ni Pablo na ituring nating halimbawa ang Tagapagligtas sa pakikitungo sa "pagsasalansang ng mga kasalanan laban sa [atin], upang [tayo] ay huwag magsihina at, na mangalupaypay sa [ating] mga kaluluwa" (Mga Hebreo 12:3).
7. Jeremias 8:22.
8. Alma 36:14.
9. 3 Nephi 9:13.
10. 3 Nephi 27:14–15; idinagdag ang pagbibigay-diin.
11. 1 Nephi 11:31.
12. Alma 7:11–12; idinagdag ang pagbibigay-diin.
13. Tingnan sa John Taylor, *The Mediation and Atonement* (1882), 97. Sumulat si Pangulong Taylor tungkol sa isang "tipan" na pinasok ng Ama at ng Anak sa mga kapulungan sa langit para maisakatuparan ang nagbabayad-salang pagtubos sa sangkatauhan. Ang boluntaryong pagdurusa ni Cristo sa buhay Niya sa mundo ay dagdag pa sa pagdurusa sa halamanan at sa krus (tingnan sa Mosias 3:5–8).
14. Henry B. Eyring, "Paghihirap," *Liahona,* Mayo 2009, 24; idinagdag ang pagbibigay-diin.
15. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 6:20.
16. Mateo 8:16; idinagdag ang pagbibigay-diin.
17. Dallin H. Oaks, "Pinagpapahinga Niya ang Nangabibigatang Lubha," *Liahona,* Nob. 2006, 7–8.
18. Mormon 5:11.
19. Mateo 11:29.
20. Tingnan sa Michael R. Morris, "Sherrie's Shield of Faith," *Ensign*, Hunyo 1995, 46.
21. Doktrina at mga Tipan 50:40–41, 44.
22. Mosias 3:19.
23. Henry B. Eyring, *Liahona,* Mayo 2009, 24.
24. Job 23:10.
25. II Mga Taga Corinto 12:9; tingnan din sa Eter 12:26–27; Doktrina at mga Tipan 18:31.



**Ni Elder Quentin L. Cook**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang mga Babaeng LDS ay Kahanga-hanga!

*Karamihan sa mga naisagawa natin sa Simbahan ay dahil sa di-makasariling paglilingkod ng kababaihan.*

Sumulat ang awtor at mananalaysay na si Wallace Stegner tungkol sa pandarayuhan at pagtitipon ng mga Mormon sa Salt Lake Valley. Hindi niya tinanggap ang ating relihiyon at maraming paraan ay pinintasan pa ito; magkagayunman, humanga siya sa debosyon at kagitingan ng mga naunang miyembro ng ating Simbahan, lalo na ng kababaihan. Sabi niya, "Kahanga-hanga ang kanilang kababaihan."[1] Inuulit ko ang damdaming iyan ngayon. Kahanga-hanga ang ating kababaihang Banal sa mga Huling Araw!

Pinagtaglay ng Diyos ang kababaihan ng lakas, kabanalan, pagmamahal, at kahandaang magsakripisyo para mangalaga sa mga darating na henerasyon ng Kanyang mga espiritung anak.

Iginiit ng isang pag-aaral sa Estados Unidos kamakailan na ang kababaihan sa lahat ng relihiyon ay "mas taimtim na naniniwala sa Diyos" at mas palasimba kaysa kalalakihan. "Sa halos lahat ng bagay mas relihiyosa sila."[2]

Hindi ko ipinagtaka ang resultang ito, lalo na habang pinagninilay ko ang walang-kapantay na tungkulin ng pamilya at kababaihan sa ating relihiyon. Malinaw ang ating doktrina: Ang kababaihan ay mga anak ng ating Ama sa Langit, na nagmamahal sa kanila. Ang mga babae ay kapantay ng kanilang mga asawa. Kailangan sa mag-asawa ang ganap na pagtutulungan para matugunan ang mga pangangailangan ng pamilya.[3]

Alam natin na maraming pagsubok ang kababaihan, pati na yaong mga nagsisikap na ipamuhay ang ebanghelyo.

#### Pamana ng Kababaihang Pioneer

Ang namamayaning katangian sa buhay ng ating mga ninunong pioneer ay ang pananampalataya ng kababaihan. Dahil sa likas na kabanalan ng kababaihan, mas dakila ang kaloob at mas malaki ang responsibilidad nila sa tahanan at mga anak at sa pangangalaga roon at sa iba pang lugar. Dahil dito, ang pananampalataya ng kababaihan sa kahandaang iwan ang kanilang tahanan at tawirin ang kapatagan patungo sa kung saan ay nagbibigay-inspirasyon. Kung tutukuyin ninuman ang pinakamahalaga nilang katangian, ito ay ang kanilang matibay na pananampalataya sa ipinanumbalik na ebanghelyo ng Panginoong Jesucristo.

Ang salaysay ng kagitingan ng isinakripisyo at isinagawa ng kababaihang pioneer na ito sa kanilang pagtawid sa kapatagan ay isang walang-katumbas na pamana sa Simbahan. Naantig ako sa salaysay ni Elizabeth Jackson, na ang asawang si Aaron ay namatay matapos ang huling pagtawid sa Platte River kasama ang Martin Handcart Company. Isinulat niya:

"Hindi ko tatangkaing ilarawan ang aking damdamin nang maiwan akong balo na may tatlong anak, sa gayon kahirap na kalagayan. . . . Naniniwala ako . . . na ang aking mga pagdurusa alang-alang sa ebanghelyo ay magpapabanal sa akin para sa aking ikabubuti. . . .

"[Nagsumamo] ako sa Panginoon, . . . Siya na nangakong maging katuwang ng mga balo, at ama ng mga ulila. Nagsumamo ako sa Kanya at tinulungan Niya ako."[4]

Sinabi ni Elizabeth na isinulat niya ang kasaysayang ito para sa mga taong nagdaan din sa gayong sitwasyon sa pag-asang magiging handa ang mga inapo na isakripisyo ang lahat para sa kaharian ng Diyos.[5]

#### Ang Kababaihan sa Simbahan Ngayon ay Matatag at Matapang

Naniniwala ako na ang kababaihan ng Simbahan ngayon ay tumutugon sa hamong iyan at lubos silang matatag at tapat. Pinasasalamatan ng mga lider ng priesthood ng Simbahang ito sa lahat ng antas ang paglilingkod, sakripisyo, at kontribusyon ng kababaihan.

Karamihan sa naisagawa natin sa Simbahan ay dahil sa di-makasariling paglilingkod ng kababaihan. Sa Simbahan man o sa tahanan, napakagandang tingnan ang mga priesthood at Relief Society na lubos na nagkakasundo sa gawain. Ang gayong pakikitungo sa isa't isa ay parang isang orkestrang naitono nang husto, at ang resultang tugtugin ay nagbibigay-inspirasyon sa ating lahat.

Nang papuntahin ako kamakailan sa isang kumperensya sa Mission Viejo California Stake, naantig ako sa isang kuwento tungkol sa sayawan ng mga kabataan sa apat na stake noong Bisperas ng Bagong Taon. Pagkatapos ng sayawan, may natagpuang bag na walang palatandaan kung sino ang



may-ari. Ikukuwento ko sa inyo ang bahagi ng itinala ni Sister Monica Sedgwick, ang Young Women president sa Laguna Niguel stake: "Ayaw naming maghalungkat; personal na gamit kasi iyon ng iba! Kaya maingat naming binuksan ito at kinuha lang ang unang bagay na nasa ibabaw—baka matukoy nito ang may-ari. Natukoy nga nito, pero sa ibang paraan—iyon ay isang polyetong *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Uy! May nalaman kami rito tungkol sa kanya. Pagkatapos dinukot namin ang kasunod nito, isang munting kuwaderno. Tiyak na malalaman na namin kung sino siya, pero hindi sa paraang inaasahan namin. Ang unang pahina ay listahan ng mga paboritong banal na kasulatan. May lima pang pahina ng mga banal na kasulatan na maingat na isinulat at mga personal na tala."

Gustung-gusto nang makilala ng kababaihan ang matapat na dalagitang ito. Binalingan nilang muli ang bag para makilala ang may-ari. May nakuha silang ilang breath mint, sabon, lotion at suklay. Natuwa ako sa sinabi nila: "Uy, maganda ang lumalabas sa bibig niya; malinis at malambot ang mga kamay niya; at maalaga siya sa sarili."

Sabik nilang tiningnan ang susunod na makukuha. May nakuha silang maliit na pitakang yari sa karton ng juice, at may kaunting pera sa bulsang nakasiper. Bulalas nila, "Aha, malikhain siya at handa!" Para silang mga batang musmos sa Pasko ng umaga. Lalo silang nagulat sa sumunod na nakuha nila: isang resipe ng Black Forest chocolate cake, at isang sulat na nagsasabing gumawa siya ng cake para sa kaarawan ng isang kaibigan. Halos mapasigaw sila ng, "Siya'y MAGALING SA PAMAMAHAY! Maalalahanin at masilbi." At, tama, nalaman na rin namin kung sino siya. Sinabi ng mga lider ng mga kabataan na labis silang pinagpala na "mamasdan ang tahimik na halimbawa ng isang dalagitang ipinamumuhay ang ebanghelyo."[6]

Ang kuwentong ito ay naglalarawan ng katapatan ng ating mga dalagita sa mga pamantayan ng Simbahan.[7] Isang halimbawa rin ito ng mapagmahal, mapagmalasakit, at matatapat na lider ng Young Women sa iba't ibang panig ng mundo. Kahanga-hanga sila!

Mabigat ang tungkulin ng kababaihan sa Simbahan, sa pamilya, at bilang indibiduwal na mahalaga sa plano ng Ama sa Langit. Marami sa mga responsibilidad na ito ang walang kapalit na salapi ngunit nagbibigay-kasiyahan at walang hanggan ang kabuluhan. Kamakailan isang nakakatuwa at magaling na babae sa editorial board ng isang pahayagan ang humiling na ilarawan ang tungkulin ng kababaihan sa Simbahan. Ipinaliwanag na lahat ng lider sa ating mga kongregasyon ay *walang suweldo*. Pinutol niya ang usapan para sabihing nawalan na siya ng interes. Sabi niya, "Hindi ako naniniwala na kailangan pa ng mga babae ng trabahong *walang suweldo*."

Ipinaliwanag namin na ang pinakamahalagang organisasyon sa mundo ay ang pamilya, kung saan ang "mga ama at ina ay . . . may pantay na pananagutan."[8] Walang sinuman sa kanila ang binabayaran, ngunit walang kapantay ang mga pagpapala. Siyempre sinabi ko sa kanya ang tungkol sa mga organisasyon ng Relief Society, Young Women, at Primary na ginagabayan ng mga babaeng pangulo. Sinabi namin na sa pagsisimula pa lang ng ating kasaysayan kapwa kalalakihan at kababaihan ay nagdarasal, nagtatanghal ng musika, nagbibigay ng mensahe, at umaawit sa koro, kahit sa sacrament meeting, ang pinakasagrado nating pulong.

Ang aklat na *American Grace* na pinapurihan kamakailan ay tungkol sa kababaihan sa iba't ibang relihiyon. Isinaad doon na ang kababaihang Banal sa mga Huling Araw ay kakaiba dahil kuntentong-kuntento sila sa kanilang tungkulin sa pamumuno sa Simbahan.[9] Bukod pa riyan, mga Banal sa mga Huling Araw, kapwa lalaki at babae, ang pinakatapat sa kanilang

pananampalataya sa lahat ng relihiyong pinag-aralan.[10]

Hindi kahanga-hanga ang ating kababaihan dahil sa nagagawa nilang iwasan ang mga hirap ng buhay—kabaligtaran pa nga. Kahanga-hanga sila dahil sa paraan ng pagharap nila sa mga pagsubok sa buhay. Sa kabila ng mga hamon at pagsubok sa buhay—dahil sa asawa o kawalan ng asawa, mga desisyon ng mga anak, mahinang kalusugan, kawalan ng oportunidad, at marami pang iba—nananatili silang matatag at di-natitinag at tapat sa pananampalataya. Ang ating kababaihan sa buong Simbahan ay patuloy na "tumutulong sa mahihina, itinataas ang mga kamay na nakababa, at pinalalakas ang tuhod na mahihina."[11]

Sabi ng isang Relief Society president na nakauunawa sa pambihirang paglilingkod na ito, "Kahit naglilingkod na ang kababaihan, iniisip pa rin nila, 'Kung may magagawa pa sana ako!' " Bagama't hindi sila perpekto at lahat ay may kani-kanyang problema, ang pananampalataya nila sa isang mapagmahal na Ama sa Langit at kapanatagan sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas ay makikita sa kanilang buhay.

#### Tungkulin ng Kababaihan sa Simbahan

Sa nakalipas na tatlong taon, humingi ng gabay, inspirasyon, at paghahayag ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol nang sumangguni kami sa mga lider ng priesthood at auxiliary at gawin namin ang mga bagong Church Handbook. Sa prosesong ito nakadama ako ng napakalaking pasasalamat sa napakahalagang papel na ginagampanan ng kababaihan, kapwa may asawa at wala, sa kasaysayan noon at ngayon kapwa sa pamilya at sa Simbahan.

Lahat ng miyembro ng Simbahan ni Jesucristo ay "gumawa sa kanyang ubasan para sa kaligtasan ng mga kaluluwa ng tao."[12] "[Ang] gawain ng kaligtasan ay kinabibilangan ng gawaing misyonero ng mga miyembro, pagpapanatili sa mga miyembro, at pagpapaaktibo sa di-gaanong aktibong mga miyembro, gawain sa templo at family history, . . . pagtuturo ng ebanghelyo,"[13] at pangangalaga sa mahihirap at nangangailangan.[14] Tinatalakay ito unang-una sa pamamagitan ng ward council.[15]

Partikular na nilayon sa mga bagong hanbuk na ang mga bishop, na sensitibo sa umiiral na mga pangangailangan, ay magtatalaga ng mas maraming responsibilidad sa iba. Kailangang maunawaan ng mga miyembro na ang bishop ay inutusang magtalaga. Kailangan siyang tulungan at suportahan ng mga miyembro sa pagsunod niya sa payong ito. Tutulutan nito ang bishop na gumugol ng mas maraming panahon sa mga kabataan, young single adult, at sarili niyang pamilya. Magtatalaga siya ng iba pang mahahalagang responsibilidad sa mga lider ng priesthood, pangulo ng auxiliary, at kalalakihan at kababaihan. Sa Simbahan malaki ang paggalang sa papel ng kababaihan sa tahanan.[16] Kapag ang ina ay tumanggap ng isang tungkulin sa Simbahan na kailangan ng maraming oras, kadalasan ay bibigyan ang ama ng tungkuling di-gaanong mabigat para maibalanse ang buhay ng pamilya.

Ilang taon na ang nakalilipas dumalo ako sa isang stake conference sa Tonga. Linggo ng umaga tatlong hilera ng upuan ng chapel sa harapan ang napuno ng kalalakihang ang edad ay nasa pagitan ng 26 at 35. Ipinalagay ko na isang koro sila ng kalalakihan. Ngunit nang simulan na ang layunin ng kumperensya, bawat isa sa kalalakihang ito, na 63 ang bilang, ay nagsitayo nang tawagin ang kanilang pangalan at sinang-ayunan para ordenan sa Melchizedek Priesthood. Natuwa ako at nagulat.

Pagkatapos ng sesyon tinanong ko si Pangulong Mateaki, ang stake president, kung paano nangyari ang himalang ito. Sinabi niya sa akin na sa isang stake council meeting tinalakay ang pagpapaaktibong-muli. Itinanong ng kanyang stake Relief Society persident na si Sister Leinata Va'enuku kung maaari siyang magsalita tungkol sa isang bagay. Habang nagsasalita siya, pinagtibay ng espiritu sa pangulo na tama ang iminumungkahi niya. Ipinaliwanag niya na maraming mababait na binata sa stake nila na lampas na sa 20 at 30 ang edad na hindi nakapagmisyon. Sabi niya alam ng marami sa kanila na binigo nila ang mga bishop at lider ng priesthood na mahigpit na humikayat sa kanilang magmisyon, at damdam nila ngayon ay parang hindi sila gaanong mahalaga sa Simbahan. Ipinaliwanag niya na ang mga binatang ito ay lampas na sa edad para sa full-time mission. Ipinahayag niya ang kanyang pagmamahal at pag-aalala sa kanila. Ipinaliwanag niya na maaari pa rin nilang matanggap ang lahat ng nakapagliligtas na ordenansa at dapat pagtuunan ang mga pag-oorden sa priesthood at mga ordenansa sa templo. Binanggit niya na bagama't ilan sa kalalakihang ito ang binata pa, marami sa kanila ang may mababait na asawa—ang ilan ay aktibo, ang ilan ay di-gaanong aktibo, at ang ilan ay hindi miyembro.

Matapos ang puspusang pagtalakay sa stake council, ipinasiya na kalalakihan ng priesthood at kababaihan ng Relief Society ang tutulong sa kalalakihang ito at sa kanilang asawa, samantalang ang mga bishop ay gumugol ng mas maraming oras sa mga kabataan sa kanilang ward. Ang mga kasangkot sa gawaing ito ay magtutuon lalo na sa paghahanda sa kanila para sa priesthood, sa walang hanggang kasal, at sa nakapagliligtas na mga ordenansa sa templo. Sa susunod na dalawang taon, halos lahat ng 63 kalalakihang sinang-ayunan sa Melchizedek Priesthood sa kumperensyang dinaluhan ko ay na-endow sa templo at nabuklod na sa kanilang asawa. Ang salaysay na ito ay isang halimbawa lamang ng lubos na kahalagahan ng ating kababaihan sa gawain ng kaligtasan sa ating ward at stake at kung paano nila pinadadali ang pagtanggap ng paghahayag, lalo na sa pamilya at mga council sa Simbahan.[17]

#### Tungkulin ng Kababaihan sa Pamilya

Alam natin na may malaking puwersang inihanda laban sa kababaihan at mga pamilya. Nakita sa isang pag-aaral kamakailan na nabawasan ang katapatan sa asawa, gayundin ang bilang ng mga nasa edad na



***Kyiv, Ukraine***

nag-aasawa.[18] Para sa ilan, ang pag-aasawa at pagpapamilya ay nagiging isa sa "opsyonal na pagpipilian sa halip na maging pangunahing alituntunin sa pag-oorganisa ng ating lipunan."[19] Ang kababaihan ay nahaharap sa maraming opsyon at kailangang mapanalanging pag-isipan ang mga pasiyang ginagawa nila at kung paano nito maaapektuhan ang pamilya.

Noong nasa New Zealand ako nitong nakaraang taon, nabasa ko sa isang pahayagan sa Auckland ang tungkol sa kababaihang hindi natin miyembro, na nahihirapan sa mga isyung ito. Sabi ng isang ina alam daw niya na sa kaso niya, ang kanyang pasiya kung maghahanapbuhay o hindi ay para lang makabili ng bagong carpet at lumang kotseng hindi niya talaga kailangan. Gayunman, sinabi ng isa pang babae na "ang pinakamatinding kaaway ng masayang pamilya ay hindi ang magtrabaho para kumita—ito ay ang telebisyon." Sinabi niya na ang mga pamilya ay maraming oras para sa telebisyon at kakaunti ang oras para sa pamilya.[20]

Lubhang madamdamin at personal ang mga desisyong ito, ngunit may dalawang alituntuning dapat nating laging isaisip. Una, hindi dapat madama ng sinumang babae na kailangan niyang humingi ng paumanhin o di-gaanong mahalaga ang naiambag niya dahil pinagtutuunan niya ng pansin ang pagpapalaki at pangangalaga sa kanyang mga anak. Wala nang mas mahalaga kaysa riyan sa plano ng ating Ama sa Langit. Pangalawa, iwasan nating maghusga o ipalagay na di-gaanong tapat ang ating kababaihan kung magpasiya silang magtrabaho sa labas ng bahay. Bihira nating nauunawaan o lubos na nalalaman ang mga sitwasyon ng mga tao. Dapat mag-usap ang mag-asawa nang may panalangin, na nauunawaan na pananagutan nila sa Diyos ang kanilang mga desisyon.

Kayong matatapat na kababaihan na nag-iisang magulang sa anupamang dahilan, taos-puso namin kayong pinasasalamatan. Nilinaw na ng mga propeta na "maraming handang tumulong sa inyo. Hindi kayo nalilimutan ng Panginoon. Kahit ang Kanyang Simbahan."[21] Umaasa ako na mangunguna ang mga Banal sa mga Huling Araw sa paglikha ng kapaligiran sa kanilang pinagtatrabahuhan na mas katanggap-tanggap at makakatulong kapwa sa kababaihan at kalalakihan sa kanilang mga responsibilidad bilang magulang.

Kayong matatapang at matatapat na dalaga, sana'y malaman ninyo na mahal namin kayo at pinasasalamatan, at tinitiyak namin sa inyo na walang pagpapalang walang hanggan na ipagkakait sa inyo.

Isinulat ng kakaibang pioneer na si Emily H. Woodmansee ang mga titik ng himnong "Bilang mga Magkakapatid sa Sion." Tama ang paggigiit niya na ang "sa kababaihan 'pinagkatiwala, dakilang gawain ng mga anghel."[22] Ito ay ipinaliwanag na "walang iba kundi sundin ang tuwiran at agarang utos ng ating Ama sa Langit, at 'ito ay isang kaloob na . . . inaangkin . . . ng kababaihan.'"[23]

Mga kapatid, mahal namin kayo at hinahangaan. Pinahahalagahan namin ang inyong paglilingkod sa kaharian ng Panginoon. Kahanga-hanga kayo! Pinasasalamatan ko lalo na ang kababaihan sa aking buhay. Pinatototohanan ko ang katotohanan ng Pagbabayad-sala, ang kabanalan ng Tagapagligtas, at ang Panunumbalik ng Kanyang Simbahan, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Wallace Stegner, *The Gathering of Zion: The Story of the Mormon Trail* (1971), 13.
2. Robert D. Putnam at David E. Campbell, *American Grace: How Religion Divides and Unites Us* (2010), 233.
3. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 1.3.1; tingnan din sa Moises

5:1, 4, 12, 27.
4. Sa Andrew D. Olsen, *The Price We Paid: The Extraordinary Story of the Willie and Martin Handcart Pioneers* (2006), 445.
5. Tingnan sa "Leaves from the Life of Elizabeth Horrocks Jackson Kingsford," Utah State Historical Society, Manuscript A 719; sa "Remembering the Rescue," *Ensign,* Ago. 1997, 47.
6. Pinagsama at pinaikli mula sa isang e-mail na isinulat ni Monica Sedgwick, stake Young Women president ng Laguna Niguel California Stake, at isang pananalitang ibinahagi ni Leslie Mortensen, stake Young Women president ng Mission Viejo California Stake.
7. Isang artikulong pinamagatang "Why Do We Let Them Dress Like That?" (*Wall Street Journal,* Mar. 19–20, 2011, C3), isang maalalahaning inang Judio ang nagtaguyod ng mga pamantayan at kadisentehan sa pananamit at kinilala ang halimbawa ng kababaihang Mormon.
8. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
9. Tingnan sa Putnam at Campbell, *American Grace,* 244–45.
10. Tingnan sa Putnam at Campbell, *American Grace,* 504.
11. Doktrina at mga Tipan 81:5; tingnan din sa Mosias 4:26.
12. Doktrina at mga Tipan 138:56.
13. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), page 22.
14. Tingnan sa *Handbook 2,* 6.1.
15. Tingnan sa *Handbook 2,* 4.5.
16. Tingnan sa Emily Matchar, "Why I Can't Stop Reading Mormon Housewife Blogs," salon.com/life/feature/2011/01/15/feminist_obsessed_with_mormon_blogs. Kinikilala ng taong ito na itinuring ang sarili na isang peminista at ateista ang paggalang na ito at sinabing nawiwili siya sa pagbabasa ng Mormon housewife blogs.
17. Mula sa mga pakikipag-usap sa Nuku'alofa Tonga Ha'akame Stake president na si Lehonitai Mateaki (na kalaunan ay naglingkod bilang pangulo ng Papua New Guinea Port Moresby Mission) at sa stake Relief Society president na si Leinata Va'enuku.
18. Tingnan sa D'Vera Cohn at Richard Fry, "Women, Men, and the New Economics of Marriage," Pew Research Center, Social and Demographic Trends, pewsocialtrends.org. Ang bilang ng mga batang ipinapanganak ay malaki rin ang ibinababa sa maraming bansa. Tinawag itong demographic winter.
19. "A Troubling Marriage Trend," *Deseret News,* Nob. 22, 2010, A14, hango sa isang ulat sa msnbc.com.
20. Tingnan sa Simon Collins, "Put Family before Moneymaking Is Message from Festival," *New Zealand Herald,* Peb. 1, 2010, A2.
21. Gordon B. Hinckley, "Women of the Church," *Ensign,* Nob. 1996, 69; tingnan din sa Spencer W. Kimball, "Our Sisters in the Church," *Ensign,* Nob. 1979, 48–49.
22. "Bilang mga Magkakapatid sa Sion," *Mga Himno,* blg. 197.
23. Karen Lynn Davidson, *Our Latter-Day Hymns: The Stories and the Messages,* binagong edisyon (2009), 338–39.



**Ni President Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Mga Pagkakataong Gumawa ng Mabuti

*Ang paraan ng Panginoon sa pagtulong sa mga may temporal na pangangailangan ay nangangailangan ng mga tao na dahil sa pagmamahal ay inilaan ang sarili at kung ano ang mayroon sila sa Diyos at sa Kanyang gawain.*

Mahal kong mga kapatid, ang layunin ng mensahe ko ay parangalan at ipagdiwang ang mga nagawa at ginagawa ng Panginoon upang paglingkuran ang mahihirap at nangangailangang mga anak Niya sa lupa. Mahal Niya ang mga nangangailangan at yaong mga gustong tumulong. At gumawa Siya ng mga paraan upang mapagpala kapwa yaong mga kailangan ng tulong at yaong mga magbibigay nito.

Pinakikinggan ng Ama sa Langit ang mga panalangin ng Kanyang mga anak sa buong mundo na humihingi ng pagkaing makakain, damit para takpan ang kanilang katawan, at dangal na magmumula sa kakayahang paglaanan ang kanilang sarili. Nakarating na ang mga pagsusumamong iyon sa Kanya mula pa noong ilagay niya ang mga lalaki at babae sa mundo.

Nalalaman ninyo ang mga pangangailangang iyon sa inyong lugar at sa buong mundo. Madalas maantig ang inyong puso dahil sa awa. Kapag may nakilala kayong isang tao na naghahanap ng trabaho, gusto ninyong tumulong. Ramdam ninyo ito kapag bumisita kayo sa isang balo at nakitang wala siyang makain. Ramdam ninyo ito kapag nakakita kayo ng mga larawan ng umiiyak na mga bata sa gitna ng mga guho ng kanilang bahay na sinira ng lindol o sunog.

Dahil naririnig ng Panginoon ang kanilang pagtangis at ramdam ang habag ninyo sa kanila, sa simula pa lamang ay naglaan na Siya ng mga paraan para makatulong ang Kanyang mga disipulo. Inanyayahan Niya ang Kanyang mga anak na maglaan ng panahon, kabuhayan, at kanilang sarili upang tulungan Siyang maglingkod sa iba.

Ang paraan Niya ng pagtulong ay tinatawag kung minsan na pagsasabuhay ng batas ng lubos na paglalaan. Sa iba pang panahon tinawag ang Kanyang paraan na nagkakaisang orden. Sa ating panahon tinatawag itong programang pangkapakanan ng Simbahan.

Ang mga pangalan at detalye ng pagpapatakbo ay binago upang iakma sa mga pangangailangan at kalagayan

ng mga tao. Ngunit sa tuwina ang paraan ng Panginoon sa pagtulong sa mga may temporal na pangangailangan ay nangangailangan ng mga tao na dahil sa pagmamahal ay inilaan ang sarili at kung ano ang mayroon sila sa Diyos at sa Kanyang gawain.

Inanyayahan at inutusan Niya tayong makilahok sa Kanyang gawaing tulungan ang mga nangangailangan. Nakikipagtipan tayong gawin iyon sa tubig ng binyag at sa mga banal na templo ng Diyos. Pinaninibago natin ang tipang iyon tuwing Linggo kapag tumatanggap tayo ng sacrament.

Ang layunin ko ngayon ay ipaliwanag sa inyo ang ilan sa mga pagkakataong inilaan Niya sa atin para tulungan ang mga nangangailangan. Hindi ko mababanggit ang lahat dito sa maikling panahon ng ating pagsasama. Ang pag-asa ko ay mapanibago at mapalakas ninyo ang inyong pangakong kumilos.

May isang himno tungkol sa paanyaya ng Panginoon sa gawaing ito na kinanta ko noong bata pa ako. Noong bata pa ako mas pinansin ko ang masayang tunog kaysa sa ibig sabihin nito. Nawa'y madama ng puso ninyo ang mga titik nito ngayon. Pakinggan nating muli ang sinasabi:

*Ako ba'y may kabutihang nagawa?*
*Ako ba'y nakatulong na?*
*Nakapagpasaya, nakapagpasigla?*
*Kundi ay bigong talaga.*
*May napapagaan bang pasanin*
*ngayon*
*Dahil ako ay tumulong?*
*Ang mga nanghihina nalunasan ba?*
*Nang kailangan ako'y naro'n ba?*
*Kumilos at at h'wag mangarap*
*Ng biyayang naghihintay.*
*Paggawa ng mabuti ay kaligayahan,*
*Biyaya ng pagmamahal.*[1]

Laging pinupukaw ng Panginoon ang damdamin nating lahat. Kung minsan bigla tayong naaawa sa isang taong nangangailangan. Nadama siguro ito ng isang ama nang makita niyang madapa at magalusan sa tuhod ang isang anak. Nadama siguro ito ng isang ina nang marinig niya ang takot na hiyaw ng kanyang anak sa gabi.



Naawa siguro ang isang anak sa isang taong tila nalulungkot o natatakot sa eskuwelahan.

Lahat tayo ay nakadama na ng awa sa iba na hindi man lang natin kakilala. Halimbawa, nang marinig ninyo ang ulat tungkol sa higanteng mga alon sa Pasipiko matapos ang lindol sa Japan, nag-alala kayo para sa mga maaaring nasaktan.

Nakadama ng awa ang libu-libo sa inyo na nakaalam tungkol sa pagbaha sa Queensland, Australia. Ang mga ulat sa balita ay mga pagtantiya lamang ng bilang ng mga nangangailangan. Ngunit nadama ng marami sa inyo ang pasakit ng mga tao. Ang pagpukaw sa damdamin ay tinugon ng 1,500 o mahigit pang mga miyembro ng Simbahan sa Australia na nagboluntaryong tumulong at umaliw.

Ang kanilang awa ay napalitan ng desisyong kumilos ayon sa kanilang mga tipan. Nakita ko na ang mga pagpapalang dumarating sa taong nangangailangan na nakatanggap ng tulong at sa taong sinunggaban ang pagkakataong tumulong.

Nakikita ng matatalinong magulang sa bawat pangangailangan ng iba ang isang paraan upang mapagpala ang buhay ng kanilang mga anak. Tatlong bata ang nagdala kamakailan ng mga sisidlan ng masarap na hapunan sa tapat ng aming pintuan. Alam ng mga magulang nila na kailangan namin ng tulong, at isinali ang kanilang mga anak sa pagkakataong paglingkuran kami.

Pinagpala ng mga magulang ang aming pamilya sa kanilang bukaspalad na paglilingkod. Sa pasiya nilang isali ang kanilang mga anak sa pagbibigay, naipaabot nila ang mga pagpapala sa kanilang magiging mga apo. Ang mga ngiti ng mga bata nang lisanin nila ang bahay namin ay tumiyak sa akin na mangyayari iyon. Ikukuwento nila sa kanilang mga anak ang kagalakan nila sa mabuting paglilingkod para sa Panginoon. Naaalala ko ang payapang kasiyahan noong bata pa ako nang magbunot ako ng damo para sa isang kapitbahay sa utos ng aking ama. Tuwing papakiusapan akong tumulong, naaalala at pinaniniwalaan ko ang mga titik n "O Kaylugod na Gawain, O Diyos."[2]

Alam ko na isinulat ang mga titik na iyon upang ilarawan ang galak na nagmumula sa pagsamba sa Panginoon sa araw ng Sabbath. Ngunit nadama ng mga batang iyon na nagdala ng pagkain sa aming pintuan isang araw ang galak sa paggawa ng gawain ng Panginoon. At nakita ng kanilang mga magulang ang



pagkakataong gumawa ng mabuti at ikalat ang galak sa susunod na mga henerasyon.

Ang paraan ng Diyos sa pangangalaga sa mga nangangailangan ay naglalaan ng isa pang pagkakataon sa mga magulang na mapagpala ang kanilang mga anak. Nakita ko iyon sa isang chapel isang araw ng Linggo. Isang batang paslit ang nag-abot ng donation envelope ng kanyang pamilya sa bishop pagpasok nito sa chapel bago ang sacrament meeting.

Kilala ko ang pamilya at ang batang lalaki. Kakaalam pa lang ng pamilya na may isang tao sa ward na nangangailangan. Ganito ang sabi ng ama sa bata nang maglagay ito ng mas malaking fast offering sa sobre kaysa rati: "Nag-ayuno at nagdasal tayo ngayon para sa mga nangangailangan. Pakibigay ang sobreng ito sa bishop para sa atin. Alam ko na ibibigay niya ito sa mga mas nangangailangan kaysa sa atin."

Sa halip na magutom sa Linggong iyon, maaalala ng bata ang araw na iyon nang may kasiyahan. Masasabi ko sa ngiti at paghawak niya nang mahigpit sa sobre na ramdam niya ang malaking tiwala ng kanyang ama na dalhin ang handog ng pamilya sa mahihirap. Maalala niya ang araw na iyon kapag deacon na siya at marahil ay magpakailanman.

Nakita ko ang gayon ding saya sa mukha ng mga taong tumulong para sa Panginoon sa Idaho ilang taon na ang nakararaan. Sumabog ang Teton Dam nang Sabado, Hunyo 5, 1976. Labing-isa ang namatay. Libu-libo ang kinailangang lisanin ang kanilang tirahan sa loob ng ilang oras. Ilang bahay ang tinangay ng baha. At matitirhan lamang ang daan-daang bahay kung kukumpunihin at gagastusan ng iba dahil hindi kaya ng mga may-ari.

Yaong mga nakarinig sa trahedya ay naawa, at minabuti ng ilan na tumulong. Iniwan ng mga kapitbahay, bishop, Relief Society president, lider ng korum, home teacher, at visiting teacher ang kanilang tahanan at trabaho para linisin ang mga binahang bahay ng iba.

Umuwi ang isang mag-asawa sa Rexburg mula sa bakasyon pagkatapos lang ng baha. Hindi na nila tiningnan ang bahay nila. Sa halip, hinanap nila ang kanilang bishop para itanong kung saan sila makakatulong. Pinapunta sila sa isang pamilyang nangangailangan.

Pagkaraan ng ilang araw tiningnan nila ang bahay nila. Wala na ito, tinangay ng baha. Bumalik lang sila sa bishop at nagtanong, "Ano naman po ang gusto ninyong gawin namin ngayon?"

Saanman kayo nakatira, nasaksihan na ninyo ang himala ng awang napalitan ng di-makasariling pagkilos. Maaaring hindi iyon bunga ng matinding pinsalang dulot ng kalikasan. Nakita ko na iyon sa isang korum ng priesthood kung saan inilarawan ng isang brother ang mga pangangailangan ng isang lalaki o babaeng naghahanap ng trabaho para masuportahan ang sarili at ang kanyang pamilya. Ramdam ko ang awa sa buong silid, ngunit may ilang nagbigay ng mga pangalan ng mga taong maaaring maipasok ang taong iyon sa trabaho.

Ang nangyari sa korum ng priesthood na iyon at sa mga binahang bahay sa Idaho ay pagpapakita ng paraan ng Panginoon sa pagtulong sa mga nangangailangan na matutong umasa sa sarili. Nahahabag tayo, at alam natin kung paano tumulong ayon sa paraan ng Panginoon.

Ipinagdiriwang natin ang ika-75 anibersaryo ng programang pangkapakanan ng Simbahan ngayong taon. Itinatag ito upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga nawalan ng trabaho, mga bukirin, at maging mga bahay dahil sa tinatawag na Great Depression [Matinding Kahirapan].

Ang malalaking temporal na pangangailangan ng mga anak ng Ama sa Langit ay nangyayaring muli sa ating panahon tulad noon at mangyayari pa sa darating na mga panahon. Ang mga alituntunin sa pagtatatag ng programang pangkapakanan ng Simbahan

ay hindi pangminsanan o sa isang lugar lamang. Ang mga ito ay para sa lahat ng panahon at lugar.

Ang mga alituntuning iyon ay espirituwal at walang hanggan. Dahil diyan, ang pag-unawa at pagsasapuso natin sa mga iyon ay gagawing posible na makakita at magkaroon tayo ng mga pagkakataong tumulong kailanman at saanman tayo anyayahan ng Panginoon.

Narito ang ilang alituntuning gumabay sa akin nang gustuhin kong tumulong sa paraan ng Panginoon at nang tulungan ako ng iba.

Una, lahat ng tao ay mas masaya at mas iginagalang ang sarili kapag napaglalaanan nila ang kanilang sarili at kanilang pamilya at pagkatapos ay tumutulong sa pangangalaga sa iba. Nagpapasalamat ako sa mga taong tumulong sa pangangailangan ko. At mas nagpapasalamat ako sa paglipas ng mga taon sa mga tumulong sa akin na matutong umasa sa sarili. At labis akong nagpapasalamat sa mga taong nagpakita sa akin kung paano gamitin ang sobra kong pag-aari para tulungan ang iba.

Natutuhan ko na para magkaroon ng sobra ay liitan ko ang paggastos kaysa aking kinikita. Sa sobrang iyon natutuhan ko na mas mabuting magbigay kaysa tumanggap. Dahil kapag tumutulong tayo ayon sa paraan ng Panginoon, pinagpapala Niya tayo.

Sabi ni Pangulong Romney ukol sa gawaing pangkapakanan, "Hindi ka maghihirap sa ganitong gawain." At pagkatapos ay binanggit niya ang sinabi ng kanyang mission president na si Melvin J. Ballard nang ganito: "Ang isang tao ay hindi makapagbibigay ng kaunting tinapay sa Panginoon nang hindi nakatatanggap ng isang buo bilang kapalit."[3]

Nalaman kong totoo iyon sa aking buhay. Kapag bukas-palad ako sa mga anak ng Ama sa Langit na nangangailangan, bukas-palad din Siya sa akin.

Ang ikalawang alituntunin ng ebanghelyo na gumabay sa akin sa gawaing pangkapakanan ay ang bisa at pagpapala ng pagkakaisa. Kapag nagtulungan tayo sa paglilingkod sa mga taong nangangailangan, pinagkakaisa ng Panginoon ang ating mga puso. Ganito ang pagkasabi ni Pangulong J. Reuben Clark Jr. tungkol diyan: "Ang pagbibigay na iyon . . . ay nagdulot . . . ng damdamin ng kapatiran kapag nagtutulungan ang mga taong may iba't ibang kasanayan at trabaho sa Welfare garden o iba pang proyekto."[4]

Ang nag-ibayong damdamin ng kapatiran ay nangyayari kapwa sa tumatanggap at sa nagbibigay. Hanggang ngayon, magkaibigan pa rin kami ng lalaking nakatabi ko sa pagpapala ng putik sa kanyang binahang bahay sa Rexburg. At nadarama niya ang mas malaking personal na dangal dahil nagawa niya ang lahat ng kaya niya para sa kanyang sarili at sa kanyang pamilya. Kung sinarili namin ang gawain, kapwa kami nawalan ng espirituwal na pagpapala.

Hahantong iyan sa ikatlong alituntunin ng pagkilos sa gawaing pangkapakanan para sa akin: Isama ang inyong pamilya sa gawain para matuto silang alagaan ang bawat isa kapag inalagaan nila ang iba. Ang mga anak ninyo na kasama ninyong tumulong sa mga nangangailangan ay mas malamang na magtutulungan kapag sila ang nangailangan.

Ang ikaapat na mahalagang alituntuning pangkapakanan ng Simbahan ay natutuhan ko noong bishop ako. Natutuhan ko ito mula sa pagsunod sa utos sa banal na mga kasulatan na hanapin ang mahihirap. Tungkulin ng bishop na hanapin at tulungan ang mga nangangailangan pa rin ng tulong matapos gawin ang lahat ng kaya nila at ng kanilang pamilya. Nalaman ko na isinusugo ng Panginoon ang Espiritu Santo upang mapangyari na "maghanap at kayo'y makakasumpong"[5] sa pangangalaga sa mahihirap tulad ng Kanyang paghahanap sa katotohanan. At natutuhan ko ring isama ang Relief Society president sa paghahanap na ito. Maaaring siya ang unang makatanggap ng paghahayag bago kayo.

Kakailanganin ng ilan sa inyo ang inspirasyong iyon sa mga darating na buwan. Sa pagdiriwang ng ika-75 anibersaryo ng programang pangkapakanan ng Simbahan, aanyayahan ang mga miyembro sa buong mundo na lumahok sa isang araw na paglilingkod. Hihiling ng paghahayag ang mga lider at miyembro habang ipinaplano nila ang mga proyekto.

May tatlong mungkahi ako sa pagpaplano ng inyong proyektong paglilingkod.

Una, espirituwal na ihanda ang inyong sarili at ang mga pinamumunuan ninyo. Kung mapalambot ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ang inyong puso, at saka lamang ninyo malilinawan ang mithiin ng proyekto na pagpalain kapwa sa espirituwal at sa temporal ang buhay ng mga anak ng Ama sa Langit.

Ang ikalawang mungkahi ko ay piliin ang mga taong paglilingkuran ninyo sa loob ng kaharian o sa komunidad na ang mga pangangailangan ay aantig sa puso ng mga taong maglilingkod. Madarama ng mga taong pinaglilingkuran nila ang kanilang pagmamahal. Iyan ang higit na magpapagalak sa kanila, tulad ng pangako sa awitin, kaysa tugunan lamang ninyo ang temporal nilang mga pangangailangan.

Ang huling mungkahi ko ay planuhing gamitin ang impluwensya ng bigkis ng mga pamilya, ng korum, ng mga auxiliary, at ng mga taong kilala sa inyong komunidad. Pararamihin ng damdamin ng pagkakaisa ang mabubuting epekto ng inyong paglilingkod. At ang damdamin ng pagkakaisa sa mga pamilya, sa Simbahan, at sa mga komunidad ay lalago at magiging isang walang-katapusang pamana kahit matagal nang tapos ang proyekto.

Ito na ang pagkakataon kong sabihin sa inyo kung gaano ko kayo pinahahalagahan. Sa mapagmahal na paglilingkod ninyo sa Panginoon, ako ang tumanggap ng pasasalamat ng mga taong natulungan ninyo nang makausap ko sila sa lahat ng panig ng mundo.

Nakahanap kayo ng paraan upang higit silang mapasigla nang tumulong kayo ayon sa paraan ng Panginoon. Kayo at ang mapakumbabang mga disipulo ng Tagapagligtas na katulad ninyo ay maluwag na naglingkod, at ang mga taong tinulungan ninyo ay labis-labis ang pasasalamat sa akin bilang kapalit.

Gayunding pasasalamat ang natatanggap ko mula sa mga taong nakatrabaho ninyo. Naaalala ko pa noong minsang nakatabi ko si Pangulong Ezra Taft Benson. Nag-uusap kami noon tungkol sa gawaing pangkapakanan sa Simbahan ng Panginoon. Nagulat ako sa kanyang sigla na parang bata nang sabihin niya, habang pinipisil ang kanyang mga kamay, "Mahal ko ang gawaing ito, at tunay na gawain ito."


Para sa Panginoon pinasasalamatan ko ang inyong paglilingkod sa mga anak ng ating Ama sa Langit. Kilala Niya kayo, at nakikita Niya ang inyong pagsisikap, kasigasigan, at sakripisyo. Dalangin ko na pagpalain Niya kayong makita ang bunga ng inyong mga pagsisikap sa kasiyahan ng mga yaong natulungan ninyo at ng mga nakatulong ninyo para sa Panginoon.

Alam ko na ang Diyos Ama ay buhay at pinakikingan ang ating mga dalangin. Alam ko na si Jesus ang Cristo. Kayo at ang mga pinaglilingkuran ninyo ay mapapadalisay at mapapalakas sa paglilingkod sa Kanya at pagsunod sa Kanyang mga utos. Malalalaman ninyo tulad ko, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na si Joseph Smith ang propeta ng Diyos na nagpanumbalik sa totoo at buhay na Simbahang ito, na siyang totoo. Pinatototohanan ko na si Pangulong Thomas S. Monson ang buhay na propeta ng Diyos. Isa siyang magandang halimbawa ng ginawa ng Panginoon: naglilibot na gumagawa ng mabuti. Dalangin ko na samantalahin natin ang mga pagkakataong "itaas ang mga kamay na nakababa, at palakasin ang tuhod na mahihina."[6] Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. "Ako Ba'y May Kabutihang Nagawa?" *Mga Himno,* blg. 135.
2. "O Kaylugod na Gawain," *Mga Himno,* blg. 89.
3. Marion G. Romney, "Welfare Services: The Savior's Program," *Ensign,* Nob. 1980, 93.
4. J. Reuben Clark Jr., sa Conference Report, Okt. 1943, 13.
5. Tingnan sa Mateo 7:7–8; Lucas 11:9–10; 3 Nephi 14:7–8.
6. Doktrina at mga Tipan 81:5.





**Inilahad ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Thomas Spencer Monson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; si Henry Bennion Eyring bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan; at si Dieter Friedrich Uchtdorf bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang mga di sang-ayon, kung mayroon, ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Boyd Kenneth Packer bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at ang sumusunod bilang mga miyembro ng korum na iyon: Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, at Neil L. Andersen.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang di sang-ayon, ipakita lang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang di sang-ayon, kung mayroon man, ay ipakita rin.

Iminumungkahing i-release natin ang sumusunod bilang mga Area Seventy simula sa Mayo 1, 2011: José L. Alonso, Nelson L. Altamirano, John S. Anderson, Ian S. Ardern, Sergio E. Avila, David R. Brown, D. Fraser Bullock, Donald J. Butler, Vladimiro J. Campero, Daniel M. Cañoles, Carl B. Cook, I. Poloski Cordon, J. Devn Cornish, Federico F. Costales, LeGrand R. Curtis Jr., Heber O. Diaz, Andrew M. Ford, Julio G. Gaviola, Manuel Gonzalez, Daniel M. Jones, Donald J. Keyes, Domingos S. Linhares, B. Renato Maldonado, Raymundo Morales, J. Michel Paya, Stephen D. Posey, Juan M. Rodriguez, Gerardo L. Rubio, Jay L. Sitterud, Dirk Smibert, Eivind Sterri, Ysrael A. Tolentino, W. Christopher Waddell, at Gary W. Walker.

Ang mga nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mahusay nilang



paglilingkod, mangyaring ipakita.

Iminumungkahing sang-ayunan natin bilang mga bagong miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu sina Don R. Clarke, José L. Alonso, Ian S. Ardern, Carl B. Cook, LeGrand R. Curtis Jr., W. Christopher Waddell, at Kazuhiko Yamashita; at bilang mga bagong miyembro ng Pangalawang Korum ng Pitumpu sina Randall K. Bennett, J. Devn Cornish, O. Vincent Haleck, at Larry Y. Wilson.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga di sang-ayon, ipakita rin.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang sumusunod bilang mga bagong Area Seventy: Kent J. Allen, Stephen B. Allen, Winsor Balderrama, R. Randall Bluth, Hans T. Boom, Patrick M. Boutoille, Marcelo F. Chappe, Eleazer S. Collado, Jeffrey D. Cummings, Nicolas L. Di Giovanni, Jorge S. Dominguez, Gary B. Doxey, David G. Fernandes, Hernán D. Ferreira, Ricardo P. Giménez, Allen D. Haynie, Douglas F. Higham, Robert W. Hymas, Lester F. Johnson, Matti T. Jouttenus, Chang Ho Kim, Alfred Kyungu, Remegio E. Meim Jr., Ismael Mendoza, Cesar A. Morales, Rulon D. Munns, Ramon C. Nobleza, Abenir V. Pajaro, Gary B. Porter, José L. Reina, Esteban G. Resek, George F. Rhodes Jr., Lynn L. Summerhays, Craig B. Terry, David J. Thomson, Ernesto R. Toris, Arnulfo Valenzuela, Ricardo Valladares, Fabian I. Vallejo, Emer Villalobos, at Terry L. Wade.



Lahat ng sang-ayon, ipakita lang.

Ang di sang-ayon.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang iba pang mga General Authority, Area Seventy, at general auxiliary presidency na kasalukuyang bumubuo nito.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang di sang-ayon, ipakita lamang.

Pangulong Monson, ayon sa naobserbahan ko, nagkakaisa ang lahat ng nasa Conference Center sa pagsang-ayon sa mga iminungkahi.

Salamat, mga kapatid, sa inyong pagsang-ayon at patuloy na pananampalataya, katapatan,at mga dalangin. ■



# Ulat ng Church Auditing Department, 2010

**Inilahad ni Robert W. Cantwell**
Managing Director, Church Auditing Department

*Sa Unang Panguluhan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw*

Mahal na mga Kapatid: Tulad ng nakasaad sa paghahayag sa bahagi 120 ng Doktrina at mga Tipan, ang Council on the Disposition of the Tithes ang nagpapahintulot sa paggugol ng pondo ng Simbahan. Ang konsehong ito ay binubuo ng Unang Panguluhan, ng Korum ng Labindalawang Apostol, at ng Presiding Bishopric. Ang konsehong ito ang nag-aapruba ng badyet para sa mga departamento, pagpapatakbo, at kaugnay na mga alokasyon sa mga yunit ng Simbahan. Ginugugol ng mga departamento ng Simbahan ang mga pondo ayon sa inaprubahang mga badyet at sa mga patakaran at pamamaraan ng Simbahan.

Pinahintulutan ang Church Auditing Department na makita ang lahat ng rekord at sistemang kailangan upang masuri kung sapat ang kontrol sa mga pagtanggap ng pondo, paggastos, at pangangalaga sa mga ari-arian ng Simbahan. Ang Church Auditing Department ay hiwalay sa lahat ng iba pang mga departamento at pagpapatakbo ng Simbahan, at ang mga kawani ay binubuo ng mga certified public accountant, certified internal auditor, certified information systems auditor, at iba pang mga lisensyadong propesyonal.

Batay sa mga isinagawang awdit, ipinasiya ng Church Auditing Department na, sa lahat ng bagay na materyal, ang mga natanggap na kontribusyon, pondong ginugol, at mga ari-arian ng Simbahan sa taong 2010 ay naitala at napangasiwaan alinsunod sa angkop na mga gawain sa accounting, inaprubahang badyet, at mga patakaran at palakad ng Simbahan.

Buong paggalang na isinumite,
Church Auditing Department
Robert W. Cantwell
Managing Director ■

# Ulat sa Estadistika, 2010

**Inilahad ni Brook P. Hales**
Kalihim sa Unang Panguluhan

Ipinalabas ng Unang Panguluhan ang sumusunod na ulat sa estadistika ng Simbahan para sa 2010. Nitong Disyembre 31, 2010, may 2,896 na stake, 340 mission, 614 na district, at 28,660 ward at branch.

Ang kabuuang bilang ng mga miyembro ng Simbahan sa pagtatapos ng 2010 ay 14,131,467.

Mayroong 120,528 na mga batang nadagdag sa talaan ng Simbahan, at 272,814 ang mga convert na nabinyagan noong 2010.

Ang bilang ng mga full-time missionary na naglilingkod sa pagtatapos ng taon ay 52,225.

Ang bilang ng mga service missionary ng Simbahan ay 20,813, at marami sa kanila ang nasa kanilang tahanan at tinawag upang sumuporta sa iba't ibang gawain ng Simbahan.

Apat na templo ang inilaan sa nakaraang taon: Vancouver British Columbia Temple sa Canada; The Gila Valley Arizona Temple sa Estados Unidos; Cebu City Philippines Temple; at Kyiv Ukraine Temple.

Ang Laie Hawaii Temple sa Estados Unidos ay muling inilaan noong 2010.

Ang kabuuang bilang ng mga templong gumagana sa buong mundo ay 134.

**Mga Dating Pangkalahatang Pinuno ng Simbahan at Iba na Pumanaw simula noong Pangkalahatang Kumperensya ng Abril**

Sina Elder W. Grant Bangerter, Adney Y. Komatsu, Hans B. Ringger, LeGrand R. Curtis, Richard P. Lindsay, Donald L. Staheli, at Richard B. Wirthlin, mga dating miyembro ng mga Korum ng Pitumpu; Barbara B. Smith, dating Relief Society general president; Ruth H. Funk, dating Young Women general president; Norma Jane B. Smith, dating tagapayo sa Young Women general presidency; Helen Fyans, balo ni Elder J. Thomas Fyans, isang emeritus General Authority; Arnold D. Friberg, pintor at tagalarawan; at J. Elliot Cameron, dating commissioner of education ng Simbahan. ■









**Ni President Boyd K. Packer**
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ginagabayan ng Banal na Espiritu

*Bawat isa sa atin ay magagabayan ng diwa ng paghahayag at ng kaloob na Espiritu Santo.*

Apat na raang taon na ang nakalilipas mula nang ilathala ang King James Bible, at malaking bahagi nito ang isinalin ni William Tyndale, isang magiting na bayani para sa akin.

Ayaw ipasalin ng mga ministro ang Biblia sa wikang Ingles. Tinugis nila si Tyndale sa lahat ng dako. Sinabi niya sa kanila, "Kung ililigtas ng Diyos ang buhay ko, bago lumipas ang maraming taon titiyakin ko na mas marami pang alam ang isang batang magsasaka sa Banal na Kasulatan kaysa sa inyo."[1]

Si Tyndale ay ipinagkanulo at ikinulong sa isang madilim at malamig na piitan sa Brussels sa loob ng mahigit isang taon. Sira-sira na ang kanyang damit. Nakiusap siya sa mga nagbabantay sa kanya na ibigay ang kanyang balabal at sumbrero at isang kandila, na sinasabing, "Nakakabagot talagang maupong mag-isa sa dilim."[2] Ipinagkait ang mga ito sa kanya. Kalaunan, inilabas siya sa piitan at sa harap ng maraming tao ay ibinigti at sinunog habang nakagapos sa tulos. Ngunit ang gawain at kamatayan ng martir na si William Tyndale ay hindi nawalan ng kabuluhan.

Yamang tinuruan ang mga batang Banal sa mga Huling Araw mula noong bata pa sila na pag-aralan ang mga banal na kasulatan, kahit paano natupad sa kanila ang propesiyang sinambit ni Wiliam Tyndale apat na raang taon na ang nakararaan.

Ang ating mga banal na kasulatan ngayon ay binubuo ng Biblia, Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo, Mahalagang Perlas, at Doktrina at mga Tipan.

Dahil sa Aklat ni Mormon, madalas tayong tawaging Simbahan ni Mormon, isang katawagang hindi natin inaayawan, ngunit sadyang hindi tumpak.

Sa Aklat ni Mormon, muling dinalaw ng Panginoon ang mga Nephita dahil nanalangin sila sa Ama sa Kanyang pangalan. At sinabi ng Panginoon:

"Ano ang nais ninyong ibigay ko sa inyo?

"At kanilang sinabi sa kanya: Panginoon, nais naming sabihin ninyo sa amin ang pangalan kung paano namin tatawagin ang simbahang ito; sapagkat may mga pagtatalo sa mga tao hinggil sa bagay na ito.

"At sinabi ng Panginoon . . . , bakit kinakailangang bumulung-bulong ang mga tao at magtalo dahil sa bagay na ito?

"Hindi ba nila nabasa ang mga banal na kasulatan, na nagsasabing inyong taglayin ang pangalan ni Cristo . . . ? Sapagkat sa pangalang ito kayo tatawagin sa huling araw. . . .

"Kaya nga, anuman ang inyong gagawin, gawin ninyo ito sa aking pangalan; kaya nga tatawagin ninyo ang simbahan sa aking pangalan; at kayo ay mananawagan sa Ama sa aking pangalan upang kanyang pagpalain ang simbahan alang-alang sa akin.

"At paano ito magiging simbahan ko maliban kung ito ay tinatawag sa aking pangalan? Sapagkat kung ang isang simbahan ay tinatawag sa pangalan ni Moises, kung gayon iyon ay simbahan ni Moises; o kung iyon ay tatawagin sa pangalan ng isang tao kung gayon iyon ay simbahan ng isang tao; ngunit kung ito ay tinatawag sa aking pangalan kung gayon ito ay aking simbahan, kung mangyayari na ang mga ito ay nakatayo sa aking ebanghelyo."[3]

Dahil masunurin tayo sa paghahayag, tinatawag natin ang ating sarili na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa Huling Araw. Maaaring tawagin ng iba ang Simbahan bilang Simbahan ni Mormon o tawagin tayo na mga Mormon; ibang usapan na kapag tayo mismo ang gagawa niyon.

Sinabi ng Unang Panguluhan:

"Ang paggamit ng inihayag na pangalan, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw (D at 115:4), ay lalong mahalaga sa responsibilidad nating ipahayag ang pangalan ng Tagapagligtas sa buong mundo. Dahil dito, hinihiling namin na kapag tinukoy natin ang Simbahan gamitin natin ang buong pangalan nito hangga't maaari. . . .

"Kapag tinutukoy ang mga miyembro ng Simbahan, iminumungkahi namin ang 'mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga huling Araw.' Kung paiikliin, mas angkop ang tawag na "mga Banal sa mga Huling Araw."[4]

"Nangungusap [ang mga Banal sa mga Huling Araw] tungkol kay Cristo,



nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo, at sumusulat tayo alinsunod sa ating mga propesiya, upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan."[5]

Itatawag sa atin ng mundo ang anumang gusto nitong itawag sa atin, ngunit sa ating pananalita, laging tandaan na kabilang tayo sa Simbahan ni *Jesucristo.*

May nagsasabi na hindi tayo mga Kristiyano. Hindi nila tayo kilala o kaya'y mali ang pagkaunawa nila.

Sa Simbahan, bawat ordenansa ay ginagawa sa awtoridad at sa pangalan ni Jesucristo.[6] Mayroon tayong organisasyon na katulad ng sinaunang Simbahan, na may mga apostol at propeta.[7]

Noong unang panahon tumawag at nag-orden ng Labindalawang Apostol ang Panginoon. Siya ay ipinagkanulo at ipinako sa krus. Matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, tinuruan ng Tagapagligtas ang kanyang mga disipulo sa loob ng 40 araw at pagkatapos ay umakyat na sa langit.[8]

Ngunit may kulang. Pagkatapos ng ilang araw nagtipon ang Labindalawa sa isang bahay, at "biglang dumating mula sa langit ang isang ugong na gaya ng sa isang humahagibis na hanging malakas, at pinuno ang buong bahay. . . . Mga dilang kawangis ng apoy . . . [ang] dumapo sa bawa't isa sa kanila. At sila . . . ay nangapuspos ng Espiritu Santo."[9] Nabigyan na ngayon ng kapangyarihan ang Kanyang mga Apostol. Naunawaan nila na ang awtoridad na bigay ng Tagapagligtas at ang kaloob na Espiritu Santo ay mahalaga at kailangan para maitatag ang Kanyang Simbahan. Inutusan silang magbinyag at igawad ang kaloob na Espiritu Santo.[10]

Dumating ang panahon na naglaho ang mga Apostol at ang priesthood na kanilang taglay. Ang awtoridad at kapangyarihang mangasiwa ay kinailangang maibalik. Sa maraming siglo umasam ang mga tao sa pagbabalik ng awtoridad at pagtatatag ng Simbahan ng Panginoon.

Noong 1829 ipinanumbalik ang priesthood kina Joseph Smith at Oliver Cowdery ni Juan Bautista at ng mga Apostol na sina Pedro, Santiago, at Juan. Ngayon ang karapat-dapat na mga miyembro ng Simbahan ay inoorden sa priesthood. Ang awtoridad na ito at ang kaakibat na kaloob na Espiritu Santo, na iginagawad sa lahat ng miyembro ng Simbahan matapos ang binyag, ang dahilan ng kaibhan natin sa iba pang mga simbahan.

Isang sinaunang paghahayag ang nag-utos na "makapangusap ang bawat tao sa pangalan ng Diyos, ang Panginoon, maging ang Tagapagligtas ng sanlibutan."[11] Ang gawain sa Simbahan ngayon ay ginagampanan ng mga karaniwang lalaki at babae na tinawag at sinang-ayunan upang mangulo, magturo, at mangasiwa. Sa kapangyarihan ng paghahayag at sa kaloob na Espiritu Santo ginagabayan ang mga tinawag na yaon upang malaman ang kalooban ng Panginoon. Maaaring hindi tanggapin ng iba ang mga bagay na tulad ng propesiya, paghahayag, at kaloob na Espiritu Santo, ngunit kung uunawain lang nila tayo, dapat nilang maunawaan na tinatanggap natin ang mga bagay na iyon.

Inihayag ng Panginoon kay Joseph Smith ang isang batas ng kalusugan, ang Word of Wisdom, bago pa

nalaman ng mundo ang mga panganib nito. Lahat ay tinuruang umiwas sa tsaa, kape, alak, sigarilyo, at pati na sa iba't ibang droga at nakalululong na bagay, na laging nasa harapan ng ating mga kabataan. Ang mga sumusunod sa paghahayag na ito ay pinangakuang "tatanggap ng kalusugan sa kanilang pusod at kanilang utak-sa-buto;

"At makatatagpo ng karunungan at malaking kayamanan ng kaalaman, maging mga natatagong kayamanan;

"At tatakbo at hindi mapapagod, at lalakad at hindi manghihina."[12]

Sa isa pang paghahayag, iniutos ng pamantayan ng Panginoon sa moralidad na ang mga sagradong kapangyarihang lumikha ng buhay ay dapat lamang gawin ng lalaki at babaeng mag-asawa.[13] Ang maling paggamit sa kapangyarihang ito ay napakabigat kaya't pumapangalawa ito sa kasalanan ng pagpapadanak ng dugo ng walang malay at pagtatakwil sa Espiritu Santo.[14] Kung ang isang tao ay lumabag sa batas, itinuturo ng doktrina ng pagsisisi kung paano mawawala ang epekto ng paglabag na ito.

Lahat ay susubukin. Maaring isipin ng isang tao na hindi makatarungang siya lang ang sumailalim sa isang tukso, ngunit ito ang layunin ng buhay sa mundo—ang masubukan. At ganyan din ang sagot para sa lahat: dapat, at kaya, nating labanan ang anumang uri ng tukso.

"Ang dakilang plano ng kaligayahan"[15] ay nakasentro sa pamilya. Ang lalaki ang ulo ng tahanan at ang babae ang puso ng tahanan. At ang pagsasama ng mag-asawa ay pantay na pagsasamahan. Ang lalaking Banal sa mga Huling Araw ay isang lalaking responsable sa pamilya, tapat sa ebanghelyo. Siya ay isang mapagmahal at debotong asawa at ama. Iginagalang niya ang pagkababae. Sinusuportahan ng babae ang kanyang asawa. Pinangangalagaan ng kapwa magulang ang espirituwal na pag-unlad ng kanilang mga anak.

Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay tinuturuang mahalin at tapat na patawarin ang isa't isa.

Binago ng isang mabait na patriarch ang buhay ko. Pinakasalan niya ang kanyang kasintahan. Mahal na mahal nila ang isa't isa, at hindi naglaon ay ipinagbuntis ng babae ang una nilang anak.

Nang gabing isilang ang sanggol, nagkaroon ng mga kumplikasyon. Ang tanging doktor ay nasa ibang lugar ng bayan at may ginagamot. Pagkaraan ng maraming oras ng pagdaramdam ng babae sa pagsisilang ng sanggol, pinanghinaan na ng loob ang magiging ina. Sa wakas ay nakita rin ang doktor. Sa emerhensiya, mabilis siyang kumilos at hindi nagtagal ay naisilang ang sanggol at tila nalampasan na ang panganib. Ngunit makalipas ang ilang araw, ikinamatay ng bata pang ina ang mismong impeksyong ginagamot ng doktor sa ibang pasyente nang gabing iyon.

Nawasak ang mundo ng bata pang ama. Sa paglipas ng mga linggo, lalong tumindi ang kanyang pagdadalamhati. Wala nang ibang laman ang kanyang isipan, at sa kanyang hinanakit ay gusto niyang manakit. Kung ngayon nangyari iyon, walang dudang idedemanda niya ang doktor, na para bang may magagawa ang pera.

Isang gabi may kumatok sa kanyang pintuan. Isang batang babae ang nagsabing, "Pinapapunta po kayo ni Itay. Gusto raw po niya kayong makausap."

Ang "Tatay" na ito ang stake president. Ang payo lang ng matalinong lider na ito ay, "John, hayaan mo na. Anuman ang gawin mo hindi na siya babalik. Anuman ang gawin mo ay magpapalala lang sa sitwasyon. John, hayaan mo na."

Ito ang naging pagsubok ng aking kaibigan. Paano niya ito hahayaan? Napakalaking pagkakamali ang nagawa. Pinilit niyang pigilin ang kanyang sarili at sa huli ay nagpasiya siya na dapat niyang sundin ang payo ng matalinong stake president na iyon. Hahayaan na lang niya ito.

Sabi niya, "Matanda na ako bago ko naunawaan at sa huli ay nakita ang sitwasyon ng isang kawawang doktor sa bayan—sobrang dami ng kanyang trabaho, kulang ang suweldo, pagod na sa paglilipat-lipat sa mga pasyente, kakaunti ang gamot, walang ospital, iilan ang gamit, nagsisikap magligtas ng buhay, at madalas ay nagpapagaling. Dumating siya sa sandali ng kagipitan, nang dalawang buhay ang nalagay sa panganib, at agad siyang kumilos. Naunawaan ko rin sa wakas!" Sabi niya, "Muntik ko nang masira ang buhay ko at ng iba."

Maraming beses siyang lumuhod at nagpasalamat sa Panginoon para sa matalinong lider na iyon ng priesthood na nagpayo lang na, "John, hayaan mo na."

***São Luís, Brazil***



Sa ating paligid nakikita natin ang mga miyembro ng Simbahan na nasaktan ang kalooban. Ang ilan ay naghihinakit sa mga pangyayari sa kasaysayan ng Simbahan o sa mga pinuno nito at buong buhay na nagdurusa, hindi malimutan ang mga pagkakamali ng iba. Ayaw nilang hayaan ito. Hindi na sila aktibo sa Simbahan.

Ang ganyang ugali ay maitutulad sa isang lalaking binambo. Dahil sa galit, binambo niya nang binambo ang ulo niya habang siya'y nabubuhay. Malaking kahangalan! Napakalungkot! Sa gayong paghihiganti ay sinasaktan niya ang kanyang sarili. Kung nasaktan man kayo, magpatawad, kalimutan ito, at hayaan na lang.

Ibinigay ng Aklat ni Mormon ang babalang ito: "At ngayon, kung may mga pagkakamali ang mga yaon ay kamalian ng mga tao; dahil dito huwag ninyong hatulan ang mga bagay ng Diyos, nang kayo ay matagpuang walang bahid-dungis sa hukumang-luklukan ni Cristo."[16]



Ang Banal sa mga Huling Araw ay isang ordinaryong nilalang. Matatagpuan na tayo ngayon sa lahat ng dako ng mundo, tayong 14 na milyon. Simula pa lang ito. Tinuturuan tayong mabuhay sa mundo ngunit huwag maging makamundo.[17] Samakatwid, ordinaryo ang ating buhay sa mga ordinaryong pamilyang nakahalo sa ibang mga tao.

Tinuturuan tayong huwag magsinungaling o mandaya.[18] Hindi tayo nagsasalita ng masama o kalapastanganan. Maganda ang ating pananaw at tayo ay masaya at hindi takot mabuhay.

Tayo ay "nahahandang makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati . . . at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar."[19]


Kung ang hanap ng isang tao ay ang simbahang kakaunti lang ang ipinagagawa, hindi ito iyon. Hindi madaling maging Banal sa mga Huling Araw, ngunit sa bandang huli ito lang ang tanging tamang landas.

Anuman ang pagsalungat o "mga digmaan, at alingawngaw ng digmaan, at lindol sa iba't ibang dako,"[20] walang kapangyarihan o impluwensyang makapipigil sa gawaing ito. Bawat isa sa atin ay magagabayan ng diwa ng paghahayag at ng kaloob na Espiritu Santo. "Gayun din maaaring iunat ng tao ang kanyang maliit na bisig upang pigilin ang ilog ng Missouri sa kanyang nakatalagang daan, o ibaling ang daloy nitong paitaas, upang hadlangan ang Pinakamakapangyarihan sa pagbubuhos ng kaalaman mula sa langit sa mga ulo ng mga Banal sa mga Huling Araw."[21]

Kung may mabigat kayong pasanin, kalimutan ito, hayaan ito. Magpatawad nang marami at magsisi nang kaunti, at dadalawin kayo ng Diwa ng Espiritu Santo at pagtitibayin ng patotoo na hindi ninyo akalaing naroon. Babantayan kayo at pagpapalain—kayo at ang mga mahal ninyo sa buhay. Ito'y isang paanyaya na lumapit sa Kanya. Ang simbahang ito—Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, "ang tanging tunay at buhay na simbahan sa ibabaw ng buong mundo,"[22] sa sarili Niyang pagpapahayag—ang lugar kung saan natin matatagpuan ang "dakilang plano ng kaligayahan."[23] Pinatototohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Sa David Daniell, pambungad sa *Tyndale's New Testament* (1989), viii.
2. Sa Daniell, pambungad sa *Tyndale's New Testament,* ix.
3. 3 Nephi 27:2–5, 7–8.
4. Liham ng Unang Panguluhan, Peb. 23, 2001.
5. 2 Nephi 25:26.
6. Tingnan sa Moises 5:8; binyag: tingnan sa 2 Nephi 31:12; 3 Nephi 11:27; 18:16; pagbabasbas sa maysakit: tingnan sa Doktrina at mga Tipan 42:44; pagkakaloob ng Espiritu Santo: tingnan sa Moroni 2:2; ordinasyon sa priesthood: tingnan sa Moroni 3:1–3; sakrament: tingnan sa Moroni 4:1–3; mga himala: tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:66–69.
7. Tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:6.
8. Tingnan sa Mga Gawa 1:3–11.
9. Mga Gawa 2:2–4.
10. Tingnan sa Mga Gawa 2:38.
11. Doktrina at mga Tipan 1:20.
12. Doktrina at mga Tipan 89:18–20.
13. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* november, 2010, 129.
14. Tingnan sa Alma 39:4–6.
15. Alma 42:8.
16. Pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon.
17. Tingnan sa Juan 17:14–19.
18. Tingnan sa Exodo 20:15–16.
19. Mosias 18:9.
20. Mormon 8:30.
21. Doktrina at mga Tipan 121:33.
22. Doktrina at mga Tipan 1:30.
23. Alma 42:8.



**Ni Elder Russell M. Nelson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Harapin ang Kinabukasan nang may Pananampalataya

*Ang katotohanan, mga tipan, at ordenansa ang nagbibigay-kakayahan sa atin na madaig ang takot at harapin ang kinabukasan nang may pananampalataya!*

Minamahal kong mga kapatid, salamat sa impluwensya ng inyong pagsang-ayon, hindi lamang sa pagtataas ng inyong kamay kundi maging sa pagsuporta ninyo sa tahanan, sa Simbahan, at sa inyong mga komunidad. Masaya kaming makasama kayo at makitang kasama ninyo ang inyong pamilya at mga kaibigan. Saan man kayo nakatira, minamasdan namin ang inyong mga pagsisikap na pagandahin ang mundo. Sinusuportahan namin kayo! Mahal namin kayo! Habang ipinagdarasal ninyo kami, ipinagdarasal din namin kayo!

Nakikinita namin ang inyong mga pamilyang nakapaligid sa telebisyon o online upang panoorin sa bahay ang mga kaganapan sa pangkalahatang kumperensya. Isang listong ina at ama ang nagpadala sa akin ng kopya ng retratong kuha nila sa conference. Inobserbahan nila ang reaksyon ng 18-buwan nilang anak na lalaki, na nakilala ang hitsura at boses ng nagsasalita. Nagpalipad ng mga halik ang bata sa nagsasalita sa TV. Gusto pa niyang lumapit. Kaya mabilis siyang kinarga ng kanyang ate sa balikat nito at inilapit pa siya. Narito ang retratong iyon.

Oo, ako ang nasa TV, at ang mga batang iyan ay mga apo namin. Ilang taon na lang at ang batang ito ay magiging isang elder na, na-endow sa templo, at handa nang magmisyon. Kalaunan mabubuklod siya sa kanyang walang-hanggang kabiyak na pinili niya. Nakikinita ba ninyo siya bilang asawa at ama balang-araw, na may sariling mga anak? At balang-araw mamamaalam siya sa kanyang mga lolo, na may tiyak na kaalaman na ang kamatayan ay bahagi ng buhay.

Totoo ito. Nabubuhay tayo para mamatay, at mamamatay tayo para mabuhay na muli. Sa walang-hanggang pananaw, ang tanging kamatayang tunay na wala sa panahon ay ang pagkamatay ng isang hindi pa handang humarap sa Diyos.

Bilang mga apostol at propeta, nag-aalala kami hindi lamang para sa aming mga anak at apo kundi sa inyo rin—at sa bawat anak ng Diyos. Kung ano ang naghihintay sa bawat banal na anak ng Diyos sa hinaharap ay mahuhubog sa kamay ng kanyang mga magulang, pamilya, kaibigan at guro. Kaya, ang ating pananampalataya *ngayon* ay nagiging bahagi ng pananampalataya nila *kalaunan*.

Bawat tao ay mabubuhay sa pabagu-bagong mundo—isang mundo ng nagpapaligsahang mga ideolohiya. Ang mga puwersa ng kasamaan ay patuloy na makikipaglaban sa puwersa ng kabutihan. Patuloy na sinisikap ni Satanas na impluwensyahan tayong sundin ang kanyang mga paraan at gawin tayong miserable, tulad niya.[1] At ang normal na mga problema sa buhay, tulad ng karamdaman, pinsala, at aksidente, ay laging nariyan.

Nabubuhay tayo sa panahon ng kaguluhan. Ang mga lindol at tsunami ay nangwawasak, bumabagsak ang mga gobyerno, lumalala ang mga problema sa ekonomiya, nanganganib ang pamilya, at dumarami ang nagdidiborsyo. Malaki ang dahilan para tayo mag-alala. Ngunit hindi kailangang mapalitan ng takot ang ating pananampalataya. Malalabanan natin ang mga pangambang iyon sa pamamagitan ng pagpapalakas ng ating pananampalataya.

Simulan sa inyong mga anak. Pangunahing responsibilidad ninyong mga magulang na palakasin ang kanilang pananampalataya. Ipadama ninyo sa kanila ang inyong pananampalataya, maging sa matitinding pagsubok na dumarating sa inyong buhay. Ituon ang inyong pananampalataya sa ating mapagmahal na Ama sa Langit at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo. Ituro ang pananampalatayang iyon nang may malalim na paniniwala. Ituro sa bawat batang lalaki o babae na siya ay anak ng Diyos, nilikha sa Kanyang larawan o wangis, na may sagradong layunin at potensyal. Bawat isa ay isinilang na may mga hamon na dadaigin at pananampalatayang palalaguin.[2]

Ituro ang pananampalataya sa plano ng kaligtasan ng Diyos. Ituro na ang

buhay natin sa mundo ay panahon ng pagsubok, panahon na susubukan tayo kung gagawin natin ang anumang iutos ng Panginoon sa atin.[3]

Ituro ang pananampalatayang sundin ang *lahat* ng utos ng Diyos, batid na ibinigay ang mga ito upang pagpalain ang Kanyang mga anak at dulutan sila ng kagalakan.[4] Balaan sila na may makakaharap silang mga tao na namimili kung aling mga utos ang susundin at binabalewala ang ibang mga utos na pinili nilang labagin. Ang tawag ko dito ay estilo ng turu-turo sa pagsunod. Hindi uubra ang ganitong pagpili. Hahantong ito sa kalungkutan. Sa paghahandang humarap sa Diyos, sinusunod ng isang tao ang *lahat* ng Kanyang utos. Kailangan ng pananampalataya para masunod ang mga ito, at ang pagsunod sa Kanyang mga utos ay magpapalakas sa pananampalatayang iyon.

Sa pagsunod ay patuloy na dadaloy ang mga pagpapala ng Diyos. Bibiyayaan Niya ang Kanyang masunuring mga anak ng kalayaan mula sa pagkaalipin at kalungkutan. At bibiyayaan Niya sila ng mas maraming kaliwanagan. Halimbawa, sinusunod ng isang tao ang Word of Wisdom batid na ang pagsunod na iyon ay hindi lamang magpapalaya sa kanya mula sa adiksyon, kundi magdaragdag rin ng karunungan at yaman ng kaalaman.[5]

Ituro ang pananampalatayang malaman na ang pagsunod sa mga utos ng Diyos ay magbibigay ng pisikal at espirituwal na proteksyon. At tandaan, ang mga anghel ng Diyos ay laging nariyan upang tulungan tayo. Sinabi ng Panginoon: "Ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo."[6] Napakagandang pangako! Kapag tayo ay tapat, Siya at ang Kanyang mga anghel ay tutulungan tayo.

Ang walang-maliw na pananampalataya ay tumitibay sa pagdarasal. Ang inyong taos-pusong mga pagsamo ay mahalaga sa Kanya. Isipin ang matindi at madamdaming mga dalangin ni



Propetang Joseph Smith noong kakila-kilabot na mga araw na nakakulong siya sa Liberty Jail. Tumugon ang Diyos at binago ang pananaw ng Propeta. Sabi Niya, "Alamin mo, aking anak, na ang lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, at para sa iyong ikabubuti."[7]

Kung magdarasal tayo taglay ang walang-hanggang pananaw, hindi natin kailangang isipin kung naririnig ba ang ating taos-pusong mga pagsamo. Ang pangakong ito mula sa Panginoon ay nakatala sa bahagi 98 ng Doktrina at mga Tipan:

"Ang inyong mga panalangin ay nakarating sa tainga ng Panginoon . . . at natatala sa tatak na ito at testamento—ang Panginoon ay sumumpa at nag-utos na ang mga ito ay ipagkakaloob.

"Samakatwid, ibinigay niya ang pangakong ito sa inyo nang may hindi mababagong tipan na ang mga yaon ay matutupad; at lahat ng bagay na kung saan kayo pinahirapan ay magkakalakip na gagawa para sa inyong ikabubuti, at para sa kaluwalhatian ng aking pangalan, wika ng Panginoon."[8]

Pinili ng Panginoon ang matitinding salita upang panatagin tayo! *Tatak! Testamento! Sumumpa! Nag-utos! Hindi mababagong tipan!* Mga kapatid, maniwala sa Kanya! Pakikinggan ng Diyos ang inyong taimtim at taos-pusong mga dalangin, at titibay ang inyong pananampalataya.

Upang magkaroon ng mapagtiis na pananampalataya, mahalaga ang mapagtiis na katapatan sa pagbabayad ng buong ikapu. Sa simula ay kailangan ng pananampalataya na magbayad ng ikapu. Pagkatapos ay nadaragdagan ang pananampalataya ng taong nagbabayad ng ikapu hanggang sa maging mahalagang pribilehiyo na ang pagbabayad ng ikapu. Ang ikapu ay isang batas ng Diyos noon pa man.[9] Nangako Siya sa Kanyang mga anak na bubuksan Niya ang "mga dungawan sa langit, at ihuhulog . . . ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan."[10] Hindi lang iyan, pananatilihin ng ikapu na kabilang ang inyong pangalan sa mga tao ng Diyos at poprotektahan kayo sa "araw ng paghihiganti at pagsusunog."[11]

Bakit natin kailangan ang gayon katatag na pananampalataya? Dahil darating ang mga araw ng paghihirap. Bihirang maging madali o popular sa hinaharap ang pagiging matapat na Banal sa mga Huling Araw. Bawat isa sa atin ay susubukan. Nagbabala si Apostol Pablo na sa mga huling araw, ang mga taong masigasig sumunod sa Panginoon "ay mangagbabata ng paguusig."[12] Maaari kayong durugin ng pag-uusig na iyon hanggang sa manghina kayo o ganyakin kayong maging mas mabuting halimbawa at matapang sa araw-araw ninyong buhay.

*Kung paano* ninyo hinaharap ang



mga pagsubok sa buhay ay bahagi ng paglago ng inyong pananampalataya. Lumalakas kayo kapag naaalala ninyo na kayo ay may likas na kabanalan, isang pamanang walang-hanggan ang kahalagahan. Ipinaalala ng Panginoon sa inyo, sa inyong mga anak, at sa inyong mga apo na kayo ay karapat-dapat na mga tagapagmana, na inilaan kayo sa langit para isilang sa tamang panahon at lugar, upang lumago, at maging Kanyang tagadala ng watawat at pinagtipanang mga tao. Sa paglakad ninyo sa landas ng kabutihan ng Panginoon, pagpapalain kayong magpatuloy sa Kanyang kabutihan at magiging liwanag at tagapagligtas sa Kanyang mga tao.[13]

Mapapasa bawat isa sa inyo, mga kapatid, ang mga pagpapalang natatamo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng banal na Melchizedek Priesthood. Ang mga pagpapalang ito ang magpapabago sa sitwasyon ng inyong buhay, sa mga bagay na tulad ng kalusugan, paggabay ng Espiritu Santo, mga personal na kaugnayan, at mga oportunidad sa hinaharap. Ang kapangyarihan at awtoridad ng priesthood na ito ang may susi sa lahat ng espirituwal na pagpapala ng Simbahan.[14] At ang lubhang kamangha-mangha, sinabi ng Panginoon na patuloy Niyang ibibigay ang mga pagpapalang iyon, ayon sa Kanyang kalooban.[15]

Ang pinakadakila sa lahat ng pagpapala ng priesthood ay ipinagkakaloob sa mga banal na templo ng Panginoon. Ang katapatan sa tipang ginawa ay magpapagindapat sa inyo at sa inyong pamilya sa mga pagpapala ng buhay na walang-hanggan.[16]

Ang inyong mga gantimpala ay hindi lamang sa kabilang-buhay. Maraming pagpapala ang mapapasainyo sa buhay na ito, kasama ang inyong mga anak at apo. Kayong matatapat na Banal ay hindi kailangang mag-isang makipaglaban sa buhay. Isipin ninyo iyan! Sinabi ng Panginoon, "Ako'y makikipaglaban sa kaniya na nakikipaglaban sa iyo, at aking ililigtas ang iyong mga anak."[17] Kalaunan ay ipinangako Niya ito sa Kanyang matatapat na tao: "Ako, ang Panginoon, ang lalaban sa kanilang mga digmaan, at ng digmaan ng kanilang mga anak, at anak ng kanilang mga anak, . . . hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi."[18]

Ibinigay ng ating pinakamamahal na si Pangulong Thomas S. Monson ang kanyang pagsaksi bilang propeta. Sabi niya: "Pinatototohanan ko sa inyo na ang mga pangakong pagpapala sa atin ay hindi kayang sukatin. Kahit magtipon ang mga ulap, kahit bumuhos sa atin ang mga ulan, ang ating kaalaman sa ebanghelyo at ating pagmamahal sa Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas ay aalo at magtataguyod sa atin at magdudulot ng kagalakan sa ating mga puso habang lumalakad tayo nang matuwid at sumusunod sa mga kautusan."

Pagpapatuloy pa ni Pangulong Monson: "Minamahal kong mga kapatid, huwag matakot. Magalak. Ang hinaharap ay kasingliwanag ng inyong pananampalataya."[19]

Sa makapangyarihang pahayag ni Pangulong Monson idinaragdag ko ang sa akin. Pinatototohanan ko na ang Diyos ay ating Ama. Si Jesus ang Cristo. Ang Kanyang Simbahan ay naipanumbalik sa lupa. Ang Kanyang katotohanan, mga tipan, at mga ordenansa ang nagbibigay-kakayahan sa atin na madaig ang takot at harapin ang kinabukasan nang may pananampalataya! Pinatototohanan ko ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa 2 Nephi 2:27.
2. Itinuro ni Pedro ang konseptong ito nang asamin niya na "makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Dios, yamang nakatanan sa kabulukang nasa sanglibutan" (II Pedro 1:4).
3. Tingnan sa Abraham 3:25.
4. Tingnan sa 2 Nephi 2:25.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 89:19; tingnan din sa Isaias 45:3.
6. Doktrina at mga Tipan 84:88.
7. Doktrina at mga Tipan 122:7. Isa pang halimbawa ng pagbabago ng pananaw ang nakatala sa Mga Awit: "Ingatan mo ang aking kaluluwa; . . . Dios ko, iligtas mo ang iyong lingkod na tumitiwala sa inyo. Maawa ka sa akin, Oh Panginoon, sapagka't sa iyo'y dumadaing ako buong araw. . . . Pupurihin kita, Oh Panginoon kong Dios, ng aking buong puso; at luluwalhatiin ko ang iyong pangalan magpakailan man" (Mga Awit 86:2–3, 12).
8. Doktrina at mga Tipan 98:2–3.
9. Nabanggit ang ikapu sa walong aklat ng Lumang Tipan: Genesis, Levitico, Mga Bilang, II Mga Cronica, Nehemias, Amos, at Malakias.
10. Malakias 3:10.
11. Doktrina at mga Tipan 85:3.
12. II Kay Timoteo 3:12.
13. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 86:8–11.
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:18.
15. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 132:47, 59.
16. Tingnan sa Abraham 2:11.
17. Isaias 49:25; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 105:14.
18. Doktrina at mga Tipan 98:37.
19. Thomas S. Monson, "Magalak," *Liahona,* Mayo 2009, 92.



**Ni Elder Richard J. Maynes**
Ng Pitumpu

# Pagtatatag ng Isang Tahanang Nakasentro Kay Cristo

*Nauunawaan at pinaniniwalaan natin ang kawalang-hanggan ng pamilya. Ang pagkaunawa at paniniwalang ito ay dapat magbigay-inspirasyon sa atin na gawin ang lahat ng ating makakaya upang makapagtatag ng isang tahanang nakasentro kay Cristo.*

Sa pagsisimula ng aking paglilingkod bilang binatang misyonero sa Uruguay at Paraguay, nalaman ko na isa sa mga lubos na nakaakit sa mga naghangad na makaalam pa tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ang interes nila sa ating doktrina tungkol sa pamilya. Katunayan, simula nang ipanumbalik ang Ebanghelyo ni Jesucristo, naakit na ang mga investigator na naghahangad ng katotohanan sa doktrina na ang mga pamilya ay magsasama nang walang-hanggan.

Ang prinsipyo na walang-hanggan ang mga pamilya ay mahalagang bahagi ng dakilang plano ng Ama para sa Kanyang mga Anak. Mahalaga sa planong iyan ang maunawaan na tayo ay may isang pamilya *sa langit* at isa ring pamilya *sa lupa*. Itinuro sa atin ni Apostol Pablo na ang Ama sa Langit ang ama ng ating mga espiritu:

"Upang kanilang hanapin ang Dios . . . at siya'y masumpungan, . . .

"Sapagka't sa kaniya tayo'y nangabubuhay, at nagsisikilos, at mayroon tayong pagkatao; . . . Sapagka't tayo nama'y sa kaniyang lahi."[1]

Ang pagiging supling o anak ng isang mapagmahal na Ama sa Langit ay napakahalagang alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo kaya kahit ang mga anak natin ay ipinahahayag ang katotohanan nito sa pagkanta nila ng awitin sa Primary na "Ako ay Anak ng Diyos." Naaalala ba ninyo ang mga titik nito?

*Ako ay anak ng Diyos,*
*Dito'y isinilang,*
*Handog sa 'kin ay tahana't*
*Mabuting magulang.*

*Akayin at patnubayan,*
*Sa tamang daan.*
*Turuan ng gagawin,*
*Nang S'ya'y makapiling.*[2]

Ang pagkaunawa na tayo ay may isang pamilya *sa langit* ay nagpapaunawa sa atin tungkol sa kawalang-hanggan ng ating pamilya *sa lupa*. Itinuturo sa atin sa Doktrina at mga Tipan na ang pamilya ay mahalaga sa orden ng langit: "At yaon ding lipunan na umiral sa atin dito ang iiral sa atin doon, lamang ito ay may kakabit na walang hanggang kaluwalhatian."[3]

Ang pag-unawa sa kawalang-hanggan ng pamilya ay mahalagang bahagi ng pag-unawa sa plano ng Ama sa



Langit para sa Kanyang mga anak. Sa kabilang banda, gustong gawin ng kaaway ang lahat ng kanyang makakaya upang sirain ang plano ng Ama sa Langit. Sa pagtatangka niyang sirain ang plano ng Diyos, pinangungunahan niya ang isang bagong pag-atake sa institusyon ng pamilya. Ang ilan sa mas matitinding sandatang ginagamit niya sa pag-atake ay kasakiman, pagkaganid, at pornograpiya.

Ang ating walang-hanggang kaligayahan ay *hindi* kabilang sa mga mithiin ni Satanas. Alam niya na ang susi upang maging kaaba-kaabang katulad niya ang kalalakihan at kababaihan ay pagkaitan sila ng mga kaugnayan sa pamilya na may *walang-hanggang* potensyal. Dahil nauunawaan ni Satanas na ang tunay na kaligayahan sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan ay matatagpuan sa pamilya, ginagawa niya ang lahat ng makakaya niya upang sirain ito.

Tinawag ng sinaunang propetang si Alma na "dakilang plano ng kaligayahan" ang plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak.[4] Ibinigay sa atin ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol, na ating sinang-ayunang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag, ang inspiradong payong ito tungkol sa kaligayahan at buhay-pamilya: "Ang pamilya ay inorden ng Diyos. Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at babae ay mahalaga sa Kanyang walang hanggang plano. Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng bigkis ng kasal at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa pangakong kanilang ginawa nang sila ay ikasal. Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo."[5]

Ang kaligayahang ito na binanggit ni Alma at nitong huli ay ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ay tiyak na matatagpuan sa tahanan kasama ang pamilya. Palagi itong madarama kung gagawin natin ang lahat ng ating makakaya upang makapagtatag ng isang tahanang nakasentro kay Cristo.

May natutuhan kami ni Sister



Maynes na ilang mahahalagang alituntunin nang simulan naming bumuo ng isang tahanang nakasentro kay Cristo noong bagong kasal pa lang kami. Nagsimula kami sa pagsunod sa payo ng mga pinuno ng ating Simbahan. Tinipon namin ang aming mga anak at nagdaos kami ng lingguhang mga family home evening at nanalangin kami at nag-aral ng mga banal na kasulatan araw-araw. Hindi laging madali, kumbinyente, o tagumpay ito, ngunit sa paglipas ng panahon ang mga simpleng aktibidad na ito ay naging mahahalagang tradisyon ng pamilya.

Nalaman namin na maaaring hindi maalala ng aming mga anak kalaunan ang lahat ng itinuro sa nakaraang family home evening, ngunit maaalala nila na *idinaos namin ito*. Nalaman namin na sa araw ding iyon sa paaralan ay malamang na hindi nila maalala ang eksaktong mga salita sa mga banal na kasulatan o sa panalangin, ngunit maaalala nila na *nagbasa* kami ng mga banal na kasulatan at *nagdasal*. Mga kapatid, may malaking kapangyarihan at proteksyon para sa atin at sa ating mga kabataan ang pagpapasimula ng mga sagradong tradisyon sa tahanan.

Ang pag-aaral, pagtuturo, at pagsasabuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo sa ating tahanan ay lumilikha ng kapaligirang matatahanan ng Espiritu. Sa pagpapasimula ng mga sagradong tradisyong iyon sa ating tahanan, madaraig natin ang mga maling tradisyon ng mundo at matututo tayong unahin ang mga pangangailangan at alalahanin ng iba.

Ang responsibilidad sa pagbuo ng isang tahanang nakasentro kay Cristo ay nakasalalay kapwa sa mga magulang at mga anak. Responsibilidad ng mga magulang na turuan ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan. Ang mga magulang ay

pananagutin sa harapan ng Panginoon kung paano nila ginampanan ang kanilang mga sagradong responsibilidad. Tinuturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak *sa* salita at *sa pamamagitan ng* halimbawa. Inilalarawan ng tulang ito ni C.C. Miller na pinamagatang "The Echo" ang kahalagahan at epekto ng mga magulang sa pag-impluwensya nila sa kanilang mga anak:

*Tupa't hindi batang kordero*
*Ang naligaw sa talinghagang si Jesus ang nagkuwento,*
*Isang matandang tupang napalayo*
*Mula sa siyamnapu't siyam sa grupo.*
*At bakit hahanapin pa ang tupa*
*At mananalangin at aasa?*
*Dahil mapanganib kapag naligaw ang tupa:*
*Pati mga kordero'y kasunod na nawawala.*
*Alam ninyong tupa'y susundan ng kordero,*
*Kahit saanman ito magtungo.*
*Kapag mga tupa'y nagkamali,*
*Mga kordero'y gayon din sa malao't madali.*
*Kaya't sa mga tupa kami'y sumasamo*
*Alang-alang sa ngayo'y mga batang kordero,*
*Dahil kapag mga tupa ay napalayo*
*Malaki ang magiging kawalan*
*Mga batang kordero ang magiging kabayaran.*[6]

Ang mga bunga sa mga magulang na umakay sa kanilang mga anak sa maling landas ay binanggit sa atin ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan: "At muli, yayamang ang mga magulang ay may mga anak sa Sion . . . na *hindi* nagtuturo sa kanila na maunawaan ang doktrina ng pagsisisi, pananampalataya kay Cristo ang Anak ng buhay na Diyos, at ng pagbibinyag at ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, . . . ang kasalanan ay nasa ulo ng mga magulang."[7]

Mahirap magbanggit nang labis tungkol sa kahalagahan ng mga magulang sa pagtuturo ng mga sagradong tradisyon sa kanilang mga anak sa salita at sa halimbawa. Mahalaga rin ang papel na ginagampanan ng mga anak sa pagbuo ng tahanang nakasentro kay Cristo. Ibabahagi ko sa inyo ang maikling mensaheng ibinigay kamakailan ni Will, ang aking walongtaong-gulang na apo, na naglalarawan sa alituntuning ito:

"Mahilig akong mangabayo at siluhin ang mga kabayo at baka kasama ang tatay ko. Ang lubid ay may iba't ibang hibla na pinagsama-sama para tumibay ito. Kung iisa lang ang hibla ng lubid, hindi nito maisasagawa ang gawain. Ngunit dahil mas maraming hiblang nagtutulungan, nagagamit natin ito sa maraming iba't ibang paraan at matibay ito.

"Ang mga pamilya ay parang mga lubid. Kapag iisang tao lang ang nagsisikap at gumagawa ng tama, hindi magiging malakas ang pamilya na katulad ng kapag nagsisikap ang lahat na magtulungan.

"Alam ko na kapag ginagawa ko ang tama, tinutulungan ko ang aking pamilya. Kapag mabait ako sa kapatid kong si Isabelle, pareho kaming natutuwa at naging masaya ang nanay at tatay ko. Kapag may kailangang gawin ang nanay ko, matutulungan ko siya sa pamamagitan ng pakikipaglaro sa maliit kong kapatid na si Joey. Matutulungan ko rin ang aking pamilya sa pamamagitan ng paglilinis ng kuwarto ko at pagtulong nang masaya tuwing may oras ako. Dahil ako ang panganay sa pamilya, alam kong mahalaga ang pagiging mabuting halimbawa. Gagawin ko ang makakaya ko para mapili ang tama at sundin ang mga utos.

"Alam ko na makakatulong ang mga bata na mapatatag ang kanilang pamilya na katulad ng isang matibay na lubid. Kapag ginagawa ng lahat ang kanilang makakaya at nagtutulungan, nagiging masaya at matatag ang mga pamilya."

***Dortmund, Germany***



Kapag namuno ang mga magulang sa pamilya nang may pagmamahal at kabutihan at itinuro nila sa kanilang mga anak ang ebanghelyo ni Jesucristo *sa* salita at *sa pamamagitan ng* halimbawa, at kapag mahal at sinuportahan ng mga anak ang mga magulang sa pamamagitan ng pagkatuto at pagsasabuhay ng mga alituntuning itinuturo ng kanilang mga magulang, ang bunga ay ang pagkakaroon ng isang tahanang nakasentro kay Cristo.

Mga kapatid, bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, nauunawaan at naniniwala tayo sa kawalanghanggan ng pamilya. Ang pagkaunawa at paniniwalang ito ay dapat magbigayinspirasyon sa atin na gawin ang lahat ng ating makakaya upang makabuo ng tahanang nakasentro kay Cristo. Pinatototohanan ko sa inyo na kapag sinikap nating gawin ito, mas lubos nating maisasabuhay ang pagmamahal at paglilingkod na ipinakita sa buhay at Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, at bunga nito, tunay na madarama natin na parang langit sa lupa ang ating tahanan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Mga Gawa 17:27–28.
2. "Ako ay Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 189.
3. Doktrina at mga Tipan 130:2; tingnan din sa Robert D. Hales, "The Eternal Family," *Ensign,* Nob. 1996, 64.
4. Alma 42:8.
5. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
6. C. C. Miller, "The Echo," sa *Best-Loved Poems of the LDS People,* inedit nina Jack M. Lyon at iba pa (1996), 312–13.
7. Doktrina at mga Tipan 68:25; idinagdag ang pagbibigay-diin.



**Ni Elder Cecil O. Samuelson Jr.**
Ng Pitumpu

# Patotoo

*Ang mga kailangan sa pagkakaroon at pagpapanatili ng patotoo tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo ay tuwiran, malinaw, at makakaya ng bawat tao.*

Isa sa malalaking pagpapala sa buhay ko sa loob ng maraming taon ang pagkakataong makahalubilo at makasama sa gawain ang mga kabataan ng Simbahan. Itinuturing ko itong isa sa mga pinakamatamis at pinakamahalagang mga samahan at pagkakaibigan sa buhay ko. Sila rin ang malaking dahilan ng magandang pananaw ko sa kinabukasan ng Simbahan, lipunan, at ng mundo.

Sa mga pakikisalamuhang ito nagkaroon din ako ng pribilehiyong makausap ang ilang taong may iba't ibang alinlangan o hamon sa kanilang patotoo. Kahit iba-iba at kung minsan ay kakaiba ang mga detalye, marami sa mga tanong at dahilan ng kalituhan ang medyo magkakapareho. Gayundin, ito ay mga isyu at problemang hindi lamang nangyayari sa iisang lugar o edad. Maaari itong maging problema ng mga miyembro ng Simbahan sa iba't ibang edad, ng mga bagong miyembro ng Simbahan, at ng mga taong ngayon pa lamang nagiging pamilyar sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang kanilang mga tanong kadalasan ay resulta ng matapat na pagtatanong o pag-uusisa. Dahil napakahalaga at seryoso ang mga implikasyon o kaugnayan nito sa bawat isa sa atin, tila angkop na isaalang-alang ang ating patotoo. Sa ating mga Banal sa mga Huling Araw, ang ating patotoo ang tiyak na pagsaksi sa katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo, na natatamo sa pamamagitan ng paghahayag ng Espiritu Santo.

Kahit simple at malinaw ang isang patotoo sa pakahulugang ito, nagmumula rito ang ilang potensyal na tanong, tulad ng: Sino ang may karapatang magkaroon ng patotoo? Paano natatamo ng isang tao ang kailangang paghahayag? Ano ang mga hakbang sa pagkakaroon ng patotoo? Ang pagkakaroon ba ng patotoo ay isang pangyayari o ito'y patuloy na proseso? Bawat isa sa mga tanong na ito at iba pa ay may sari-sariling grupo, ngunit ang mga kailangan sa pagkakaroon at pagpapanatili ng patotoo tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo ay tuwiran, malinaw, at makakaya ng bawat tao.

Hayaang sagutin ko nang maikli ang mga posibleng pag-aalinlangang ito at pagkatapos ay tutukuyin ko ang ilang kuru-kurong naibahagi kamakailan ng mapagkakatiwalaang mga kaibigan na young adult na nagkaroon ng personal na karanasan sa pagkakaroon ng patotoo. Nagkaroon din sila ng mga pagkakataong maglingkod sa iba na may mga hamon o nahihirapan sa ilang aspeto ng kanilang pananampalataya at paniniwala.

Una, sino ang may karapatang magkaroon ng patotoo? Lahat ng handang gawin ang kinakailangan—ibig sabihin sundin ang mga utos—ay maaaring magkaroon ng patotoo. "Dahil dito ang tinig ng Panginoon ay hahanggan sa mga dulo ng mundo, upang ang lahat ng makaririnig ay makarinig" (D at T 1:11). Ang isang pangunahing dahilan para sa Pagpapanumbalik ng ebanghelyo ay para "makapangusap ang bawat tao sa pangalan ng Diyos, ang Panginoon, maging ang Tagapagligtas ng sanlibutan; nang ang pananampalataya rin ay maragdagan sa mundo" (D at T 1:20–21).

Ikalawa, paano nakakamit ng isang tao ang kailangang paghahayag, at ano ang mga pangunahing hakbang para makamtan ito? Ang huwaran ay malinaw at hindi nagbabago sa lahat ng henerasyon. Ang pangakong ibinigay sa pagkakaroon ng patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon ay para din sa lahat:

"At kapag inyong matanggap ang mga bagay na ito"—ibig sabihin ay inyong pinakinggan, binasa, pinag-aralan, at pinag-isipang mabuti ang tanong—"itanong ninyo sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo, kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo—ibig sabihin ay ipagdarasal ninyo nang may pagninilay, malinaw, at mapitagan na may matibay na pangakong susundin ang sagot sa inyong dalangin—"at kung kayo ay magtatanong nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

"At sa kapangyarihan ng Espiritu Santo malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay" (Moroni 10:4–5).

Ikatlo, ang pagkakaroon ba ng patotoo ay isang bukod na pangyayari o ito'y patuloy na proseso? Ang patotoo ay katulad ng buhay na organismo na lumalaki at lumalago kapag inalagaan nang wasto. Kailangan nito ang palagiang pangangalaga, malasakit,




***Khayelitsha, South Africa***

at proteksyon upang mabuhay at umunlad. Gayundin, ang kapabayaan o paglihis natin sa landas ng buhay na nililinaw ng isang patotoo ay maaaring humantong sa pagkawala o pagkabawas nito. Nagbabala ang mga banal na kasulatan na ang paglabag o pagsuway sa mga utos ng Diyos ay mauuwi sa pagkawala ng Espiritu at maging sa isang taong nagtatwa ng patotoo na dati niyang taglay (tingnan sa D at T 42:23).

Ibabahagi ko ngayon ang 10 sa mga puna at mungkahi ng aking mahal at tapat na mga kaibigang kabataan. Iisa ang iniisip at karanasan nila sa mga ideyang kanilang ibinabahagi; kaya, malamang na hindi na ito nakagugulat sa sinuman sa atin. Sa kasamaang-palad at lalo na sa panahon ng sarili nating pakikibaka at problema, maaaring pansamantala tayong makalimot o balewalain natin ang aplikasyon ng mga ito sa atin.

Una, lahat ay mahalaga dahil lahat tayo ay anak ng Diyos. Kilala Niya tayo, mahal Niya tayo, at nais Niyang magtagumpay at makabalik tayo sa Kanya. Matuto tayong magtiwala sa Kanyang pagmamahal at sa Kanyang panahon sa halip na sa sarili nating walang-tiyaga at di-perpektong mga hangarin.

Ikalawa, kahit lubos tayong naniniwala sa "malaking pagbabago ng puso" na inilarawan sa mga banal na kasulatan (tingnan sa Mosias 5:2; Alma 5:12–14, 26), dapat nating maunawaan na madalas ay paunti-unti itong nangyayari, sa halip na biglaan o sa lahat ng dako, at bilang sagot sa partikular na mga tanong, karanasan, at problema gayundin sa ating pag-aaral at panalangin.

Ikatlo, tandaan natin na ang pangunahing layunin ng buhay ay masubukan at makapagtiis, kaya nga dapat tayong matuto mula sa mga hamon na dumarating sa ating buhay at magpasalamat sa mga natutuhan natin na hindi natin makakamtan sa mas madaling paraan.

Ikaapat, matuto tayong magtiwala sa mga bagay na pinaniniwalaan natin o alam nating susuporta sa atin sa oras ng kawalang-katiyakan o sa mga isyung nagpapahirap sa atin.

Ikalima, tulad ng itinuro ni Alma, ang pagkakaroon ng patotoo ay karaniwang pagsulong sa patuloy na pag-asam, paniniwala, at sa huli ay pagkaalam sa katotohanan ng isang partikular na alituntunin, doktrina, o ng ebanghelyo mismo (tingnan sa Alma 32).

Ikaanim, ang pagtuturo sa iba ng nalalaman natin ay nagpapalakas sa sarili nating patotoo habang pinalalakas natin ang kanyang patotoo. Kapag binigyan mo ng pera o pagkain ang isang tao, mababawasan ang sa iyo. Gayunman, kapag ibinahagi mo ang iyong patotoo, lumalakas at nag-iibayo ito kapwa para sa nagpatotoo at sa nakikinig.

Ikapito, regular nating gawin ang maliliit ngunit mahahalagang bagay sa araw-araw. Ang mga panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan at ebanghelyo, pagdalo sa mga pulong sa Simbahan, pagsamba sa templo, pagganap sa visiting teaching, home teaching, at iba pang mga tungkulin ay pawang nagpapalakas sa ating pananampalataya at nag-aanyaya sa Espiritu sa ating buhay. Kapag kinaligtaan natin ang anuman sa mga pribilehiyong ito, inilalagay natin sa panganib ang ating patotoo.

Ikawalo, hindi dapat mas taasan ang pamantayan natin para sa iba kaysa sa ating sarili. Kadalasan ay hinahayaan nating maimpluwensyahan ng mga kamalian o kabiguan ng iba, lalo na ng mga pinuno o miyembro ng Simbahan, ang pakiramdam natin sa ating sarili o sa ating patotoo. Ang mga paghihirap ng ibang tao ay hindi katwiran para sa sarili nating mga pagkukulang.

Ikasiyam, makabubuting tandaan na ang paghihigpit sa inyong sarili kapag nagkakamali kayo ay maaaring maging negatibong katulad ng pagbabalewala ninyo kapag kailangan ang tunay na pagsisisi.

At ikasampu, dapat ay laging malinaw sa atin na ang Pagbabayad-sala ni Cristo ay lubos at patuloy na maybisa para sa bawat isa sa atin kapag tinulutan natin ito. Sa gayon lahat ng iba pang bagay ay malalagay sa dapat kalagyan nito kahit patuloy tayong nahihirapan sa ilang detalye, nakaugalian, o tila nawawalang mga bahagi ng kabuuan ng ating pananampalataya.

Nagpapasalamat ako sa mga

kuru-kuro, kalakasan, at patotoo ng napakarami sa aking mga ulirang kaibigang kabataan at kasamahan. Kapag kasama ko sila, lumalakas ako, at kapag alam ko na kasama sila ng iba, nahihikayat ako ng kaalaman na mabuti ang kanilang ginagawa at naglilingkod sila alang-alang sa Panginoon na kanilang sinasamba at sinisikap na sundin.

Gumagawa ng mabubuti at mahahalagang bagay ang mga tao dahil sila ay may patotoo. Kahit totoo ito, nagkakaroon din tayo ng patotoo dahil sa ginagawa natin. Sabi ni Jesus:


"Ang turo ko ay hindi akin, kundi doon sa nagsugo sa akin.

"Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito'y sa Dios, o kung ako'y nagsasalita na mula sa aking sarili" (Juan 7:16–17).

"Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos" (Juan 14:15).

Gaya nina Nephi at Mormon noong unang panahon, "Hindi ko nalalaman ang ibig sabihin ng lahat ng bagay" (1 Nephi 11:17; tingnan din sa Mga Salita ni Mormon 1:7), ngunit sasabihin ko sa inyo ang alam ko.

Alam ko na ang ating Diyos Ama sa Langit ay buhay at mahal Niya tayo. Alam ko na ang kakaiba at natatangi Niyang Anak na si Jesucristo, ang ating Tagapagligtas at Manunubos at pinuno ng Simbahan, na nagtataglay ng Kanyang pangalan. Alam ko na naranasan ni Joseph Smith ang lahat ng iniulat at itinuro niya tungkol sa Panunumbalik ng ebanghelyo sa ating panahon. Alam ko na tayo ay pinamumunuan ng mga apostol at propeta ngayon at taglay ni Pangulong Thomas S. Monson ang lahat ng susi ng priesthood na kailangan para basbasan ang ating buhay at isulong ang gawain ng Panginoon. Alam ko na lahat tayo ay may karapatan sa kaalamang ito, at kung kayo ay nahihirapan, makakaasa kayo sa katotohanan ng mga patotoong naririnig ninyo mula sa pulpitong ito sa kumperensyang ito. Alam ko ang mga bagay na ito at pinatototohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder Dallin H. Oaks**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Hangarin

*Upang makamtan ang ating walang-hanggang tadhana, nanaisin at pagsisikapan nating taglayin ang mga katangiang kailangan upang maging walang-hanggang nilalang.*

Pinili kong magsalita tungkol sa kahalagahan ng *hangarin*. Umaasa ako na susuriin ng bawat isa sa atin ang nilalaman ng ating puso upang malaman ang tunay nating hangarin at kung paano natin ipinaprayoridad ang ating pinakamahahalagang hangarin.

Mga hangarin ang nagdidikta ng ating mga prayoridad, mga prayoridad ang humuhubog sa ating mga pasiya, at mga pasiya ang batayan ng ating mga kilos. Ang mga hangarin na sinisikap nating kamtin ang batayan ng ating pagbabago, ating tagumpay, at ating kahihinatnan.

Una, babanggitin ko ang ilang karaniwang hangarin. Bilang mga mortal na nilalang mayroon tayong ilang pangunahing pisikal na pangangailangan. Ang mga hangaring bigyang-kasiyahan ang mga pangangailangang ito ang nag-uudyok sa ating mga pasiya o pagpili at nagiging batayan ng ating mga kilos. Ilalarawan ng tatlong halimbawa kung paano natin isinasantabi kung minsan ang mga hangaring ito para sa iba pang mga hangarin na itinuturing nating mas mahalaga.

Una, pagkain. May pangunahing pangangailangan tayong kumain, ngunit may pagkakataong ang hangaring iyan ay maaaring isantabi para sa mas matinding hangarin na mag-ayuno.

Ikalawa, tirahan. Noong ako ay 12 taong gulang pinaglabanan ko ang kagustuhan kong matulog sa bahay dahil mas matindi ang hangarin kong gawin ang isang kinakailangan sa Boy Scout na matulog nang isang gabi sa kakahuyan. Isa ako sa ilang batang lalaking hindi natulog sa mga tolda at nakahanap ng paraan para makapagtayo ng kanlungan at gumawa ng tulugan mula sa mga bagay na nakita namin.

Ikatlo, pagtulog. Kahit ang pangunahing hangaring ito ay pansamantalang maisasantabi para sa mas mahalagang hangarin. Noong sundalo pa ako sa Utah National Guard, natutuhan ko ang isang halimbawa nito mula sa isang beteranong opisyal sa digmaan.

Sa mga unang buwan ng Digmaan sa Korea, isang artillery tactical unit ng Richfield Utah National Guard ang tinawag sa aktibong serbisyo. Ang tactical unit na ito, na pinamunuan ni Captain Ray Cox, ay binuo ng mga 40 kalalakihang Mormon. Matapos ang karagdagang training at sundalo mula sa ibang lugar, ipinadala sila sa Korea, kung saan nila naranasan ang ilan sa pinakamatitinding labanan



sa digmaang iyon. Sa isang labanan kinailangan nilang paurungin ang tuwirang pagsalakay ng daan-daang infantry ng kaaway, ang uri ng pagsalakay na nakapinsala at nakawasak sa iba pang mga artillery tactical unit.

Ano ang kaugnayan nito sa pagdaig sa hangaring matulog? Isang kritikal na gabi, nang dumagsa ang infantry ng kaaway sa harap at likod ng kinaroroonan ng artillery, ipinakabit ng kapitan ang kawad ng telepono sa kanyang tolda at iniutos sa marami niyang bantay sa paligid na personal siyang tawagan oras-oras sa buong magdamag. Dahil dito nanatiling gising ang mga bantay, ngunit nangahulugan din ito na maraming beses naabala ang tulog ni Kapitan Cox. "Paano ninyo nagawa iyon?" tanong ko sa kanya. Ang sagot niya ay nagpapakita ng epekto ng matinding hangarin.

"Alam ko na kung makauwi man ako, makikilala ko ang mga magulang ng mga batang iyon sa kalye sa aming munting bayan, at hindi ko gustong makaharap ang sinuman sa kanila kung hindi makauwi ang kanilang anak dahil sa anumang bagay na hindi ko nagawa bilang pinuno nila."[1]

Napakagandang halimbawa ng epekto ng mas matinding hangarin na unahin ang mahalaga at nararapat gawin! Napakagandang halimbawa sa ating lahat na may pananagutan sa kapakanan ng iba—mga magulang, mga pinuno ng Simbahan, at mga guro!

Bilang pagtatapos sa paglalarawang iyan, madaling-araw pa kasunod ng gabi na halos wala siyang tulog, pinamunuan ni Kapitan Cox ang kanyang mga tauhan sa pakikipaglaban sa infantry ng kaaway. Nakabihag sila ng 800 sundalo at dalawa lamang ang nasugatan sa kanila. Pinarangalan si Cox sa kanyang katapangan, at ang kanyang tactical unit ang tumanggap ng Presidential Unit Citation sa pambihira nilang kabayanihan. At, gaya ng mga kabataang mandirigma ni Helaman (tingnan sa Alma 57:25–26), nakauwi silang lahat.[2]

Maraming itinuturo ang Aklat ni Mormon tungkol sa kahalagahan ng hangarin.

Makaraan ang maraming oras ng pagsamo, sinabi ng Panginoon kay Enos na pinatawad na ang kanyang mga kasalanan. Siya ay "nagsimulang makadama ng pagnanais para sa kapakanan ng [kanyang] mga kapatid" (Enos 1:9). Isinulat niya, "At . . . matapos na ako ay manalangin at nagpagal nang buong pagsusumigasig, ang Panginoon ay nagsabi sa akin: Ipagkakaloob ko sa iyo ang alinsunod sa iyong mga naisin, dahil sa iyong pananampalataya" (talata 12). Pansinin ang tatlong mahalagang bagay na nagdulot ng ipinangakong pagpapala: hangarin o pagnanais, pagsusumigasig, at pananampalataya.

Sa kanyang sermon tungkol sa pananampalataya, itinuro ni Alma na magsisimula ang pananampalataya kapag "wala kayong higit na nais kundi ang maniwala" kung ating "[ha]hayaan na ang pagnanais na ito ay umiral sa [atin]" (Alma 32:27).

Ang isa pang magandang turo tungkol sa hangarin, lalo na tungkol sa dapat natin talagang hangarin, ay naranasan ng hari ng mga Lamanita na tinuruan ng misyonerong si Aaron. Nang maantig siya sa turo ni Aaron, nagtanong ang hari, "Ano ang nararapat kong gawin upang isilang sa Diyos" at "magkaroon ako nitong buhay na walang hanggan?" (Alma 22:15). Sumagot si Aaron, "Kung ninanais ninyo ang bagay na ito, . . . kung magsisisi kayo sa lahat ng inyong mga kasalanan, at yuyukod sa harapan ng Diyos, at mananawagan sa kanyang pangalan nang may pananampalataya, naniniwalang makatatanggap kayo, sa gayon inyong matatanggap ang pag-asang ninanais ninyo" (talata 16).

Ginawa nga ito ng hari, at sa taimtim na panalangin ay sinabing, "Tatalikuran ko ang lahat ng aking kasalanan upang makilala kayo . . . at maligtas sa huling araw" (talata 18). Sa pangako at pahayag na iyan ng kanyang sukdulang hangarin, mahimalang sinagot ang kanyang dalangin.

Ang propetang si Alma ay may malaking pagnanais o hangarin na manawagan sa lahat ng tao na magsisi, ngunit naunawaan niya na hindi niya dapat ipilit ang kanyang naisin dahil, sabi nga niya, ang "makatarungang

Diyos . . . [ay] ipinagkakaloob . . . sa mga tao ang naaayon sa kanilang naisin, maging ito man ay sa kamatayan o sa pagkabuhay" (Alma 29:4). Gayundin, sa makabagong paghahayag sinabi ng Panginoon na Kanyang "hahatulan ang lahat ng tao alinsunod sa kanilang mga gawa, alinsunod sa pagnanais ng kanilang mga puso" (D at T 137:9).

Talaga bang handa tayong ibigay sa atin ng Walang Hanggang Hukom ang malaking kahalagahan ng tunay nating hangarin o naisin?

Maraming talata sa banal na kasulatan ang nag-uugnay ng ating hangarin sa ating hinahanap. "Siya na naghahanap sa akin nang maaga ay matatagpuan ako, at hindi pababayaan" (D at T 88:83). "Hanapin ang mga pinakamahusay na kaloob" (D at T 46:8). "Siya na naghahanap nang masigasig ay makasusumpong" (1 Nephi 10:19). "Magsilapit sa akin at ako ay lalapit sa inyo; masigasig akong hanapin at inyo akong matatagpuan; humingi, at kayo ay makatatanggap; kumatok, at kayo ay pagbubuksan" (D at T 88:63).

Hindi madaling baguhin ang ating mga pagnanais o hangarin upang bigyan ng pinakamataas na prayoridad ang mga bagay na walang-hanggan. Tayong lahat ay tinutuksong naisin ang apat na makamundong bagay: ang kayamanan, kabantugan, kapalaluan, at kapangyarihan. Maaari nating naisin ang mga ito, ngunit hindi natin dapat gawing pinakamataas na priyoridad ang mga ito.

Ang mga tao na ang pinakahangarin ay magtamo ng kayamanan ay nabibitag ng materyalismo. Hindi nila pinakikinggan ang babalang "Huwag kang maghangad ng kayamanan ni ng mga walang kabuluhang bagay ng daigdig na ito" (Alma 39:14; tingnan din sa Jacob 2:18).

Dapat tularan ng mga taong naghahangad ng katanyagan o kapangyarihan ang halimbawa ng magiting na si Kapitan Moroni, na ang paglilingkod ay hindi para sa "kapangyarihan" o "papuri ng sanlibutan" (Alma 60:36).

Paano tayo nagkakaroon ng mga pagnanais o hangarin? Ilang tao ang makararanas ng uri ng kagipitang humikayat kay Aron Ralston,[3] ngunit ang kanyang karanasan ay kapupulutan ng magandang aral tungkol sa pagkakaroon ng mga naisin o hangarin. Habang nagha-hiking si Ralston sa liblib na lugar sa katimugang Utah, isang malaking batong 800 libra (360 kg) ang timbang ang biglang bumagsak at nadaganan ang kanyang kanang braso. Sa loob ng limang malulungkot na araw sinikap niyang makaalis sa pagkakaipit. Nang susuko na sana siya at tatanggapin nang mamamatay siya, nakinita niya ang isang tatlong-taong-gulang na batang lalaking patakbong lumapit sa kanya at hinila ang kanyang kaliwang braso. Nauunawaang ito ay tila pangitain tungkol sa magiging anak niya at katiyakang mabubuhay pa siya, naglakas-loob si Ralston na gumawa ng marahas na hakbang upang iligtas ang kanyang buhay bago siya maubusan ng lakas. Binali niya ang dalawang buto ng nadaganang kanang braso at ginamit ang kutsilyo para putulin ang brasong iyon. Pagkatapos ay nag-ipon siya ng lakas upang makalakad ng limang milya (8 km) para humingi ng tulong.[4] Napakagandang halimbawa ng epekto ng isang matinding pagnanais o hangarin! Kapag nagkaroon tayo ng pangitain ng maaari nating kahihinatnan, nag-iibayo ang ating hangarin at lakas na kumilos.



Karamihan sa atin ay hindi daranas ng gayon katinding kagipitan, ngunit lahat tayo ay nahaharap sa mga potensyal na patibong na makahahadlang sa pagsulong sa ating walang-hanggang tadhana. Kung matindi ang ating mabubuting hangarin, ito ang hihikayat sa ating ihiwalay at palayain ang ating sarili sa mga adiksyon at iba pang mga kasalanan at prayoridad na humahadlang sa ating walang-hanggang pag-unlad.

Alalahanin natin na ang mabubuting hangarin ay hindi maaaring maging paimbabaw, pabigla-bigla, o pansamantala. Dapat ay taos-puso, matibay, at hindi pabagu-bago ang mga ito. Kapag naganyak tayo nang gayon, hahangarin natin ang kalagayang inilarawan ni Propetang Joseph Smith, kung saan "[na]daig [natin] ang mga kasamaan sa [ating] buhay at [na] wala ang lahat ng hangaring magkasala."[5] Napakapersonal na desisyon iyan. Sabi nga ni Elder Neal A. Maxwell:

"Kapag ang mga tao ay inilarawang 'wala nang hangaring magkasala,' sila, at sila lamang, ang nagpasiyang iwaksi ang mga maling hangaring iyon sa pamamagitan ng kahandaang 'talikuran ang lahat ng [kanilang] kasalanan' upang makilala ang Diyos."

"Samakatwid, ang pilit nating ninanais, sa pagdaan ng panahon, ang siyang kahihinatnan natin kalaunan at tatanggapin natin sa kawalang-hanggan."[6]

Bagamat mahalagang iwaksi ang

lahat ng hangaring magkasala, higit pa riyan ang hinihingi para sa buhay na walang-hanggan. Upang makamtan ang ating walang-hanggang tadhana, nanaisin at pagsisikapan nating taglayin ang mga katangiang kailangan upang maging mga walang-hanggang nilalang. Halimbawa, pinatatawad ng mga walang-hanggang nilalang ang lahat ng nagkasala sa kanila. Inuuna nila ang kapakanan ng iba kaysa sarili nila. At mahal nila ang lahat ng anak ng Diyos. Kung tila napakahirap nito—at tiyak na hindi madali para sa sinuman sa atin—dapat nating simulang naisin ang gayong mga katangian, at manawagan sa ating mapagmahal na Ama sa Langit na baguhin ang ating damdamin. Itinuturo sa atin ng Aklat ni Mormon na dapat tayong "manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang [tayo] ay mapuspos ng ganitong pag-ibig, na kanyang ipinagkaloob sa lahat na tunay na mga tagasunod ng kanyang Anak, si Jesucristo" (Moroni 7:48).

Magtatapos ako sa huling halimbawa ng isang pagnanais o hangarin na dapat maging pinakamahalaga para sa lahat ng kalalakihan at kababaihan—sa mga may-asawa at mga wala pang asawa. Dapat naisin at sikapin ng lahat na makasal para sa walang-hanggan. Ang mga nakasal na sa templo ay dapat gawin ang lahat para mapangalagaan ito. Dapat naisin ng mga wala pang asawa na makasal sa templo at gawing prayoridad na makamtan ito. Dapat labanan ng mga kabataan at young single adult ang itinuturing ng lipunan na tama ngunit talagang maling konsepto na nagbabalewala sa kahalagahan ng kasal at pagkakaroon ng mga anak.[7]

Mga binata, pag-isipan ninyong mabuti ang hamon sa liham na ito na isinulat ng isang dalaga. Nagsumamo siya para sa "mabubuting anak na babae ng Diyos na taos na naghahanap ng karapat-dapat na katuwang, subalit tila nabubulag at lito ang kalalakihan kung responsibilidad ba nila o hindi na hanapin ang kahanga-hanga at piling mga anak na ito ng ating Ama sa Langit at ligawan sila at maging handang gawin at tuparin ang mga sagradong tipan sa bahay ng Panginoon." Sa pagtatapos ay sinabi niya, "Maraming binatang LDS dito na mahilig lumabas at magsaya, at makipagdeyt at makipagbarkada, ngunit wala talagang hangaring matali sa iisang babae."[8]



Natitiyak ko na gusto ng ilang binatang sabik na naghahanap na idagdag ko na may ilang dalagang inuuna ang kanilang propesyon o iba pang bagay kaysa naising makasal nang karapat-dapat sa templo at magkaroon ng mga anak. Kailangang parehong may mabubuting hangarin ang mga lalaki at babae na aakay sa kanila tungo sa buhay na walang-hanggan.

Alalahanin natin na mga hangarin ang nagdidikta sa ating mga prayoridad, mga prayoridad ang humuhubog sa ating mga pasiya, at mga pasiya natin ang batayan ng ating mga kilos. Bukod pa rito, ang ating mga kilos at hangarin ang siyang humuhubog sa atin, kung tayo ay tunay na kaibigan, mahusay na guro, o karapat-dapat sa buhay na walang-hanggan.

Pinatototohanan ko si Jesucristo, na kung kaninong pagmamahal, mga turo, at Pagbabayad-sala ay ginawang posible ang lahat. Dalangin ko na higit sa lahat ay naisin nating maging katulad Niya upang balang-araw ay makabalik tayo sa Kanyang piling para matanggap ang kaganapan ng Kanyang kagalakan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Ray Cox, interbyu ng awtor, Ago. 1, 1985, Mount Pleasant, Utah, na nagpatibay sa sinabi niya sa akin sa Provo, Utah, bandang 1953.
2. Tingnan sa Richard C. Roberts, *Legacy: The History of the Utah National Guard* (2003), 307–14; "Self-Propelled Task Force," *National Guardsman,* Mayo 1971, pabalat sa likuran; *Miracle at Kapyong: The Story of the 213th* (pelikulang likha ng Southern Utah University, 2002).
3. Tingnan sa Aron Ralston, *Between a Rock and a Hard Place* (2004).
4. Ralston, *Between a Rock and a Hard Place,* 248.
5. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 244.
6. Neal A. Maxwell, "According to the Desire of [Our] Hearts," *Ensign,* Nob. 1996, 22, 21.
7. Tingnan sa Julie B. Beck, "Pagtuturo ng Doktrina tungkol sa Pamilya," *Liahona,* Mar. 2011, 32–37.
8. Liham, Set. 14, 2006.



**Ni Elder M. Russell Ballard**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Pagkakaroon ng Kagalakan sa Mapagmahal na Paglilingkod

*Nawa'y ipakita natin ang ating pagmamahal at pagpapahalaga sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng ating simple at mahabaging paglilingkod.*

Mga kapatid, sana'y samantalahin ninyong mga bumibisita sa Salt Lake ang pagkakataong masiyahan sa makukulay at mababango at magagandang bulaklak ng tagsibol sa Temple Square.

Ang tagsibol ay nagpapanibago ng liwanag at buhay—na nagpapaalala sa atin, sa pag-ikot ng iba't ibang panahon, ng buhay, sakripisyo, at Pagkabuhay na Mag-uli ng ating Panginoon at Manunubos na si Jesucristo; sapagkat "lahat ng bagay ay nagpapatotoo sa [Kanya]" (Moises 6:63).

Sa likod ng magandang tanawing ito ng tagsibol at simbolo ng pag-asa, may isang mundo ng kawalang-katiyakan, kaguluhan, at kalituhan. Ang mga pangangailangan ng pang-araw-araw na buhay—pag-aaral, trabaho, pagpapalaki ng mga anak, pamamahala sa Simbahan at mga tungkulin, mga gawain sa mundo, at maging ang pait at lungkot ng di-inaasahang karamdaman at trahedya—ay maaaring magpahina sa atin. Paano tayo makakaalpas sa mga hamon ng buhay at kawalang-katiyakan upang magkaroon ng kapayapaan ng isipan at kaligayahan?

Kadalasan katulad tayo ng bata pang mangangalakal mula sa Boston, na noong 1849, ayon sa kuwento, ay nakibahagi sa kainitan ng California gold rush. Ipinagbili niya ang lahat ng kanyang ari-arian upang hanapin ang kanyang kapalaran sa mga ilog ng California, na sinabi sa kanya na puno ng tipak-tipak na gintong napakalalaki para buhatin ng isang tao.

Sa pagdaan ng mga araw, isinasalok ng binatang ito ang kanyang sisidlan sa ilog at wala namang nakukuha. Ang tanging nakuha niya ay santambak na malalaking bato. Dahil nawawalan na ng pag-asa at wala na ring pera, handa na siyang sumuko hanggang sa isang araw sinabi sa kanya ng isang matandang tagasuri na bihasa sa mamahaling bato, "Santambak na ang nakuha mong malalaking bato, iho."

Sagot ng binata, "Wala hong ginto dito. Uuwi na lang po ako."

Nilapitan ng matandang tagasuri ang tambak ng mga bato, at sinabing, "Aba, may ginto nga. Dapat mo lang alamin kung saan ito makikita." Dumampot siya ng dalawang bato at pinagsalpok ang mga ito. Isa sa mga bato ang nabiyak, at nalantad ang ilang butil ng ginto na kumikinang sa sikat ng araw.

Nang mapansin ang maumbok na supot na nakatali sa baywang ng tagasuri, sabi ng binata, "Naghahanap ako ng mga tipak na gaya ng nasa supot ninyo, hindi lang maliliit na butil."

Iniabot ng matandang tagasuri ang kanyang supot sa binata, na tumingin sa nilalaman nito, umaasang makakita ng ilang malalaking tipak ng ginto. Nagulat siyang makita na puno ng libu-libong butil ng ginto ang supot.

Sabi ng matandang tagasuri, "Iho, tila abalang-abala kang maghanap ng malalaking tipak kaya hindi mo mapuno ng mahahalagang butil ng ginto ang supot mo. Ang matiyagang pagtitipon ng maliliit na butil na ito ang nagpayaman sa akin nang husto."

Inilalarawan ng kuwentong ito ang espirituwal na katotohanang itinuro ni Alma sa kanyang anak na si Helaman:

"Sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay ay naisasakatuparan ang mga dakilang bagay. . . .

". . . At sa pamamagitan ng napakaliit na pamamaraan ay . . . isinasakatuparan [ng Panginoon] ang kaligtasan ng maraming tao" (Alma 37:6–7).

Mga kapatid, ang ebanghelyo ni Jesucristo ay simple, gaano man natin tangkaing gawin itong kumplikado. Dapat nating sikaping panatilihing simple ang ating buhay, walang impluwensya mula sa labas, nakatuon sa mga bagay na pinakamahalaga.

Ano ang mahahalaga at mga simpleng bagay ng ebanghelyo na nagbibigay ng linaw at layunin sa ating buhay? Ano ang mga butil ng

gintong ebanghelyo na sa matiyagang pagtitipon habang tayo ay nabubuhay ay gagantimpalaan tayo ng huling kayamanan—ang mahalagang kaloob na buhay na walang-hanggan?

Naniniwala ako na may isang simple ngunit makabuluhan—at dalisay—na alituntuning sumasakop sa kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Kung buong puso nating tatanggapin at pagtutuunan sa buhay ang alituntuning ito, padadalisayin at pababanalin tayo nito upang makabalik tayong muli sa piling ng Diyos.

Binanggit ng Tagapagligtas ang alituntuning ito nang sagutin Niya ang isang Fariseo na nagtanong, "Guro, alin baga ang dakilang utos sa kautusan?

"At sinabi [ni Jesus] sa kaniya, Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo.

"Ito ang dakila at pangunang utos.

"At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili" (Mateo 22:36–40).

Kapag minahal natin ang Diyos at si Cristo nang ating buong puso, kaluluwa, at isipan, saka lamang natin maibabahagi ang pagmamahal na ito sa ating kapwa sa pamamagitan ng pagpapakita ng kabaitan at paglilingkod—ang paraan ng pagmamahal at paglilingkod ng Tagapagligtas sa ating lahat kung kasama natin Siya ngayon.

Kapag itong dalisay na pag-ibig ni Cristo—o pag-ibig sa kapwa—ang lumukob sa atin, nag-iisip, nakadarama, at kumikilos tayo nang mas katulad ng Ama sa Langit at ni Jesus. Ang ating motibo at taos na hangarin ay katulad ng sa Tagapagligtas. Ibinahagi Niya ang hangaring ito sa Kanyang mga Apostol isang araw bago Siya Ipinako sa Krus. Sabi niya:

"Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo. . . .

"Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa" (Juan 13:34–35).

Ang pag-ibig na inilarawan ng Tagapagligtas ay pagmamahal na ipinapakita. Hindi ito nakikita sa malalaki at magigiting na gawa kundi sa mga simpleng pagpapakita ng kabaitan at paglilingkod.



Napakaraming paraan at sitwasyon na maaari nating paglingkuran at mahalin ang iba. Ilan lang ang aking imumungkahi.

Una, ang pag-ibig sa kapwa ay nagsisimula sa tahanan. Ang kaisaisang pinakamahalagang alituntuning dapat mamayani sa bawat tahanan ay ang sundin ang Ginintuang Aral—ang payo ng Panginoon na "lahat ng mga bagay na ibig ninyong sa inyo'y gawin ng mga tao, gawin naman ninyo ang gayon sa kanila" (Mateo 7:12). Sandaling isipin ang mararamdaman ninyo kung kayo ang tatanggap ng walangpakundangang salita o gawa. Sa ating halimbawa, turuan natin ang ating mga kapamilya na magmahalan.

Ang isa pang lugar kung saan marami tayong pagkakataon na maglingkod ay sa Simbahan. Ang ating mga ward at branch ay dapat maging mga lugar kung saan laging ginagabayan ng Ginintuang Aral ang ating pananalita at ginagawa sa isa't isa. Sa pamamagitan ng mabait na pakikitungo sa bawat isa, pagbibitaw ng mga salita ng pagsuporta at panghihikayat, at pagiging sensitibo sa mga pangangailangan ng bawat isa, magkakaroon ng pagmamahalan at pagkakaisa sa mga miyembro ng ward. Kapag naroon ang pag-ibig sa kapwa, walang puwang para sa tsismis o masasakit na salita.

Ang mga miyembro ng ward, kapwa matatanda at mga kabataan, ay maaaring magkaisa sa makabuluhang paglilingkod upang mapagpala ang buhay ng iba. Dalawang linggo pa lamang ang nakararaan, iniulat ng pangulo ng South America Northwest Area, si Elder Marcus B. Nash ng Pitumpu, na sa pag-aatas sa "matitibay ang espiritu sa yaong mahihina," sinasagip nila ang daan-daang di-gaanong aktibong matanda at kabataan. Sa pamamagitan ng pagmamahal at paglilingkod, "isa-isa" silang nagbabalik. Ang mga kabaitang ito ay lumilikha ng matibay at nagtatagal na bigkis sa pagitan ng lahat ng kasangkot—kapwa ang mga tumutulong at ang mga tinutulungan. Napakaraming mahahalagang alaalang nakatuon sa gayong paglilingkod.

Kapag ginugunita ko ang maraming taon ng pamamahala ko sa Simbahan, ilan sa pinakamakabuluhan kong mga alaala ay ang mga panahon na sumama ako sa mga miyembro ng ward para tulungan ang isang tao.

Halimbawa, naaalala ko noong bishop ako na nakatulong ko ang ilang aktibong miyembro ng aking ward sa paglilinis ng balon ng pagkain ng mga alagang hayop sa stake welfare farm. Hindi kasiya-siyang gawain iyan! Isang di-gaanong aktibong lalaki na maraming taon nang hindi nakasimba ang pinasama sa amin. Dahil sa



pagmamahal at pakikisamang nadama niya sa amin habang nagtatrabaho at nag-uusap kami sa mabahong balon na iyon, nagbalik siya sa simbahan at kalaunan ay nabuklod sa templo sa kanyang asawa at mga anak. Ang pakikisama namin sa pamamagitan ng paglilingkod ay nagpala sa kanyang mga anak, apo, at ngayon ay sa mga apo-sa-tuhod. Marami sa kanila ang nakapagmisyon, ikinasal sa templo, at bumubuo ng walang-hanggang pamilya—isang dakilang gawaing dulot ng simpleng pagkilos, isang maliit na butil ng ginto.

Ang ikatlong lugar kung saan makapaglilingkod tayo ay sa ating komunidad. Bilang dalisay na pagpapakita ng ating pagmamahal at malasakit, matutulungan natin ang mga nangangailangan ng ating tulong. Marami sa inyo ang nakapagsuot na ng mga vest na "helping hands" at walang pagod na nagtrabaho upang bigyang-ginhawa ang mga nagdurusa at pagandahin ang inyong komunidad. Kamakailan ay nagbigay ng mahalagang paglilingkod ang mga young single adult sa Sendai Japan Stake sa paghahanap sa mga miyembro pagkatapos ng mapangwasak na lindol at tsunami. Napakaraming paraan para makapaglingkod.

Sa ating taos-pusong kabaitan at paglilingkod, maaari nating kaibiganin ang mga pinaglilingkuran natin. Sa mga pagkakaibigang ito ay nagkakaroon ng mas mabuting pang-unawa sa ating katapatan sa ebanghelyo at nagkakaroon ng hangaring alamin pa ang tungkol sa atin.

Binanggit ng mabuti kong kaibigan na si Elder Joseph B. Wirthlin ang kapangyarihan ng alituntuning ito nang sabihin niyang, "Ang kabaitan ang pinakadiwa ng kadakilaan. . . . [Ito ang] susi na nagbubukas ng pintuan at lumilikha ng mga kaibigan. Nagpapalambot ito ng puso at humuhubog ng panghabambuhay na mga samahan" ("Ang Kahalagahan ng Kabaitan," *Liahona*, Mayo 2005, 26).

Ang isa pang paraan na mapaglilingkuran natin ang mga anak ng Ama sa Langit ay sa paglilingkod sa misyon—hindi lamang bilang mga full-time missionary kundi bilang mga kaibigan at kapitbahay rin. Ang paglago ng Simbahan sa hinaharap ay hindi mangyayari sa pagkatok lamang sa pintuan ng mga estranghero. Mangyayari ito kapag ang mga miyembro, kasama ang ating mga misyonero, na puno ng pag-ibig sa Diyos at kay Cristo ay nahihiwatigan ang mga pangangailangan at tumutugon sa mga pangangailangang iyon sa diwa ng pagkakawanggawa.

Kapag ginawa natin ito, mga kapatid, madarama ng may pusong tapat ang ating katapatan at pagmamahal. Maraming magnanais na higit tayong makilala. Sa oras na iyon lamang lalawak at pupunuin ng Simbahan ang daigdig. Hindi ito maisasagawa ng mga misyonero lamang kundi kailangan nito ang interes at paglilingkod ng bawat miyembro.

Sa lahat ng ating paglilingkod, kailangan nating maging sensitibo sa mga paramdam ng Espiritu Santo. Ipapaalam sa atin ng marahan at banayad na tinig kung sino ang nangangailangan ng ating tulong at paano natin sila matutulungan.

Sabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Lubhang mahalaga na paglingkuran natin ang bawat isa sa kaharian. . . . Napakadalas na ang ating paglilingkod ay mga karaniwang panghihikayat o pagbibigay ng . . . tulong sa mga karaniwang gawain, ngunit anong mga maluwalhating bunga ang nagmumula sa . . . maliliit ngunit mga kusang gawa!" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* [2006], 100).

At ipinayo ni Pangulong Thomas S. Monson:

"Ang mga pangangailangan ng iba ay laging nariyan, at may magagawa ang bawat isa sa atin para tulungan ang isang tao.

". . . Maliban kung kalimutan natin ang ating sarili sa paglilingkod sa iba, maliit ang layunin ng ating sariling

buhay" ("Ano ang Nagawa Ko para sa Isang Tao Ngayon?" *Liahona,* Nob. 2009, 85).


Mga kapatid, muli kong binibigyang-diin na ang pinakamahalagang katangian ng Ama sa Langit at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak na dapat nating naisin at hangaring taglayin sa ating buhay ay ang kaloob na pag-ibig sa kapwa, "ang dalisay na pag-ibig ni Cristo" (Moroni 7:47). Mula sa kaloob na ito ay sumisibol ang kakayahan nating magmahal at maglingkod sa iba na tulad ng Tagapagligtas.

Itinuro sa atin ng propetang si Mormon ang napakalaking kahalagahan ng kaloob na ito at sinabi sa atin kung paano ito matatanggap: "Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig, na kanyang ipinagkaloob sa lahat na tunay na mga tagsunod ng kanyang Anak, si Jesucristo; upang kayo ay maging mga anak ng Diyos; na kung siya ay magpapakita, tayo ay magiging katulad niya, sapagkat makikita natin siya bilang siya; upang tayo ay magkaroon ng ganitong pag-asa; upang tayo ay mapadalisay maging katulad niya na dalisay" (Moroni 7:48).

Naisasagawa ang mga dakilang bagay sa pamamagitan ng maliliit at mga simpleng bagay. Gaya ng maliliit na butil ng ginto na natitipon sa paglipas ng panahon para maging malaking kayamanan, ang ating maliliit at mga simpleng kabaitan at paglilingkod ay matitipon upang maging isang buhay na puspos ng pagmamahal sa Ama sa Langit, katapatan sa gawain ng Panginoong Jesucristo, at diwa ng kapayapaan at kagalakan tuwing nagtutulungan tayo.

Habang papalapit ang Paskua, nawa'y ipakita natin ang ating pagmamahal at pagpapahalaga sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng ating simple at mahabaging paglilingkod sa ating mga kapatid sa tahanan, sa simbahan, at sa ating komunidad. Ito ang mapagpakumbaba kong dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■





**Ni Elder Neil L. Andersen**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Paghahanda sa Mundo para sa Ikalawang Pagparito

*Ang misyon ninyo ay isang banal na pagkakataong maakay ang iba patungo kay Cristo at tumulong sa paghahanda para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.*

Magsasalita ako ngayong gabi sa mga 12 hanggang 25 taong gulang na mayhawak ng priesthood ng Diyos. Iniisip namin kayo palagi at ipinagdarasal namin kayo. Minsan ibinahagi ko ang kuwento tungkol sa aming apat-na-taong-gulang na apo na itinulak nang malakas ang kanyang nakababatang kapatid. Matapos mapatahan ang umiiyak na bata, bumaling ang asawa kong si Kathy sa apat na taong gulang at mahinahong nagtanong, "Bakit mo itinulak ang kapatid mo?" Tiningnan niya ang kanyang lola at sumagot, "Lola, sori po. Nawala po ang singsing kong CTR, at hindi ko po mapili ang tama." Alam namin na sinisikap ninyong mabuti na palaging piliin ang tama. Mahal na mahal namin kayo.

Naisip na ba ninyo kung bakit kayo ipinadala sa mundo sa panahong ito? Hindi kayo nabuhay noong panahon nina Eva at Adan o noong mga faraon ang namumuno sa Egipto o noong panahon ng Ming dynasty. Isinilang kayo sa panahong ito, 20 siglo pagkatapos ng unang pagparito ni Cristo. Ang priesthood ng Diyos ay ipinanumbalik sa lupa, at sinimulan nang ihanda ng kamay ng Panginoon ang mundo para sa Kanyang maluwalhating pagbabalik. Panahon ito ng magagandang oportunidad at mahahalagang responsibilidad. Ang panahong ito ay sa inyo.

Sa inyong binyag, ipinakita ninyo ang inyong pananampalataya kay Jesucristo. Nang inorden kayo sa priesthood, ang mga talento at espirituwal na kakayahan ninyo ay naragdagan. Isa sa inyong mahahalagang responsibilidad ang tulungan ang mundong maghanda para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.

Nagtalaga ang Panginoon ng propeta, si Pangulong Thomas S. Monson, upang pamahalaan ang gawain ng Kanyang priesthood. Sa



inyo ay sinabi ni Pangulong Monson: "Kailangan ng Panginoon ng mga misyonero."[1] "Bawat karapat-dapat at may kakayahang binata ay dapat maghandang magmisyon. Ang gawaing misyonero ay isang tungkulin sa priesthood—isang obligasyon na inaasahan ng Panginoon na gagawin [ninyo] na nabiyayaan ng lubos."[2]

Ang gawaing misyonero ay nangangailangan ng sakripisyo. Laging may bagay kayong iiwanan kapag tumugon kayo sa panawagan ng propeta na maglingkod.

Alam ng mga nanonood ng larong rugby na ang New Zealand All Blacks, tawag sa grupo dahil sa kulay ng kanilang uniporme, ay ang pinakasikat na rugby team.[3] Ang mapili kang maglaro sa All Blacks sa New Zealand ay kapareho ng paglalaro ng football sa Super Bowl team o sa World Cup soccer team.

Noong 1961, sa edad na 18 at mayhawak ng Aaronic Priesthood, si Sidney Going ay nagsimulang sumikat sa New Zealand rugby. Dahil sa pambihira niyang abilidad, marami ang nag-akalang mapipili siya sa susunod na taon para sa national All Blacks rugby team.

Sa edad na 19, sa kritikal na panahong ito ng pag-angat niya sa rugby, sinabi ni Sid na iiwan niya ang rugby para magmisyon. Tinawag siya ng ilan na baliw. Ang sabi naman ng iba siya ay hangal.[4] Tutol sila dahil baka ang pagkakataon niya sa rugby ay hindi na muling dumating.

Para kay Sid, hindi ang iiwanan niya ang baka hindi na dumating muli—kundi ang oportunidad at responsibilidad na darating. May tungkulin siya bilang mayhawak ng priesthood na ialay ang dalawang taon ng kanyang buhay upang ipahayag na totoo ang Panginoong Jesucristo at ang Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo. Wala—kahit ang pagkakataong maglaro sa national team, kasama ang mga parangal na ibibigay nito—ang makapipigil sa kanya sa tungkuling iyon.[5]

Tinawag siya ng propeta ng Diyos na maglingkod sa Western Canada Mission. Apatnapu't walong taon na ang nakararaan sa buwang ito, ang 19 na taong gulang na si Elder Sid Going ay umalis sa New Zealand upang maging misyonero ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa Huling Araw.

Ikinuwento sa akin ni Sid ang isang karanasan niya sa misyon. Gabi na noon, at siya at ang kanyang kompanyon ay pabalik na sa kanilang apartment. Nagdesisyon silang bisitahin ang isa pang pamilya. Pinapasok sila ng ama ng tahanan. Nagpatotoo si Elder Going at ang kanyang kompanyon tungkol sa Tagapagligtas. Tinanggap ng pamilya ang Aklat ni Mormon. Magdamag na nagbasa ang ama. Nang sumunod na isa't kalahating linggo nabasa na niya ang buong Aklat ni Mormon, ang Doktrina at mga Tipan, at ang Mahalagang Perlas. Makaraan ang ilang linggo ang pamilya ay nabinyagan.[6]

Pagmimisyon sa halip na mapabilang sa New Zealand All Blacks team? Sagot ni Sid, "Ang pagpapalang [maakay ang iba] sa ebanghelyo ay mas mahalaga kaysa anumang isasakripisyo [mo]."[7]

Siguro iniisip ninyo kung ano na ang nangyari kay Sid Going matapos ang kanyang misyon. Ang pinakamahalaga: ang walang hanggang kasal sa kanyang minamahal na si Colleen; limang mabubuting anak; at isang henerasyon ng mga apo. Namuhay siyang nagtitiwala sa kanyang Ama sa Langit, sumusunod sa mga kautusan, at naglilingkod sa iba.

At 'yung rugby? Pagkatapos ng kanyang misyon si Sid Going ay naging isa sa pinakamagaling na halfbacks sa kasaysayan ng All Blacks, at naglaro sa 11 season at maraming taon na naging captain ng team.[8]

Gaano kagaling si Sid Going? Napakagaling niya kung kaya't ang pagsasanay at mga iskedyul ng laro ay binago dahil ayaw niyang maglaro sa araw ng Linggo.[9] Napakagaling niya kaya kinilala ng Queen of England ang kontribusyon niya sa rugby.[10] Napakagaling niya kaya't ginawan siya ng libro na pinamagatang *Super Sid*.

Ano kaya kung ang mga iyon ay hindi dumating kay Sid pagkatapos ng kanyang misyon? Isa sa mga himala ng pagmimisyon sa Simbahang ito ay na si Sid Going at ang libu-libo pang katulad niya ay hindi nagtanong ng, "Ano ang mapapala ko sa pagmimisyon?" kundi sa halip ay, "Ano ang maibibigay ko?"

Ang pagmimisyon ninyo ay isang banal na pagkakataon upang maakay ang iba patungo kay Cristo at tumulong sa paghahanda para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.

Napakatagal nang sinabi ng Panginoon ang tungkol sa mahahalagang paghahanda para sa Kanyang Ikalawang Pagparito. Kay Enoc, sinabi Niyang, "Kabutihan ang aking ipadadala mula sa langit; at katotohanan ay aking ipadadala sa lupa, . . . at kabutihan at katotohanan ay papapangyarihin kong umabot sa mundo gaya nang isang baha, upang tipunin

ang aking mga hinirang mula sa apat na sulok ng mundo."[11] Ang propetang si Daniel ay nagpropesiya na sa mga huling araw ang ebanghelyo ay lalaganap sa buong mundo gaya ng "bato [na] tinibag [sa] bundok, hindi ng mga kamay."[12] Sinabi ni Nephi na ang Simbahan sa mga huling araw ay kakaunti lang ngunit lalaganap sa buong mundo.[13] Ipinahayag ng Panginoon sa dispensasyong ito, "Kayo ay tinawag upang isakatuparan ang pagtitipon ng aking mga hinirang."[14] Mga bata kong kapatid, ang inyong misyon ay dakilang oportunitad at responsibilidad, na mahalaga sa ipinangakong pagtitipon na ito at may kaugnayan sa inyong walang hanggang tadhana.



Mula sa mga unang araw ng Panunumbalik, naging napakaseryoso ng mga Kapatid tungkol sa utos sa kanilang ipahayag ang ebanghelyo. Noong 1837, pitong taon pa lang matapos maorganisa ang Simbahan, sa panahon ng kahirapan at pag-uusig, nagpadala ng mga misyonero para ituro ang ebanghelyo sa England. Nang sumunod na mga taon, ang mga misynero ay nangangaral na sa iba't ibang lugar gaya ng Austria, French Polynesia, India, Jamaica, Chile, at China.[15]

Pinagpala ng Panginoon ang gawaing ito, at ang Simbahan ay itinatatag na sa iba't ibang dako ng mundo. Ang pulong na ito ay isinasalin sa 92 wika. Nagpapasalamat kami sa 52,225 full-time missionary na nagsisilbi sa mahigit 150 bansa.[16] Laging nakasikat ang araw sa mabubuting misyonero na nagpapatotoo sa Tagapagligtas. Isipin ninyo ang espirituwal na kapangyarihan ng 52,000 misyonero, na pinagkalooban ng Espiritu ng Panginoon, at matapang na ipinapahayag na "walang ibang pangalang ibinigay, o anumang daan, o paraan kung saan ang kaligtasan ay mapapasa sa mga anak ng tao, tanging kay at sa pamamagitan lamang ng pangalan ni Cristo."[17] Nagpapasalamat kami sa libu-libong returned missionary na nagbigay at patuloy na ibinibigay ang lahat ng makakaya nila. Ang mundo ay lubos na inihahanda para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas dahil sa gawain ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mga misyonero.

Ang paglilingkod sa misyon ay espirituwal na gawain. Ang pagiging marapat at paghahanda ay napakahalaga. Sabi ni Pangulong Monson: "Mga kabataan, hinihikayat ko kayong maghandang maglingkod bilang misyonero. Manaliting malinis at walang bahid-dungis at karapat-dapat na kumatawan sa Panginoon."[18] Sa mga taon bago kayo magmisyon, alalahanin sana ang banal na tungkuling ito. Ang mga kilos ninyo bago magmisyon ay lubhang makakaapekto sa kapangyarihan ng priesthood na dadalhin ninyo sa misyon. Maghanda kayong mabuti.

Tinukoy ni Pangulong Monson ang "bawat karapat-dapat, may kakayahang binata [na naghahandang] maglingkod sa misyon."[19] Minsan, dahil sa kalusugan o iba pang kadahilanan, ang isang tao ay maaaring hindi makapaglingkod. Malalaman ninyo kung kaya ninyo sa pakikipag-usap ninyo sa inyong mga magulang at bishop. Sakaling ganito ang inyong kalagayan, huwag isipin na hindi kayo mahalaga sa gawaing haharapin ninyo. Ang Panginoon ay labis na mapagbigay sa mga nagmamahal sa Kanya, at gagawa Siya ng paraan para sa inyo.

Ang iba ay nag-iisip na matanda na sila para magsilbi. Natagpuan ng isang kaibigan ko mula China ang Simbahan sa Cambodia nang siya ay nasa kalagitnaan ng kanyang 20s. Inisip niya kung maaari pa siyang magmisyon. Matapos magdasal at makipag-usap sa kanyang bishop, tinawag siyang maglingkod sa New York City. Kung ang problema ninyo ay edad, manalangin at makipag-usap sa inyong bishop. Gagabayan niya kayo.

Limampung porsiyento ng lahat ng misyonero ay naglilingkod sa sariling bayan. Tama lang iyon. Nangako ang Panginoon na "bawat tao ay maririnig ang kabuuan ng ebanghelyo sa kanyang sariling wika, at sa kanyang sariling salita."[20] Kayo ay tatawagin sa pamamagitan ng propesiya at maglilingkod kung saan kayo higit na kailangan.

Gustung-gusto kong makakita ng mga misyonero sa iba't ibang dako ng mundo. Kamakailan habang nasa Australia Sydney Mission ako, alam n'yo ba kung sino ang nakita ko? Si Elder Sidney Going—ang New Zealand rugby legend. Siya ay 67 na ngayon, misyonero muli, pero ngayon ang kompanyon niya ay ang taong pinili niya: si Sister Colleen Going. Ikinuwento niya sa akin ang pamilyang kanilang naturuan. Ang mga magulang ay miyembro ngunit naging di-gaanong aktibo sa Simbahan sa loob ng maraming taon. Tinulungan nina Elder at Sister Going ang pamilya na bumalik muli sa pananampalataya. Sinabi ni Elder Going na may nadama siyang kapangyarihan habang nakatayo sa baptismal font katabi ang ama ng pamilya, habang ang kanyang panganay na anak na lalaki, na mayhawak

na ng priesthood, ay binibinyagan ang kanyang kapatid na lalaki at babae. Napakasaya daw niya na makita ang pamilyang nagkakaisa sa pagsisikap na matamo ang buhay na walang hanggan nang sama-sama.[21]

Sa pagsasalita sa inyo, sinabi ng Unang Panguluhan:

"Kayo'y piling [espiritu] na isinilang sa panahong ito kung kailan ang mga responsibilidad at oportunidad, maging ang mga tukso, ay napakatindi. . . .


"Ipinagdarasal namin ang bawat isa sa inyo . . . [na] magawa ninyo ang dakilang gawain para sa inyong kinabukasan . . . na maging marapat [at handa] upang ipagpatuloy ang mga responsibilidad sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos at sa paghahanda sa daigdig para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas."[22]

Gusto ko ang ipininta ni Harry Anderson na Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Ipinapaalala nito sa akin na darating Siya na may kadakilaan at kapangyarihan. Kamangha-manghang kaganapan ang mangyayari sa langit at sa lupa.[23]

Ang mga naghihintay sa pagdating ng Tagapagligtas ay "hahanapin [Siya]." At ipinangako Niya, "Ako ay paparito!" Makikita Siya ng mabubuti "sa mga alapaap ng langit [kasama ang lahat ng banal na anghel], nadaramitan ng kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian."[24] "Isang anghel ang iihip ng kanyang pakakak, at ang mga banal . . . mula sa apat na sulok ng mundo"[25] ay "aangat upang salubungin siya."[26] Ang mga "nakatulog," ibig sabihin ang matwid na mga Banal na nangamatay, "ay magsisibangon [din] upang salubungin [Siya]."[27]

Mababasa sa mga banal na kasulatan, "Iyayapak ng Panginoon ang Kanyang paa sa bundok,"[28] at "[Siya] ay mangungusap sa kanyang tinig, at ang mga dulo ng mundo ay makaririnig nito."[29]

Mga bata kong kapatid sa priesthood, pinatototohanan ko ang kadakilaan, ngunit higit sa lahat, ang katiyakan ng dakilang kaganapang ito. Ang Tagapagligtas ay buhay. Paparito Siyang muli sa mundo. At kung dito man sa mundo o sa kabila, tayo ay magsasaya sa Kanyang pagbabalik at magpasalamat sa Panginoon na pinapunta tayo sa lupa sa panahong ito upang gampanan ang ating banal na tungkuling ihanda ang mundo para sa Kanyang pagbabalik. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



### MGA TALA

1. Thomas S. Monson, "Kailangan ng Panginoon mg mga Misyonero," *Liahona* Ene. 2011, 4.
2. Thomas S. Monson, "Hanggang sa Muli Nating Pagkikita," *Liahona* Nob. 2010, 5–6.
3. Tingnan sa stats.allblacks.com.
4. Tingnan sa Bob Howitt, *Super Sid: The Story of a Great All Black* (1978), 27.
5. Pakikipag-usap sa telepono kay President Maxwell Horsford, Kaikohe New Zealand Stake, Mar. 2011.
6. Pakikipag-usap sa telepono kay Elder Sidney Going, Mar. 2011.
7. E-mail mula kay Elder Sidney Going, Mar. 2011.
8. Tingnan sa stats.allblacks.com/asp/profile.asp? ABID=324.
9. Pakikipag-usap sa telepono kay President Maxwell Horsford, Kaikohe New Zealand Stake, Mar. 2011.
10. Ginawaran si Sid Going ng M.B.E. (Member of the Order of the British Empire) noong 1978 para sa kanyang kontribusyon sa larong rugby (tingnan sa Howitt, *Super Sid,* 265).
11. Moises 7:62.
12. Daniel 2:45.
13. Tingnan sa 1 Nephi 14:12–14.
14. Doktrina at mga Tipan 29:7.
15. Tingnan sa *Deseret News 2011 Church Almanac* (2011), 430, 458, 463, 487, 505, 512.
16. Hanggang noong Disyembre 31, 2010.
17. Mosias 3:17.
18. Thomas S. Monson, *Liahona* Ene. 2011, 4.
19. Thomas S. Monson, *Liahona* Nob. 2011, 5–6.
20. Doktrina at mga Tipan 90:11.
21. Pakikipag-usap sa telepono kay Elder Sidney Going, Mar. 2011.
22. "Mensahe mula sa Unang Panguluhan," *Para sa Lakas ng mga Kabataan: Pagtupad ng Ating Tungkulin sa Diyos* (buklet, 2001), 2–3.
23. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 43:18; 45:40.
24. Doktrina at mga Tipan 45:44.
25. Doktrina at mga Tipan 45:45, 46.
26. Doktrina at mga Tipan 88:96.
27. Doktrina at mga Tipan 45:45; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 29:1388:96–97.
28. Doktrina at mga Tipan 45:48.
29. Doktrina at mga Tipan 45:49.



**Ni Elder Steven E. Snow**
Ng Panguluhan ng Pitumpu

# Pag-asa

*Ang pag-asa natin sa Pagbabayad-sala ay nagbibigay sa atin ng kapangyarihang magkaroon ng walang hanggang pananaw.*

Lumaki ang pamilya namin sa disyertong lupain ng Southern Utah. Bihirang umulan, at umaasa ang marami na magkakaroon ng sapat na ulan para sa parating na tag-init. Noon, tulad ngayon, umaasa kaming uulan, ipinagdarasal naming umulan, at kapag desperado kami, nag-aayuno kami para umulan.

May kuwento tungkol sa isang lolo na ipinasyal ang kanyang limang-taong-gulang na apong lalaki sa bayan. Sa huli, napunta sila sa isang maliit na tindahan sa Main Street kung saan sila tumigil para uminom ng malamig na soda pop. Pumarada ang isang kotseng nagmula sa labas ng bayan at nilapitan ng drayber ang matanda. Habang nakaturo sa munting ulap sa kalangitan, itinanong ng estranghero, "Palagay ho ba ninyo uulan?"

"Sana nga," sagot ng matanda, "kung hindi man para sa akin, para man lang sa bata. Nakita ko nang umulan."

Ang pag-asa ay damdaming nagpapasigla sa ating pang-araw-araw na buhay. Ibig sabihin nito ay "damdamin na . . . magiging maaayos ang lahat." Kapag umaasa tayo, tayo "ay umaasam . . . nang may hangarin at makatuwirang pagtitiwala" (dictionary.reference.com/browse/hope). Sa gayon, ang pag-asa ay naghahatid ng nakapapanatag na impluwensya sa ating buhay habang tiwala nating inaasam ang darating na mga kaganapan.

Kung minsan ay inaasam natin ang mga bagay na halos wala tayong kakayahang makontrol. Inaasam nating gumanda ang klima. Inaasam natin na maagang sumapit ang tagsibol. Inaasam nating manalo ang paborito nating sports team sa World Cup, Super Bowl, o sa World Series.

Ang gayong mga pag-asam ay nagpapasaya sa ating buhay at madalas humantong sa di-karaniwan, maging sa mapamahiing asal. Halimbawa, napakahilig ng biyenan kong lalaki sa sports, pero kumbinsido siya na kung *hindi* niya panonoorin ang paborito niyang basketball team sa telebisyon, malamang na manalo ang team na iyon. Noong 12 taong gulang ako, pinilit kong isuot ang isang pares ng maruming medyas sa bawat Little League baseball game sa pag-asang manalo. Ipinatago iyon sa akin ng nanay ko sa balkon sa likuran.

Sa ibang pagkakataon maaaring mauwi sa mga pangarap ang ating mga pag-asam at hikayatin tayong kumilos. Kung inaasam nating maging mas magaling sa paaralan, magkakatotoo iyan kung mag-aaral tayo at magsasakripisyo. Kung inaasam nating makapaglaro sa nananalong team, maaaring humantong iyan sa regular na pagpapraktis, dedikasyon, teamwork, at tagumpay sa huli.

Si Roger Bannister ay isang pre-med student sa England na may mataas na pangarap. Gusto niyang maging unang lalaking makatakbo nang isang milya (1.6 km) nang wala pang apat na minuto. Sa halos unang kalahati ng ika-20 siglo, sabik na hinintay ng mahihilig sa track and field ang araw na mahigitan ang rekord na apat na minutong pagtakbo nang isang milya. Sa nagdaang mga taon maraming magagaling sa takbuhan ang muntik nang umabot, pero hindi pa nahigitan ang rekord. Inilaan ni Bannister ang sarili sa ambisyosong iskedyul sa pagsasanay sa pag-asang magkatotoo ang kanyang mithiing makagawa ng bagong world record. Ilan sa mga taong mahilig sa sports ang nagsimulang magduda kung mahihigitan nga ang apat-na-minutong rekord. Inisip pa ng mga itinuturing na eksperto na hindi kaya ng katawan ng tao na tumakbo nang gayon kabilis at ganoon kalayo. Isang maulap na araw noong Mayo 6, 1954, nagkatotoo ang pinakaaasam ni Roger Bannister! Tinawid niya ang finish line sa loob ng 3:59.4, na nagtala ng bagong world record. Ang pag-asam niyang mahigitan ang rekord na apat na minutong pagtakbo nang isang milya ay naging pangarap na natupad sa pamamagitan ng pagsasanay, pagsisikap, at dedikasyon.

Ang pag-asam ay makahihikayat ng mga pangarap at itutulak tayo upang makamit ang mga iyon. Gayunman, hindi tayo nagtatagumpay sa pag-asam lamang. Maraming magagandang pag-asang hindi natupad, na naglaho sa batuhan ng mabubuting intensyon at katamaran.

Bilang mga magulang, ang sentro ng mga pinakaaasam natin ay ang ating mga anak. Inaasam natin ang paglaki nila tungo sa responsable at matwid na pamumuhay. Ang gayong mga pag-asam ay madaling maglaho kung hindi tayo magiging mabuting halimbawa. Hindi magsisilaki nang matwid ang ating mga anak sa pag-asam lamang. Dapat natin silang pag-ukulan ng oras sa family home



evening at makabuluhang mga aktibidad sa pamilya. Dapat natin silang turuang magdasal. Dapat nating basahin ang mga banal na kasulatan kasama sila at ituro sa kanila ang mahahalagang alituntunin ng ebanghelyo. Sa gayon lamang posibleng magkatotoo ang mga pinakaaasam natin.

Hindi natin dapat hayaang mapalitan ng kawalang-pag-asa ang pag-asa kailanman. Isinulat ni Apostol Pablo na tayo ay "dapat magsaka sa pagasa" (I Mga Taga Corinto 9:10). Ang pag-asam ay nagpapasigla sa ating buhay at tinutulungan tayong umasam sa hinaharap. Nagsasaka man tayo sa mga kabukiran upang magtanim o nagsasaka sa habang buhay, kailangan nating mga Banal sa mga Huling Araw na umasam.

Sa ebanghelyo ni Jesucristo, ang pag-asa ay ang hangarin ng Kanyang mga tagasunod na magtamo ng walang hanggang kaligtasan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas.

Talagang ito ang pag-asang nararapat taglayin nating lahat. Inihihiwalay tayo nito sa ibang mga tao sa mundo. Ipinayo ni Pedro sa mga tagasunod ni Cristo noong araw na "lagi kayong handa ng pagsagot sa bawa't tao na humihingi sa inyo ng katuwiran tungkol sa pagasang nasa inyo" (I Ni Pedro 3:15).

Ang pag-asa natin sa Pagbabayad-sala ay nagbibigay sa atin ng kapangyarihang magkaroon ng walang hanggang pananaw. Sa gayong pananaw, hindi lamang natin iniisip ang buhay na ito ngayon kundi maging ang pangako ng mga kawalang-hanggan. Hindi tayo kailangang mabitag sa makikitid at pabagu-bagong inaasahan ng lipunan. Malaya tayong asamin ang kaluwalhatiang selestiyal, na mabuklod sa ating pamilya at mga mahal sa buhay.

Sa ebanghelyo, ang pag-asa ay halos laging nauugnay sa pananampalataya at pag-ibig sa kapwa. Itinuro ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf: "Ang pag-asa ay isang paa ng silyang tatlo ang paa at kasama nito ang pananampalataya at pag-ibig sa kapwa. Pinatatatag ng tatlong ito ang ating buhay anuman ang problema o pagsubok na ating kinakaharap" (Dieter F. Uchtdorf, "Ang Walang Hanggang Bisa ng Pag-asa," *Liahona,* Nob. 2008, 21).

Isinulat ni Moroni sa huling kabanata ng Aklat ni Mormon:

"Kaya nga, kailangang magkaroon ng pananampalataya; at kung may pananampalataya ay kinakailangang may pag-asa rin; at kung may pag-asa ay kinakailangang may pag-ibig sa kapwa-tao rin.

"At maliban kung mayroon kayong pag-ibig sa kapwa-tao, kayo ay hindi maaaring maligtas sa kaharian ng Diyos; ni kayo ay maliligtas sa kaharian ng Diyos kung kayo ay walang pananampalataya; ni kayo ay maliligtas kung kayo ay walang pag-asa" (Moroni 10:20–21).

Itinuro ni Elder Russell M. Nelson na ang "*pananampalataya* ay nakabatay kay Jesucristo. Ang *pag-asa* ay nakasentro sa Pagbabayad-sala. Ang *pag-ibig sa kapwa* ay nakikita sa 'dalisay na pag-ibig ni Cristo.' Ang tatlong katangiang ito ay magkakasalabid na parang mga hibla sa kable at maaaring hindi laging makita nang malinaw. Kapag pinagsama-sama, ito ang nag-uugnay sa atin sa kahariang selestiyal" ("A More Excellent Hope," *Ensign,* Peb. 1997, 61).

Nang magpropesiya si Nephi tungkol kay Jesucristo sa pagwawakas ng kanyang tala, isinulat niya, "Kaya nga, kinakailangan kayong magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao" (2 Nephi 31:20).

Ang "ganap na kaliwanagan ng pag-asa" na binanggit ni Nephi ay ang pag-asa sa Pagbabayad-sala, walang hanggang kaligtasang ginawang posible ng pagsasakripisyo ng ating Tagapagligtas. Ang pag-asang ito ang umakay sa mga lalaki't babae sa nagdaang mga henerasyon na gumawa ng mga pambihirang bagay. Nilibot ng mga Apostol noong araw ang mundo at nagpatotoo tungkol sa Kanya at sa huli ay ibinuwis ang kanilang buhay sa paglilingkod sa Kanya.

Sa dispensasyong ito maraming miyembro ng Simbahan noong araw na iniwan ang kanilang mga tahanan, na puspos ng pag-asa at pananampalataya sa kanilang puso nang tawirin nila ang Great Plains pakanluran patungong Salt Lake Valley.

Noong 1851, si Mary Murray Murdoch ay sumapi sa Simbahan sa Scotland bilang balo sa edad na 67. Isang maliit na babaeng apat na talampakan at pitong pulgada (1.2 m) ang taas at wala pang 90 libra (41 kg) ang timbang, nagsilang siya ng walong anak, at anim ang nabubuhay. Dahil sa kaliitan, magiliw siyang tinawag ng kanyang mga anak at apo na "Munting Lola."

Ang kanyang anak na si John Murdoch at asawa nito ay sumapi rin sa Simbahan at nagpunta sa Utah noong 1852 kasama ang dalawang anak nilang maliliit. Sa kabila ng mga paghihirap ng kanyang sariling pamilya, makalipas ang apat na taon ay nagpadala si John ng pera sa kanyang ina para makapiling nito ang pamilya sa Salt Lake City. Dahil sa pag-asang mas malaki pa kaysa sa kanya, sinimulan ni Mary ang

mahirap na paglalakbay pakanluran patungong Utah sa edad na 73.

Matapos ligtas na matawid ang Atlantic, sa huli ay nakasama siya sa sinawing-palad na Martin handcart company. Noong Hulyo 28 nagsimulang maglakbay patungong kanluran ang mga handcart pioneer na ito. Ang pagdurusa ng grupong ito ay bantog na bantog. Sa 576 na mga miyembro ng grupo, halos sangkapat ang namatay bago sila nakarating sa Utah. Marami pa sanang nasawi kung hindi sila nasagip ng grupong binuo ni Pangulong Brigham Young, na nagpadala ng mga bagon at suplay para hanapin ang mga Banal na nabalaho sa niyebe.

Namatay si Mary Murdoch noong Oktubre 2, 1856, malapit sa Chimney Rock, Nebraska. Sumuko siya sa pagod, pagkalantad sa lamig, at mga kahirapan ng paglalakbay. Hindi nakayanan ng kanyang mahinang katawan ang pisikal na mga hirap na dinanas ng mga Banal. Sa bingit ng kamatayan ang nasa isip niya ay ang kanyang pamilya na nasa Utah. Ang mga huling salita ng tapat na pioneer na ito ay "Sabihin ninyo kay John na pumanaw akong nakaharap sa Sion." (Tingnan sa Kenneth W. Merrell, *Scottish Shepherd: The Life and Times of John Murray Murdoch, Utah Pioneer* [2006], 34, 39, 54, 77, 94–97, 103, 112–13, 115.)

Si Mary Murray Murdoch ay halimbawa ng pag-asa at pananampalataya ng napakarami sa mga sinaunang pioneer na matapang na naglakbay pakanluran. Ang mga espirituwal na paglalakbay ngayon ay nangangailangan ng pag-asa at pananampalatayang katulad ng sa mga naunang pioneer. Maaaring iba ang ating mga hamon, ngunit gayon pa rin katindi ang mga paghihirap.

Dalangin ko na ang ating mga pag-asam ay humantong sa katuparan ng ating mabubuting pangarap. Dalangin ko lalo na palakasin ng ating pag-asa sa Pagbabayad-sala ang ating pananampalataya at pag-ibig sa kapwa at bigyan tayo ng walang hanggang pananaw sa ating hinaharap. Nawa'y mapasaating lahat ang ganap na kaliwanagan ng pag-asa, ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Larry M. Gibson**
Unang Tagapayo sa Young Men General Presidency

# Mga Sagradong Susi ng Aaronic Priesthood

*Nais ng Panginoon na anyayahan ng bawat maytaglay ng Aaronic Priesthood ang lahat na lumapit kay Cristo—simula sa kanilang sariling pamilya.*

Isa sa mga anak kong lalaki, na 12 anyos, ang nagpasiyang mag-alaga ng mga kuneho. Gumawa kami ng mga kulungan at bumili ng dalawang babaeng kuneho sa aming kapitbahay. Wala akong ideya sa inumpisahan naming ito. Hindi nagtagal, napuno na ng mga kuneho ang aming kubol. Ngayong malaki na ang anak ko, masasabi kong hinangaan ko ang pagbabantay niya sa mga ito—kahit na paminsan-paminsan ay nakakapasok ang aso ng kapitbahay at kinakain ang ilan sa mga kuneho.

Ngunit napakasaya ko sa tuwing nakikita ko ang mga anak ko na binabantayan at pinoprotektahan ang mga kunehong iyon. At ngayon, bilang mga asawa at ama, sila ay karapat-dapat na maytaglay ng priesthood na nagmamahal, nagpapalakas, at nangangalaga ng kanilang sariling pamilya.

Masaya ako na makita kayong mga kabataan ng Aaronic Priesthood na binabantayan, tinutulungan, at pinalalakas ang mga nasa paligid ninyo, kabilang na ang inyong pamilya, mga miyembro ng inyong korum, at marami pang iba. Mahal ko kayo.

Kamakailan nasaksihan ko ang pag-set apart sa isang 13-anyos na binatilyo bilang pangulo ng deacons quorum. Kasunod niyon kinamayan siya ng bishop at tinawag siyang "pangulo," at ipinaliwanag sa mga miyembro ng korum na "tinawag niya itong pangulo para bigyang-diin ang kabanalan ng kanyang tungkulin. Ang pangulo ng deacons quorum ay isa sa apat lang na tao sa ward na nagtataglay ng mga susi ng panguluhan. Taglay ang mga susing iyon, siya kasama ang kanyang mga tagapayo, ang mamumuno sa korum sa patnubay ng Panginoon." Naunawaan ng bishop na ito ang kapangyarihan ng panguluhan na pinamumunuan ng isang pangulo na nagtataglay at gumagamit ng mga sagradong susi ng priesthood. (Tingnan sa D at T 124:142–43.)

Maya-maya ay tinanong ko ang binatilyong ito kung handa na siyang pamunuan ang malaking korum na ito. Sagot niya'y: "Kinakabahan po ako. Hindi ko po alam ang ginagawa ng isang pangulo ng korum. Maaari po ba ninyong sabihin sa akin?"

Sinabi ko sa kanya na tutulungan siya ng kanyang mabait na bishopric at mga adviser na maging



matagumpay at mabisang lider ng priesthood. Alam ko na igagalang nila ang sagradong mga susi ng panguluhan na taglay niya.

Pagkatapos ay itinanong ko ito: "Sa palagay mo ba tatawagin ka ng Panginoon sa mahalagang tungkuling ito nang walang gabay?"

Nag-isip siya at sumagot, "Saan ko po makikita ang gabay?"

Pagkaraan ng kaunti pang pag-uusap, nalaman niya na makikita niya ang gabay sa mga banal na kasulatan, sa mga salita ng mga buhay na propeta, at sa mga sagot sa panalangin. Nagpasiya kaming maghanap ng talata kung saan magsisimula siyang maghanap upang malaman ang mga responsibilidad ng kanyang bagong tungkulin.

Binuklat namin ang ika-107 bahagi ng Doktrina at mga Tipan, talata 85. Sabi roon ang pangulo ng deacons quorum ay nauupo sa isang kapulungan kasama ang mga miyembro ng kanyang korum at itinuturo sa kanila ang kanilang mga tungkulin. Nalaman namin na ang kanyang korum ay hindi lamang isang klase kundi kapulungan ng mga kabataang lalaki, at dapat nilang palakasin at patatagin ang isa't isa ayon sa patnubay ng pangulo. Sinabi ko na naniniwala akong magiging mahusay siyang pangulo na aasa sa inspirasyong mula sa Panginoon at gagampanan ang kanyang sagradong tungkulin habang itinuturo niya sa kanyang kapwa mga deacon ang kanilang mga tungkulin.

Pagkatapos ay itinanong ko, "Ngayong alam mo na dapat mong ituro sa mga deacon ang tungkulin nila, alam mo ba kung ano ang mga tungkuling iyon?"

Binasa naming muli ang mga banal na kasulatan at nalaman na:

1. Ang deacon ay itinalaga na maging tagapangalaga at tumatayong mangangaral sa Simbahan (tingnan sa D at T 84:111).

   Dahil ang pamilya ang pangunahing yunit ng Simbahan, ang pinakamahalagang lugar na maisasagawa ng isang maytaglay ng Aaronic Priesthood ang tungkuling ito ay sa kanyang sariling tahanan. Tumutulong siya bilang maytaglay ng priesthood sa kanyang ama at ina habang pinamumunuan nila ang pamilya. Pinangangalagaan din niya ang kanyang mga kapatid, ang mga kabataan sa kanyang korum, at ang iba pang miyembro ng ward.
2. Tinutulungan ng deacon ang teacher sa lahat ng kanyang mga tungkulin sa Simbahan kung hinihingi ng pagkakataon (tingnan sa D at T 20:57).

   Nagpasiya kami na kung tutulong ang isang deacon sa mga tungkulin ng mga teacher, kailangang alam niya ang kanilang mga tungkulin. Binuklat namin ang mga banal na kasulatan at mabilis naming natukoy ang mahigit isang dosenang tungkulin ng katungkulan ng teacher (tingnan sa D at T 20:53–59; 84:111). Napakagandang karanasan para sa bawat kabataang lalaki—at kanyang ama, mga adviser, at sa ating lahat—na gawin mismo ang ginawa ng binatilyong ito: basahin ang mga banal na kasulatan at alamin mismo sa ating sarili ang kanilang mga tungkulin. Palagay ko marami sa atin ang magugulat—at matutuwa—sa matutuklasan natin. Ang Tungkulin sa Diyos ay naglalaman ng buod ng mga tungkulin ng Aaronic Priesthood at ito ay napakagandang reperensya para sa espirituwal na pag-unlad. Hinihimok ko kayong palagi itong gamitin.
3. Gayon din ang mga deacon at teacher ay "magbababala, magpapaliwanag, manghihikayat, at magtuturo, at mag-aanyaya sa lahat na lumapit kay Cristo" (D at T 20:59; tingnan sa mga talata 46 at 68 para sa mga priest).

   Maraming binatilyo ang nag-aakala na nagsisimula ang kanilang pagiging misyonero kapag 19-anyos na sila at papasok na sa Missionary Training Center. Natutuhan natin sa mga banal na kasulatan na nagsisimula iyan nang mas maaga pa. Nais ng Panginoon na anyayahan ng bawat maytaglay ng Aaronic Priesthood ang lahat na lumapit kay Cristo—simula sa kanyang sariling pamilya.

Kasunod niyan, para tulungang maunawaan ng batang pangulong ito na siya lamang ang namumuno sa korum, iminungkahi kong basahin niya nang tatlong beses ang unang tungkulin na nasa Doktrina at mga Tipan 107:85. Binasa niya, "Mamuno sa labindalawang [deacon]." Itinanong ko, "Ano ang sinasabi mismo sa iyo ng Panginoon tungkol sa tungkulin mo bilang pangulo?"

"Alam po ninyo," sabi niya, "ang daming pumapasok sa isip ko habang nag-uusap po tayo. Palagay ko gusto ng Ama sa Langit na maging pangulo ako ng labindalawang deacon. Lima lamang po kaming dumadalo, at kung minsan nga iisa lang. Kaya paano kami magiging labindalawa?"

Ngayon, hindi ko naisip kailan man ang gayong pakahulugan sa talatang ito na tulad ng ginawa niya, pero gayunpaman, hawak niya ang mga sagradong susi na hindi ko hawak. Tinuturuan ako ng isang 13-anyos na pangulo ng deacons quorum tungkol sa kapangyarihan ng paghahayag na dumarating sa mga nagtataglay ng sagradong mga susi ng panguluhan anuman ang kanilang talino, katayuan, o edad.

Ang sagot ko'y, "Hindi ko alam.

Ano sa palagay mo?"

At sabi niya, "Kailangan pong malaman namin kung paano sila mapapapunta. Alam ko na may dalawa pa na dapat dumadalo sa korum namin, pero hindi sila dumadalo, at hindi ko sila kilala. Siguro puwede ko po silang kaibiganin at iyong dalawang tagapayo ko naman ang sa iba pa. Kung darating sila lahat, magiging pito na kami, pero saan pa po namin hahanapin iyong lima?"

"Hindi ko alam," sagot ko, "pero kung nais ng Ama sa Langit na dumalo sila, alam Niya ang sagot."

"Kung ganoon po kailangang magdasal kami bilang panguluhan at korum para malaman ang dapat gawin." Pagkatapos ay itinanong niya, "Responsibilidad ko po bang lahat ang mga batang nasa edad ng deacon sa ward natin, kahit hindi sila mga miyembro?"

Namamanghang sinabi ko, "Sa pananaw ba ng Panginoon, responsibilidad lang ba ng bishop mo ang mga miyembro ng ward o ang lahat ng nasasakupan nito?"

Naintindihan ito ng batang "mangangaral" na ito. Naunawaan niya ang tungkulin ng bawat deacon, teacher, at priest sa pangangalaga sa Simbahan at pag-anyaya sa lahat na lumapit kay Cristo.

Pumasok sa isip ko ang isang talata habang iniisip ko ang ating kahanga-hangang mga kabataan ng Simbahan—isang talatang binanggit ni Moroni kay Joseph Smith, na nagsasabing "hindi pa ito natutupad, ngunit malapit na" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:41)—"At mangyayari pagkatapos, na ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng laman; at ang inyong mga anak na lalake at babae ay manganghuhula, . . . ang inyong mga binata ay mangakakakita ng mga pangitain" (Joel 2:28).



Ang "pumasok sa isip" ng batang pangulong ito ay ang pangitain tungkol sa nais ng Ama sa Langit na mangyari sa kanyang korum. Iyon ang paghahayag na kailangan niya para mapalakas ang mga aktibong miyembro ng kanyang korum, iligtas ang mga nahihirapan, at anyayahan ang lahat na lumapit kay Cristo. Dahil nabigyang-inspirasyon, pinlano niyang isagawa ang kagustuhan ng Panginoon.

Itinuro ng Panginoon sa batang pangulong ito na ang ibig sabihin ng *priesthood* ay paglilingkod sa iba. Tulad ng paliwanag ng ating pinakamamahal na propeta, si Pangulong Thomas S. Monson: "Ang priesthood ay higit pa sa isang kaloob, ito ay isang matapat na pangakong maglingkod, isang pribilehiyo na makapagpasigla, at pagkakataon para pagpalain ang buhay ng iba" ("Ang Banal na Priesthood na Ipinagkatiwala Niya sa Atin," *Liahona,* Mayo 2006, 57).

Paglilingkod ang pinakapundasyon ng priesthood—ang paglilingkod sa iba na ipinakita ng Tagapagligtas. Nagpapatotoo ako na ito ang Kanyang priesthood, tayo ay nasa Kanyang paglilingkod, at ipinakita Niya sa lahat ng maytaglay ng priesthood ang paraan ng matapat na paglilingkod ng priesthood.

Inaanyayahan ko ang bawat panguluhan ng korum ng mga deacon, teacher, at priest na palagiang magsanggunian, mag-aral, at manalagin para malaman ang nais mangyari ng Panginoon sa inyong korum at humayo at gawin ito. Gamitin ang Tungkulin sa Diyos para matulungan kayong maituro sa mga miyembro ng korum ninyo ang kanilang mga tungkulin. Inaanyayahan ko ang bawat miyembro ng korum na suportahan ang pangulo ng inyong korum at hingan siya ng payo habang inyong pinag-aaralan at matwid na ginagampanang lahat ang inyong tungkulin sa priesthood. At inaanyayahan ko ang bawat isa sa atin na tingnan ang kahanga-hangang mga kabataang ito gaya ng pagtingin sa kanila ng Panginoon—isang mabisang kasangkapan sa pagtatayo at pagpapalakas ng Kanyang kaharian dito at ngayon.

Taglay ninyong mga kahangahanggang kabataan ang Aaronic Priesthood, na ipinanumbalik ni Juan Bautista kina Joseph Smith at Oliver Cowdery malapit sa Harmony, Pennsylvania. Hawak ng inyong priesthood ang sagradong mga susi na nagbubukas ng oportunidad para sa lahat ng mga anak ng Ama sa Langit upang makalapit sa Kanyang Anak, na si Jesucristo, at Siya ay sundin. Ito ay ibinigay sa pamamagitan ng "ebanghelyo ng pagsisisi, at ng pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan"; sa linggu-linggong ordenansa ng sacrament; at sa, " paglilingkod ng mga anghel" (D at T 13:1; Joseph Smith—Kasaysayan 1:69). Kayo ay tunay na mga mangangaral na dapat manatiling malinis at karapat-dapat at matatapat na kalalakihan ng priesthood sa lahat ng panahon at sa lahat ng lugar.

Bakit? Pakinggan ang mga salita ng ating pinakamamahal na Unang Panguluhan, na ibinigay sa bawat isa sa inyo sa inyong Tungkulin sa Diyos:

"Ikaw ay may awtoridad na pangasiwaan ang mga ordenansa ng Aaronic Priesthood. . . . Pagpapalain mong mabuti ang buhay ng mga nakapaligid sa iyo. . . .

"Malaki ang tiwala ng Ama sa Langit sa iyo at may mahalagang misyong ipagagawa sa iyo" (*Fulfilling My Duty to God: For Aaronic Priesthood Holders* [2010], 5).

Alam kong totoo ang mga salitang ito, at dalangin kong mapasaatin din ang patotoong iyan. At sinasabi ko ang mga bagay na ito sa banal na pangalan Niya na ang priesthood ay taglay natin, si Jesucristo, amen. ■



**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Ang Inyong Potensyal, ang Inyong Pribilehiyo

*Habang binabasa ninyo ang mga banal na kasulatan at nakikinig sa mga salita ng mga propeta nang buong puso at pag-iisip, sasabihin sa inyo ng Panginoon kung paano mamuhay ayon sa inyong mga pribilehiyo sa priesthood.*

Minsan may isang taong matagal na nangarap na makasakay sa barko at maglayag sa Mediterranean Sea. Nangarap siyang makapaglakad sa mga kalsada ng Roma, Athens, at Istanbul. Inipon niya ang lahat ng perang maitatabi niya hanggang sa magkaroon na siya ng sapat na pamasahe. Dahil kaunti lang ang pera niya, bumili siya ng isa pang maleta na pinaglagyan ng mga delatang beans, mga kahon ng biskuwit, at lemonada, at iyon ang kinain niya araw-araw.

Gusto sana niyang makibahagi sa maraming aktibidad sa barko—pag-eehersisyo sa gym, paglalaro ng miniature golf, at paglangoy sa pool. Kinainggitan niya ang mga nakapanood ng mga pelikula, palabas, at pagtatanghal na pangkultura. At gustung-gusto niyang matikman ang mga pagkaing nakikita niya sa barko—lahat ay tila masasarap! Gayunman nagtitipid ang lalaki kaya't hindi siya nakibahagi sa alinman dito. Nakita niya ang mga lungsod na matagal na niyang gustong puntahan, ngunit sa maraming oras ng paglalakbay, naroon lamang siya sa kanyang cabin at kumakain ng kanyang simpleng pagkain.

Sa huling araw ng paglalayag ng barko, tinanong siya ng isang tripulante kung aling farewell party ang dadaluhan niya. Noon lamang nalaman ng lalaki na hindi lamang farewell party kundi lahat ng nasa barko—ang pagkain, libangan, lahat ng aktibidad—ay kasama sa binayaran niyang tiket. Huli na, natanto ng lalaki na hindi niya sinamantala ang mga pribilehiyong ibinigay sa kanya.

Ang tanong sa talinghagang ito ay, Tayo ba bilang mga mayhawak ng priesthood ay hindi sinasamantala ang pribilehiyo na may kaugnayan sa sagradong kapangyarihan, mga kaloob, at pagpapala na oportunidad at karapatan natin bilang mga maytaglay ng priesthood ng Diyos?

## Ang Kaluwalhatian at Kamarhalikaan ng Priesthood

Alam nating lahat na ang priesthood ay higit pa sa pangalan o titulo. Itinuro ni Propetang Joseph na "ang Priesthood ay walang hanggang alituntunin, at umiral kasabay ng Diyos mula sa kawalang-hanggan . . . hanggang sa kawalang-hanggan, walang simula o katapusan ng mga panahon."[1] Taglay nito "maging ang susi ng kaalaman tungkol sa Diyos."[2] Sa katunayan, sa pamamagitan ng priesthood ang "kapangyarihan ng kabanalan ay makikita."[3]

Ang mga pagpapala ng priesthood ay hindi natin kayang maunawaan. Ang matatapat na maytaglay ng Melchizedek Priesthood ay "magiging . . . hinirang ng Diyos."[4] Sila ay "pababanalin sa pamamagitan ng Espiritu para sa pagpapanibago ng kanilang mga katawan" [5] at sa huli ay tatanggap ng "lahat ng mayroon [ang] Ama."[6] Maaaring mahirap itong maunawaan, ngunit ito ay maganda, at pinatototohanan ko na totoo ito.

Ang katotohanang ipagkakatiwala ng Ama ang kapangyarihan at responsibilidad na ito sa tao ay patunay ng Kanyang malaking pagmamahal sa atin at pagtukoy noon pa man sa ating potensyal bilang mga anak na lalaki ng Diyos sa kabilang buhay.

Gayunpaman, kadalasan ipinahihiwatig ng mga ginagawa natin na hindi tayo namumuhay ayon sa potensyal na ito. Kapag tinanong tayo tungkol sa priesthood, marami sa atin ang makapagbibigay ng tamang kahulugan nito, ngunit sa ating buhay sa araw-araw bahagyang nakikita na hindi natin nauunawaan ang tunay na kahulugan nito.

Mga kapatid, may pagpipilian tayo. Maaari tayong makuntento sa di-gaanong mahalagang karanasan bilang mga maytaglay ng priesthood at hindi samantalahin ang ating mga pribilehiyo. O maaari tayong makibahagi sa maraming espirituwal na oportunidad at mga pagpapala ng priesthood sa buong mundo.

## Ano ang Magagawa Natin Upang Mamuhay nang Ayon sa Ating Potensyal?

Ang mga salitang nakasulat sa mga banal na kasulatan at binanggit sa pangkalahatang kumperensya ay para sa atin upang "[ihalintulad]

ang mga ito sa ating sarili,"[7] hindi para basahin o pakinggan lamang.[8] Kadalasan, dumadalo tayo sa mga miting at tumatangu-tango; nangingiti pa tayo at sumasang-ayon. Isinusulat natin ang gagawin natin, at sinasabi sa ating sarili, "Ito ang gagawin ko." Ngunit sa pagitan ng pakikinig, paglilista ng gagawin sa ating smart phone, at sa aktuwal na paggawa, ang ating desisyong "gawin ito" kaagad ay "naipagpapaliban." Mga kapatid, tiyaking "magagawa" natin "ngayon" ang desisyong iyan!

Habang binabasa ninyo ang mga banal na kasulatan at nakikinig sa mga salita ng mga propeta nang buong puso at pag-iisip, sasabihin sa inyo ng Panginoon kung paano mamuhay ayon sa inyong mga pribilehiyo sa priesthood. Huwag hayaang lumipas ang isang araw nang hindi kumikilos sa mga paramdam ng Espiritu.

**Una: Basahin ang Owner's Manual**

Kung kayo ang may-ari ng pinakabago at mamahaling computer sa mundo, gagamitin lang ba ninyo itong dekorasyon sa inyong mesa? Maaaring mukhang kahanga-hanga ang computer. Maaaring napakarami nitong magagawa. Ngunit sa pag-aaral lamang ng owner's manual, matututuhan kung paano gamitin ang software, at magamit nang lubos ang kakayahan nito.

Ang banal na priesthood ng Diyos ay mayroon ding owner's manual. Mangako tayong basahin ang mga banal na kasulatan at hanbuk nang may mas tapat na layunin at pagtutuon ng pansin. Simulan nating basahing muli ang mga bahagi 20, 84, 107, at 121 ng Doktrina at mga Tipan. Kapag pinag-aralan nating mabuti ang layunin, kakayahan, at gamit ng priesthood, lalo tayong mamamangha sa kapangyarihan nito, at tuturuan tayo ng Espiritu kung paano taglayin at gamitin ang kapangyarihang iyan upang mapagpala ang ating pamilya, komunidad, at ang Simbahan.

Likas sa ating mga tao na unahin ang pag-aaral at pagtatamo ng kaalaman. Gusto natin at dapat mahusay tayo sa ating pag-aaral at trabaho. Pinupuri ko kayo sa pagsisikap ninyong



magtamo ng edukasyon at maging mahusay sa inyong trabaho. Inaanyayahan ko kayo na maging mahusay rin sa mga doktrina ng ebanghelyo—lalo na sa doktrina ng priesthood.

Nabubuhay tayo sa panahon na ang mga banal na kasulatan at salita ng mga makabagong apostol at propeta ay mas madali nang makuha kaysa alinmang panahon sa kasaysayan ng mundo. Gayunman, pribilehiyo natin at tungkulin, at responsibilidad nating kamtan at matutuhan ang mga itinuturo ng mga ito. Ang mga alituntunin at doktrina ng priesthood ay dakila at banal. Kapag pinag-aralan nating mabuti ang doktrina at potensiyal nito at isinabuhay ang layunin ng priesthood, ang ating kaluluwa ay mas bubuti at lalawak ang ating pang-unawa, at makikita natin ang inilalaan ng Panginoon para sa atin.

**Pangalawa: Hangarin ang mga Paghahayag ng Espiritu**

Ang matibay na patotoo kay Jesucristo at sa Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo ay nangangailangan



***Bucharest, Romania***

ng higit pa sa kaalaman—nangangailangan ito ng pansariling paghahayag, na pinagtibay sa pamamagitan ng tapat at masigasig na pagsasabuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Si Propetang Joseph Smith ay nagpaliwanag na ang priesthood ay "daluyan kung saan sinimulang ihayag ng Maykapal ang Kanyang kaluwalhatian sa pagsisimula ng paglikha sa mundong ito, at sa pamamagitan nito ay patuloy Niyang inihahayag ang Kanyang Sarili sa mga anak ng tao hanggang sa ngayon."[9]

Kung hindi natin hinahangad na gamitin ang daluyang ito ng paghahayag, hindi natin sinasamantala ang ibinigay sa ating mga pribilehiyo ng priesthood. Halimbawa, nariyan ang mga taong naniniwala ngunit hindi nila alam na naniniwala sila. Matagal na silang nakatanggap ng maraming sagot sa pamamagitan ng marahan at banayad na tinig, ngunit dahil ang inspirasyong ito ay tila hindi halos maramdaman at di-gaanong mahalaga, hindi nila nalaman kung ano talaga ito. Dahil dito, hinayaan nilang maging hadlang ang pag-aalinlangan kaya't hindi nila maabot ang kanilang potensyal bilang mga mayhawak ng priesthood.

Ang paghahayag at patotoo ay hindi palaging dumarating nang biglaan. Para sa marami, ang patotoo ay dumarating nang dahan-dahan—paisa-isa. Kung minsan dumarating ito nang paunti-unti kaya't mahirap maalala kung kailan natin nalaman na totoo ang ebanghelyo. Ang Panginoon ay nagbibigay sa atin ng "taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin, kaunti rito at kaunti roon."[10]

Sa ibang paraan, ang ating patotoo ay tulad ng snowball o bolang niyebe na mas lumalaki sa bawat paggulong nito. Nagsisimula tayo sa maliit na liwanag—kahit na ito ay pagnanais lamang na maniwala. Unti-unti, ang "liwanag ay kumukunyapit sa liwanag,"[11] at "siya na tumatanggap ng liwanag, at nagpapatuloy sa Diyos, ay tumatanggap ng marami pang liwanag; at ang liwanag na yaon ay lumiliwanag nang lumiliwanag hanggang sa ganap na araw,"[12] kapag "sa takdang panahon ay tumanggap [tayo] ng kanyang kaganapan."[13]

Isipin kung gaano kaganda ang mahigitan ang ating mortal na mga kakayahan, mabuksan ang mata ng ating pang-unawa at makatanggap ng liwanag at kaalaman mula sa langit! Pribilehiyo at oportunidad natin bilang mga maytaglay ng priesthood na hangarin ang pansariling paghahayag at matutuhan kung paano malalaman ang katotohanan para sa ating sarili sa pamamagitan ng matibay na patotoo ng Banal na Espiritu.

Masigasig nating hanapin ang liwanag ng inspirasyon para sa ating sarili. Magsumamo tayo sa Panginoon na pagkalooban ang ating isipan at kaluluwa ng pananampalataya nang sa gayon ay matanggap at makilala natin ang banal na pagmiministeryo ng Banal na Espiritu sa bawat sitwasyon at sa mga pagsubok sa ating buhay at sa mga tungkulin sa priesthood.

**Pangatlo: Magalak sa Paglilingkod Bilang Mayhawak ng Priesthood**

Noong nagtatrabaho ako bilang piloto, nagkaroon ako ng pagkakataong obserbahan at sanayin ang iba pang mga piloto. Bahagi ng trabaho ko ang sanayin at subukan ang matagal nang mga piloto upang matiyak na may kaalaman at kasanayan sila na kailangan sa ligtas at mahusay na pagpapalipad ng malalaking eroplano.

Natuklasan ko na may mga piloto na, bagama't maraming taon na sila sa trabaho, ay naroon pa rin ang katuwaan sa paglipad sa himpapawid, "pumapaitaas mula sa Lupa at masayang binabagtas ang kalangitan."[14] Gustung-gusto nila ang tunog ng ihip ng hangin, ang ugong ng malalaking makina, ang damdaming sila ay "bahagi ng hangin at ng madilim na kalangitan at mga bituin sa dako pa roon."[15] Ang kanilang kasiglahan ay nakahahawa.

May iilan rin na tila naging karaniwan na lang sa kanila ang pagpapalipad. Eksperto na sila sa sistema at pagpapalipad ng eroplano, ngunit wala na sila nadaramang kasiyahan sa paglipad sa himpapawid "na hindi pa kailanman nalipad ng munting ibon, o kahit ng agila."[16] Wala na ang pagkamangha nila sa maningning na araw, sa kagandahan ng mga likha ng Diyos kapag tinatawid nila ang mga karagatan at mga kontinente. Kung nakatugon sila sa mga kinakailangan, ipinapasa ko sila, ngunit nalulungkot din para sa kanila.

Maitatanong ninyo sa inyong sarili kung karaniwan na lamang ba sa inyo ang mga ginagawa ninyo sa priesthood—ginagawa ang inaasahan sa inyo ngunit walang nadaramang saya. Ang pagtataglay ng priesthood ay nagbibigay sa atin ng maraming pagkakataon upang madama ang kaligayahan kaya nga nasabi ni Ammon: "Hindi ba may malaking dahilan upang tayo ay magsaya? . . . Tayo ay naging mga

kasangkapan sa mga kamay [ng Panginoon] sa paggawa ng dakila at kagila-gilalas na gawaing ito. Kaya nga, tayo ay magpapuri . . . sa Panginoon; oo, magsasaya tayo."[17]

Mga kapatid, masaya sa ating relihiyon! Napakapalad natin dahil taglay natin ang priesthood ng Diyos! Sa aklat ng Mga Awit mababasa natin, "Mapalad ang bayan na nakakaalam ng masayang tunog: sila'y nagsisilakad, Oh Panginoon, sa liwanag ng iyong mukha."[18] Mararanasan natin ang malaking kagalakang iyan kung hahanapin natin ito.

Kadalasan hindi natin nadarama ang kaligayahan na dulot ng paglilingkod sa araw-araw bilang mayhawak ng priesthood. Kung minsan, nadarama nating ang mga gawain ay tila mga pabigat. Mga kapatid, huwag tayong mabuhay na puno ng kapaguran, pag-aalala, at pagrereklamo. Hindi natin sinasamantala ang ating mga pribilehiyo sa buhay kung tinutulutan nating hadlangan tayo ng mundo na madama ang malaking kagalakang dulot ng katapatan at taos-pusong paglilingkod bilang mga mayhawak ng priesthood, lalo na sa ating sariling tahanan. Hindi natin sinasamantala ang ating mga pribilehiyo sa buhay kapag hindi tayo nakikibahagi sa kaligayahan, kapayapaan, at kagalakan na saganang ibinibigay ng Diyos sa matatapat na lingkod na mayhawak ng priesthood.

Mga kabataang lalaki, kung ang pagpunta sa simbahan nang maaga para tumulong sa paghahanda ng sakrament ay pahirap para sa inyo sa halip na pagpapala, inaanyayahan ko kayo na pag-isipang mabuti ang maaaring kahulugan ng sagradong ordenansang ito sa isang miyembro ng ward na marahil ay nakaranas ng hirap nang linggong iyon. Mga kapatid, kung ang home teaching ninyo ay tila hindi epektibo sa inyo, inaanyayahan ko kayo na tingnan nang may pananampalataya kung ano ang nagagawa ng pagdalaw ng isang lingkod ng Panginoon sa pamilyang may maraming problemang hindi nakikita. Kapag nakamtan ninyo ang banal na potensyal ng paglilingkod ninyo sa priesthood,



pupunuin ng Espiritu ng Diyos ang inyong puso at isipan, at mababanaag ito sa inyong mga mata at mukha.


Bilang mga maytaglay ng priesthood, huwag natin kailanman balewalain ang kahanga-hanga at sagradong ipinagkatiwala ng Panginoon sa atin.

#### Katapusan

Mahal kong mga kapatid, nawa'y masigasig nating hangaring matutuhan ang doktrina ng banal na priesthood, nawa'y palakasin natin ang ating patotoo nang taludtod sa taludtod sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga paghahayag ng Espiritu, at nawa'y makahanap tayo ng tunay na kagalakan sa araw-araw na paglilingkod bilang mayhawak ng priesthood. Kapag ginawa natin ang mga bagay na ito, magsisimula tayong mamuhay ayon sa ating potensyal at pribilehiyo bilang mga mayhawak ng priesthood, at "lahat ng bagay ay magagawa [sa pamamagitan ni Cristo na] nagpapalakas sa [atin]."[19] Pinatototohanan ko ito bilang Apostol ng Panginoon at binabasbasan kayo sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■


#### MGA TALA

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 121.
2. Doktrina at mga Tipan 84:19.
3. Doktrina at mga Tipan 84:20.
4. Doktrina at mga Tipan 84:34.
5. Doktrina at mga Tipan 84:33.
6. Doktrina at mga Tipan 84:38.
7. 1 Nephi 19:24.
8. Tingnan sa Santiago 1:22.
9. *Mga Turo: Joseph Smith,* 126.
10. 2 Nephi 28:30.
11. Doktrina at mga Tipan 88:40.
12. Doktrina at mga Tipan 50:24.
13. Doktrina at mga Tipan 93:19.
14. John Gillespie Magee Jr., "High Flight," sa Diane Ravitch, ed., *The American Reader: Words That Moved a Nation* (1990), 486.
15. Richard Bach, *Stranger to the Ground* (1963), 9.
16. Magee, "High Flight," 486.
17. Alma 26:13, 15–16.
18. Mga Awit 89:15.
19. Mga Taga Filipos 4:13.



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Pagkatuto sa Priesthood

*Kung kayo ay magiging masigasig at masunurin sa priesthood, mga kayamanan ng espirituwal na kaalaman ang ibubuhos sa inyo.*

Nagpapasalamat ako na makasama kayo sa pulong na ito ng priesthood ng Diyos. Tayo'y nasa iba't ibang lugar ngayong gabi at nasa maraming yugto ng ating paglilingkod bilang mayhawak ng priesthood. Subalit, sa lahat ng pagkakaiba-iba ng ating kalagayan may iisa tayong pangangailangan. Iyon ay ang matutuhan ang ating mga tungkulin sa priesthood at pag-ibayuhin ang ating kakayahan upang maisagawa ang mga ito.

Noong deacon ako damang-dama ko ang pangangailangang iyan. Nakatira ako sa lugar na sakop ng isang maliit na branch ng Simbahan sa New Jersey, sa silangang baybayin ng Estados Unidos. Ako lang ang deacon sa branch—hindi dahil sa ako lang ang dumadalo kundi dahil sa ako lang talaga ang mag-isa na nasa rekord. Ang kuya kong si Ted, ang nag-iisang teacher. Narito siya ngayong gabi.

Deacon pa ako nang lumipat ang pamilya namin sa Utah. Doon ay natagpuan ko ang tatlong magagandang bagay na magpapabilis sa pag-unlad ko sa priesthood. Ang una ay ang pangulo na alam kung paano mamuno sa kapulungan kasama ang mga miyembro ng kanyang korum. Ang pangalawa ay ang malaking pananampalataya kay Jesucristo na nagdulot ng malaking pagmamahal na narinig na natin—ang pagmamahal sa isa't isa. At ang pangatlo ay ang iisang katiyakan na ang pinakamalawak na layunin ng priesthood ay gumawa para sa kaligtasan ng tao.

Hindi ang organisadong ward ang nakagagawa ng kaibhan. Ang naroon sa ward na iyon ay maaaring nasa ibang lugar din, sa anumang yunit ng Simbahan na inyong kinabibilangan.

Ang tatlong bagay na ito ay maaaring naranasan na ninyo sa inyong priesthood quorum kaya't hindi na ninyo ito napapansin. Para sa iba maaaring hindi ninyo damang kailangan pa ng pag-unlad, kaya't ang mga tulong na ito ay tila hindi ninyo kailangan. Alinman dito, dalangin kong tulungan ako ng Espiritu na malinaw na maipaliwanag ang mga ito at mahikayat kayo.

Ang layunin ko sa pagsasalita tungkol sa tatlong tulong na ito sa pagkatuto sa priesthood ay hikayatin kayo na pahalagahan at gamitin ang mga ito. Kung gagawin ninyo ito, ang inyong paglilingkod ay mas mapapahusay. At kung tinutupad ninyo ito, ang inyong paglilingkod bilang mayhawak ng priesthood ay tutulong sa mga anak ng Ama sa Langit nang higit pa sa inaakala ninyo ngayon.

Natuklasan ko ang una noong ako ay malugod na tanggapin sa priests quorum kasama ang bishop bilang aming pangulo. Maaaring sa tingin ninyo ay maliit na bagay lang ito ngunit ipinadama nito sa akin ang kapangyarihan sa priesthood na nagpabago sa aking paglilingkod sa priesthood mula noon. Nagsimula ito ayon sa paraan ng pamumuno niya sa amin.

Sa tingin ko, itinuring niya ang mga opinyon naming mga kabataang priest na parang kami ang pinakamatalinong tao sa mundo. Hinintay niyang makapagsalita ang lahat ng gustong magsalita. Nakinig siya. At kapag nagdesisyon siya ng dapat gawin, para sa akin ay tila pinagtibay ng Espiritu ang mga desisyon sa amin at sa kanya.

Naunawaan ko na ngayon ang ibig sabihin ng mga banal na kasulatan nang sabihin nitong ang pangulo ay mauupo sa kapulungan kasama ang mga miyembro ng kanyang korum.[1] At makaraan ang maraming taon noong ako ay bishop kasama ang aking priests quorum, kami ay naturuan ng natutuhan ko noong ako ay bata pang priest.

Makaraan ang dalawampung taon bilang bishop, nagkaroon ako ng pagkakataong makita ang epekto ng council, hindi lamang sa meetinghouse, kundi maging sa kabundukan. Sa isang aktibidad sa araw ng Sabado, isang miyembro ng korum ang magdamag na naligaw sa kagubatan. Sa nalalaman namin, siya ay mag-isa at walang pangginaw, pagkain, o masisilungan. Hinanap namin siya ngunit hindi namin siya nakita.

Natatandaan ko na sama-sama kaming nagdasal, ang priests quorum at ako, at pagkatapos ay hiniling kong magsalita ang bawat isa. Nakinig akong mabuti, at sa tingin ko ay ganoon din ang ginawa nila. Pagkatapos ng ilang sandali, nakadama kami ng kapanatagan. Nadama ko na ang



nawawalang miyembro ng korum ay ligtas sa isang lugar.

Naging malinaw sa akin kung ano ang dapat gawin at di-dapat gawin ng korum. Nang ilarawan ng mga taong nakakita sa kanya ang lugar na kinaroroonan niya sa kakahuyan dama kong alam ko ang lugar na iyon. Ang himala para sa akin ay ang makita na nagdulot ng paghahayag sa taong mayhawak ng mga susi ng priesthood ang pananampalataya kay Jesucristo ng nagkakaisang priesthood council. Nadagdagan ang kaalaman naming lahat sa araw na iyon tungkol sa kapangyarihan ng priesthood.

Ang pangalawang susi upang madagdagan ang kaalaman ay mahalin ang isa't isa na nagmumula sa malaking pananampalataya. Hindi ko tiyak kung alin ang nauuna, ngunit ang dalawang ito ay kapwa naroon kapag may malaki at mabilis na pagkatuto sa priesthood. Itinuro iyan ni Joseph Smith sa atin sa pamamagitan ng halimbawa.

Noong nagsisimula pa lang ang Simbahan sa dispensasyong ito, siya ay tumanggap ng utos mula sa Diyos na palakasin ang priesthood. Inutusang siyang magtatag ng mga paaralan para sa mga mayhawak ng priesthood. Iniutos ng Panginoon na dapat may pagmamahal sa bawat isa ang mga nagtuturo at tinuturuan. Narito ang mga salita ng Panginoon tungkol sa paglikha ng lugar sa pagkatuto ng priesthood at ano ang katangian nito para sa mga taong mag-aaral dito:

"Isaayos ang inyong sarili; . . . magtayo ng isang bahay . . . ng pagkakatuto, . . . isang bahay ng kaayusan. . . .

"Magtalaga sa inyo ng isang guro, at huwag maging mga tagapagsalita ang lahat kaagad; sa halip magsalita nang isa-isa at makinig ang lahat sa kanyang sinasabi, upang kapag ang lahat ay nakapagsalita na ang lahat ay mapasigla ng lahat, at upang ang bawat tao ay magkaroon ng pantay na pribilehiyo."[2]

Inilalarawan ng Panginoon ang nakita na natin na lakas ng priesthood council o ng isang klase na maghatid ng paghahayag sa pamamagitan ng Espiritu. Paghahayag ang tanging paraan na malalaman natin na si Jesus ang Cristo. Ang pananampalatayang iyan ang unang hakbang na ginagawa natin upang matutuhan ang mga alituntunin ng ebanghelyo.

Sa bahagi 88 ng Doktrina at mga Tipan, sa mga talata 123 at 124, binigyang-diin ng Panginoon na mahalin ang isa't isa at tumigil sa paghahanap ng mali ng bawat isa. Bawat isa ay tinanggap sa paaralan ng priesthood na itinatag ng Panginoon sa pamamagitan ng paggawa ng tipan na ipinakita sa pagtataas ng kamay na maging "kaibigan at kapatid . . . sa mga bigkis ng pagmamahal."[3]

Ngayon, hindi na natin sinusunod ang paggawa ng tipan kasabay ng pagtataas ng kamay, ngunit kapag nakakakita ako ng kahanga-hangang pagkatuto sa priesthood, naroon ang mga bigkis ng pagmamahal. Muli, nakita ko ang pagmamahal na ito bilang dahilan at epekto ng pag-aaral ng mga katotohanan ng ebanghelyo. Ang pagmamahal ay nag-aanyaya sa Espiritu Santo upang pagtibayin ang katotohanan. At ang kagalakan sa pag-aaral ng mga banal na katotohanan ay lumilikha ng pagmamahal sa puso ng tao na nagbabahagi ng natututuhan.

Ang kabaligtaran nito ay totoo rin. Ang pagtatalu-talo o inggit ay nakahahadlang sa kakayahan ng Espiritu Santo na turuan tayo at matanggap



ang liwanag at katotohanan. At ang kasunod na pagkabigo ay bunga ng mas malaking pagtatalo at paghahanap ng mali sa mga umaasang matututo na hindi naman nangyari.

Ang mga mayhawak ng priesthood na sama-samang natututong mabuti ay mga tagapamayapa sa tuwina. Nakikita ninyo ito sa mga klase sa priesthood at sa mga council. Ito ay kaloob na tumutulong sa tao na makita ang pagkakatulad nila kapag nakikita nila ang pagkakaiba-iba nila. Ito ay kaloob na tumutulong sa tao na makita na ang sinabi ng isang tao ay makatutulong sa halip na isiping sila ay iniwawasto.

Kapag sapat ang dalisay na pag-ibig ni Cristo at hangaring maging mga tagapamayapa, makakamtan ang pagkakaisa sa council at sa mga klase. Kailangan ng pasensya at kababaang-loob, ngunit nakita kong nangyayari ito kahit may mabibigat na isyung pinag-uusapan at magkakaiba ang pinagmulan ng mga tao sa mga council o klase.

Maisasagawa ang mataas na pamantayan na itinakda ng Panginoon para sa mga mayhawak ng priesthood sa paggawa ng mga desisyon sa mga korum. Mangyayari ito kung may malaking pananampalataya at pagmamahal at walang pagtatalu-talo. Narito ang hinihingi ng Panginoon para masang-ayunan Niya ang ating mga desisyon: "At bawat pagpapasiyang gagawin ng alinman sa mga korum na ito ay kinakailangang sa pamamagitan ng nagkakaisang tinig ng naturan; na, bawat kasapi sa bawat korum ay kinakailangang sumang-ayon sa mga pasiya nito, upang magawa ang kanilang pagpapasiya sa gayon ding kapangyarihan o bisa sa isa't isa."[4]

Ang pangatlong tulong sa pagkatuto sa priesthood ay dumarating sa iisang katiyakan tungkol sa dahilan kung bakit tayo pinagpapala ng Panginoon at pinagkakatiwalaan na magtaglay at gamitin ang Kanyag priesthood. Iyon ay ang gumawa para sa kaligtasan ng mga tao. Ang iisang katiyakang ito ay nagdudulot ng pagkakaisa sa mga korum. Masisimulan nating malaman ang tungkol dito mula sa banal na kasulatan kung paano tayong mga espiritung anak na lalaki ay inihanda bago isinilang para sa pambihirang karangalang magtaglay ng priesthood.

Sa pagsasalita tungkol sa mga pinagkatiwalaan ng priesthood sa buhay na ito, sinabi ng Panginoon, "Maging bago pa man sila isilang, sila, kasama ng marami pang iba, ay tumanggap ng kanilang mga unang aral sa daigdig ng mga espiritu at inihanda upang bumangon sa takdang panahon ng Panginoon upang gumawa sa kanyang ubasan para sa kaligtasan ng mga kaluluwa ng tao."[5]

Sa priesthood kabahagi tayo sa sagradong tungkulin na gumawa para sa mga kaluluwa ng tao. Pagbutihin pa natin ang paggawa hindi lamang matutuhang ito ang ating tungkulin. Dapat itong madama sa kaibuturan ng ating puso na kahit na ang maraming gawain sa ating kabataan o pagdating ng mga pagsubok ay hindi makahahadlang sa atin sa layuning iyan.

Hindi pa natatagalan binisita ko ang isang high priest sa kanyang tahanan. Hindi na siya nakadadalo sa mga pulong namin sa korum. Namumuhay siyang mag-isa. Pumanaw na ang kanyang magandang asawa at nakatira malayo sa kanya ang kanyang mga anak. Ang katandaan at karamdaman ay naglimita sa kanyang kakayahang maglingkod. Patuloy pa rin siyang nag-eehersisyo upang mapanatili kahit paano ang lakas na taglay niya noon.

Nang pumasok ako sa kanyang tahanan, tumayo siya gamit ang kanyang walker upang batiin ako. Pinaupo niya ako sa silyang malapit sa kanya. Pinag-usapan namin ang masasayang samahan namin sa priesthood.

Pagkatapos mariin niyang sinabi sa akin, "Bakit buhay pa ako? Bakit narito pa ako? Wala akong anumang nagagawa."

Sinabi ko sa kanya na may nagagawa siya para sa akin. Pinasisigla niya ako sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya at pagmamahal. Kahit sa maikli naming pag-uusap, nadama kong nais ko pang magpakabuti ako. Ang ipinakita niyang determinasyon na gawin ang isang bagay na mahalaga ay nagbigay ng inspirasyon sa akin na mas magsikap pa na paglingkuran ang iba at ang Panginoon.

Ngunit sa malungkot niyang tinig at tingin, nahiwatigan ko na hindi ko nasagot ang kanyang mga tanong. Iniisip pa rin niya kung bakit hinayaan siyang mabuhay ng Diyos sa gayong kalagayan na humahadlang sa kanyang kakayahang maglingkod.

Magiliw niya akong pinasalamatan

sa pagdalaw sa kanya. Nang tumayo ako upang umalis na, pumasok na ang nars na nagpupunta sa kanyang bahay at nananatili ng ilang oras araw-araw roon. Sa aming sarilinang pag-uusap, may kaunti siyang ikinuwento tungkol sa nars. Sinabi niyang kahanga-hanga ang nars. Siya ay namumuhay kasama ng mga Banal sa mga Huling Araw nang halos buong buhay niya pero hindi pa rin siya miyembro.

Sinamahan niya ako palabas ng pinto. Itinuro niya ang nars at nakangiting sinabi, "Kita mo na, wala talaga akong nagagawa. Sinikap kong mapabinyagan siya sa Simbahan ngunit walang nangyari." Ngumiti ang nars sa amin. Lumabas na ako at pauwi na sa aking tahanan.

Natanto ko na ang mga sagot sa kanyang mga tanong ay matagal nang nakatanim sa kanyang puso. Sinisikap ng magiting na high priest na iyon na gawin ang kanyang tungkulin, na itinuro sa kanya sa marami niyang taon sa priesthood.

Alam niya na ang tanging paraan upang matamo ng nars na iyon ng pagpapala ng kaligtasan sa pamamagitan ng ebanghelyo ni Jesucristo ay sa paggawa ng tipan at pagpapabinyag. Siya ay tinuruan ayon sa mga tipan ng bawat pangulo ng bawat korum mula deacon hanggang sa high priest.

Naalala niya at nadama ang



kanyang sariling sumpa at tipan sa priesthood. Tinutupad pa rin niya ito hanggang ngayon.

Siya ay saksi at misyonero para sa Tagapagligtas sa lahat ng sitwasyon. Nasa puso na niya ito. Ang hangarin ng kanyang puso ay mapagbago ang puso ng nars sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at pagtupad sa mga tipan.

Ang kanyang panahon sa paaralan ng priesthood sa buhay na ito ay maikli kumpara sa kawalang-hanggan. Ngunit kahit sa maikling panahong iyon ay naging eksperto siya sa mga walang hanggang aralin. Dadalhin niya, saanman siya tawagin ng Panginoon, ang mga aralin sa priesthood na walang hanggan ang kahalagahan.

Hindi lamang dapat sabik kayong matutuhan ang inyong mga aralin sa priesthood sa buhay na ito, kundi dapat ding maganda ang pananaw ninyo sa mga bagay na posible. Ilan sa atin ang maaaring limitahan ang ating isipan sa mga posibilidad na matutuhan ang mga ibinigay sa atin ng Panginoon sa paglilingkod sa Kanya.

Isang kabataang lalaki ang umalis sa kanyang nayon sa Welsh, nakinig sa mga Apostol ng Diyos, at sumapi sa kaharian ng Diyos sa lupa. Naglayag siyang kasama ng mga Banal patungong Amerika at sumakay sa bagon patawid sa kapatagan patungong kanluran. Kasama siya ng kasunod na grupo matapos makarating si Brigham Young sa lambak na ito. Kabilang sa kanyang paglilingkod bilang priesthood ang paghahanda at pag-aararo ng lupa.

Ipinagbili niya ang bukid sa murang halaga para magpunta sa misyon para sa Panginoon sa disyerto na tinatawag ngayong Nevada para alagaan ang mga tupa. Tinawag siya mula roon sa isang misyon sa kabilang ibayo sa mismong nayong nilisan niya sa kanyang kahirapan upang sumunod sa Panginoon.

Sa lahat ng ito, nakahanap siya ng paraan na matuto kasama ang mga kapatid sa priesthood. Dahil siya ay isang matapang na misyonero, lumakad siya sa kalsada ng Wales patungo sa malaking pag-aari ng isang lalaking apat na beses naging punong ministro ng Inglatera upang ituro sa kanya ang ebanghelyo ni Jesucristo.

Pinatuloy siya ng mayamang lalaki sa mansiyon nito. Siya ay nagtapos sa Eton College at sa Oxford University. Tinalakay ng misyonero ang pinagmulan ng tao, ang mahalagang ginagampanan ni Jesucristo sa kasaysayan ng mundo, at maging ang kahihinatnan ng mga bansa.

Sa katapusan ng kanilang paguusap, tumanggi ang lalaki na magpabinyag. Ngunit sa paghihiwalay nila, ang lider ng isa sa makapangyarihang mga imperyo ng mundo ay nagtanong sa abang misyonero, "Saan ka nagaral?" Ang sagot niya: "Sa priesthood ng Diyos."

Minsan marahil ay iniisip ninyo na mas gaganda sana ang buhay ninyo kung nakapag-aral kayo sa isang mahusay na paaralan. Dalangin ko na makita ninyo ang kadakilaan ng pagmamahal ng Diyos para sa inyo at sa pagkakataong Kanyang ibinigay sa inyo na makapasok sa Kanyang paaralan ng priesthood.

Kung kayo ay magiging masigasig at masunurin sa priesthood, mga kayamanan ng espirituwal na kaalaman ang ibubuhos sa inyo. Lalakas ang kakayahan ninyong daigin ang masama at maipahahayag ang katotohanan na umaakay patungo sa kaligtasan. Matatagpuan ninyo ang kagalakan sa kaligayahan ng mga taong naakay ninyo patungo sa kadakilaan. Ang inyong tahanan ay magiging lugar ng pagkatuto.

Pinatototohanan ko na ang mga susi ng priesthood ay naipanumbalik na. Si Pangulong Thomas S. Monson ang mayhawak at gumagamit ng mga susing iyon. Buhay ang Diyos at kilalang-kilala kayo. Si Jesucristo ay buhay. Kayo ay pinili para sa karangalang taglayin ang sagradong priesthood. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:87.
2. Doktrina at mga Tipan 88:119, 122.
3. Doktrina at mga Tipan 88:133.
4. Doktrina at mga Tipan 107:27.
5. Doktrina at mga Tipan 138:56.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

# Kapangyarihan ng Priesthood

*Nawa'y maging marapat tayong tumanggap ng banal na kapangyarihan ng priesthood na ating taglay. Nawa'y pagpalain nito ang ating buhay at nawa'y gamitin natin ito upang pagpalain ang buhay ng iba.*

Matagal kong ipinagdasal at pinag-aralan ang sasabihin ko sa gabing ito. Hindi ko ibig saktan ang damdamin ng sinuman. Naisip ko, "Ano ba ang mga hamon na kinakaharap natin? Ano ba ang nakakaharap ko sa bawat araw na dahilan para umiyak ako kung minsan sa hatinggabi?" Naisip kong sisikapin kong banggitin ang tungkol sa ilan sa mga hamong ito ngayong gabi. Ang ilan ay aakma sa mga kabataang lalaki. Ang iba ay aakma sa mga nasa katanghalian ang edad. Ang iba naman ay aakma sa mga medyo matanda na. Hindi natin pag-uusapan ang tungkol sa matatanda na.

Kaya't gusto kong simulan sa pagsasabing, napakainam na magkakasama tayo sa gabing ito. Narinig natin ang magaganda at napapanahong mensahe tungkol sa priesthood ng Diyos. Ako, kasama ninyo, ay napasigla at nabigyang-inspirasyon.

Sa gabing ito nais kong talakayin ang mga bagay na nasa isip ko nitong mga nakaraang araw at nahikayat akong ibahagi ito sa inyo. Sa anumang paraan, may kaugnayan itong lahat sa pagkamarapat ng sarili na kailangan para matanggap at magamit ang sagradong kapangyarihan ng priesthood na ating taglay.

Magsisimula ako sa pagbasa sa inyo mula sa bahagi 121 ng Doktrina at mga Tipan:

"Ang mga karapatan ng pagkasaserdote ay may di mapaghihiwalay na kaugnayan sa mga kapangyarihan ng langit, at . . . ang kapangyarihan ng langit ay hindi mapamamahalaan ni mahahawakan tanging alinsunod lamang sa mga alituntunin ng kabutihan.

"Na ito ay maaaring igawad sa atin, ito ay totoo; subalit kung ating tatangkaing pagtakpan ang ating mga kasalanan, o bigyang-kasiyahan ang ating kapalaluan, ang ating walang kabuluhang adhikain, o gumamit ng lakas o kapangyarihan o pamimilit sa mga kaluluwa ng mga anak ng tao, sa alinmang antas ng kasamaan, masdan, ang kalangitan ay lalayo; ang Espiritu ng Panginoon ay magdadalamhati; at kapag ito ay lumayo, Amen sa pagkasaserdote o sa kapangyarihan ng taong iyon."[1]

Mga kapatid, iyan ang makapangyarihang salita ng Panginoon tungkol sa Kanyang banal na awtoridad. Hindi natin mapagdududahan ang obligasyong ibinigay nito sa bawat isa sa atin na maytaglay ng priesthood ng Diyos.

Naparito tayo sa mundo sa panahong puno ng kaguluhan. Ang mga pamantayan ng moralidad ng masa ay unti-unting nagiging "halos kahit ano na lang."

Sapat na ang haba ng buhay ko para masaksihan ang maraming pagbabago sa moralidad ng lipunan. Noon halos lahat ng pamantayan ng Simbahan at ng lipunan ay magkatugma, ngayo'y may malawak na puwang sa ating pagitan, at lumalawak pa ito.

Maraming pelikula at palabas sa telebisyon ang nagpapakita ng pag-uugaling tuwirang sumasalungat sa mga batas ng Diyos. Huwag magpailalim sa pahiwatig at malinaw na kalaswaang napakadalas matagpuan doon. Ang mga titik ng karamihan sa tugtugin ngayon ay nasa gayong kategorya rin. Ang kahalayang laganap sa ating paligid ngayon ay hinding-hindi palalagpasin noon. Nakalulungkot na ang pangalan ng Panginoon ay paulit-ulit na ginagamit sa walang kabuluhan. Gunitain natin ang utos—isa sa sampu—na inihayag ng Panginoon kay Moises sa Bundok ng Sinai: "Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan; sapagka't hindi aariin ng Panginoong walang sala ang bumanggit ng kaniyang pangalan sa walang kabuluhan."[2] Nalulungkot ako na mayroon sa atin na lantad sa mahahalay na pananalita, at nakikiusap ako na huwag ninyo itong gamitin. Isinasamo ko na huwag kayong magsalita o gumawa ng anumang ikahihiya ninyo.

Tuluyan nang lumayo sa pornograpiya. Huwag na ninyo itong tingnan, kahit kailan. Napatunayang ito ay isang adiksyon na mas mahirap daigin. Iwasan ang alak at tabako o anumang droga, gayundin ang mga adiksyon na mahihirapan kayong itigil.

Ano ang poprotekta sa inyo mula sa kasalanan at kasamaan sa inyong

paligid? Naniniwala ako na ang matibay na patotoo sa ating Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo ang magliligtas sa inyo. Kung hindi pa ninyo nababasa ang Aklat ni Mormon, basahin ito. Hindi ko na hihilinging magtaas kayo ng kamay. Kung gagawin ninyo ito nang may panalangin at tapat na hangaring malaman ang katotohanan, ipakikita ng Espiritu Santo ang katotohanan nito sa inyo. Kung ito ay totoo—at *totoo nga*—ibig sabihin si Joseph Smith ay isang propetang nakita ang Diyos Ama at Kanyang Anak na si Jesucristo. Ang Simbahan ay totoo. Kung wala pa kayong patotoo sa mga bagay na ito, gawin ninyo ang kailangan para matamo ito. Mahalagang magkaroon kayo ng sariling patotoo, dahil hindi kayo lubos na masusuportahan ng patotoo ng ibang tao. Kapag nagkaroon na kayo ng patotoo, kailangan itong manatiling masigla at buhay sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos ng Diyos at regular na panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Magsimba. Kayong mga kabataang lalaki, dumalo sa seminary o institute kung mayroon nito sa inyong lugar.



Kung may mali sa inyong buhay, may paraan para maitama ninyo ito. Itigil ang anumang kasamaan. Kausapin ang inyong bishop. Anuman ang problema, malulutas ito sa pamamagitan ng wastong pagsisisi. Maaari kayong maging malinis muli. Sabi ng Panginoon, tungkol sa mga nagsisisi, "Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe,"[3] "at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito."[4]

Inilarawan ng Tagapagligtas ng sangkatauhan ang Kanyang sarili bilang nasa mundo ngunit hindi makamundo.[5] Tayo man ay magiging gayon kung tatanggihan natin ang mga maling konsepto at turo at mananatili tayong tapat sa ipinag-uutos ng Diyos.

Ngayon, nitong mga nakalipas na araw ay naiisip ko kayong mga binatang nasa edad na para mag-asawa pero hindi pa naiisip na mag-asawa. Nakikita ko ang magagandang dalaga na gustong mag-asawa at magkaroon ng pamilya, pero limitado ang pagkakataong gawin iyon dahil napakaraming binatang ayaw pang mag-asawa.

Hindi na bago ang sitwasyong ito. Marami nang nasabi ang mga nakaraang Pangulo ng Simbahan tungkol dito. Ibabahagi ko sa inyo ang isa o dalawang halimbawa ng kanilang pangaral.

Sabi ni Pangulong Harold B. Lee, "Hindi natin ginagawa ang ating tungkulin bilang maytaglay ng priesthood kapag lumagpas tayo sa edad ng pagaasawa at ipinagkait sa ating sarili ang marangal na pagpapakasal sa magagandang dalagang ito."[6]

Ganito ang sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Naaawa ako sa . . . ating mga dalaga, na nasasabik makapag-asawa at tila wala namang makita. . . . Wala akong gaanong simpatiya sa mga binata, na ayon sa kaugalian ng ating lipunan ay siyang may tanging karapatang manguna sa mga bagay na ito ngunit sa maraming pagkakataon ay ayaw kumilos."[7]

Alam ko na maraming dahilan kaya kayo atubiling gumawa ng hakbang para makapag-asawa. Kung inaalala ninyo ang paglalaan ng kabuhayan sa isang asawa at pamilya, tinitiyak ko sa inyo na hindi nakakahiyang magtipid at mag-ipon ang isang mag-asawa. Karaniwan ay sa mga panahong ito ng pagsubok kayo higit na nagkakalapit habang natututo kayong magsakripisyo at gumawa ng mahihirap na desisyon. Marahil ay natatakot kayong magkamali sa pagpili. Ang masasabi ko rito ay kailangan ninyong sumampalataya. Humanap ng isang taong makakasundo ninyo. Dapat ninyong malaman na hindi ninyo malalaman ang bawat hamon na darating, ngunit tinitiyak ko na halos lahat ay malulutas kung masigasig kayong humahanap ng kalutasan at nais ninyong magtagumpay ang inyong pagsasama bilang mag-asawa.

Marahil ay masyado kayong nasisiyahan sa pagiging binata, nagbabakasyon-grande, bumibili ng mamahaling kotse at laruan, at natutuwa lang sa masayang buhay kasama ang inyong mga kaibigan. Nakakita na ako ng mga grupo ninyo na magkakasama kahit saan, at inaamin ko na nagtaka



ako kung bakit hindi mga dalaga ang kasama ninyo.

Mga kapatid, may panahon para pag-isipang mabuti ang pag-aasawa at humanap ng isang katuwang na nais ninyong makapiling magpasawalang-hanggan. Kung matalino ang inyong pagpili at desididong magtagumpay sa inyong pagsasama, wala nang ibang higit na magpapaligaya sa inyo sa buhay na ito.

Kapag magpapakasal na kayo, mga kapatid, nanaisin ninyong makasal sa bahay ng Panginoon. Para sa inyo na maytaglay ng priesthood, dapat ay wala nang ibang pagpipilian. Mag-ingat dahil baka masira ang pagiging karapat-dapat ninyong makasal sa gayong paraan. Mapananatili ninyo sa angkop na hangganan ang inyong pagliligawan habang masaya pa rin kayong magkasama.

Ngayon, mga kapatid, tatalakayin ko ang isa pang paksa na nadama kong sabihin sa inyo. Sa loob ng tatlong taon mula nang sang-ayunan ako bilang Pangulo ng Simbahan, naniniwala ako na ang pinakamalungkot at nakapanlulumong responsibilidad ko sa bawat linggo ay ang pagkansela ng mga kasal na ibinuklod sa templo. Bawat isa ay nagsimula sa masayang kasal sa bahay ng Panginoon, kung saan ang nag-iibigan ay nagsimula ng bagong buhay na magkasama at umasam na makasama ang bawat isa magpakailanman. At pagkatapos sa paglipas ng mga buwan at taon, at sa kung anong dahilan, naglaho ang pag-ibig. Maaaring bunga iyon ng mga problema sa pera, kakulangan ng komunikasyon, hindi mapigil na galit, pakikialam ng mga biyenan, pagkakasala. Maraming posibleng dahilan. Sa maraming pagkakataon hindi kailangang humantong iyon sa diborsyo.

Karamihan sa mga kahilingan ng pagkansela ng kasal sa templo ay mula sa mga babaeng lubhang nagsikap upang magtagumpay ang pagsasama ngunit, sa bandang huli, hindi nakayanan ang mga problema.

Piliing mabuti at nang may panalangin ang inyong mapapangasawa; at kapag kasal na kayo, maging lubos na tapat sa isa't isa. Napakahalaga ng payo na nakita ko minsan sa isang maliit na plakeng nakakuwadro sa bahay ng tiyo at tiya ko. Sabi roon, "Piliin ang iyong iibigin; ibigin ang iyong pinili." Napakatalinong payo mula sa ilang salitang iyon. Ang katapatan sa asawa ay lubhang mahalaga.

Ang inyong maybahay ay kapantay ninyo. Sa mag-asawa walang sinumang mas mataas o mas mababa kaysa sa isa. Lumalakad kayong magkatabi bilang mga anak ng Diyos. Hindi siya dapat hamakin o insultuhin kundi dapat siyang respetuhin at mahalin. Sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Sinumang lalaki sa Simbahang ito na . . . di-matwid ang pakikitungo sa [kanyang asawa] ay hindi karapat-dapat na magtaglay ng priesthood. Bagama't maaaring naordenan siya, ang kalangitan ay lalayo, ang Espiritu ng Panginoon ay magdadalamhati, at wakas na ito ng kapangyarihan ng [priesthood] ng taong iyon."[8]

Ganito ang sinabi ni Pangulong Howard W. Hunter tungkol sa pag-aasawa: "Ang maligaya at matagumpay na pag-aasawa ay karaniwang hindi tungkol sa pagpapakasal sa tamang tao kundi ikaw dapat *ang tamang tao*." Gusto ko iyan. "Ang kusang pagsisikap na gampanang mabuti ang inyong bahagi ang makatutulong nang malaki sa pagtatagumpay."[9]

Maraming taon na ang nakalilipas sa ward na pinamunuan ko bilang bishop, may isang mag-asawa na madalas magkaroon ng napakatindi at mainitang pag-aaway. Mga totohanang pag-aaway. Iginigiit ng bawat isa sa kanila ang kani-kanyang katwiran. Walang gustong magpatalo. Kapag hindi sila nagtatalo, naroon pa rin sa kanila ang tinatawag kong nakababalisang katahimikan.

Minsan, alas-2 n.u ay tumawag sa akin ang mag-asawa. Gusto nila akong kausapin, at gusto nilang noon din mismo. Pinilit kong bumangon, nagbihis, at nagpunta ako sa kanilang tahanan. Nakaupo sila sa magkabilang panig ng silid nang hindi nagkikibuan sa isa't isa. Sa akin sinasabi ng babae ang gusto niyang sabihin sa lalaki. Sa akin naman sinasabi ng lalaki ang sagot niya sa babae. Naisip ko, "Paano kaya namin mapagkakasundo ang mag-asawang ito?"

Nagdasal ako para sa inspirasyon, at naisip kong tanungin sila. Sabi ko, "Gaano katagal na ba kayo huling nagpunta sa templo at nakasaksi ng kasal sa templo?" Inamin nila na napakatagal na. Karapat-dapat naman silang mga tao na mayhawak na temple recommend at nagpupunta noon sa templo at nagsasagawa ng ordenansa para sa iba.

Sabi ko sa kanila, "Maaari ba kayong sumama sa akin sa templo sa Miyerkules ng alas-8:00 ng umaga? Sasaksihan natin ang isang pagbubuklod doon."

Sabay silang nagtanong, "Kanino ho iyon?"

Sagot ko, "Hindi ko alam. Para iyon sa sinumang ikakasal sa

umagang iyon."

Pagsapit ng Miyerkules sa takdang oras nagkita-kita kami sa Salt Lake Temple. Pumasok kaming tatlo sa isa sa magagandang silid-bukluran, na walang kilala ni isang tao sa silid maliban kay Elder ElRay L. Christiansen, na noon ay Assistant sa Korum ng Labindalawa, isang katungkulan ng General Authority noon. Si Elder Christiansen ang nakatakdang magsagawa ng pagbubuklod para sa isang magkasintahan sa silid na iyon sa umagang iyon. Tiyak kong naisip ng babae at ng kanyang pamilya, "Mga kaibigan siguro ito ng lalaki" at naisip naman ng pamilya ng lalaki, "Mga kaibigan siguro ito ng babae." Ang mag-asawang kasama ko ay nakaupo sa maliit na bangko na mga dalawang talampakan (0.6 m) ang pagitan nila.

Nagsimulang magpayo si Elder Christiansen sa magkasintahang ikinakasal, at maganda ang sinabi niya. Binanggit niya kung paano dapat mahalin ng lalaki ang kanyang asawa, paano niya ito dapat tratuhin nang may respeto at paggalang, na iginagalang siya bilang puso ng tahanan. Pagkatapos ay kinausap niya ang babae kung paano niya dapat igalang ang kanyang asawa bilang ulo ng tahanan at suportahan ito sa lahat ng paraan.

Napuna ko na nang kausapin ni Elder Christiansen ang magkasintahan, medyo naglapit ang mag-asawang kasama ko. Hindi naglaon magkatabi na sila sa upuan. Ang ikinatuwa ko ay halos magkasabay silang umusog. Pagkatapos ng seremonya, magkatabi na ang mag-asawang kasama ko na para bang *sila* ang mga bagong kasal. Nakangiti sila pareho.

Nilisan namin ang templo noong araw na iyon, at walang nakaalam kung sino kami o bakit kami naroon, ngunit magkahawak-kamay ang mga kaibigan ko paglabas nila sa pintuan ng templo sa harapan. Naisantabi na ang hindi nila pagkakaunawaan. Hindi ko na kinailangang magsalita. Nakita ninyo, naalala nila ang araw ng kasal nila at ang mga tipang ginawa nila sa bahay ng Diyos. Nangako silang magsimulang muli at higit na magsikap sa pagkakataong ito.



Kung may sinuman sa inyo na nahihirapan sa inyong pagsasama, hinihikayat ko kayong gawin ang lahat para maisaayos ang kailangang isaayos, nang kayo ay lumigayang katulad noong bagong kasal kayo. Tayo na ikinasal sa bahay ng Panginoon ay ginagawa ito para sa buhay na ito at para sa buong kawalang-hanggan, at pagkatapos ay dapat nating sikaping mangyari ito. Alam ko na may mga sitwasyong hindi na maisasalba ang pagsasama, ngunit malakas ang pakiramdam ko na kadalasan ay maaari pa at dapat itong isalba. Huwag hayaang umabot ang pagsasama ninyo sa puntong manganib na ito.

Itinuro ni Pangulong Hinckley na nakasalalay sa bawat isa sa atin na may priesthood ng Diyos ang pagdidisiplina sa ating sarili para makapamuhay tayo ayon sa mga pamantayang mas mataas kaysa sa mundo. Mahalagang maging kagalang-galang at disente tayo. Hindi dapat mapintasan ang ating mga kilos.

Ang ating mga sinasabi, pagtrato sa iba, at paraan ng pamumuhay ay may epektong lahat sa impluwensya natin bilang mga lalaking mayhawak ng priesthood.

Ang kaloob na priesthood ay walang katumbas. Taglay nito ang awtoridad na kumilos bilang mga lingkod ng Diyos, mangasiwa sa maysakit, magbasbas sa ating pamilya, at pagpalain din ang iba. Ang awtoridad nito ay hanggang sa kabilang buhay, hanggang sa mga kawalang-hanggan. Wala itong katulad sa buong mundo. Ingatan ito, pangalagaan ito, maging marapat para dito.[10]

Mahal kong mga kapatid, nawa'y gabayan tayo ng kabutihan sa bawat hakbang sa paglalakbay natin sa buhay. Ngayon at tuwina, nawa'y maging marapat tayong tumanggap ng banal na kapangyarihan ng priesthood na taglay natin. Nawa'y basbasan nito ang ating buhay at nawa'y magamit natin ito upang basbasan ang buhay ng iba, tulad ng ginawa Niya na nabuhay at namatay para sa atin—maging si Jesucristo, na ating Panginoon at Tagapagligtas. Ito ang dalangin ko sa Kanyang sagrado, Kanyang banal na pangalan, amen. ■

**MGA TALA**

1. Doktrina at mga Tipan 121:36–37.
2. Exodo 20:7.
3. Isaias 1:18.
4. Doktrina at mga Tipan 58:42.
5. Tingnan sa Juan 17:14; Doktrina at mga Tipan 49:5.
6. "President Harold B. Lee's General Priesthood Address," *Ensign,* Ene. 1974, 100.
7. Gordon B. Hinckley, "What God Hath Joined Together," *Ensign,* Mayo 1991, 71.
8. Gordon B. Hinckley, "Personal Worthiness to Exercise the Priesthood," *Liahona,* Hulyo 2002, 60.
9. *The Teachings of Howard W. Hunter,* ed. Clyde J. Williams (1997), 130.
10. Tingnan sa Gordon B. Hinckley, *Liahona,* Hulyo 2002, 58–61.



**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Paghihintay sa Daan patungong Damasco

*Ang mga masigasig na naghahangad na matuto tungkol kay Cristo ay makikilala Siya kalaunan.*

Isa sa mga pinakamagandang kaganapan sa kasaysayan ng mundo ay nangyari sa daan patungong Damasco. Alam na alam ninyo ang kuwento tungkol kay Saulo, isang binata na "pinuksa ang iglesia, na pinapasok ang bahay-bahay . . . ipinapasok [ang mga Banal] sa bilangguan."[1] Napakabagsik ni Saulo kaya't maraming miyembro sa Simbahan noon ang umalis ng Jerusalem sa pag-asang matakasan ang kanyang galit.

Tinugis sila ni Saulo. Ngunit nang siya ay "malapit sa Damasco . . . pagdaka'y nagliwanag sa palibot niya ang isang ilaw mula sa langit:

"At siya'y nasubasob sa lupa, at nakarinig ng isang tinig na sa kaniya'y nagsasabi, Saulo, Saulo, bakit mo ako pinaguusig?"[2]

Ang sandaling ito ay nagpabago kay Saulo magpakailanman. Katunayan, binago nito ang mundo.

Alam natin na nangyayari ang mga pagpapakitang tulad nito. Katunayan, nagpapatotoo tayo na nangyari din ang gayong banal na karanasan noong 1820 sa batang si Joseph Smith. Malinaw at tiyak ang patotoo natin na muling nabuksan ang kalangitan at muling nangusap ang Diyos sa Kanyang mga propeta at apostol. Pinakikinggan at sinasagot ng Diyos ang mga dalangin ng Kanyang mga anak.

Magkagayunman, may ilang nagiisip na maliban kung maranasan nila ang katulad ng kay Saulo o kay Joseph Smith, hindi sila maniniwala. Nakatayo sila sa gilid ng tubig ng binyag ngunit hindi lumulusong. Naghihintay sila na magkaroon ng patotoo ngunit hindi nila matanggap ang katotohanan. Sa halip na gumawa ng maliliit na hakbang ng pananampalataya sa daan patungo sa pagiging disipulo, gusto nila ng madulang kaganapan para mapilitan silang maniwala.

Ginugugol nila ang kanilang mga araw sa paghihintay sa daan patungong Damasco.

### Dumarating ang Pananampalataya nang Paunti-unti

Isang butihing babae ang naging matapat na miyembro ng Simbahan sa buong buhay niya. Ngunit may nadarama siyang kalungkutan. Ilang taon bago iyon, namatay ang kanyang anak na babae matapos magkasakit, at naroon pa rin ang pighati na dulot ng trahedyang ito. Nagdadalamhati siyang nagtanong na karaniwang nararanasan sa ganitong pangyayari. Tuwiran niyang inamin na ang kanyang patotoo ay hindi na tulad ng dati. Inisip niya na maliban kung magpakita ang Diyos sa kanya, hinding-hindi na siya muling maniniwala.

Kaya naghintay siya.


Napakarami pang iba, sa iba't ibang kadahilanan, na naghihintay sa daan patungong Damasco. Ipinagpapaliban nila ang pagiging ganap na mga disipulo. Inaasam nilang matanggap ang priesthood ngunit atubili silang mamuhay nang marapat para sa pribilehiyong iyan. Gusto nilang makapasok sa templo ngunit ayaw pa ring kumilos para maging marapat. Hinihintay pa rin nilang ipadala sa kanila si Cristo tulad ng magandang larawang ipininta ni Carl Bloch—para maalis nang tuluyan ang lahat ng kanilang alinlangan at takot.

Ang totoo, ang mga masigasig na naghahangad na matuto tungkol kay Cristo ay makikilala Siya kalaunan. Personal nilang matatanggap ang banal na larawan ng Panginoon, bagama't ito kadalasan ay darating na parang isang puzzle—paisa-isa. Bawat piraso ay hindi madaling makilala kapag nag-iisa; maaaring hindi malinaw kung paano ito nauugnay sa buong larawan. Bawat piraso ay tumutulong sa atin na mas malinaw na makita ang malaking larawan. Kalaunan, kapag sapat na ang mga pirasong napagdugtung-dugtong, makikita natin ang buong kagandahan nito. Pagkatapos, kapag ginunita natin ang ating karanasan, makikita natin na talagang nakapiling natin ang Tagapagligtas—hindi biglaan kundi marahan, banayad, halos hindi mapansin.

Mararanasan natin ito kung susulong tayo nang may pananampalataya at hindi maghihintay nang napakatagal sa daan patungong Damasco.

### Makinig at Sumunod


Pinatototohanan ko sa inyo na mahal ng ating Ama sa Langit ang Kanyang mga anak. Mahal Niya tayo.




# Mga General Authority ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

*Abril 2011*


## ANG UNANG PANGULUHAN


Henry B. Eyring
Unang Tagapayo



Thomas S. Monson
Pangulo



Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo

## ANG KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL


Boyd K. Packer


L. Tom Perry


Russell M. Nelson



Dallin H. Oaks



M. Russell Ballard



Richard G. Scott



Robert D. Hales


Jeffrey R. Holland


David A. Bednar



Quentin L. Cook


D. Todd Christofferson


Neil L. Andersen

## ANG PANGULUHAN NG PITUMPU



Ronald A. Rasband



Claudio R. M. Costa


Steven E. Snow


Walter F. González


L. Whitney Clayton


Jay E. Jensen


Donald L. Hallstrom

## ANG UNANG KORUM NG PITUMPU
(pagkakasunud-sunod ayon sa alpabeto)



Marcos A. Aidukaitis, José L. Alonso, Carlos H. Amado, Ian S. Ardern, Mervyn B. Arnold, David S. Baxter, Shayne M. Bowen, Gérald Caussé, Yoon Hwan Choi, Craig C. Christensen

Don R. Clarke, Gary J. Coleman, Carl B. Cook, Lawrence E. Corbridge, LeGrand R. Curtis Jr., Benjamín De Hoyos, John B. Dickson, Kevin R. Duncan, David F. Evans, Enrique R. Falabella

Eduardo Gavarret, Carlos A. Godoy, Christoffel Golden Jr., Gerrit W. Gong, C. Scott Grow, James J. Hamula, Keith K. Hilbig, Richard G. Hinckley, Marlin K. Jensen, Daniel L. Johnson

Paul V. Johnson, Patrick Kearon, Yoshihiko Kikuchi, Paul E. Koelliker, Erich W. Kopischke, Richard J. Maynes, Marcus B. Nash, Brent H. Nielson, Allan F. Packer, Kevin W. Pearson

Anthony D. Perkins, Paul B. Pieper, Rafael E. Pino, Bruce D. Porter, Carl B. Pratt, Dale G. Renlund, Michael T. Ringwood, Lynn G. Robbins, Cecil O. Samuelson Jr., Joseph W. Sitati

Ulisses Soares, Gary E. Stevenson, Michael John U. Teh, José A. Teixeira, Octaviano Tenorio, Juan A. Uceda, Francisco J. Viñas

W. Christopher Waddell, William R. Walker, F. Michael Watson, Kazuhiko Yamashita, Jorge F. Zeballos, Claudio D. Zivic, W. Craig Zwick

## ANG PANGALAWANG KORUM NG PITUMPU
(pagkakasunud-sunod ayon sa alpabeto)



Wilford W. Andersen, Koichi Aoyagi, Randall K. Bennett, Tad R. Callister

Craig A. Cardon, Bruce A. Carlson, J. Devn Cornish, Keith R. Edwards

Stanley G. Ellis, Bradley D. Foster, Larry W. Gibbons, O. Vincent Haleck

Won Yong Ko, Larry R. Lawrence, Per G. Malm, James B. Martino

Jairo Mazzagardi, Kent F. Richards, Gregory A. Schwitzer, Lowell M. Snow

Paul K. Sybrowsky, Kent D. Watson, Larry Y. Wilson

## ANG PRESIDING BISHOPRIC



Richard C. Edgley
Unang Tagapayo

H. David Burton
Presiding Bishop


Keith B. McMullin
Pangalawang Tagapayo











***Nagtipun-tipon ang "mga kababayan na kasama ng mga banal" (Mga Taga Efeso 2:19) sa iba't ibang bahagi ng mundo para sa Ika-180 Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan. Nasa larawan sa itaas mula sa kanan ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Lusaka, Zambia; Kyiv, Ukraine; St. Catherine, Jamaica; São Paulo, Brazil; Odenton, Maryland, USA; Dortmund, Germany; at Coimbra, Portugal.***





Mahal Niya kayo. Kapag kailangan bubuhatin pa kayo ng Panginoon upang malampasan ninyo ang mga balakid kapag hinangad ninyo ang Kanyang kapayapaan nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu. Kadalasan ay kinakausap Niya tayo na puso lamang natin ang makaririnig. Upang higit na marinig ang Kanyang tinig, makabubuting limitahan ang impluwensya ng mundo sa ating buhay. Kung binabalewala o hindi natin pinakikinggan ang mga panghihikayat ng Espiritu sa anupamang dahilan, hindi natin ito gaanong napapansin hanggang sa hindi na natin ito marinig. Matuto tayong makinig sa mga panghihikayat ng Espiritu at maging sabik na sundin ito.



Ang ating pinakamamahal na propeta, si Thomas S. Monson, ang halimbawa natin dito. Napakaraming kuwento tungkol sa pakikinig niya sa mga bulong ng Espiritu. Nagkuwento si Elder Jeffrey R. Holland ng isang halimbawa:

Minsan habang si Pangulong Monson ay nasa isang gawain sa Louisiana, tinanong siya ng isang stake president kung may oras siyang bisitahin ang 10-taong-gulang na si Christal, na malubha na ang kanser. Matagal nang ipinagdarasal ng pamilya ni Christal na dumating si Pangulong Monson. Ngunit napakalayo ng bahay nila, at napakahigpit ng iskedyul kaya wala nang oras. Kaya sa halip, hiniling ni Pangulong Monson sa mga nag-alay ng panalangin sa stake conference na isama si Christal sa kanilang panalangin. Siguradong mauunawaan ito ng Panginoon at ng pamilya.

Sa sesyon ng kumperensya sa araw ng Sabado, pagtayo ni Pangulong Monson para magsalita, bumulong ang Espiritu, "Pabayaan ninyong magsilapit sa akin ang maliliit na bata; huwag ninyo silang pagbawalan: sapagka't sa mga ganito nauukol ang kaharian ng Dios."[3]

"Lumabo ang binabasa niya. Tinangka niyang ituloy ang tema ng pulong ayon sa outline, pero hindi mawala sa isip niya ang pangalan at larawan [ng bata]."[4]

Nakinig siya sa Espiritu at muling inayos ang kanyang iskedyul. Maaga pa kinabukasan, iniwan ni Pangulong Monson ang siyamnapu't siyam at naglakbay nang malayo para mapuntahan ang isang nangangailangan.

Pagdating doon, "tiningnan niya ang batang napakalubha ng sakit para bumangon, napakahina para magsalita. Nabulag na siya dahil sa sakit niya. Lubhang naantig sa tagpo at ng Espiritu ng Panginoon . . . , hinawakan ni Brother Monson ang malamyang kamay ng bata. 'Christal,' bulong niya, 'Narito na ako.'

"Nahihirapang sumagot ito nang pabulong, 'Brother Monson, alam kong darating kayo.'"[5]

Mahal kong mga kapatid, sikapin nating makasama ang mga yaong maaasahan ng Panginoon na makinig sa Kanyang mga bulong at tumugon, tulad ni Saulo sa *kanyang* daan patungong Damasco, "Panginoon, ano ang nais ninyong gawin ko?"[6]

**Maglingkod**

Ang isa pang dahilan kaya hindi natin nakikilala ang tinig ng Panginoon sa ating buhay kung minsan ay dahil ang mga paghahayag ng Espiritu ay hindi tuwirang dumarating sa atin bilang sagot sa ating mga dalangin.

Inaasahan ng Ama sa Langit na pag-aralan muna natin ito at saka ipagdasal na patnubayan tayo sa paghahangad na masagot ang mga tanong at alalahanin natin sa buhay. Tiniyak sa atin ng ating Ama sa Langit na pakikinggan at sasagutin Niya ang ating mga dalangin. Ang sagot ay maaaring dumating sa pamamagitan ng tinig at karunungan ng pinagkakatiwalaang mga kaibigan at kapamilya, mga banal na kasulatan, at mga salita ng mga propeta.

Naranasan ko na ilan sa mga pinakamatinding panghihikayat na natatanggap natin ay hindi lamang para sa sarili nating kapakanan kundi pati na rin sa iba. Kung sarili lamang natin ang ating iniisip, maaaring hindi natin makamtan ang ilang pinakamatinding espirituwal na karanasan at mahahalagang paghahayag sa ating buhay.

Itinuro ni Pangulong Kimball ang konseptong ito nang sabihin niyang: "Tunay na napapansin tayo ng Diyos, at binabantayan niya tayo. Ngunit karaniwan na sa pamamagitan ng ibang tao niya ibinibigay ang ating mga pangangailangan. Samakatuwid, lubhang



mahalaga na paglingkuran natin ang bawat isa."[7] Mga kapatid, lahat tayo ay may responsibilidad sa tipan na maging sensitibo sa mga pangangailangan ng iba at maglingkod tulad ng ginawa ng Tagapagligtas—tumulong, magbasbas, at magpasigla sa mga nasa paligid natin.

Kadalasan, ang sagot sa ating dalangin ay hindi dumarating habang nagdarasal tayo kundi habang naglilingkod tayo sa Panginoon at sa mga nasa paligid natin. Ang di-makasariling paglilingkod at lubos na paglalaan ay nagpapadalisay sa ating espiritu, nag-aalis ng tabing sa ating espirituwal na mga mata, at nagbubukas ng mga dungawan ng langit. Sa pagiging sagot sa dalangin ng iba, kadalasan ay nasasagot ang sarili nating dalangin.

**Magbahagi**

May mga pagkakataon na inihahayag sa atin ng Panginoon ang mga bagay na para lamang sa atin. Magkagayunman, sa napakaraming pagkakataon ipinagkakatiwala Niya ang patotoo sa katotohanan sa mga taong magbabahagi nito sa iba. Ganito ang nangyari sa bawat propeta mula pa noong panahon ni Adan. Bukod pa rito, lubos na inaasahan ng Panginoon ang mga miyembro ng Kanyang Simbahan na "buksan ang [kanilang mga] bibig sa lahat ng panahon, nagpapahayag ng [Kanyang] ebanghelyo nang may tunog ng kagalakan."[8]

Hindi laging madali ito. Mas gusto pa ng ilan na magtulak ng kariton patawid sa kaparangan kaysa magkuwento tungkol sa pananampalataya at relihiyon sa kanilang mga kaibigan at katrabaho. Nag-aalala sila sa iisipin sa kanila ng iba o na baka makasira ito sa kanilang relasyon. Hindi ito kailangang magkagayon dahil may masayang mensahe tayong ibabahagi, at nasa atin ang mensahe ng kagalakan.

Ilang taon na ang nakararaan tumira at nagtrabaho ang aming pamilya kasama ang mga taong halos sa lahat ng aspeto ay hindi kabilang sa ating relihiyon. Nang kumustahin nila ang Sabado't Linggo namin, sinikap naming laktawan ang mga karaniwang paksa—tulad ng isports, pelikula, o klima—at sinikap naming ibahagi ang ilang karanasang espirituwal ng aming pamilya—halimbawa, ano ang sinabi ng kabataang nagsalita tungkol sa mga pamantayan mula sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* o paano kami naantig sa mga salita ng binatang papunta sa misyon o paano kami tinulungan ng ebanghelyo at ng Simbahan bilang pamilya na makayanan ang isang pagsubok. Sinikap naming huwag mangaral o magyabang. Ang asawa kong si Harriet ay laging napakahusay sa paghahanap ng isang maibabahagi na nagbibigay-inspirasyon, nagpapasigla, o nakakatawa. Kadalasan ay humahantong ito sa mas malalalim na talakayan. Ang nakakatuwa, tuwing kausap namin ang mga kaibigan tungkol sa pagharap sa mga hamon ng buhay, kadalasan ay naririnig namin ang komentong "Madali para sa iyo; nariyan ang simbahan mo."

Sa napakaraming magagamit na media at gadget na humigit-kumulang ay kapaki-pakinabang sa atin, mas madaling ibahagi ang mabubuting balita ng ebanghelyo at mas malawak ang mga epekto nito kaysa rati. Katunayan, kinakabahan nga ako na baka nakapag-text na ang ilang nakikinig na kagaya ng "10 minuto na siyang nagsasalita, pero wala pa ring kuwento tungkol sa pagiging piloto!"

Mga kaibigan kong kabataan, marahil ang paghihikayat ng Panginoon na "buksan ang [inyong mga] bibig"[9] ay maaaring samahan ngayon ng "paggamit ng inyong mga kamay" para i-blog at i-text ang ebanghelyo sa buong mundo! Ngunit tandaan sana ninyo, gawin itong lahat sa tamang lugar at panahon.

Mga kapatid, sa tulong ng makabagong teknolohiya, maipapahayag natin ang pasasalamat at kagalakan sa dakilang plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak sa paraang maririnig hindi lamang sa ating lugar kundi sa buong mundo. Kung minsan mapapakilos ng iisang parirala ng patotoo ang mga kaganapang umaapekto sa buhay ng isang tao sa kawalang-hanggan.

***São Paulo, Brazil***



Ang pinakaepektibong paraan para maipangaral ang ebanghelyo ay sa pamamagitan ng halimbawa. Kung mamumuhay tayo ayon sa ating mga paniniwala, mapapansin ito ng mga tao. Kung mababanaag ang larawan ni Jesucristo sa ating buhay,[10] kung tayo ay masaya at payapa sa mundo, nanaising malaman ng mga tao ang dahilan. Ang isa sa pinakamagagandang sermon na ipinahayag tungkol sa gawaing misyonero ay ang simpleng ideyang ito ni St. Francis of Assisi: "Ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng oras at kung kailangan, magsalita kayo."[11] Nasa paligid natin ang mga pagkakataong gawin ito. Huwag itong palagpasin dahil sa paghihintay nang napakatagal sa daan patungong Damasco.

### Ang Ating Daan patungong Damasco

Pinatototohanan ko na nangungusap ang Panginoon sa Kanyang mga propeta at apostol sa ating panahon. Nangungusap din Siya sa lahat ng lumalapit sa Kanya nang taos-puso at may tunay na layunin.[12]

Huwag mag-alinlangan. Tandaan, "Mapapalad yaong hindi nangakakita, at gayon ma'y nagsisampalataya."[13] Mahal kayo ng Diyos. Nakikinig Siya sa inyong mga dalangin. Nangungusap Siya sa Kanyang mga anak at naghahandog ng kapanatagan, kapayapaan, at pag-unawa sa mga yaong naghahanap sa Kanya at pinararangalan Siya sa pamamagitan ng pagtahak sa Kanyang landas. Ibinabahagi ko ang aking sagradong patotoo na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nasa tamang landas. Tayo ay may buhay na propeta. Ang simbahang ito ay pinamumunuan Niya na ang pangalan ay taglay natin, maging ang Tagapagligtas na si Jesucristo.

Mga kapatid, mga mahal na kaibigan, huwag tayong maghintay nang napakatagal sa *ating* daan patungong Damasco. Sa halip, matapang tayong magpatuloy sa pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa, at bibiyayaan tayo ng liwanag na hinahanap nating lahat sa landas patungo sa pagiging tunay na disipulo. Ito ang aking dalangin at binabasbasan ko kayo sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Mga Gawa 8:3.
2. Mga Gawa 9:3–4.
3. Marcos 10:14.
4. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, "President Thomas S. Monson: Always 'on the Lord's Errand,'" *Tambuli,* Okt.–Nob. 1986, 20.
5. Jeffrey R. Holland, *Tambuli,* Okt.–Nob. 1986, 20.
6. Mga Gawa 9:6.
7. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 100.
8. Doktrina at mga Tipan 28:16.
9. Doktrina at mga Tipan 60:2.
10. Tingnan sa Alma 5:14.
11. Sa William Fay at Linda Evans Shepherd, *Share Jesus without Fear* (1999), 22.
12. Tingnan sa Moroni 10:3–5.
13. Juan 20:29.



**Ni Elder Paul V. Johnson**
Ng Pitumpu

# Higit Pa sa mga Mapagtagumpay sa Pamamagitan Niyaong sa Atin ay Umiibig

*Ang mga pagsubok ay hindi lamang ibinigay para subukan tayo. Napakahalaga nito sa proseso ng pagtataglay ng kabanalang mula sa Diyos.*

Kasama sa buhay sa mundo ang mga pagsubok at dusa, at ilan sa mga pagsubok natin sa buhay ay napakasakit. Ito man ay karamdaman, pagtataksil, mga tukso, pagpanaw ng mahal sa buhay, kalamidad, o iba pang pagsubok, ang dalamhati ay bahagi ng ating buhay sa mundo. Maraming nagtataka kung bakit kailangan nating dumanas ng mahihirap na hamon. Alam natin na ang isang dahilan ay para masubok ang ating pananampalataya at tingnan kung gagawin natin ang lahat ng utos ng Panginoon.[1] Sa kabutihang-palad ang buhay sa lupa ang pinakatamang lugar para harapin—at malagpasan—ang mga pagsubok na ito.[2]

Ngunit ang mga pagsubok na ito ay hindi lamang para subukan tayo. Napakahalaga nito sa proseso ng pagtataglay ng kabanalang mula sa Diyos.[3] Kung matatag nating haharapin ang mga dalamhating ito, makakabuti ang mga ito para sa atin.[4]

Sabi ni Elder Orson F. Whitney, "Walang sakit at pagsubok na ating pinagdaraanan ang nasasayang. . . . Lahat ng ating pagdurusa at pagtitiis, lalo na't tinitiis ito nang may pagtitiyaga, ay humuhubog sa ating pagkatao, nagpapadalisay sa ating puso, nagpapabuti sa ating kalooban, at ginagawa tayong mas mabait at matulungin. . . . Sa kalungkutan at pagdurusa, sa pagpapakasakit at hirap, natatamo natin ang pagkatutong layon natin sa mundo."[5]

Kamakailan isang siyam-na-taong gulang na batang lalaki ang nasuring may pambihirang kanser sa buto. Ipinaliwanag ng doktor ang nasuring sakit at ang panggagamot, kabilang na ang ilang buwang chemotherapy at maselang operasyon. Sinabi niya na magiging napakahirap nito sa bata at sa pamilya ngunit idinagdag na, "Tinatanong ako ng mga tao, 'Ganito pa rin ba ako pagkatapos ng lahat ng ito?' Ang isinasagot ko, 'Hindi ka na katulad ng dati. Magiging mas malakas ka. Magiging kamangha-mangha ka!' "

Kung minsan tila kung saan pang aspeto ng buhay natin tayo mahina at hirap tayong kayanin, doon pa tayo sinusubok. Yamang layon ng mga hamong ito na paunlarin tayo, hindi tayo dapat magtaka kung napakapersonal ng mga pagsubok—halos sadya nitong puntiryahin ang ating mga pangangailangan o kahinaan. At lahat ay kasama, lalo na ang mga Banal na nagsisikap gawin ang tama. Maaaring itanong ng ilang masunuring Banal, "Bakit ako? Sinisikap ko namang magpakabuti! Bakit hinahayaan ng Panginoon na mangyari ito?" Ang hurno ng pagdadalamhati ay pinadadalisay maging ang pinakamabubuting banal dahil inaalis nito ang dumi sa kanilang buhay at iniiwan silang parang lantay na ginto.[6] Kahit ang mamahaling bato ay kailangan ding padalisayin. Hindi sapat ang mabuti lang. Nais nating maging katulad ng Tagapagligtas, na natuto nang Siya ay magdusa ng "mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso."[7]

Ang Crimson Trail sa Logan Canyon ay isa sa mga paborito kong akyatin. Ang pinakasentro ng bulaos ay gumagapang pataas ng matatarik na talampas at tanaw roon ang magagandang tanawin ng lambak sa ibaba. Gayunman, hindi madaling akyatin ang tuktok ng talampas. Pataas nang pataas ang daanan papunta roon, at bago marating ang ituktok, dadaanan ng nagsisiakyat ang pinakamatarik na bahagi ng bulaos, at tanawin ng talampas ay nakatago na sa mga bangin. Sulit naman ang pag-akyat sa kahuli-hulihang sandali dahil makikita sa tuktok ang makapigil-hiningang tanawin. Ang tanging paraan para makita ang mga tanawin ay umakyat.

Makikita sa mga tala sa banal na kasulatan at sa buhay na kadalasan ang pinakamadilim at pinakamapanganib na pagsubok ay kaagad sinusundan ng kakaibang mga kaganapan at malaking pag-unlad. "Pagkatapos ng maraming kapighatian darating ang mga pagpapala."[8] Nasukol ang



mga anak ni Israel sa Dagat na Pula bago ito hinawi.[9] Si Nephi ay naharap sa panganib, sa galit ng kanyang mga kapatid, at sa maraming kabiguan bago niya nakuha ang mga laminang tanso.[10] Si Joseph Smith ay dinaig ng puwersa ng kasamaan na napakalakas kaya tila nakatakda siyang masawi. Noong halos mawalan na siya ng pag-asa, inubos niya ang kanyang lakas sa pagtawag sa Diyos, at sa mismong sandaling iyon ay nagpakita sa kanya ang Ama at ang Anak.[11] Ang mga investigator kadalasan ay nahaharap sa oposisyon at hirap kapag malapit na silang binyagan. Alam ng mga ina na kasunod ng masakit na paghilab ang himala ng panganganak. Paminsan-minsan nakikita natin ang kamangha-manghang pagpapala kasunod ng matitinding pagsubok.

Noong mga 19 taong gulang ang lola ko, nagkasakit siya nang malubha. Kalaunan ay sinabi niya, "Hindi ako makalakad. Tuluyang naiba ang korte ng kaliwa kong paa dahil sa maraming buwang pagkakahiga. Ang mga buto ay singlambot ng espongha, at nang itapak ko sa sahig ang paa ko, para akong nakuryente."[12] Habang nakaratay siya sa kama at labis na naghihirap, kinuha niya at pinag-aralan ang mga polyetong nagmula sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Naniwala siya at nabinyagan kalaunan. Maraming beses tayong naihahanda ng isang partikular na pagsubok para sa isang bagay na napakahalaga.

Sa gitna ng mga problema, halos imposibleng makita na ang paparating na biyaya ay mas higit sa pasakit, paghamak, o pasakit na maaaring nadarama natin sa oras na iyon. "Lahat ng parusa sa ngayon ay tila man din hindi ikaliligaya kundi ikalulungkot; gayon ma'y pagkatapos ay namumunga ng bungang mapayapa ng katuwiran sa mga nagsipagsanay sa pamamagitan nito."[13] Itinuro ni Apostol Pablo, "Sapagka't ang aming magaang kapighatian, na sa isang sangdali lamang, ay siyang gumagawa sa amin ng lalo't lalong bigat ng kaluwalhatiang walang hanggan."[14] Mapapansing ginamit ni Pablo ang salitang "magaang kapighatian." Ito ay mula sa isang taong binugbog, binato, nasira ang barkong sinasakyan, ibinilanggo, at dumanas ng maraming iba pang pagsubok.[15] Palagay ko marami sa atin ang hindi ituturing na magaang ang ating mga kapighatian. Subalit kumpara sa mga pagpapala at pag-unlad na tatanggapin natin sa bandang huli, kapwa sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan, tunay ngang magaang ang ating mga kapighatian.

Hindi natin hinahanap ang mga pagsubok at hirap. Ang ating paglalakbay sa buhay ay magbibigay ng pagsubok na sasapat sa ating mga pangangailangan. Maraming pagsubok ang bahagi na talaga ng ating buhay, ngunit napakahalaga ng kanilang papel sa ating pag-unlad.



Nang matapos na ang ministeryo ng Tagapagligtas sa lupa, dinanas Niya ang pinakamatinding pagsubok sa lahat—ang di-maarok na pagdurusa sa Getsemani at sa Golgota. Sinundan ito ng maluwalhating Pagkabuhay na mag-uli at ng pangako na lahat ng ating pagdurusa ay papawiin balang araw. Kailangan Niyang magdusa para magbangon sa umaga ng Paskua at para sa ating kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan sa hinaharap.

Kung minsan gusto nating lumago nang walang mga pagsubok at lumakas nang walang kahirap-hirap. Ngunit hindi tayo lalago sa madaling paraan. Alam na alam natin na ang isang atletang ayaw magsanay nang lubos ay hindi kailanman huhusay. Ingatan nating huwag magdamdam sa mismong mga bagay na tutulong sa atin na maging banal.

Walang isa man sa mga pagsubok natin ang lampas sa ating kakayahan, dahil makahihingi tayo ng tulong sa Panginoon. Lahat ng bagay ay magagawa natin sa pamamagitan ni Cristo, na nagpapalakas sa atin.[16]

Matapos gumaling sa isang malalang karamdaman, ibinahagi ni Elder Robert D. Hales ang sumusunod sa pangkalahatang kumperensya: "Sa ilang pagkakataon, sinabi ko sa Panginoon na matututuhan ko ang mga araling itinuturo at hindi na kinakailangan pang magdanas ako ng karagdagan pang paghihirap. Tila hindi nakatulong ang mga pagsusumamong iyon dahil nilinaw sa akin na ang nagpapadalisay na prosesong ito ng pagsubok ay dapat tiisin sa panahon ng Panginoon at sa pamamaraan ng Panginoon. . . . Natutuhan ko . . . na hindi ako iiwang nag-iisa sa pagharap sa mga pagsubok at paghihirap na ito, kundi may mga anghel na magbabantay at tutulong sa akin. May ilan na halos mistulang mga anghel sa katauhan ng mga doktor, nars, at higit sa lahat ng aking magiliw na asawang si Mary. At minsan-minsan, kapag ninais ng Panginoon, ako ay inaaliw ng mga pagdalaw ng mga hukbo ng langit na nagbigay ng ginhawa at walang hanggang pag-alo sa oras ng aking pangangailangan."[17]

Mahal tayo ng ating Ama sa Langit, at "nalalaman [natin] na sino man ang magbibigay ng kanyang tiwala sa Diyos ay tutulungan sa kanilang mga pagsubok, at kanilang mga suliranin, at kanilang mga paghihirap, at dadakilain sa huling araw."[18] Balang-araw kapag nasa kabilang buhay na tayo, hindi natin gustong sabihin lang sa atin, "Tapos ka na." Sa halip, gusto nating sabihin ng Panginoon na, "Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin."[19]

Gustung-gusto ko ang mga salitang ito ni Pablo:

"Sino ang maghihiwalay sa atin sa pagibig ni Cristo? ang kapighatian, o ang kahapisan, o ang paguusig, o ang kagutuman, o ang kahubaran, o ang panganib, o ang tabak? . . .

"Hindi, kundi sa lahat ng mga bagay na ito tayo'y higit pa sa mga mapagtagumpay sa pamamagitan niyaong sa atin ay umibig."[20]


Alam ko na ang Diyos at ang Kanyang Anak na si Jesucristo ay buhay. Alam ko rin na sa tulong Nila tayo ay magiging "higit pa sa mga mapagtagumpay" sa mga hirap natin sa buhay na ito. Maaari tayong maging katulad Nila. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa I Pedro 1:6–8; Abraham 3:25.
2. Tingnan sa I Pedro 2:20.
3. Tingnan sa II Pedro 1:4.
4. Tingnan sa 2 Nephi 2:2.
5. Orson F. Whitney, sa Spencer W. Kimball, *Faith Precedes the Miracle* (1972), 98.
6. Tingnan sa Isaias 48:10; 1 Nephi 20:10.
7. Tingnan sa Alma 7:11–12.
8. Doktrina at mga Tipan 58:4.
9. Tingnan sa Exodo 14:5–30.
10. Tingnan sa 1 Nephi 3–4.
11. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–17.
12. Amalie Hollenweger Amacher, di-inilathalang kasaysayang nasa pag-iingat ng may-akda.
13. Mga Hebreo 12:11.
14. II Mga Taga Corinto 4:17.
15. Tingnan sa II Mga Taga Corinto 11:23–28.
16. Tingnan sa Mga Taga Filipos 4:13.
17. Robert D. Hales, "Ang Tipan ng Pagbibinyag: Ang Maging nasa Kaharian at para sa Kaharian," *Liahona,* Ene. 2001, 6.
18. Alma 36:3.
19. Mateo 25:21.
20. Mga Taga Roma 8:35, 37.

***Bucharest, Romania***





**Ni Bishop H. David Burton**
Presiding Bishop

# Ang Nagpapabanal na Gawaing Pangkapakanan

*Ang gawaing pangalagaan ang isa't isa at maging "mabait sa mga maralita" ay isang nagpapabanal na gawain, na iniutos ng Ama.*

Magandang umaga, mga kapatid. Noong 1897, nakatayo ang binatang si David O. McKay sa harap ng isang pintuan hawak ang polyeto ng Simbahan. Bilang misyonero sa Stirling, Scotland, ilang beses na niyang nagawa ito noon. Ngunit sa araw na iyon, isang pagod na babae ang nagbukas ng pinto at humarap sa kanya. Hindi maayos ang damit nito at humpak ang pisngi at magulo ang buhok.

Kinuha nito ang polyetong iniabot ni Elder McKay at sumambit ng anim na katagang hinding-hindi niya malilimutan: "Maibibili ba ako nito ng tinapay?"

Ang paghaharap na ito ay nakintal sa isipan ng binatang misyonero. Kalaunan ay isinulat niya, "Mula sa sandaling iyon naging mas malalim ang pagkaunawa ko na ang Simbahan ni Cristo ay dapat maging, at talagang, interesado sa temporal na kaligtasan ng tao. Lumakad ako palayo mula sa pintuang iyon na nadarama na ang [babaeng] iyon, na may . . . pagdaramdam sa [kanyang] puso sa tao at sa Diyos, [ay] wala sa sitwasyon para tumanggap ng mensahe ng ebanghelyo. Kailangan [niya] ng temporal na tulong, at walang organisasyon sa Stirling, sa pagkaalam ko, na makapagbigay nito sa [kanya]."[1]

Ilang dekada kalaunan nagdusa ang mundo sa mga epekto ng Great Depression [Matinding Kahirapan]. Sa panahong ito, noong Abril 6, 1936, ibinalita ni Pangulong Heber J. Grant at ng kanyang mga tagapayo, sina J. Reuben Clark at David O. McKay, ang kalaunan ay makikilala bilang programang pangkapakanan ng Simbahan. Dalawang linggo kalaunan, hinirang si Elder Melvin J. Ballard bilang unang chairman nito at si Harold B. Lee ang unang namamahalang direktor nito.

Hindi ito ordinaryong gawain. Kahit tumawag ng mga pambihirang tao ang Panginoon para pangasiwaan ito, niliwanag ni Pangulong J. Reuben Clark na "ang pagkatatag ng programang [pangkapakanan] ay bunga ng paghahayag ng Espiritu Santo kay Pangulong Grant, kaya nagpatuloy ito mula noon sa pamamagitan ng katulad na mga paghahayag na dumating sa mga kapatid na naging responsable rito."[2]

Ang katapatan ng mga pinuno ng Simbahan na pagaanin ang pagdurusa ng tao ay tiyak at hindi mababago. Gusto ni Pangulong Grant ang "isang sistemang . . . tutulong at mangangalaga sa mga tao anuman ang kapalit nito." Sinabi niya na maaari pa niyang "ipasara ang mga seminary, pahintuin ang gawaing misyonero nang kaunting panahon, o ipasara ang mga templo, ngunit hindi nila hahayaang magutom ang mga tao."[3]

Katabi ako ni Pangulong Gordon B. Hinckley sa Managua, Nicaragua, nang magsalita siya sa 1,300 miyembro ng Simbahan na nakaligtas sa mapangwasak na bagyong kumitil sa buhay ng mahigit 11,000 katao. "Basta't may mapagkukunan ang Simbahan," sabi niya sa kanila, "hindi namin kayo hahayaang magutom o walang maisuot, o walang masilungan. Gagawin namin ang lahat para makatulong sa paraang itinalaga ng Panginoon na nararapat gawin."[4]

Isa sa mga natatanging katangian ng inspiradong gawaing ito na nakasentro sa ebanghelyo ay ang pagbibigay-diin nito sa personal na responsibilidad at pag-asa sa sarili. Ipinaliwanag ni Pangulong Marion G. Romney, "Maraming programang ginawa ang mga taong mabuti ang layunin para tulungan ang mga nangangailangan. Gayunman, marami sa mga programang ito ang nilikha na may limitadong layunin na 'tulungan ang mga tao,' kumpara sa 'tulungan ang mga tao na tulungan ang kanilang sarili.'"[5]

Ang pag-asa sa sarili ay produkto ng masinop na pamumuhay at disiplina sa sarili sa paggastos. Sa simula pa lang, itinuro na ng Simbahan na ang mga pamilya—hangga't kaya nila—ang kailangang umako sa responsibilidad para sa sarili nilang temporal na kapakanan. Bawat henerasyon ay kailangang matutuhang muli ang mga pangunahing alituntunin ng pag-asa sa sarili: huwag mangutang, magtipid, paghandaan ang panahon



ng pagdurusa, pakinggan at sundin ang mga salita ng mga buhay na propeta, magkaroon ng disiplina para malaman ang kaibhan ng mga pangangailangan sa gusto, at mamuhay alinsunod dito.

Ang layunin, mga pangako, at mga alituntuning nagpapatibay sa ating pangangalaga sa maralita at nangangailangan ay higit pa sa hangganan ng mortalidad. Ang sagradong gawaing ito ay hindi lamang para makinabang at mapagpala ang mga nagdurusa o nangangailangan. Bilang mga anak ng Diyos, hindi natin mamanahin ang kaganapan ng buhay na walang hanggan kung hindi natin lubos na pangangalagaan ang isa't isa habang narito tayo sa mundo. Natututo tayo ng mga selestiyal na alituntunin ng pagsasakripisyo at paglalaan kapag nagsakripisyo tayo at naglingkod sa iba.[6]

Itinuro ng dakilang si Haring Benjamin na isa sa mga dahilan kaya natin ibinabahagi ang ating kabuhayan sa maralita at pinagiginhawa sila ay para mapanatili natin ang pagkatubos sa ating mga kasalanan sa araw-araw at makalakad tayo nang walang-sala sa harapan ng Diyos.[7]

Simula nang likhain ang mundo, ang pag-ibig sa kapwa ay lagi nang mahalagang bahagi ng mga matwid na lipunan. Nasasabik tayo sa payapang mundo at masaganang komunidad. Ipinagdarasal natin na magkaroon ng matwid at mabubuting lipunan kung saan tinatalikuran ang kasamaan at nananaig ang mabuti at tama. Ilan mang templo ang itayo natin, gaano man karami ang mga miyembro, gaano man kaganda ang tingin sa atin ng mga tao—kapag nabigo tayo rito sa dakilang utos na "tulungan ang mahihina, itaas ang mga kamay na nakababa, at palakasin ang tuhod na mahihina,"[8] o ibaling ang ating puso sa mga nagdurusa at nagdadalamhati, tayo ay parurusahan at hindi malulugod sa atin ang Panginoon[9] at malayo nating makamtan ang masayang inaasam ng ating puso.

Sa buong mundo, halos 28,000 bishop ang naghahanap sa mga maralita para tumulong sa kanilang mga pangangailangan. Bawat bishop ay tinutulungan ng isang ward council na binubuo ng mga lider ng priesthood at auxiliary, kabilang na ang isang tapat na Relief Society president. Maaari nilang "[matugunan] ang pangangailangan ng mga dayuhan; . . . [buhusan] ng langis at alak ang sugatang puso ng naghihinagpis; . . . [at pahirin] ang mga luha ng mga ulila at [pasayahin] ang puso ng balo."[10]

Ang puso ng mga miyembro at pinuno ng Simbahan sa buong mundo ay naiimpluwensyahan nang maganda at nagagabayan ng mga doktrina at ng banal na pagmamahal at pangangalaga sa kanilang kapwa.

Pinroblema ng isang lider ng priesthood sa South America ang gutom at kasalatan ng mga miyembro ng kanyang maliit na stake. Ayaw tulutang magutom ang mga bata, nakakita siya ng bakanteng lote at inorganisa ang priesthood upang linangin ito at taniman. Nakakuha sila ng matandang kabayo at itinali rito ang isang lumang araro at sinimulang linangin ang lupa. Ngunit bago sila nakatapos, nagkaroon ng trahedya at namatay ang matandang kabayo.

Sa halip na tulutang magutom ang kanilang mga kapatid, itinali ng kalalakihan ng priesthood ang lumang araro sa kanilang sariling likod at hinila ito sa tigang na lupa. Literal nilang pinasan ang pamatok ng pagdurusa at mga pasanin ng kanilang mga kapatid.[11]

Isang insidente sa kasaysayan ng sarili kong pamilya ang halimbawa ng pangakong pangalagaan ang mga nangangailangan. Marami nang nakarinig tungkol sa grupo ng Willie at Martin handcart at kung paano nagdusa at namatay ang matatapat na pioneer na ito nang tiisin nila ang lamig at nakapanlulumong kundisyon sa kanilang paglalakbay pakanluran. Si Robert Taylor Burton, isa sa mga kalolo-lolohan ko, ay isa sa mga inutusan ni Brigham Young na humayo

***St. Catherine, Jamaica***



at sagipin ang mahal at kaawa-awang mga Banal na iyon.

Sa panahong iyon, isinulat ni Lolo sa kanyang journal: "Makapal ang niyebe at napakalamig. . . . Napakalamig kaya hindi [kami] makakilos. . . . Negative 11 degrees [-24°C] ang temperatura . . . ; napakalamig kung kaya't hindi makapaglakbay ang mga tao."[12]

Ipinamahagi ang mga suplay na magliligtas ng buhay sa nabalahong mga Banal, ngunit "sa kabila ng lahat ng nagawa [ng mga sumaklolo] maraming namatay at inilibing sa tabing-daan."[13]

Nang maparaan ang nasagip na mga Banal sa isang bahagi ng daan papasok sa Echo Canyon, ilang bagon ang huminto upang tumulong sa pagsilang ng isang sanggol na babae. Napansin ni Robert na walang sapat na damit ang bata pang ina para hindi ginawin ang bagong silang niyang sanggol. Sa kabila ng napakalamig na temperatura, kanyang "hinubad ang sarili niyang gawang-bahay na kamiseta at ibinigay ito sa ina para [ibalot] sa sanggol."[14] Ang bata ay pinangalanang Echo—Echo Squires—bilang pag-alaala sa lugar at sitwasyon ng kanyang pagsilang.

Ilang taon pagkaraan niyon natawag si Robert sa Presiding Bishopric ng Simbahan, kung saan mahigit tatlong dekada siyang naglingkod. Sa edad na 86, nagkasakit si Robert Taylor Burton. Tinipon niya sa tabi ng kanyang kama ang kanyang pamilya para bigyan sila ng huling basbas. Kasama sa kanyang huling sinabi ang simple ngunit malalim na pangaral na ito: "Maging mabait sa mga maralita."[15]

Mga kapatid, pinararangalan natin ang mahuhusay na taong iyon na tinawag ng Panginoon upang isaayos at pangasiwaan ang mga programa ng paglilingkod sa mga nangangailangang miyembro ng Kanyang Simbahan. Pinararangalan natin ang mga tao na sa ating panahon ay naglilingkod sa di-mabilang at kadalasan ay tahimik na paraan para "maging mabait sa mga maralita," pakainin ang gutom, damitan ang hubad, basbasan ang maysakit, at bisitahin ang bilanggo.




Ito ang sagradong gawaing inaasahan ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo. Ito ang gawaing minahal Niya noong narito Siya sa lupa. Ito ang gawain na alam kong makikita nating ginagawa Niya kung kasama natin Siya ngayon.[16]

Pitumpu't limang taon na ang nakararaan, isang sistemang nakalaan sa espirituwal at temporal na kaligtasan ng sangkatauhan ang sumibol mula sa simpleng simula. Mula noon pinasigla at pinagpala na nito ang buhay ng milyun-milyong katao sa buong mundo. Ang planong pangkapakanan na ipinahayag ng propeta ay hindi lamang isang kasiya-siyang kuwento sa kasaysayan ng Simbahan. Ang mga alituntuning pinagbatayan nito ay nagpapakilala sa atin bilang isang grupo. Ito ang pinakadiwa ng pagiging mga disipulo ng ating Tagapagligtas at Halimbawa na si Cristo Jesus.

Ang gawaing pangalagaan ang isa't isa at maging "mabait sa mga maralita" ay isang nagpapabanal na gawain, na iniutos ng Ama, at nilayon ng langit upang basbasan, dalisayin, at dakilain ang Kanyang mga anak. Nawa'y sundin natin ang payo ng Tagapagligtas sa isang manananggol sa talinghaga ng mabuting Samaritano: "Humayo ka, at gayon din ang gawin mo."[17] Pinatototohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. *Cherished Experiences from the Writings of President David O. McKay,* comp. Clare Middlemiss (1955), 189.
2. J. Reuben Clark Jr., "Testimony of Divine Origin of Welfare Plan," *Church News,* Ago. 8, 1951, 15; tingnan din sa Glen L. Rudd, *Pure Religion* (1995), 47.
3. Glen L. Rudd, *Pure Religion,* 34.
4. Sa "President Hinckley Visits Hurricane Mitch Victims and Mid-Atlantic United States," *Ensign,* Peb. 1999, 74.
5. Marion G. Romney, "Mga Katangiang Selestiyal ng Pag-asa sa Sarili," *Liahona,* Mar. 2009, 15.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 104:15–18; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 105:2–3.
7. Tingnan sa Mosias 4:26–27.
8. Doktrina at mga Tipan 81:5; tingnan din sa Mateo 22:36–40.
9. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 104:18.
10. Joseph Smith, sa *History of the Church,* 4:567–68.
11. Interbyu kay Harold C. Brown, dating Welfare Services Department managing director.
12. Journal ni Robert T. Burton, Church History Library, Salt Lake City, Nob. 2–6, 1856.
13. Robert Taylor Burton, sa Janet Burton Seegmiller, *"Be Kind to the Poor": The Life Story of Robert Taylor Burton* (1988), 164.
14. Lenore Gunderson, sa Jolene S. Allphin, *Tell My Story, Too,* tellmystorytoo.com/art_imagepages/image43.html.
15. Robert Taylor Burton, sa Seegmiller, *Be Kind to the Poor,* 416.
16. Tingnan sa Dieter F. Uchtdorf, "Kayo ang Aking mga Kamay," *Liahona,* Mayo 2010, 68–70, 75.
17. Lucas 10:37.



**Ni Silvia H. Allred**
Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency

# Ang Kahulugan ng Pagiging Disipulo

*Kapag pagmamahal ang naging gabay na alituntunin natin sa pangangalaga sa ating kapwa, ang paglilingkod natin sa kanila ay nagiging halimbawa ng pamumuhay sa ebanghelyo.*

Mula pa sa simula, itinuro na ng Panginoon na upang maging Kanyang mga tao, kailangan ay may isang puso at isang isipan tayo.[1] Ipinaliwanag din ng Tagapagligtas na ang dalawang dakilang kautusan sa batas ay, "Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo" at "iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili."[2] At ang huli, matapos maorganisa ang Simbahan, iniutos ng Panginoon sa mga banal na "dalawin ninyo ang mga maralita at ang mga nangangailangan at magbigay sa kanila ng tulong."[3]

Ano ang temang karaniwan sa lahat ng kautusang ito? Iyon ay ang mahalin at paglingkuran natin ang isa't isa. Katunayan, ito ang kahulugan ng pagiging disipulo sa totoong Simbahan ni Jesucristo.

Habang ipinagdiriwang natin ang ika-75 taon ng programang pangkapakanan ng Simbahan, naaalala natin ang mga layunin ng gawaing ito, na tulungan ang mga miyembro na umasa sa kanilang sarili, pangalagaan ang mga maralita at nangangailangan, at maglingkod. Inorganisa ng Simbahan ang mga mapagkukunan nito upang tulungan ang mga miyembro na makapaglaan para sa pisikal, espirituwal, sosyal, at emosyonal na kapakanan ng kanilang sarili, kanilang pamilya, at ang iba. Kabilang sa tungkulin ng bishop ang pangalagaan ang mga maralita at nangangailangan at pangasiwaan ang mga mapagkukunang iyon para sa mga miyembro ng kanyang ward. Siya ay tinutulungan sa kanyang gawain ng mga korum ng priesthood, Relief Society, lalo na, ng mga home at visiting teacher.

Ang Relief Society ay mahalagang bahagi ng gawaing pangkapakanan. Nang iorganisa ni Propetang Joseph Smith ang Relief Society noong 1842, sinabi niya sa mga kababaihan, "Ito ang simula ng mas magagandang araw sa mga maralita at nangangailangan."[4] Sinabi niya sa kababaihan na ang layunin ng samahan ay "bigyang-ginhawa ang mga maralita, dukha, balo at ulila, at gawin ang lahat ng mabubuting layunin. . . . Bubuhusan nila ng langis at alak ang sugatang puso ng naghihinagpis; papahirin nila ang mga luha ng mga ulila at pasasayahin ang puso ng balo."[5]

Sinabi rin niya na ang society ay "maaaring [maghikayat] sa kalalakihan na gumawa ng mabuti sa paglingap sa mahihirap—na naghahanap ng mga pagkakataong mapakitaan ng pag-ibig ang kapwa, at maibigay ang kanilang pangangailangan—upang umalalay sa pamamagitan ng pagwawasto ng mga pag-uugali at pagpapaibayo ng mabubuting katangian ng komunidad."[6]

Ang kalalakihan at kababaihan ng Simbahan ay magkasama ngayong nagbibigay-ginhawa sa mga nangangailangan. Ang mga mayhawak ng priesthood ay naglalaan ng kinakailangang suporta para sa mga nangangailangan ng espirituwal na patnubay at tulong. Ang mga home teacher na nabigyang-inspirasyon ay nagbabasbas ng mga buhay at naglalaan ng mga pagpapala ng ebanghelyo sa bawat pamilya. Bukod pa rito, ibinabahagi nila ang kanilang lakas at mga talento sa iba pang kaparaanan, tulad ng pagtulong sa pamilya sa pagkukumpuni ng bahay, paglilipat ng bahay, o pagtulong sa isang miyembrong lalaki na makahanap ng trabaho.

Ang mga Relief Society president ay bumibisita sa mga tahanan para alamin ang mga pangangailangang iuulat sa bishop. Ang mga visiting teacher na nabigyang-inspirasyon ay nangangalaga at nagmamalasakit sa kababaihan at mga pamilya. Sila kadalasan ang unang tumutugon sa oras ng kagipitan. Ang kababaihan ng Relief Society ay naglalaan ng pagkain, naglilingkod nang may pagkahabag, at laging sumusuporta sa panahon ng pagsubok.

Ang mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo ay nagalak noong araw at dapat magalak ngayon sa mga pagkakataon nating makapaglingkod sa iba. Ang ating pinagsamang mga pagsisikap ay nagpapaginhawa sa mga maralita, nagugutom, nagdurusa, o naliligalig, sa gayon ay nagliligtas tayo ng mga kaluluwa.

Magagamit ng lahat ng bishop ang kamalig ng Panginoon, na itinayo



yamang "nagbibigay ang matatapat na miyembro sa bishop ng kanilang panahon, mga talento, kasanayan, habag, materyal, at kabuhayan para sa pangangalaga sa mga maralita at sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa lupa."[7] Lahat tayo ay nagbibigay sa kamalig ng Panginoon kapag nagbabayad tayo ng handog-ayuno at ipinapagamit sa bishop ang lahat ng ating mapagkukunan upang tulungan ang mga nangangailangan.

Sa kabila ng mabilis na pagbabago ng mundo, ang mga alituntunin ng gawaing pangkapakanan ay hindi nagbago sa paglipas ng panahon dahil ang mga ito ay binigyang-inspirasyon at inihayag na katotohanan ng langit. Kapag ginagawa ng mga miyembro ng Simbahan at ng kanilang pamilya ang lahat para matustusan ang kanilang sarili at hindi pa rin matugunan ang mga pangunahing pangangailangan, handang tumulong ang Simbahan. Ang mga panandaliang pangangailangan ay agad natutugunan, at naisasagawa ang planong tulungan ang tao na umasa sa sarili. Ang pag-asa sa sarili ay kakayahang mailaan ang mga pangangailangang espirituwal at temporal ng sarili at pamilya.

Kapag pinag-ibayo natin ang ating pag-asa sa sarili, nag-iibayo ang ating kakayahang tulungan at paglingkuran ang iba ayon sa paraan ng Tagapagligtas. Sinusundan natin ang halimbawa ng Tagapagligtas kapag naglilingkod tayo sa mga nangangailangan, maysakit, at nagdurusa. Kapag pagmamahal ang naging gabay na alituntunin natin sa pangangalaga sa iba, ang paglilingkod natin sa kanila ay nagiging halimbawa ng pamumuhay sa ebanghelyo. Ito ay matwid na pamumuhay sa ebanghelyo. Ito ay dalisay na relihiyon.

Sa iba't iba kong tungkulin sa Simbahan, napakumbaba ako ng pagmamahal at malasakit ng mga bishop at lider ng Relief Society sa kanilang nasasakupan. Habang naglilingkod ako bilang stake Relief Society president sa Chile noong mga unang taon ng 1980s, bagsak ang ekonomiya ng bansa at 30 porsiyento ang walang trabaho. Nasaksihan ko ang kabayanihan ng mga Relief Society president at matatapat na visiting teacher na "gumagawa ng mabuti"[8] sa gayon kahihirap na sitwasyon. Isinabuhay nila ang banal na kasulatan sa Mga Kawikaan 31:20: "Iginagawad niya ang kaniyang kamay sa dukha; oo iniaabot niya ang kaniyang mga kamay sa mapagkailangan."

Ang kababaihang hikahos din ang pamilya ay tinulungan sa tuwina ang mga taong inakala nilang mas nangangailangan. Doon ko mas malinaw na naunawaan ang nakita ng Tagapagligtas nang ipahayag niya sa Lucas 21:3–4:

"Sa katotohana'y sinasabi ko sa inyo, ang dukhang babaing baong ito ay naghulog ng higit kay sa kanilang lahat:

"Sapagka't ang lahat ng mga yaon ay nangahulog sa mga alay ng sa kanila'y labis [sa Diyos]: datapuwa't siya, sa kaniyang kasalatan ay inihulog ang buong kaniyang ikabubuhay na nasa kaniya."

Ilang taon ang lumipas nasaksihan ko rin ang gayong pangyayari bilang stake Relief Society president sa Argentina nang dumanas ng labis na pagtaas ng presyo ng bilihin ang bansa at ang



sumunod na pagbagsak ng ekonomiya ay nakaapekto sa marami nating matatapat na miyembro. Muli ko itong nasaksihan sa pagbisita ko kamakailan sa Kinshasa sa Democratic Republic of Congo; Antananarivo sa Madagascar; at Bulawayo sa Zimbabwe. Ang mga miyembro ng ward sa lahat ng dako, at lalo na ang kababaihan ng Relief Society, ay patuloy na pinatatatag ang pananampalataya, pinalalakas ang bawat isa at mga pamilya, at tinutulungan ang mga nangangailangan.

Kahanga-hangang isipin na ang isang mapakumbabang miyembrong may tungkulin sa Simbahan ay pupunta sa isang tahanan kung saan may kahirapan, kalungkutan, sakit, o kaligaligan at makapaghatid ng kapayapaan, ginhawa, at kaligayahan. Hindi mahalaga kung saan naroon ang ward o branch o gaano kalaki o kaliit ang grupo, lahat ng miyembro sa buong mundo ay may ganitong pagkakataon. Nangyayari ito araw-araw, at nangyayari ito saanman sa sandaling ito.

Si Karla ay bata pang ina na may dalawang anak. Ang kanyang asawang si Brent ay nagtatrabaho nang mahabang oras at isang oras ang biyahe papasok sa trabaho. Makaraang isilang niya ang kanyang pangalawang anak na babae, ikinuwento niya ang sumusunod: "Noong araw na tawagin akong maglingkod bilang tagapayo sa aming ward Relief Society, nagsimula akong makadama ng pagkabalisa. Paano ko magagawang tulungang pangalagaan ang kababaihan sa aming ward gayong nahihirapan akong gampanan ang aking tungkulin bilang asawa at ina ng napakaaktibong dalawang-taong-gulang at isang bagong silang na sanggol? Noong pinag-iisipan ko ang mga bagay na ito, nagkasakit ang dalawang-taong-gulang kong anak. Hindi ko talaga alam ang gagawin ko sa kanya maliban pa sa kailangan kong alagaan ang aking sanggol. Sa gayong sitwasyon, si Sister Wasden, na isa sa aking mga visiting teacher, ang di-inaasahang dumating. Dahil malalaki na ang kanyang mga anak, alam niya kung paano ako tutulungan. Sinabi niya sa akin ang kailangan kong gawin at nagpunta siya sa botika para bumili ng ilang suplay. Kalaunan pinasundo niya [sa iba] ang asawa ko sa istasyon ng tren para makauwi ito kaagad at matulungan ako. Ang kanyang pagtulong na pinaniniwalaan kong inspirasyon mula sa Espiritu Santo pati na ang kanyang kahandaang paglingkuran ako ang tanging katiyakang kailangan ko mula sa Panginoon na tutulungan Niya ako na magampanan ang aking bagong tungkulin."

Mahal tayo ng Ama sa Langit at alam Niya ang ating iba't ibang sitwasyon at mga kakayahan. Bagama't hinahangad natin ang tulong Niya sa araw-araw sa pamamagitan ng panalangin, karaniwan na sa pamamagitan ng ibang tao Niya ibinibigay ang ating mga pangangailangan.[9]

Sabi ng Panginoon, "Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa."[10]

Ipinapakita natin ang dalisay na pag-ibig ni Cristo kapag nagbigay tayo ng di-makasariling paglilingkod. Ang pagtulong sa isa't isa ay isang nagpapabanal na karanasang nagpapadakila sa tumatanggap at nagpapakumbaba sa nagbibigay. Tinutulungan tayo nito na maging tunay na mga disipulo ni Cristo.

Ang planong pangkapakanan noon pa man ay pagsasabuhay ng walang hanggang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ito ay tunay na pagtulong ayon sa paraan ng Panginoon. Panibaguhin natin ang ating pagnanais na maging bahagi ng kamalig ng Panginoon sa pagtulong sa iba.

Dalangin ko na biyayaan ng Panginoon ang bawat isa sa atin ng mas ibayong awa, pag-ibig sa kapwa, at habag. Sumasamo ako na dagdagan pa nating ang ating pagnanais at kakayahang tulungan ang mga di-gaanong mapalad, naliligalig, at nagdurusa, upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan, mapalakas ang kanilang pananampalataya, at mapuspos ng pasasalamat at pagmamahal ang kanilang puso.

Nawa'y pagpalain ng Panginoon ang bawat isa sa atin sa pagsunod natin sa Kanyang mga utos, Kanyang ebanghelyo, at Kanyang liwanag. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Moises 7:18.
2. Tingnan sa Mateo 22:36–40.
3. Doktrina at mga Tipan 44:6.
4. Joseph Smith, sa *History of the Church,* 4:607.
5. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 529–30.
6. *Mga Turo: Joseph Smith,* 529.
7. *Providing in the Lord's Way: A Leader's Guide to Welfare* (1990), 11.
8. Mga Gawa 10:38; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13.
9. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 100.
10. Juan 13:35.



**Ni Elder David A. Bednar**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Diwa ng Paghahayag

*Ang diwa ng paghahayag ay totoo—at maaaring magamit at ginagamit sa ating buhay at sa Simbahan.*

Nagpapasalamat ako sa inspiradong pagkapili sa himnong pakikinggan natin pagkatapos kong magsalita, ang "Ako Ba'y May Kabutihang Nagawa?" (*Mga Himno,* blg. 135). Nagkaroon ako ng ideya.

Inaanyayahan ko kayong pag-isipan ang dalawang karanasan ng halos lahat sa atin sa liwanag.

Ang unang karanasan ay nang pumasok tayo sa madilim na silid at binuksan natin ang ilaw. Tandaan ninyo na sa isang iglap lang ay napuno ng liwanag ang silid at naglaho ang dilim. Ang dating hindi makita at malabo ay nakita at malinaw na. Naranasan natin dito ang kaagad at kapansin-pansing pagliliwanag.


Ang pangalawang naranasan natin ay nang masdan natin ang pagbubukang-liwayway. Naaalala ba ninyo ang dahan-dahan at halos di-mapansing unti-unting pagliliwanag sa kalangitan? Kabaligtaran ng pagbubukas ng ilaw sa madilim na silid, ang liwanag mula sa pasikat na araw ay hindi kaagad sumilay. Bagkus, unti-unti at patuloy na lumatag ang liwanag, at ang kadiliman ng gabi ay napalitan ng ningning ng umaga. Maya-maya pa, tuluyan nang naghari ang araw sa kalangitan. Ngunit ang pagbubukang-liwayway ay mapapansin na ilang oras pa bago ganap na sumikat ang araw sa kalangitan. Naranasan natin dito ang marahan at unti-unting pagliwanag.

Mula sa dalawang pangkaraniwang karanasang iyon sa liwanag, marami tayong matututuhan tungkol sa diwa ng paghahayag. Dalangin kong bigyang-inspirasyon at turuan tayo ng Espiritu Santo sa pagtalakay natin ngayon sa diwa ng paghahayag at sa mga pangunahing paraan na natatanggap ang paghahayag.

### Ang Diwa ng Paghahayag

Ang paghahayag ay pakikipagugnayan ng Diyos sa Kanyang mga anak sa lupa at isa sa pinakamalalaking pagpapalang kaugnay ng pagtanggap at palagiang pagsama ng Espiritu Santo. Itinuro ni Propetang Joseph Smith, "Ang Espiritu Santo ay isang tagapaghayag," at "walang taong makatatanggap ng Espiritu Santo nang hindi tumatanggap ng mga paghahayag" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 153).

Ang diwa ng paghahayag ay maibibigay sa bawat taong tumanggap mula sa tamang awtoridad ng priesthood ng mga nakapagliligtas na ordenansa ng pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan at ng pagpagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo—at gumaganap nang may pananampalataya na isagawa ang atas ng priesthood na "tanggapin ang Espiritu Santo." Ang pagpapalang ito ay hindi lang para sa mga nangungulong awtoridad ng Simbahan; sa halip, ito ay tinataglay at dapat na ginagamit ng bawat lalaki, babae, at bata na nasa hustong gulang na upang managot at gumagawa ng sagradong mga tipan. Ang tapat na hangarin at pagkamarapat ay nag-aanyaya ng diwa ng paghahayag sa ating buhay.



Sina Joseph Smith at Oliver Cowdery ay may mahalagang karanasan sa diwa ng paghahayag nang isalin nila ang Aklat ni Mormon. Natutuhan ng mga kapatid na ito na makatatanggap sila ng anumang kaalamang kailangan upang matapos ang kanilang gawain kung hihiling sila nang may pananampalataya, nang may tapat na puso, naniniwalang sila ay tatanggap. At sa paglipas ng panahon higit nilang naunawaan ang diwa ng paghahayag na karaniwang dumarating sa ating isipan at puso sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. (Tingnan sa D at T 8:1–2; 100:5–8.) Tulad ng bilin sa kanila ng Panginoon, "Ngayon, masdan, ito ang diwa ng paghahayag; masdan, ito ang diwa kung paano nadala ni Moises ang mga anak ni Israel patawid sa Dagat na Pula patungo sa tuyong lupa. Samakatwid ito ang iyong kaloob; gamitin ito" (D at T 8:3–4).

Bibigyang-diin ko ang mga salitang "gamitin ito" patungkol sa diwa ng paghahayag. Sa mga banal na kasulatan, ang impluwensya ng Espiritu Santo ay madalas ilarawan bilang "marahan at banayad na tinig" (I Mga Hari 19:12; 1 Nephi 17:45; tingnan din sa 3 Nephi 11:3) at isang "tahimik na tinig nang ganap na kahinahunan" (Helaman 5:30). Dahil ang Espiritu ay bumubulong sa atin nang marahan at banayad, madaling maunawaan kung bakit dapat nating iwasan ang di-angkop na media, pornograpiya, at nakapipinsala at nakalululong na mga bagay at pag-uugali. Ang mga kasangkapang ito ng kaaway ay makapipinsala at lubusang sisira sa ating kakayahang kumilala at tumugon sa mga mensahe mula sa Diyos na inihatid sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Espiritu. Dapat isiping mabuti at ipagdasal ng bawat isa sa atin kung paano labanan ang mga panunukso ng diyablo at matwid na "gamitin ito," maging ang diwa ng paghahayag, sa ating personal na buhay at sa pamilya.

### Mga Paraan ng Paghahayag

Ang mga paghahayag ay inihahatid sa iba't ibang paraan, pati na, halimbawa, sa mga panaginip, pangitain, pakikipag-usap sa mga sugo ng langit, at inspirasyon. Ang ilang paghahayag ay natatanggap kaagad at matindi; ang ilan ay natutukoy nang unti-unti at marahan. Ang dalawang karanasan sa liwanag na inilarawan ko ay makakatulong sa atin na mas maunawaan ang dalawang paraan ng pagdating ng paghahayag.

Ang ilaw na binuksan sa isang madilim na silid ay parang pagtanggap ng mensahe mula sa Diyos nang mabilis, lubusan, at biglaan. Marami sa atin ang nakararanas ng ganitong paraan ng paghahayag kapag sinasagot ang ating tapat na panalangin o pinapatnubayan o pinoprotektahan tayo, ayon sa nais at panahong itinakda ng Diyos. Ang paglalarawan ng gayong kagyat at matitinding pagpapamalas ay makikita sa mga banal na kasulatan, muling ikinuwento sa kasaysayan ng Simbahan, at makikita sa sarili nating buhay. Tunay ngang nagaganap ang malalaking himalang ito. Gayunman, mas bihira kaysa madalas ang ganitong paraan ng paghahayag.

Ang unti-unting pagliliwanag na nagmumula sa papasikat na araw ay parang pagtanggap ng mensahe mula sa Diyos nang "taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin" (2 Nephi 28:30). Kadalasan, ang paghahayag ay dumarating nang paunti-unti at ibinibigay ayon sa ating hangarin, pagkamarapat, at paghahanda. Ang gayong pakikipagugnayan mula sa ating Ama sa Langit ay dahan-dahan at marahang "magpapadalisay sa [ating mga] kaluluwa gaya ng hamog mula sa langit" (D at T 121:45). Mas karaniwan kaysa bihira ang ganitong paraan ng paghahayag at nakikita sa mga karanasan ni Nephi nang subukan niya ang ilang iba't ibang pamamaraan bago tuluyang nakuha ang mga laminang tanso mula kay Laban (tingnan sa 1 Nephi 3–4). Sa huli, pinatnubayan siya ng Espiritu patungong Jerusalem "nang sa simula ay hindi pa nalalaman ang mga bagay na nararapat [niyang] gawin" (1 Nephi 4:6). At hindi niya natutuhan nang biglaan ang paggawa ng sasakyang-dagat na kakaiba ang kayarian; bagkus, ipinakita ng Panginoon kay Nephi "sa pana-panahon kung sa anong pamamaraan nararapat [niyang] gawin ang mga kahoy ng sasakyang-dagat" (1 Nephi 18:1).

Ang kasaysayan ng Simbahan at ang ating personal na buhay ay kapwa puno ng mga halimbawa ng paraan ng Panginoon sa pagtanggap natin ng paghahayag nang "taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin." Halimbawa, ang mahahalagang katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo ay hindi ipinaalam nang biglaan kay Propetang Joseph Smith sa Sagradong Kakahuyan. Ang walang katumbas na yamang ito ay inihayag sa tamang mga pagkakataon at panahon.

Ipinaliwanag ni Pangulong Joseph F. Smith kung paano naganap sa kanyang buhay ang paraang ito ng paghahayag: "Noong ako ay bata pa . . . madalas kong . . . hilingan ang Panginoon na ipakita sa akin ang ilang kagila-gilalas na bagay, nang sa gayon ay makatanggap ako ng patotoo. Subalit ipinagkait ng Panginoon ang mga kagila-gilalas na bagay sa akin, at ipinakita sa akin ang katotohanan [nang] taludtod sa taludtod . . . , hanggang sa maipaalam niya sa akin ang katotohanan mula sa aking ulo hanggang sa aking talampakan, at hanggang sa tuluyang maglaho sa akin ang alinlangan at takot. Hindi niya kailangang magpadala ng anghel mula sa kalangitan upang gawin ito, ni hindi rin niya kinailangang makapangusap nang may pakakak ng arkanghel. Sa pamamagitan ng mga pagbulong ng marahan at banayad na tinig ng Espiritu ng buhay na Diyos, ipinagkaloob niya ang patotoo na aking tinataglay. At sa pamamagitan ng ganitong alituntunin at kapangyarihan ay ipinagkakaloob niya sa lahat ng anak ng tao ang kaalaman ng katotohanan na mananatili sa kanila, at magagawa nitong ipaalam sa kanila ang katotohanan, tulad ng kung paano ito nalalaman ng Diyos, at gawin ang kalooban ng Ama tulad ng kung paano ito ginagawa ni Cristo. At walang anumang kagila-gilalas na paghahayag ang kailanma'y makagagawa nito" (sa Conference Report, Abr. 1900, 40–41).

Tayong mga miyembro ng Simbahan ay lubhang binibigyang-diin ang



kagila-gilalas at madamdaming mga espirituwal na pagpapakita kaya hindi natin napapahalagahan at maaaring hindi pa natin mapansin ang karaniwang paraan ng pagsasakatuparan ng Espiritu Santo ng Kanyang gawain. Ang mismong "kagaanan ng paraan" (1 Nephi 17:41) ng pagtanggap ng maliliit at unti-unting espirituwal na pahiwatig na sa paglipas ng panahon at sa kabuuan ay nagbibigay ng hinahangad na sagot o patnubay na kailangan natin ay maaring mag-udyok sa atin na tumingin "nang lampas sa tanda" (Jacob 4:14).

Nakausap ko ang maraming tao na nag-aalinlangan sa lakas ng kanilang sariling patotoo at minamaliit ang kanilang espirituwal na kakayahan dahil hindi sila nakatatanggap ng madalas, mahimala, o matinding pahiwatig. Marahil kung iisipin natin ang mga karanasan ni Joseph sa Sagradong Kakahuyan, ni Pablo sa daan patungong Damasco, at ni Nakababatang Alma, maniniwala tayo na may mali o kulang sa atin kung hindi natin maranasan ang ganitong kahanga-hanga at kagila-gilalas na mga halimbawa. Kung nagkaroon na rin kayo ng gayong mga ideya o pag-aalinlangan, isipin sana ninyo na karaniwang nangyayari ito. Magpatuloy lang sa pagsunod at pagsampalataya sa Tagapagligtas. Sa paggawa nito, kayo ay "hindi maaaring malihis" (D at T 80:3).

Ipinayo ni Pangulong Joseph F. Smith: "Magpakita ka sa akin ng mga Banal sa mga Huling Araw na kailangang umasa sa mga himala, tanda at mga pangitain upang manatiling matatag sa Simbahan, at magpapakita ako sa iyo ng mga miyembro . . . na hindi karapat-dapat sa harapan ng Diyos, at mabuway ang pananampalataya. Hindi sa kagila-gilalas na paghahayag sa atin ang magpapatatag sa atin sa katotohanan, kundi sa kapakumbabaan at tapat na pagsunod sa mga utos at batas ng Diyos" (sa Conference Report, Abril 1900, 40).

Isa pang karaniwang karanasan sa liwanag ang nagtuturo sa atin ng karagdagang katotohanan tungkol sa "taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin" na paraan ng paghahayag. Kung minsan sumisikat ang araw sa umagang maulap o mahamog. Dahil makulimlim, mas mahirap mabanaag ang liwanag, at imposibleng matukoy kung anong oras talaga sisikat ang araw sa kalangitan. Ngunit kahit gayon ang umaga sapat pa rin ang liwanag para makita natin ang panibagong araw at simulan ang ating gawain.

Sa gayunding paraan, maraming pagkakataon na tumatanggap tayo ng paghahayag nang hindi alam kung paano o kailan natin ito natatanggap. Isang mahalagang bahagi sa kasaysayan ng Simbahan ang naglalarawan ng alituntuning ito.

Noong tagsibol ng 1829, si Oliver Cowdery ay isang guro sa Palmyra, New York. Nang malaman niya ang tungkol kay Joseph Smith at ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon, naisip ni Oliver na mag-alok ng tulong sa binatang propeta. Dahil dito, nagpunta siya sa Harmony, Pennsylvania, at naging tagasulat ni Joseph. Ang oras ng kanyang pagdating at tulong na ibinigay ay napakahalaga sa paglabas ng Aklat ni Mormon.

Kasunod niyon inihayag ng Tagapagligtas kay Oliver na sa madalas niyang paghingi ng gabay, nakatanggap din siya ng patnubay mula sa Espiritu ng Panginoon. "Kung hindi magkagayon," sabi ng Panginoon, "ikaw ay hindi makararating sa lugar na kinaroroonan mo sa ngayon. Masdan, iyong nalalaman na ikaw ay nagtanong sa akin at aking nilinaw ang iyong pagiisip; at ngayon ipinaaalam ko sa iyo ang mga bagay na ito upang iyong malaman na ikaw ay naliwanagan sa pamamagitan ng Espiritu ng katotohanan" (D at T 6:14–15).


Sa gayon, tumanggap ng paghahayag si Oliver sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith na nagpabatid sa kanya na siya ay nakatatanggap ng paghahayag. Malinaw na hindi natukoy ni Oliver kung paano at kailan siya nakatanggap ng patnubay mula sa Diyos at kinailangan ang tagubiling ito upang maragdagan ang kanyang pag-unawa tungkol sa diwa ng paghahayag. Masasabi natin na si Oliver ay naglalakad sa liwanag habang sumisikat ang araw sa umagang maulap.

Sa maraming kawalang-katiyakan at pagsubok natin sa buhay, inuutusan

tayo ng Diyos na gawin ang lahat ng ating makakaya, kumilos tayo at huwag tayong pakilusin ng iba (tingnan sa 2 Nephi 2:26), at magtiwala sa Kanya. Maaaring hindi tayo makakita ng mga anghel, makarinig ng mga tinig mula sa langit, o makadama ng kagila-gilalas na mga espirituwal na karanasan. Maaaring patuloy tayong sumusulong na umaasa at nagdarasal—ngunit walang ganap na katiyakan—na tayo ay kumikilos ayon sa nais ng Diyos. Ngunit kung igagalang natin ang ating mga tipan at susundin ang mga utos, habang nagsisikap pa tayong gumawa ng mabuti at maging mas mabuti, mabubuhay tayo nang may tiwala na gagabayan ng Diyos ang ating mga hakbang. At makapagsasalita tayo nang may katiyakan na bibigyang-inspirasyon ng Diyos ang ating sasabihin. Ito sa isang paraan ang kahulugan ng banal na kasulatang nagpapahayag na, "Sa gayon ang iyong pagtitiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos" (D at T 121:45).

Sa inyong angkop na paghahangad at paggamit ng diwa ng paghahayag, nangangako ako na kayo ay "[magsisilakad] sa liwanag ng Panginoon" (Isaias 2:5; 2 Nephi 12:5). Kung minsan ay dumarating ang diwa ng paghahayag nang mabilis at matindi, kung minsan naman ay di-kapansin-pansin at dahan-dahan, at kadalasan ay napakabanayad kaya hindi man lang ninyo ito mapapansin. Ngunit anuman ang paraan ng pagtanggap sa pagpapalang ito, ang liwanag na laan nito ay magliliwanag at palalakihin ang inyong kaluluwa, liliwanagin ang inyong pang-unawa (tingnan sa Alma 5:7; Alma 32:28), at papatnubayan at poprotektahan kayo at ang inyong pamilya.

Ipinahahayag ko ang aking patotoo bilang apostol na ang Ama at ang Anak ay buhay. Ang diwa ng paghahayag ay totoo—at maaaring magamit at ginagamit sa ating buhay at sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Pinatototohanan ko ang mga katotohanang ito sa sagradong pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■



Ni Pangulong Thomas S. Monson

# Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo

*Ang pinakamahalaga at pinakamataas na pagpapala ng pagiging miyembro ng Simbahan ay ang mga pagpapalang natatanggap natin sa mga templo ng Diyos.*

Mahal kong mga kapatid, ipinaaabot ko ang aking pagmamahal at pagbati sa inyong lahat at dalangin ko na gabayan ng ating Ama sa Langit ang aking isipan at bigyang-inspirasyon ang aking mga sasabihin sa inyo ngayon.

Magsisimula ako sa pagbibigay ng isa o dalawang puna tungkol sa magagandang mensaheng narinig natin ngayong umaga mula kina Sister Allred at Bishop Burton at iba pa hinggil sa gawaing pangkapanan ng Simbahan. Gaya ng nabanggit, sa taong ito ipinagdiriwang ang ika-75 anibersaryo ng inspiradong programang ito, na nagpala sa buhay ng marami. Pribilehiyo kong makilala nang personal ang ilan sa mga nanguna sa dakilang gawaing ito—mga taong mahabagin at naiisip ang mangyayari.

Tulad ng binanggit nina Bishop Burton at Sister Allred at iba pa, ang bishop ng ward ay binibigyan ng responsibilidad na pangalagaaan ang mga nangangailangan na nakatira sa loob ng mga hangganan ng kanyang ward. Gayon ang pribilehiyo ko noong ako ang nangulo bilang napakabatang bishop sa Salt Lake City sa isang ward na may 1,080 miyembro, kabilang na ang 84 na balo. Marami ang nangangailangan ng tulong noon. Kaylaki ng pasasalamat ko sa gawaing pangkapakanan ng Simbahan at sa tulong ng Relief Society at ng mga korum ng priesthood.

Ipinapahayag ko na ang gawaing pangkapakanan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay binigyang inspirasyon ng Diyos na Maykapal.

Ngayon, mga kapatid, ang kumperensyang ito ang ikatlong taon mula nang sang-ayunan ako bilang Pangulo ng Simbahan. Mangyari pa napakaabala ng mga taong nagdaan, puno ng maraming hamon ngunit di-mabilang ding mga pagpapala. Ang pagkakataon kong ilaan at muling ilaan ang mga templo ay nakabilang sa mga pinakamasaya at sagradong

mga pagpapalang ito, at tungkol sa templo ang nais kong talakayin sa inyo ngayon.

Sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1902, ipinahayag ng Pangulo ng Simbahan na si Joseph F. Smith sa kanyang pambungad na mensahe ang pag-asam niya na balang-araw ay "makapagtatayo tayo ng mga templo sa iba't ibang dako ng [mundo] saanman kailangan ang mga ito para sa kaginhawahan ng mga tao."[1]

Sa unang 150 taon matapos itatag ang Simbahan, mula 1830 hanggang 1980, 21 templo ang itinayo, kabilang na ang mga templo sa Kirtland, Ohio, at Nauvoo, Illinois. Ikumpara iyan sa nakalipas na 30 taon mula noong 1980, kung kailan 115 templo ang itinayo at inilaan. Sa ibinalita kahapon na 3 bagong templo, may karagdagang 26 na templo na kasalukuyang itinatayo o itatayo pa lamang. Ang bilang na ito ay patuloy na madaragdagan.



Ang mithiin ni Pangulong Joseph F. Smith noong 1902 ay nakakatotoo. Hangad nating mailapit ang templo sa ating mga miyembro hangga't maaari.

Ang isa sa mga templong kasalukuyang itinatayo ay nasa Manaus, Brazil. Maraming taon na ang nakalilipas nabasa ko ang tungkol sa isang grupo ng mahigit isandaang miyembro na umalis sa Manaus, na nasa pusod ng kagubatan ng Amazon, para magpunta sa noon ay pinakamalapit na templo, na nasa Sao Paulo, Brazil—halos 2,500 milya (4,000 km) ang layo mula sa Manaus. Ang matatapat na Banal na iyon ay sumakay ng barko sa loob ng apat na araw sa Amazon River at mga sangang-ilog nito. Pagkatapos ng paglalakbay na ito sa tubig, sumakay sila ng bus sa loob ng tatlo pang araw—sa mga baku-bakong lansangan, na kakaunti ang pagkain, at walang komportableng matulugan. Makalipas ang pitong araw at gabi, nakarating sila sa templo sa Sao Paulo, kung saan isinagawa ang mga ordenansa ng kawalang-hanggan. Mangyari pa ang paglalakbay nila pauwi ay gayundin kahirap. Gayon man, natanggap nila ang mga ordenansa at pagpapala ng templo, at kahit walang laman ang kanilang mga pitaka, sila mismo ay puspos ng diwa ng templo at ng pasasalamat sa mga pagpapalang natanggap nila.[2] Ngayon, makalipas ang maraming taon, ang mga miyembro natin sa Manaus ay nagagalak habang minamasdan ang sarili nilang templong itinatayo sa pampang ng Rio Negro. Ang mga templo ay naghahatid ng galak sa ating matatapat na miyembro saanman ito itayo.

Ang mga ulat ng mga sakripisyong ginawa upang matanggap ang mga pagpapalang matatagpuan lamang sa mga templo ng Diyos ay lagi nang umaantig sa aking puso at nagdudulot sa akin ng panibagong diwa ng pasasalamat para sa mga templo.

Ibabahagi ko sa inyo ang kuwento tungkol kina Tihi at Tararaina Mou Tham at sa 10 anak nila. Sumapi ang buong pamilya sa Simbahan maliban sa isang anak na babae noong mga unang taon ng 1960s, nang dumating ang mga misyonero sa kanilang pulo, na mga 100 milya (160 km) sa timog ng Tahiti. Hindi nagtagal hinangad nila ang mga pagpapala ng pagbubuklod ng walang hanggang pamilya sa templo.

Noon, ang pinakamalapit na templo sa pamilya Mou Tham ay ang Hamilton New Zealand Temple, na mahigit 2,500 milya (4,000 km) sa timog-kanluran, at mararating lamang sa pamamagitan ng eroplano. Ang malaking pamilya ng Mou Tham, na ang kabuhayan ay nagmumula sa isang maliit na taniman, ay walang pamasahe sa eroplano, ni walang makitang trabaho sa kanilang pulo sa Pasipiko. Kaya gumawa ng mahirap na desisyon si Brother Mou Tham at ang kanyang anak na si Gérard na maglakbay nang 3,000 milya (4,800 km) upang magtrabaho sa New Caledonia, kung saan nagtatrabaho na ang isa pa niyang anak na lalaki.

Ang tatlong lalaki sa pamilya Mou Tham ay nagtrabaho nang apat na taon. Minsan lang umuwing mag-isa noon si Brother Mou Tham, para sa kasal ng isang anak na babae.

Pagkaraan ng apat na taon ng pagpapagod sa trabaho, nakapag-ipon ng sapat na pera si Brother Mou Tham at ang kanyang mga anak para dalhin ang pamilya sa New Zealand Temple. Lahat ng miyembro sa kanila ay nagpunta maliban sa isang anak



na babae, na malapit nang manganak. Sila ay ibinuklod sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan, isang di-mailarawan at napakasayang karanasan.

Mula sa templo ay bumalik kaagad si Brother Mou Tham sa New Caledonia, kung saan dalawang taon pa siyang nagtrabaho para sa pamasahe papunta sa anak na babaeng hindi nila nakasama sa templo—na mayroon nang asawa at anak.

Nang tumanda na sila, hinangad nina Brother at Sister Mou Tham na maglingkod sa templo. Noong panahong iyon naitayo at nailaan na ang Papeete Tahiti Temple, at apat na beses sila nagmisyon doon.[3]

Mga kapatid, ang mga templo ay higit pa sa bato at semento. Ang mga ito ay puno ng pananampalataya at pag-aayuno. Ang mga ito ay binubuo ng mga pagsubok at patotoo. Ang mga ito ay pinabanal ng sakripisyo at paglilingkod.

Ang unang templong itatayo sa dispensasyong ito ay ang templo sa Kirtland, Ohio. Ang mga Banal noon ay hikahos sa buhay, subalit iniutos ng Panginoon na magtayo ng templo, kaya't itinayo nila ito. Sumulat si Elder Heber C. Kimball tungkol sa karanasang ito, "Tanging ang Panginoon ang nakaaalam sa kahirapan, pagdurusa, at kaligaligang dinanas namin upang maisagawa ito."[4] At, pagkatapos ng lahat ng hirap, napilitang lisanin ng mga Banal ang Ohio at ang pinakamamahal nilang templo. Sa huli ay nakahanap sila ng kanlungan—bagama't pansamantala lamang ito—sa pampang ng Mississippi River sa estado ng Illinois. Tinawag nila itong Nauvoo, at handang muling ibigay ang lahat at buo ang pananampalataya, nagtayo sila ng isa pang templo sa kanilang Diyos. Gayunman, sila ay inusig at hindi pa tapos ang Nauvoo Temple, pinalayas silang muli sa kanilang mga tahanan, at naghanap sila ng kanlungan sa disyerto.

Ang pakikibaka at sakripisyo ay muling nagsimula nang magpagal sila nang 40 taon upang itayo ang Salt Lake Temple, na maringal na nakatayo sa bloke sa timog natin na naririto ngayon sa Conference Center.

Ang kaunting sakripisyo ay lagi nang kaakibat ng pagtatayo ng templo at pagdalo sa templo. Hindi mabilang ang mga nagpagal at nagsikap upang makamtan nila at ng kanilang pamilya ang mga pagpapalang matatagpuan sa mga templo ng Diyos.

Bakit napakaraming handang magbigay nang napakalaki upang matanggap ang mga pagpapala ng templo? Alam ng mga nakauunawa sa walang hanggang mga pagpapalang nagmumula sa templo na walang sakripisyong napakalaki, walang kapalit na napakabigat, walang pagsisikap na napakahirap upang matanggap ang mga pagpapalang iyon. Walang paglalakbay na napakalayo, walang maraming balakid na hindi malalagpasan, o napakaraming hirap na hindi mapagtitiisan. Nauunawaan nila na ang nakapagliligtas na mga ordenansang natanggap sa templo na nagtutulot sa atin na makabalik balang araw sa ating Ama sa Langit sa ugnayan ng pamilyang walang hanggan at mapagkalooban ng mga pagpapala at kapangyarihan mula sa itaas ay sulit sa lahat ng sakripisyo at pagsisikap.

Ngayon karamihan sa atin ay hindi na kailangang dumanas ng matitinding hirap upang makapunta sa templo. Walumpu't limang porsiyento ng mga miyembro ng Simbahan ngayon ang nakatira sa sakop na 200 miles (320 km) ng templo, at marami sa atin ang nakatira nang mas malapit pa rito.

Kung nakapunta na kayo sa templo para sa inyong sarili, at kung malapit lang ang tirahan ninyo sa templo, ang sakripisyong magagawa ninyo ay maglaan ng oras mula sa abala ninyong buhay upang regular na makapunta sa templo. Maraming kailangang gawin sa ating mga templo para sa mga yumaong naghihintay sa kabilang buhay. Sa paggawa natin ng gawain para sa kanila, malalaman natin na nagawa natin para sa kanila ang hindi nila magagawa para sa kanilang sarili. Sinabi ni Pangulong Joseph F. Smith, sa matatag na pahayag, na, "Sa pamamagitan ng ating mga pagsisikap para sa kanila ay makakalag ang gapos ng kanilang pagkakaalipin, at maglalaho ang kadiliman na bumabalot sa kanila, upang [tumanglaw] ang liwanag sa kanila at maririnig nila sa daigdig ng mga espiritu ang gawain na isinagawa para sa kanila ng kanilang mga anak dito sa lupa, at magagalak na kasama ninyo sa pagsasagawa ninyo ng mga tungkuling ito."[5] Mahal kong mga kapatid, tayo ang gagawa nito.

Sa sarili kong pamilya, ang ilan sa mga pinakasagrado at mahalagang karanasan namin ay nangyari nang magkakasama kami sa loob ng templo upang magsagawa ng mga ordenansa

ng pagbubuklod para sa aming pumanaw na mga ninuno.

Kung hindi pa kayo nakapunta sa templo, o kung *nakapunta* na kayo ngunit sa ngayon ay hindi kayo karapat-dapat humawak ng recommend, wala nang ibang mas mahalagang mithiing dapat ninyong pagsikapan kundi maging karapat-dapat na makapunta sa templo. Ang inyong sakripisyo ay maaaring ang isaayos ang inyong buhay upang makatanggap ng recommend, marahil ay sa pagtalikod sa masasamang gawi na naging hadlang sa inyo. Maaaring ito ay pagkakaroon ng pananampalataya at disiplinang magbayad ng inyong ikapu. Anuman ito, maging marapat na pumasok sa templo ng Diyos. Kumuha ng temple recommend at ituring itong napakahalagang pag-aari, dahil gayon nga ito.

Hangga't hindi kayo nakakapasok sa bahay ng Panginoon upang matanggap ninyo ang lahat ng pagpapalang naghihintay sa inyo roon, hindi pa rin ninyo natatamo ang lahat ng inihahandog ng Simbahan. Ang pinakamahalaga at pinakamataas na pagpapala ng pagiging miyembro ng Simbahan ay ang mga pagpapalang natatanggap natin sa mga templo ng Diyos.

Ngayon, mga kaibigan kong kabataan na mga tinedyer na ngayon, laging ituon ang inyong tingin sa templo. Huwag gumawa ng anumang hahadlang sa pagpasok ninyo sa mga pintuan nito at sa pagtanggap ng sagrado at walang hanggang mga pagpapala roon. Pinupuri ko kayo na regular na pumapasok sa templo para magsagawa ng mga binyag para sa mga patay, na gumigising nang maaga upang makabahagi kayo sa gayong mga binyag bago magsimula ang klase sa eskuwela. Wala akong maisip na mas mabuting paraan para simulan ang araw ninyo.

Sa inyong mga magulang ng mga bata, ibabahagi ko sa inyo ang ilang matalinong payo ni Pangulong Spencer W. Kimball. Sabi niya: "Mabuti kung . . . ang mga magulang ay maglalagay sa bawat silid ng kanilang bahay ng larawan ng templo upang



[ang kanilang mga anak], mula sa [pagiging] sanggol [nila], ay matitingnan ang larawan araw-araw [hanggang] sa maging bahagi ito ng buhay [nila]. Pag-abot [nila] sa edad na kailangan [nilang] gawin [ang] napakahalagang desisyon [tungkol sa pagpunta sa templo], ay nagawa na ang desisyong ito noon pa."[6]

Kinakanta ng mga anak natin sa Primary:

*Templo'y ibig makita,*
*Doon ay papasok.*
*Sa Diyos ay mangangako,*
*Sa kanya'y susunod.*[7]

Isinasamo ko sa inyo na ituro sa inyong mga anak ang kahalagahan ng templo.

Ang mundo ay puno ng hamon at lugar na mahirap tirhan. Madalas tayong mapalibutan ng bagay na hahatak sa atin pababa. Sa pagpasok natin sa mga banal na bahay ng Diyos, sa pag-alala natin sa mga tipang ginawa natin doon, mas makakaya nating tiisin ang bawat pagsubok at daigin ang bawat tukso. Sa sagradong santuwaryong ito magkakaroon tayo ng kapayapaan; mapapanibago ang ating lakas at titibay.

Ngayon, mga kapatid, may babanggitin pa akong isang templo bago ako magtapos. Hindi magtatagal, habang itinatayo ang mga bagong templo sa iba't ibang panig ng mundo, may itatayo sa isang lungsod na naitatag mahigit 2,500 taon na ang nakalilipas. Ang tinutukoy ko ay ang templong itinatayo ngayon sa Rome, Italy.

Bawat templo ay bahay ng Diyos, na iisa ang gamit at pare-pareho ang dulot na mga pagpapala at ordenansa. Ang Rome Italy Temple, kaiba sa lahat, ay itinatayo sa isa sa pinakamakasaysayang mga lugar sa mundo, sa lungsod kung saan ipinangaral nina Apostol Pedro at Pablo noong araw ang ebanghelyo ni Cristo at kung saan kapwa sila pinaslang.

Noong Oktubre, habang nakatipon kami sa isang magandang pastulan sa hilagang-silangan ng Rome, nagkaroon ako ng pagkakataong ialay ang panalangin ng paglalaan habang naghahanda kami sa groundbreaking. Nadama ko na dapat kong tawagin ang Italyanong senador na si Lucio Malan at vice mayor ng Rome na si Giuseppe Ciardi na makasama sa mga unang papala ng lupa. Bawat isa sa kanila ay naging bahagi ng desisyon na payagan tayong magtayo ng templo sa kanilang lungsod.

Makulimlim ang araw na iyon pero mainit, at kahit nagbabanta ang ulan, isa o dalawang patak lang ang tumulo. Habang kinakanta ng mahusay na koro sa wikang Italian ang magandang

himig ng "Espiritu ng Diyos," nadama ng lahat na parang nagsama ang langit at lupa sa maluwalhating pagkanta ng papuri at pasasalamat sa Makapangyarihang Diyos. Hindi napigilan ang pagluha.

Sa darating na mga araw, ang matatapat sa Walang Hanggang Lungsod na ito ay tatanggap ng walang hanggang mga ordenansa sa banal na bahay ng Diyos.

Ipinaaabot ko ang walang hanggan kong pasasalamat sa aking Ama sa Langit para sa templong itinatayo na ngayon sa Rome at sa lahat ng templo natin, saanmang dako. Bawat isa ay nagsisilbing tanglaw sa mundo, nagpapahayag ng ating patotoo na ang Diyos, na ating Amang Walang Hanggan, ay buhay, na nais Niya tayong pagpalain at tunay na pagpalain ang Kanyang mga anak sa lahat ng henerasyon. Bawat isa sa ating mga templo ay pagpapahayag ng ating patotoo na ang kabilang buhay ay totoo at kasingtiyak ng buhay natin dito sa lupa. Pinatototohanan ko ito.

Mahal kong mga kapatid, nawa'y gawin natin ang anumang sakripisyong kailangan upang makadalo sa templo at maisapuso at mapasa tahanan natin ang diwa ng templo. Nawa'y sundan natin ang mga yapak ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, na nagsagawa ng sukdulang sakripisyo para sa atin, nang magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan at kadakilaan sa kaharian ng ating Ama sa Langit. Ito ang aking taos na dalangin, at iniaalay ko ito sa pangalan ng ating Tagapagligtas at Panginoong Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Joseph F. Smith, sa Conference Report, Okt. 1902, 3.
2. Tingnan sa Vilson Felipe Santiago and Linda Ritchie Archibald, "From Amazon Basin to Temple," *Church News,* Mar. 13, 1993, 6.
3. Tingnan sa C. Jay Larson, "Temple Moments: Impossible Desire," *Church News,* Mar. 16, 1996, 16.
4. Heber C. Kimball, sa Orson F. Whitney, *Life of Heber C. Kimball* (1945), 67.
5. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1998), 297.
6. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* ed. Edward L. Kimball (1982), 301.
7. Janice Kapp Perry, "Templo'y Ibig Makita," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 99.





**Ni Elder Richard G. Scott**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang mga Walang-Hanggang Pagpapala ng Kasal o Pag-aasawa

*Mas lumalalim ang kahulugan ng sealing o pagbubuklod sa templo habang lumilipas ang panahon. Tutulungan kayo nito na mas maging malapit sa isa't isa at makatagpo ng mas malaking kagalakan at tagumpay sa buhay.*

Ang magandang mensahe ng kahanga-hangang korong ito ay naglalarawan, sa palagay ko, sa huwaran ng buhay para sa marami sa atin: "pagsisikap na maging katulad ni Jesus."

Noong Hulyo 16, 1953, lumuhod kami ng mahal kong si Jeanene para ikasal sa isang altar sa Manti Utah Temple. Ginamit ni President Lewis R. Anderson ang awtoridad ng pagbubuklod at ipinahayag na kami ay mag-asawa na, ngayon at magpasawalang-hanggan. Hindi ko maipaliwanag ang kapayapaan at katiwasayang hatid ng katiyakan na kapag patuloy akong namuhay nang karapat-dapat, makakasama ko ang mahal kong si Jeanene at ang aming mga anak magpakailanman dahil sa sagradong ordenansang iyon na isinagawa ng wastong awtoridad ng priesthood sa bahay ng Panginoon.

Ibinigkis sa amin ang aming pitong anak sa mga sagradong ordenansa sa templo. Ang mahal kong asawang si Jeanene at dalawa sa aming mga anak ay sumakabilang-buhay na. Sila ang malakas na panghikayat sa nalalabing mga miyembro ng aming pamilya na mamuhay nang matwid upang samasama naming matanggap ang lahat ng walang-hanggang mga pagpapalang ipinangako sa loob ng templo.

Dalawa sa pinakamahahalagang haligi na sumusuporta sa plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit ang pag-aasawa at pamilya. Ang napakalaking kahalagahan nito ay binibigyangdiin ng walang-humpay na pagsisikap

ni Satanas na sirain ang pamilya at balewalain ang kahalagahan ng mga ordenansa sa templo, na nagbibigkis sa pamilya magpasawalang-hanggan. Mas lumalalim ang kahulugan ng sealing o pagbubuklod sa templo habang lumilipas ang panahon. Tutulungan kayo nito na mas maging malapit sa isa't isa at makatagpo ng mas malaking kagalakan at tagumpay sa buhay.

Minsan ay may natutuhan akong mahalagang aral mula sa aking kabiyak. Malayo ang nalalakbay ko dahil sa aking propesyon. Halos dalawang linggo akong nawala at umuwi ako isang Sabado ng umaga. May apat na oras pa bago ako dumalo sa isa pang miting. Napansin kong sira ang maliit na washing machine namin at kinakamay ng asawa ko ang paglalaba. Sinimulan kong kumpunihin ang washing machine.

Napadaan si Jeanene at sinabing, "Rich, ano'ng ginagawa mo?"

Sabi ko, "Kinukumpuni ko ang washing machine para hindi mo na kamayin ang paglalaba."

Sabi niya, "Huwag. Makipaglaro ka na lang sa mga bata."

Sabi ko, "Puwede akong makipaglaro sa mga bata kahit kailan. Gusto kitang tulungan."

At sinabi niyang, "Richard, makipaglaro ka na lang sabi sa mga bata."

Nang ganoon na katigas ang kanyang pananalita, sumunod na ako.

Masaya kaming naglaro ng mga anak namin. Naghabulan kami sa paligid at nagpagulung-gulong sa mga dahong lagas. Kalaunan dumalo ako sa aking miting. Siguro nalimutan ko na ang karanasang iyon, kung hindi dahil sa aral na gusto niyang matutuhan ko.

Kinaumagahan mga bandang alas-4:00 n.u., nagising ako sa yakap ng dalawang munting bisig sa leeg ko, isang halik sa pisngi, at sa pabulong na mga katagang ito, na hinding-hindi ko malilimutan: "Dad, mahal kita. Ikaw ang best friend ko."

Kung nararanasan ninyo ito sa inyong pamilya, nararanasan ninyo ang isa sa pinakamasasayang sandali sa buhay.



Kung binata ka na nasa hustong edad at wala pang asawa, huwag kang magsayang ng oras sa mga walang-kabuluhang gawain. Magpatuloy sa buhay at magtuon ng pansin sa pag-aasawa. Huwag basta palipasin ang panahong ito sa inyong buhay. Mga binata, maglingkod nang marapat sa misyon. Pagkatapos ay bigyan ninyo ng pinakamataas na prayoridad ang paghahanap ng karapat-dapat na makakasama sa walang-hanggan. Kapag nagkakaroon kayo ng interes sa isang dalaga, ipakita sa kanya na isa kang pambihirang tao para maging interesado siyang kilalanin ka pa nang mas mabuti. Dalhin siya sa magagandang lugar. Magpakitang-gilas. Kung gusto ninyong magkaroon ng mabuting asawa, kailangan siyang maakit sa inyo bilang mabuting tao at mapapangasawa.

Kung may natagpuan na kayo, makapagsisimula kayo ng pambihira at magandang pagliligawan at pag-aasawa at magiging walang-hanggan ang inyong kaligayahan kung mananatili kayo o hindi kayo lalampas sa hangganan ng pagkamarapat na itinakda ng Panginoon.

Kung may asawa na kayo, tapat ba kayo sa inyong asawa sa isipan at katawan? Tapat ba kayo sa inyong mga tipan sa kasal sa pamamagitan ng hindi pakikipag-usap kailanman sa ibang tao na ayaw ninyong marinig ng inyong asawa? Mabait ba kayo at sumusuporta sa inyong asawa't mga anak?

Mga kapatid, namumuno ba kayo sa mga aktibidad ng pamilya tulad ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan, panalangin ng pamilya, at family home evening, o ang asawa ninyo ang nagpupuno sa kakulangan ninyo ng atensyon sa tahanan? Madalas ba ninyong sabihin sa inyong asawa kung gaano ninyo siya kamahal? Lubos itong magpapaligaya sa kanya. May narinig na akong mga lalaki na nagsabi ng ganito, "Ah, alam naman niya." Kailangan ninyong sabihin sa kanya. Umuunlad ang isang babae at lubhang pinagpapala ng katiyakang ito. Pasalamatan ang ginagawa ng inyong kabiyak para sa inyo. Ipahayag nang madalas ang pagmamahal at pasasalamat na iyan. Gagawin nitong mas sagana at mas masaya at makabuluhan ang buhay. Huwag itago ang mga likas na pagpapakitang iyon ng pagmamahal. At mas mabisa iyan kung yakap ninyo siya habang sinasabi ito sa kanya.

Natutuhan ko sa asawa ko ang kahalagahan ng pagpapakita ng pagmamahal. Noong bagong kasal kami, madalas kong buksan ang mga banal na kasulatan ko para magbigay ng mensahe sa isang miting, at nakakakita ako ng magiliw at nakasisiglang maikling sulat mula kay Jeanene na nakasingit sa mga pahina. Kung minsan napakagiliw nito kaya halos



hindi ako makapagsalita. Ang mahahalagang sulat na iyon mula sa isang mapagmahal na asawa ay walang kapantay na aliw at inspirasyon noon at ngayon.

Ginawa ko rin iyon sa kanya, na hindi natatanto kung gaano talaga ito kahalaga sa kanya. Naaalala ko na may isang taon na wala kaming pera para mabigyan ko siya ng regalo sa valentine, kaya'y nagpasiya akong magpinta gamit ang watercolor sa harap ng refrigerator. Ginawa ko ang makakaya ko, kaya lang may isang mali akong nagawa. Enamel paint ang nagamit ko at hindi watercolor. Hindi niya pinabura sa akin ang permanent paint na iyon kahit kailan.

Naaalala ko na isang araw, kinuha ko ang ilang maliliit na bilog na papel mula sa pinagbutas-butas na papel at sinulatan ko ang mga iyon ng number 1 hanggang 100. Ibinaligtad ko ang bawat isa, sinulatan ko siya ng mensahe, isang salita sa bawat bilog. Pagkatapos ay dinampot ko ang mga ito at inilagay sa isang sobre. Akala ko matatawa siya nang husto.

Pagpanaw niya, nakita ko sa mga personal niyang gamit kung gaano niya pinahalagahan ang mga simpleng mensaheng ibinahagi namin sa isa't isa. Napuna ko na maingat niyang idinikit sa isang papel ang bawat isa sa mga bilog na papel na iyon. Hindi lang niya itinago ang mga sulat ko sa kanya, kundi nilagyan pa niya iyon ng plastic cover na para bang mamahalin iyon. Iisa lang ang hindi niya isinama sa iba. Nasa likod pa iyon ng salamin ng orasan namin sa kusina. Sabi doon, "Jeanene, oras na para sabihin ko sa iyo na mahal kita." Naroon pa rin iyon at ipinaaalala niyon sa akin ang pambihirang anak na iyon ng Ama sa Langit.

Sa paggunita ko sa aming pagsasama, natanto ko kung gaano kami kapalad. Hindi kami nagtalo sa bahay o nagbitaw ng masasakit na salita sa isa't isa. Alam ko na ngayon na dumating ang pagpapalang iyon dahil sa kanya. Bunga iyon ng kahandaan niyang magbigay, magbahagi, at hindi isipin ang kanyang sarili kailanman. Sa aming pagtanda, sinikap kong tularan ang kanyang halimbawa. Iminumungkahi ko na bilang mag-asawa ay gayahin ninyo ito sa inyong tahanan.

Ang dalisay na pag-ibig ay walangkatulad at mabisang puwersa para sa kabutihan. Matuwid na pag-ibig ang pundasyon ng matagumpay na pagsasama ng mag-asawa. Ito ang pangunahing dahilan ng kontento at wastong paglaki ng mga anak. Sino ang makakasukat sa mabuting impluwensya ng pagmamahal ng isang ina? Ano ang tumatagal na mga bunga mula sa mga butil ng katotohanan na maingat at mapagmahal na pinauunlad ng isang ina sa matabang lupa ng mapagtiwalang isip at puso ng isang bata? Bilang isang ina biniyayaan kayo ng banal na damdaming malaman ang mga espesyal na talento at kakaibang kakayahan ng inyong anak. Kasama ang inyong asawa, maaaruga, mapapalakas, at mapapausbong ninyo ang mga ugaling iyon.

Napakainam na magkaroon ng asawa. Napakasarap mag-asawa. Darating ang panahon na pareho na kayo ng iniisip at mga ideya at opinyon. May mga panahon na napakasaya ninyo, mga panahon ng hirap at pagsubok, ngunit ginagabayan kayo ng Panginoon sa lahat ng karanasang iyon sa inyong pagsasama.

Isang gabi nagising ang musmos naming anak na si Richard, na may sakit sa puso. Pareho naming narinig iyon. Karaniwan ay asawa ko ang laging tumatayo para aluin ang batang umiiyak, ngunit sa pagkakataong ito sabi ko, "Ako na ang mag-aasikaso sa kanya."

Dahil sa sakit niya, kapag nagsisimula na siyang umiyak, bumibilis ang pintig ng munting puso niya. Nagsusuka siya at narurumihan ang kobrekama. Nang gabing iyon niyakap ko siya nang mahigpit para kumalma ang pintig ng kanyang puso at tumahan siya sa pag-iyak habang pinapalitan ko ang damit niya at kobrekama. Yakap ko siya hanggang sa makatulog siya. Hindi ko alam noon na ilang buwan na lang ay papanaw na siya. Lagi kong maaalala ang pagyakap ko sa kanya noong hatinggabing iyon.

Tandang-tanda ko pa ang araw nang pumanaw siya. Habang sakay kami ng kotse ni Jeanene mula sa ospital, pumarada kami sa tabing-daan. Niyakap ko siya. Pareho kaming naiyak nang kaunti, ngunit natanto namin na mapapasaamin siya sa kabilangbuhay dahil sa mga tipang ginawa namin sa templo. Mas madali naming natanggap ang kanyang pagpanaw dahil doon.


Napakarami kong natutuhang mahahalagang bagay sa kabaitan ni Jeanene. Napakabata ng isip ko, at siya naman ay napaka-disiplinado, at napaka-espirituwal. Ang pag-aasawa ay magandang pagkakataon para

madaig ang anumang hilig na maging sakim o makasarili. Palagay ko isa sa mga dahilan kaya tayo pinapayuhang mag-asawa nang maaga ay para hindi magkaroon ng di-angkop na pag-uugaling mahirap baguhin.

Naaawa ako sa sinumang lalaking hindi pa nakakapagpasiyang humanap ng makakasama sa walang-hanggan at naiiyak ako para sa mga dalagang hindi pa nakapag-aasawa. Maaaring nadarama ng ilan sa inyo na nalulungkot kayo at hindi kayo pinahahalagahan at hindi ninyo makita kung paano kayo makapag-aasawa at magkakaroon ng mga anak o ng sariling pamilya. Lahat ng bagay ay posible sa Panginoon, at tinutupad Niya ang mga pangakong nais Niyang ipahayag ng Kanyang mga propeta. Napakatagal ng walang-hanggan. Sumampalataya sa mga pangakong iyon at mamuhay nang marapat para dito upang sa Kanyang panahon ay tuparin ito ng Panginoon sa inyong buhay. Tiyak na matatanggap ninyo ang bawat ipinangakong pagpapalang nararapat na mapasainyo.

Ipagpaumanhin ninyo ang pagbanggit ko sa mahal kong asawang si Jeanene, ngunit kami ay walang-hanggang pamilya. Lagi siyang masaya noon, at karaniwan ay dahil iyon sa paglilingkod niya sa iba. Kahit noong malala na ang sakit niya, sa pagdarasal niya sa umaga hinihiling niya sa kanyang Ama sa Langit na akayin siya sa isang taong matutulungan niya. Ang taos na pagsamong iyon ay sinagot nang paulit-ulit. Gumaan ang mga pasanin ng marami; naliwanagan ang kanilang buhay. Patuloy siyang pinagpala sa pagiging kasangkapan na pinatnubayan ng Panginoon.

Alam ko ang kahulugan ng mahalin ang isang anak na babae ng Ama sa Langit na sa kabutihan ng loob at katapatan ay namuhay sa ganap na karilagan bilang mabuting babae. Tiwala ako na, sa hinaharap, kapag nagkita kaming muli sa kabilang-buhay, malalaman namin na lalo pang lumalim ang aming pag-iibigan. Mas pahahalagahan namin ang isa't isa, ngayong pinaghiwalay kami ng tabing. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder D. Todd Christofferson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# "Ang Lahat Kong Iniibig, ay Aking Sinasaway at Pinarurusahan"

*Ang mismong pagtitiis sa kaparusahan ay nakapagpapadalisay sa atin at inihahanda tayo para sa mas dakilang espirituwal na pribilehiyo.*

Ang ating Ama sa Langit ay isang Diyos na mataas ang inaasahan sa atin. Ang inaasahan Niya sa atin ay ipinahayag ng Kanyang Anak, na si Jesucristo, sa mga salitang ito: "Anupa't nais ko na kayo ay maging ganap na katulad ko, o ng inyong Ama na nasa Langit ay ganap"(3 Nephi 12:48). Ipinlano Niyang pabanalin tayo nang sa gayon tayo ay "makatitigil sa isang kaluwalhatiang selestiyal" (D at T 88:22) at "makatatahan sa kanyang kinaroroonan" (Moises 6:57). Alam Niya kung ano ang kailangan, kaya, upang makapagbago tayo, ibinigay Niya ang Kanyang mga kautusan at tipan, ang kaloob na Espiritu Santo, at ang pinakamahalaga, ang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ng Kanyang Pinakamamahal na Anak.

Sa lahat ng ito, layunin ng Diyos na tayo, na Kanyang mga anak, ay maranasan ang sukdulang kagalakan, makasama Siya nang walang-hanggan, at maging tulad Niya. Ilang taon na ang nakararaan ipinaliwanag ni Elder Dallin H. Oaks: "Ang Huling Paghuhukom ay hindi lamang pagsusuri ng lahat-lahat ng mabubuti at masasamang gawa—na *ginawa natin*. Ito ay pagkilala sa huling epekto ng mga pag-iisip at gawa natin—ang kung ano ang *kahihinatnan natin*. Hindi sapat para sa sinuman na basta gumawa lang. Ang mga kautusan, ordenansa, at tipan ng ebanghelyo ay hindi parang listahan ng mga depositong kailangang ilagak sa bangko upang magkamit ng gantimpala sa huli. Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay isang plano na nagpapakita kung paano tayo magiging tulad ng ninanais ng ating Ama sa Langit na kahinatnan natin."[1]

Nakakalungkot na hindi kinikilala ng marami sa mga makabagong Kristiyano na ang Diyos ay tunay

na nag-uutos sa mga naniniwala sa Kanya, sa halip, itinuturing lamang Siyang isang utusan na "tutugon sa kanilang mga pangangailangan kapag tinawag" o isang therapist na ang tungkulin ay tulungan ang mga tao na "bumuti ang pakiramdam nila sa sarili."[2] Ito ay pananaw sa relihiyon na "hindi nagpapahalaga sa pagbabago ng buhay."[3] "Kabaligtaran nito," tulad ng ipinahayag ng isang awtor, "ang Diyos na inilalarawan kapwa sa mga Banal na Kasulatan ng Hebreo at Kristiyano ay hinihingi, hindi lamang ang ating pagsunod, kundi ang mismong buhay natin. Ang Diyos ng Biblia ay nagpapahalaga sa buhay at kamatayan, hindi nangungunsinti, kundi nananawagan ng pagsasakripisyo na may pagmamahal, at hindi nagsasawalang-kibo."[4]

Gusto kong magsalita tungkol sa isang partikular na ugali at gawi na kailangan nating taglayin kung gusto nating maabot ang mataas na inaasahan sa atin ng ating Ama sa Langit. Ito ay ang: kahandaang tumanggap ng pagtutuwid at hangarin ito. Ang pagtutuwid ay mahalaga kung iaakma natin ang buhay "hanggang sa lubos na paglaki ng tao, [ibig sabihin] hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo"(Mga Taga Efeso 4:13). Sinabi ni Pablo tungkol sa banal na pagtutuwid o pagpaparusa, "Sapagka't pinarurusahan ng Panginoon ang kaniyang iniibig" (Sa Mga Hebreo 12:6). Kahit madalas mahirap tiisin, dapat tayong magalak na pinagtutuunan tayo ng panahon ng Diyos at itinutuwid tayo.

Ang banal na pagpaparusa ay may tatlong layunin: (1) hikayatin tayong magsisi, (2) dalisayin at pabanalin tayo, at (3) kung minsan, upang itama ang direksyon ng buhay natin sa alam ng Diyos na mas mabuting landas.

Una sa lahat tingnan natin ang pagsisisi, ang kinakailangang kondisyon para sa kapatawaran at paglilinis. Sinabi ng Panginoon, "Ang lahat kong iniibig, ay aking sinasaway at pinarurusahan: ikaw nga'y magsikap, at magsisi" (Apocalipsis 3:19). Muli, sinabi Niya, "At ang aking mga tao ay talagang kinakailangang parusahan



hanggang sa kanilang matutuhan ang pagsunod, kung kinakailangan, sa pamamagitan ng mga bagay na kanilang dinaranas" (D at T 105:6; tingnan din sa D at T 1:27). Sa paghahayag sa mga huling araw, inutusan ng Panginoon ang apat na matataas na lider ng Simbahan na magsisi (na maaaring iutos din Niya sa marami sa atin) dahil hindi nila lubos na tinuruan ang kanilang mga anak "alinsunod sa mga kautusan" at dahil sa hindi pagiging "higit na masigasig at mapagmalasakit sa tahanan" (D at T 93:41–50). Ang kapatid ni Jared sa Aklat ni Mormon ay nagsisi nang tumayo ang Panginoon sa ulap at nakipag-usap sa kanya "sa loob ng tatlong oras . . . at siya ay pinagsabihan dahil sa hindi niya naalaalang manawagan sa pangalan ng Panginoon" (Eter 2:14). Dahil handang-handa siyang tumugon sa matinding pagsaway na ito, ang kapatid ni Jared ay binigyan kalaunan ng pribilehiyong makita at maturuan ng Manunubos na hindi pa isinilang noong panahong iyon (tingnan sa Eter 3:6–20). Ang bunga ng pagpaparusa ng Diyos ay pagsisisi tungo sa kabutihan o pagkamatwid (tingnan sa Sa Mga Hebreo 12:11).

Bukod sa pagpukaw sa atin na magsisi, ang mismong pagtitiis ng kaparusahan ay nagpapadalisay sa atin at inihahanda tayo para sa mas dakilang mga espirituwal na pribilehiyo. Sinabi ng Panginoon,"Ang aking mga tao ay kinakailangang masubukan sa lahat ng bagay, nang sila ay maging handa sa pagtanggap ng kaluwalhatiang mayroon ako para sa kanila, maging ang kaluwalhatian ng Sion; at siya na hindi makapagbabata ng pagpaparusa ay hindi karapatdapat sa aking kaharian" (D at T 136:31). Sa iba pang kabanata sinabi Niya, "Sapagkat lahat ng yaong hindi makatitiis ng pagpaparusa, sa halip itinatatwa ako, ay hindi mapababanal" (D at T 101:5; tingnan din sa Sa Mga Hebreo 12:10). Tulad ng sinabi ni Elder Paul V. Johnson ngayong umaga, huwag nating ipagdamdam ang mga bagay na tutulong sa ating maging banal.

Itinatag ng mga tagasunod ni Alma ang komunidad ng Sion sa Helam ngunit sila ay nabihag. Hindi sila dapat magdusa—kabaligtaran ng dapat mangyari—ngunit sinasabi sa tala:

"Gayon pa man, minarapat ng Panginoon na pahirapan ang kanyang mga tao; oo, sinusubukan niya ang kanilang tiyaga at kanilang pananampalataya.

"Gayon pa man—sinuman ang magbibigay ng kanyang tiwala sa kanya, siya rin ay dadakilain sa huling araw. Oo, at gayon din sa mga taong ito" (Mosias 23:21–22).

Pinalakas sila ng Panginoon at pinagaan ang kanilang mga pasanin hanggang sa puntong hindi na nila naramdaman ang bigat nito at sa tamang panahon ay pinalaya sila (tingnan sa Mosias 24:8–22). Ang pananampalataya nila ay lubos na napalakas ng kanilang karanasan, at matapos iyon ay natamasa nila ang espesyal na ugnayan sa Panginoon.

Ang Diyos ay gumagamit ng isa

pang uri ng pagpaparusa o pagtutuwid upang gabayan tayo sa hinaharap na hindi pa natin nakikinita ngayon ngunit alam Niyang mas makabubuti sa atin. Si Pangulong Hugh B. Brown, dating miyembro ng Labindalawa at tagapayo sa Unang Panguluhan, ay nagkuwento ng sariling karanasan. Sinabi niya na bumili siya ng isang nakatiwangwang na bukirin sa Canada maraming taon na ang nakalilipas. Habang nililinis at inaayos ang bukirin, nakita niya ang isang palumpong na lumaki na nang mahigit sa anim na talampakan (1.8 m) at walang bunga, kaya pinutol niya ito at maliliit na tuod lang ang itinira. Pagkatapos nakakita siya ng patak na parang luha sa ibabaw ng bawat maliliit na tuod na ito, na parang umiiyak, at sa wari niya'y narinig niya itong nagsasabing:

"Paano mo nagawa ito sa akin? Napakaganda na ng pagtubo ko . . . At ngayon ay pinutol mo ako. Pagtatawanan ako ng bawat halaman sa hardin . . . Paano mo nagawa ito sa akin? Akala ko ikaw ang hardinero rito."

Sumagot si Elder Brown, "Tingnan mo, munting palumpong, ako ang hardinero rito, at alam ko kung ano ang gusto ko para sa iyo. Hindi ko gustong lumaki kang tulad ng punongkahoy. Gusto kong maging palumpong ka, at balang-araw, munting palumpong, kapag namunga ka na, sasabihin mo sa akin, 'Salamat, Mamang Hardinero, sa pagmamahal mo kaya pinutulan mo ako.' "

Makalipas ang maraming taon, naging opisyal si Pangulong Brown sa Canadian Army na nadestino sa Inglatera. Nang mamatay sa labanan ang isang mas mataas na opisyal, si Elder Brown ay nakalinya para maitaas sa ranggong heneral, at ipinatawag siya at pinapunta sa London. Ngunit kahit na karapat-dapat siya sa promosyong iyon, ipinagkait ito sa kanya dahil siya ay isang Mormon. Ganito ang sinabi ng namumunong heneral, "Karapat-dapat ka sa pagtatalaga sa iyo, pero hindi ko ito maibibigay sa iyo." Ang 10 taong inasam, ipinagdasal, at pinaghandaan ni Elder Brown ay biglang naglaho sa kanyang mga kamay dahil sa lantarang diskriminasyon. Sa



pagpapatuloy ng kanyang kuwento naalala ni Elder Brown:

"Sumakay ako ng tren pabalik . . . na nagdadalamhati ang puso, at may pait sa aking kaluluwa. . . . Nang ako ay nasa tolda na, . . . Inihagis ko ang sumbrero ko sa higaan. Ikinuyom ko ang mga kamay ko at iwinagayway pataas sa langit. Sabi ko, 'Paano po ninyo nagawa ito sa akin, o Diyos? Ginawa ko po ang lahat upang maabot ang pinakamataas. Wala akong gawain—na dapat kong gawin—na hindi ko ginawa. Paano po ninyo nagawa ito sa akin?' Napakatindi ng hinanakit ko.

"At pagkatapos nakarinig ako ng tinig, at nakilala ang tinig na iyon. Tinig ko iyon, at ang sabi nito, 'Ako ang hardinero dito. Alam ko kung ano gusto ko para sa iyo.' Napawi ang pagdaramdam sa aking kaluluwa, at napaluhod ako sa tabi ng kama upang humingi ng tawad sa aking kawalang utang-na-loob. . . .

". . . At ngayon, mahigit 50 taon na ang nakalilipas, tumingala ako sa [Diyos] at nagsabing, 'Salamat po, Ginoong Hardinero, sa pagputol ninyo sa akin, sa pagmamahal ninyo sa akin upang ituwid ako.' "[5]

Alam ng Diyos kung ano ang mararating ni Hugh B. Brown at ano ang kailangan upang mangyari iyon, at iniba Niya ang landas na tinatahak nito upang maihanda ito sa pagiging apostol.

Kung taos-pusong hinahangad at sinisikap nating abutin ang mataas na inaasahan ng ating Ama sa Langit, titiyakin Niyang matatanggap natin ang lahat ng tulong na kailangan natin, ito man ay nagpapanatag, nagpapalakas, o nagtutuwid. Kung handa tayong tanggapin ito, ang kinakailangang pagtutuwid ay darating sa maraming anyo at maraming pagmumulan. Maaari itong dumating sa ating pagdarasal dahil ang Diyos ay nangungusap sa ating mga isip at puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo (tingnan sa D at T 8:2). Maaaring dumating ito sa mga panalangin na sinagot ng hindi o iba sa ating inaasahan. Ang pagtutuwid ay maaaring dumating kapag nagbabasa tayo ng mga banal na kasulatan, at



napapaalalahanan sa ating mga pagkukulang, pagsuway, o pagpapabaya sa mga simpleng bagay.

Ang pagtutuwid ay maaaring magmula sa ibang tao, lalo na sa mga nabigyang-inspirasyon ng Diyos upang magkaroon tayo ng kaligayahan. Ang mga apostol, propeta, patriarch, bishop, at iba pa ay itinalaga sa Simbahan ngayon, tulad noong unang panahon, "sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo" (Mga Taga Efeso 4:12). Marahil ilan sa mga bagay na sinabi sa kumperensyang ito ay nakapukaw sa inyong magsisi o magbago, na kung gagawin ay iaangat kayo sa mas mataas na kalagayan. Matutulungan natin ang isa't isa bilang mga miyembro ng Simbahan; ito ay isa sa pangunahing dahilan kung bakit nagtatag ang Tagapagligtas ng simbahan. Bagama't nakatatanggap tayo ng masasakit na puna mula sa mga taong walang pagsaalang-alang o pagmamahal sa atin, makatutulong ang magpakumbaba upang timbangin ito at kunin ang anumang maitutulong nito sa atin.

Ang pagtutuwid , na sana ay mahinahon, ay maaaring manggaling sa asawa. Si Elder Richard G. Scott, na katatapos lang magsalita sa atin, ay naalala na noong bagong kasal sila, ang kanyang asawang si Jeanene, ay pinayuhan siyang tumingin nang diretso sa tao kapag nakikipag-usap sa kanila. "Huwag kang tumingin sa sahig, sa kisame, sa bintana, kahit saan kundi sa mga mata nila," sabi niya. Tinanggap niya ang mahinahong pagtutuwid na iyon at naging mas epektibo siya sa pagbibigay ng payo at pakikipag-ugnayan sa mga tao. Bilang isa sa mga full-time na misyonero sa ilalim ng pamamahala ng noon ay si Pangulong Scott, mapatutunayan ko na tumitingin siya nang diretso sa mata ng tao kapag nakikipag-usap siya. Masasabi ko rin na kapag may itinutuwid siya, ang tinging iyon ay tumatagos sa kaluluwa.

Maaari at kailangang ituwid, at parusahan din ng mga magulang, ang kanilang mga anak upang hindi mapasailalim sa kalupitan ng kaaway at ng mga kampon nito. Napansin ni Pangulong Boyd K. Packer na kapag ang taong nasa posisyong magtuwid sa iba ay hindi nagagawa ito ay sarili lamang niya ang kanyang iniisip. Tandaan na pagsabihan sa tamang pagkakataon nang may kataliman o kalinawan, "kapag pinakikilos ng Espiritu Santo, at pagkatapos ay magpakita ng ibayong pagmamahal sa kanya na iyong pinagsabihan, at baka ka niya ituring na kaaway" (D at T 121:43).

Tandaan na kapag hindi natin tinanggap ang pagtutuwid, hindi na tayo itutuwid pa ng iba, kahit mahal nila tayo. Kapag paulit-ulit tayong hindi tumugon sa pagtutuwid ng isang mapagmahal na Diyos, titigil din Siya. Sinabi Niya, "Ang aking Espiritu ay hindi laging kasama ng tao" (Eter 2:15). Sa huli, karamihan sa pagtutuwid sa atin ay kailangang manggaling sa kalooban natin—kailangang tayo ang magtuwid sa ating sarili. Isa sa mga paraang ginawa ng ating namayapa nang mahal na kapatid na si Elder Joseph B. Wirthlin upang maging isang dalisay at mapagpakumbabang disipulo, ay kanyang sinusuri ang nagawa niya sa bawat gawain at tungkulin. Sa kanyang hangaring mapasaya ang Panginoon, nagpasiya siyang alamin kung ano ang mas mainam pa niyang magagawa, at pagkatapos masigasig niyang isinabuhay ang bawat natutuhan.

Lahat tayo ay makakayang maabot ang mataas na inaasahan ng Diyos sa atin, gaano man kalaki o kaliit ang ating kakayahan at talento. Pinagtibay ni Moroni, "Kung inyong pagkakaitan ang sarili ng lahat ng kasamaan, at iibigin ang Diyos nang buo ninyong kakayahan, pag-iisip at lakas, kung magkagayon ang biyaya ng [Diyos] ay sapat sa inyo, upang sa pamamagitan ng kanyang biyaya kayo ay maging ganap kay Cristo" (Moroni 10:32). Ang ating masigasig at tapat na pagsisikap ang magdudulot nitong nakapagpapalakas at nakapagpapabanal na awa, pagsisikap na tiyak na kasama ang pagpapasailalim sa pagtutuwid ng Diyos, at taos-puso at lubos na pagsisisi. Hilingin natin ang Kanyang mapagmahal na pagtutuwid.

Nawa'y tulungan kayo ng Diyos sa inyong pagsisikap na maabot ang mataas Niyang inaasahan sa atin at biyayaan ng ganap na kaligayahan at kapayapaan na likas na nangyayari matapos magawa ang lahat. Alam ko na kayo at ako ay maaaring maging kaisa ng Diyos at ni Cristo. Ang ating Ama sa Langit at Kanyang Pinakamamahal na Anak at ang kasiya-siyang potensyal na mayroon tayo dahil sa Kanila ay mapagpakumbaba at buong pagtitiwala kong pinatototohanan sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Dallin H. Oaks, "Ang Paghamon na Magkaroon ng Kahihinatnan," *Liahona,* Ene. 2001, 40.
2. Kenda Creasy Dean, *Almost Christian: What the Faith of Our Teenagers Is Telling the American Church* (2010), 17.
3. Dean, *Almost Christian,* 30; tingnan din sa Christian Smith and Melinda Lundquist Denton, *Soul Searching: The Religious and Spiritual Lives of American Teenagers* (2005), 118–71.
4. Dean, *Almost Christian,* 37.
5. Hugh B. Brown, "*The Currant Bush," *Liahona,* Mar. 2002, 22, 24.



**Ni Elder Carl B. Pratt**
Ng Pitumpu

# Ang Pinakamahahalagang Pagpapala ng Panginoon

*Pinatototohanan ko na kapag tayo ay tapat na nagbabayad ng ikapu, bubuksan ng Panginoon ang mga dungawan sa langit at ibubuhos sa atin ang Kanyang pinakamahahalagang pagpapala.*

Nagpapasalamat ako sa mabubuting ninuno na nagturo ng ebanghelyo sa kanilang mga anak sa tahanan bago pa man pormal na nagkaroon ng mga family home evening. Ang aking lola't lolo sa ina ay sina Ida Jesperson at John A. Whetten. Tumira sila sa maliit na bayan sa Colonia Juárez, Chihuahua, Mexico. Ang mga anak sa pamilya Whetten ay tinuruan ng mga tuntunin at pagmamasid sa halimbawa ng kanilang mga magulang.

Noong unang mga taon ng 1920s, mahirap ang buhay sa Mexico. Katatapos lamang ng marahas na himagsikan. Kakaunti lang ang salaping nagagamit, at karamihan ay mga baryang pilak. Ang karaniwang sistema ng pagnenegosyo ng mga tao ay sa pamamagitan ng pagpapalitan ng mga kalakal o serbisyo.

Isang araw noong papatapos na ang tag-init, umuwi si Lolo John na may 100 pisong baryang pilak bilang komisyon sa dalawang bakang ipinagpalit niya. Ibinigay niya ang pera kay [lola] Ida at ibinilin na gagamitin ito sa mga gastusin ng mga bata pagpasok sa eskwela.

Nagpasalamat si Ida para sa salapi ngunit pinaalalahanan si John na wala pa silang naibabayad sa ikapu sa buong tag-init. Wala silang kinitang pera, pero ipinaalala ni Lola Ida na may nakuha silang karne, itlog, at gatas sa mga alaga nilang hayop. Marami silang inaning mga prutas at gulay sa kanilang halamanan, at marami pa silang ipinagpalit na kalakal nang walang ginagamit na pera. Iminungkahi ni Lola Ida na dapat nilang ibigay ang pera sa bishop para sa kanilang ikapu.

Bahagyang nalungkot si John dahil malaki ang maitutulong ng pera sa pag-aaral ng mga bata, ngunit kaagad siyang sumang-ayon na kailangan nilang magbayad ng ikapu. Dinala niya ang mabigat na supot ng pera sa tanggapan ng ikapu at ibinigay ito sa bishop.

Hindi pa nagtatagal, nabalitaan niya na isang mayamang negosyante mula sa Estados Unidos, na ang pangalan ay Mr. Hord, ang darating sa susunod na linggo kasama ang ilang kalalakihan para mangaso at mangisda nang ilang araw.

Sinalubong ni Lolo John ang grupo ng kalalakihan sa istasyon ng tren malapit sa Colonia Juárez. May dala siyang mga kabayo at iba pang hayop na magdadala ng mga bagahe at kagamitan sa pagkakamping paakyat sa kabundukan. Ang sumunod ng linggo ay ginugol sa pagtuturo sa kalalakihan ng gagawin at pagbabantay sa kampo at mga hayop.

Nang matapos na ang isang linggo, bumalik na sa istasyon ng tren ang grupo para bumalik na sa Estados Unidos. Binayaran si John nang araw na iyon para sa kanyang trabaho at binigyan ng isang supot na pisong pilak para sa iba pang gastusin. Matapos mabayaran si John at ang kanyang mga tauhan, ibinalik ni John ang sukli kay Mr. Hord, na nagulat, dahil hindi niya inakala na may natira pang sukli. Tinanong niya si John para siguruhing nabayaran na ang lahat ng bayarin, at sinabi ni John na nabayaran na ngang lahat at iyon ang natirang sukli.

Bumusina ang tren. Tumalikod na si Mr. Hord para umalis, pagkatapos ay humarap at inihagis ang mabigat na supot ng barya kay John. "O, ipasalubong mo iyan sa mga anak mo," sabi niya. Sinalo ni John ang supot at bumalik na sa Colonia Juárez.

Nang gabing iyon habang nakatipon ang pamilya matapos ang hapunan para pakinggan ang mga nangyari sa paglalakbay, naalala ni John ang supot at inilagay ito sa ibabaw ng mesa. Sinabi ni John na hindi niya alam kung magkano ang nasa loob ng bag o supot, kaya bilang katuwaan ibinuhos ang laman ng bag sa mesa—at nang mabilang na ito, eksaktong 100



pisong pilak ito. Siyempre itinuring na malaking biyaya ang pasiya ni Mr. Hord na pumunta doon. Maganda ang kinita ni John at ng kanyang mga tauhan, ngunit ang 100 pisong sukli ay paalaala na gayundin ang halagang ibinayad sa ikapu isang linggo bago iyon. Para sa ilan, maaaring tila nagkataon lamang iyon, ngunit sa pamilya Whetten, malinaw na isa itong aral mula sa Panginoon na tinutupad Niya ang Kanyang mga pangako sa matatapat na nagbabayad ng kanilang ikapu.

Noong bata pa ako gusto ko ang kuwentong iyon dahil tungkol ito sa pagsakay sa kabayo paakyat sa bundok para mangaso at mangisda. At gustung-gusto ko ito dahil itinuturo nito na kapag sinusunod natin ang mga kautusan tayo ay pagpapalain. May ilan pang bagay na matututuhan tayo tungkol sa ikapu sa kuwentong ito.

Una, mapapansin ninyo na ang pagbabayad ng ikapu sa pagkakataong ito ay walang kinalaman sa halaga ng perang kinita. Nagpasiya ang mga Whetten na ipambayad ng ikapu ang unang perang kinita nila dahil natustusan nang maayos ang kanilang pangangailangan mula sa inani nilang prutas at gulay. Malinaw na nadama nilang may utang sila sa Panginoon dahil nabiyayaan sila.

Ipinaalala sa atin niyon ang ipinahiwatig ng Panginoon nang Kanyang itanong: "Nanakawan baga ng tao ang Dios? Gayon ma'y ninanakaw[an] ninyo ako." Itinanong ng mga tao, "Sa ano ka namin ninakawan?" At mariing sumagot ang Panginoon, "Sa mga ikasangpung bahagi at sa mga handog" (Malakias 3:8). Oo, mga kapatid, tulad ng napagtanto nina John at Ida Whetten maraming tag-init na ang lumipas, tayong lahat ay may pagkakautang sa Panginoon. Huwag nating hayaang maakusahan tayong nagnanakaw sa Diyos. Maging tapat tayo at magbayad ng ating utang sa Panginoon. Ang tanging hinihingi niya ay 10 porsiyento. Integridad sa pagbabayad ng ating mga utang sa Panginoon ang makatutulong sa atin upang maging tapat sa ating kapwa.

Ang isa pang napansin ko sa kuwentong iyon ay nagbayad ng ikapu ang aking lolo't lola kahit salat sila sa pera. Alam nila ang utos ng Panginoon; inihalintulad nila sa kanilang sarili ang mga banal na kasulatan (tingnan sa 1 Nephi 19:23–24) at sinunod ang batas. Ito ang inaasahan ng Panginoon sa lahat ng Kanyang mga tao. Umaasa Siyang magbabayad tayo ng ikapu hindi mula kasaganaan ni mula sa "mga natira" sa badyet ng pamilya, kundi ayon sa iniutos Niya noon pa man, mula sa ating "hindi pa nababawasang" kita, maliit man ito o malaki. Iniutos ng Panginoon, "Huwag kang magmamakupad ng paghahandog ng iyong mga ani" (Exodo 22:29). Batay sa aking sariling karanasan ang pinakasiguradong paraan ng matapat na pagbabayad ng ikapu ay ang bayaran ito pagkatanggap ng anumang kinita ko. Sa katunayan, natuklasan kong iyon lang ang tanging paraan.

Natutuhan natin mula sa aking lolo't lola Whetten na ang ikapu ay hindi naman talaga tungkol sa pera; kundi tungkol ito sa pananampalataya—pananampalataya sa Panginoon. Nangangako Siya ng mga pagpapala kung susundin natin ang Kanyang mga utos. Malinaw na sina John at Ida Whetten ay nagpakita ng malaking pananampalataya sa pagbabayad ng kanilang ikapu. Ipakita natin ang ating pananampalataya sa Panginoon sa pamamagitan ng pagbabayad ng ating ikapu. Ito ang una nating bayaran; at bayaran ito nang tapat. Turuan ang ating mga anak na magbayad ng ikapu mula sa kanilang baon o iba pang kinita, at isama natin sila sa tithing settlement upang malaman nila ang ating halimbawa at pagmamahal sa Panginoon.

May posibilidad na maging mali ang pagkaunawa sa kuwentong ito ng aking lolo't lola. Maaari nating isipin na dahil pera ang gamit natin sa pagbabayad ng ikapu, lagi tayong bibiyayaan ng Panginoon ng pera. Iyan din ang inisip ko noong bata ako. Natutuhan ko na hindi palaging sa ganoong paraan ito nangyayari. Nangangako ang Panginoon na bibiyayaan ang mga nagbabayad ng kanilang ikapu. Nangako Siya na "bubuksan . . . ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog . . . ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan" (Malakias 3:10). Nagpapatotoo ako na tinutupad Niya ang Kanyang mga pangako, at kung tapat tayong magbabayad ng ikapu matutustusan natin ang mga pangangailangan natin sa buhay, ngunit hindi Siya nangangako ng kayamanan. Hindi ang salapi at pera sa bangko ang Kanyang pinakamahalagang mga pagpapala. Binibiyayaan Niya tayo ng talino na pamahalaan nang maayos ang ating kaunting kabuhayan, talino na magtuturo sa ating mamuhay ayon sa 90

porsiyento at hindi sa 100 porsiyento ng ating kinikita. Sa gayon, nauunawaan ng matatapat na nagbabayad ng ikapu ang masinop na pamumuhay at nakakaugaliang tustusan ang sariling pangangailangan.

Naunawaan ko na ang pinakamahahalagang pagpapala ng Panginoon ay espirituwal, at kadalasang may kinalaman ang mga ito sa pamilya, kaibigan, at sa ebanghelyo. Kadalasan pinagpapala Niya tayo upang madali nating mahiwatigan ang impluwensya at gabay ng Espiritu Santo, lalo na sa pagsasama bilang mag-asawa at sa pagpapalaki ng mga anak. Ang gayong espirituwal na pahiwatig ay makatutulong sa atin upang magkaroon ng pagkakasundo at kapayapaan sa tahanan. Iminungkahi ni Pangulong James E. Faust na ang pagbabayad ng ikapu ay "magandang panlaban sa diborsyo" (tingnan sa "Pagpapayabong ng Inyong Pagsasama," *Liahona,* Abr. 2007, 3–6).

Ang pagbabayad ng ikapu ay tumutulong sa atin na magkaroon ng masunurin at mapagpakumbabang puso at mapagpasalamat na puso na "kumikilala sa kanyang ginawa sa lahat ng bagay" (D at T 59:21). Ang pagbabayad ng ikapu ay naghihikayat sa ating magtaglay ng mapagbigay at mapagpatawad na puso, at mapagkawanggawang puso na puno ng dalisay na pag-ibig ni Cristo. Lalo nating nanaising paglingkuran at tulungan ang iba taglay ang pusong masunurin sa kalooban ng Panginoon. Ang mga regular na nagbabayad ng ikapu ay lumalakas ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, at nagkakaroon sila ng matatag na patotoo sa Kanyang ebanghelyo at sa Kanyang Simbahan. Wala sa mga pagpapalang ito ang may kinalaman sa pera o materyal na bagay, ngunit tiyak na ang mga ito ang pinakamahalagang pagpapala ng Panginoon.

Pinatototohanan ko na kapag tayo ay tapat na nagbabayad ng ikapu, bubuksan ng Panginoon ang mga dungawan sa langit at ibubuhos sa atin ang Kanyang pinakamahahalagang pagpapala. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder Lynn G. Robbins**
Ng Pitumpu

# Maging Anong Uri ng mga Tao Ba Nararapat Kayo?

*Nawa ang inyong mga pagsisikap na magkaroon ng mga katangiang tulad ng kay Cristo ay magtagumpay upang ang Kanyang larawan ay makita sa inyong mukha at ang Kanyang mga katangian ay makita sa inyong kilos o pag-uugali.*

Ang "maging o hindi maging" ay totoong napakagandang tanong.[1] Itinanong ito ng Tagapagligtas sa mas malalim na paraan, kaya't naging mahalagang tanong ito ng doktrina para sa atin: "*Maging* anong uri ng mga tao ba nararapat kayo? Katotohanang sinasabi ko sa inyo, maging katulad *ko*" 3 Nephi 27:27; idinagdag ang pagbibigay-diin). Ang unang panauhang pangkasalukuyan ng pandiwang *maging* ay *Ako*. Inaanyayahan Niya tayong taglayin ang Kanyang pangalan at Kanyang katangian.

Upang maging katulad Niya kailangan din nating *gawin* ang mga bagay na Kanyang *ginawa:* "Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, ito ang aking ebanghelyo; at alam ninyo ang mga bagay na kinakailangan ninyong *gawin* sa aking simbahan; sapagkat ang mga gawang nakita ninyong *ginawa* ko ay siya rin ninyong *gagawin*" (3 Nephi 27:21; idinagdag ang diin).

Ang *maging* at *gawin* ay hindi mapaghihiwalay. Bilang magkaugnay na mga doktrina pinalalakas at itinataguyod nila ang isa't isa. Halimbawa, pananampalataya ang humihikayat sa tao na manalangin, at panalangin naman ang nagpapalakas sa pananampalataya ng isang tao.

Madalas tuligsain ng Tagapagligtas ang mga taong *gumawa* nang hindi *naging*—at tinawag silang mapagpaimbabaw: "Ang bayang ito'y iginagalang ako ng kanilang mga labi, datapuwa't ang kanilang puso ay malayo sa akin" (Marcos 7:6)). Ang *paggawa* nang hindi *naging* ay pagpapaimbabaw, o pagkukunwari ng isang tao—isang nagpapanggap.

Sa kabaligtaran, ang *maging* nang walang *paggawa* ay walang bisa, gaya ng "pananampalataya na walang mga gawa, *ay patay,* sa kaniyang sarili" (Santiago 2:17; idinagdag ang diin). *Maging* nang walang *paggawa* ay talagang hindi *pagiging*—pandaraya ito sa sarili, paniniwalang mabuti ang

sarili dahil lamang sa ang intensiyon ng isang tao ay mabuti.

Ang *gawa* nang walang *maging*—na pagpapaimbabaw— ay nagpapakita ng maling imahe sa iba, samantalang ang *maging* nang walang *gawa* ay nagpapakita ng maling imahe sa sarili mismo.

Pinagsabihan ng Tagapagligtas ang mga eskriba at Fariseo sa kanilang pagpapaimbabaw: "Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagpaimbabaw! sapagka't nangagbibigay kayo ng sa ikapu"—isang bagay na kanilang *ginawa*—"ng yerbabuena at ng anis at ng komino, at inyong pinababayaang di ginagawa ang lalong mahahalagang bagay ng kautusan, . . . katarungan, at ang pagkahabag, at ang pananampalataya" (Mateo 23:23). Sa madaling salita, nabigo silang *maging* tulad ng dapat sana silang *naging*.

Bagama't kinilala Niya na mahalaga ang *gumawa,* sinabi ng Tagapagligtas na ang *maging* ay "lalong mahalagang bagay." Ang higit na kahalagahan ng *pagiging* ay inilalarawan sa kasunod na mga halimbawa:

- Ang paglusong sa tubig ng binyag ay isang bagay na *ginagawa natin*. Ang *maging* na dapat mauna rito ay ang pananampalataya kay Jesucristo at malaking pagbabago ng puso.
- Ang pakikibahagi ng sakrament ay isang bagay na ating *ginagawa*. *Ang pagiging* karapat-dapat na makibahagi ng sakrament ay mas matimbang at higit na mahalaga.
- Ang ordenasyon sa priesthood ay pagkilos, o *gawa*. Ang mas matimbang, gayon man, ay ang kapangyarihan ng priesthood na nakabatay sa "mga alituntunin ng kabutihan" D at T 121:36), o *maging*.

Marami sa atin ang gumagawa ng listahan ng mga *gagawin* para ipaalala sa atin ang mga bagay na gusto nating matapos. Ngunit bihira sa mga tao ang may listahan ng gustong *maging*. Bakit? Ang mga *gagawin* ay mga aktibidad o kaganapan at maaaring burahin sa listahan kapag *nagawa na*. Ang *maging,* gayunman, ay hindi natatapos. Hindi kayo makatatanggap ng checkmark sa mga *maging*. Maaari kong ilabas ang asawa ko sa isang gabi ng Biyernes, na isang bagay na *gagawin*. Ngunit ang *pagiging* mabuting asawa ay hindi isang pangyayari; kailangan itong *maging* bahagi ng pagkatao ko—ng ugali ko o kung sino ako.

O bilang magulang, kailan ko malalagyan ng tsek ang anak ko sa listahan at sabihing *nagawa na*? Hindi tayo kailanman natatapos sa *pagiging* mabubuting magulang. At para maging mabubuting magulang, ang isa sa pinakamahalagang maituturo natin sa ating mga anak ay kung paano mas *maging* tulad ng Tagapagligtas.

Ang mga bagay para *maging* tulad ni Cristo ay hindi nakikita, ngunit ito ang puwersang nagtutulak sa atin na *maging* tulad Niya na maaaring makita. Kapag tinutulungan ng isang magulang ang anak na lumakad, halimbawa, nakikita natin ang magulang na *ginagawa* ang mga bagay tulad ng pag-alalay at pagpuri sa kanilang anak. Ipinakikita ng mga *ginagawang* ito ang hindi nakikitang pagmamahal sa kanilang puso, at ang hindi nakikitang pananampalataya at pag-asa sa potensiyal ng kanilang anak. Araw-araw silang patuloy na nagsisikap—katibayan ng hindi nakikitang *pagiging* matiyaga at masikap.

Dahil nahihikayat ng *maging* ang *paggawa* at siyang naging sanhi ng *paggawa,* ang pagtuturo ng *maging* ay mas makapagpapabuti ng paguugali kaysa magpokus sa epekto ng *paggawa* sa pag-uugali.

Kapag magugulo ang mga bata, halimbawa kapag nag-aaway-away sila, madalas tayong magkamali sa pagdisiplina sa *ginawa,* o sa pag-aaway na nakita natin. Ngunit ang *paggawa*—na kanilang pag-uugali—ay palatandaan lamang ng hindi nakikitang hangarin na nasa kanilang puso. Maaari nating itanong sa ating sarili, "Anong mga katangian, kung mauunawaan ng bata, ang magwawasto sa pag-uugaling ito sa hinaharap? Pagiging mapagpasensya at mapagpatawad kapag naiinis? Pagiging mapagmahal at tagapamayapa? Pag-ako ng responsibilidad sa ginawa ng tao at hindi pagsisi sa iba?"

Paano itinuturo ng mga magulang ang mga katangiang ito sa kanilang mga anak? Hindi tayo magkakaroon kailanman ng mas magandang pagkakataon na ituro at ipakita ang mga katangian ni Cristo sa ating mga anak kundi sa paraan ng pagdisiplina natin sa kanila. Ang *disiplina* ay nagmula rin sa salitang-ugat ng *disipulo* at nagpapahiwatig ng tiyaga at pagtuturo natin. Hindi ito dapat gawin nang pagalit. Maaari at dapat tayong magdisiplina sa paraan na itinuturo sa atin sa Doktrina at mga Tipan 121: sa pamamagitan ng "paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at hindi pakunwaring pag-ibig; sa . . . kabaitan at dalisay na kaalaman" (mga talata 41–42). Lahat ng ito'y *pagiging* tulad ni Cristo na dapat maging bahagi ng kung sino tayo, bilang mga magulang at disipulo ni Cristo.

Sa pamamagitan ng disiplina natututuhan ng bata ang ibubunga nito. Sa ganitong mga sandali makabubuting gawing positibo ang negatibo. Kung ipinagtapat ng bata ang isang pagkakamali, purihin ang pagkakaroon niya ng lakas ng loob na magtapat. Itanong sa bata kung ano ang natutuhan niya sa kamalian, na nagbigay sa inyo, at higit sa lahat, sa Espiritu ng pagkakataong antigin at turuan ang bata. Kapag tinuturuan natin sila ng doktrina sa pamamagitan ng Espiritu, may kapangyarihan ang doktrinang iyon na baguhin ang kanilang pagkatao—*maging*—sa paglipas ng panahon.

Natuklasan ni Alma ang prinsipyo ring ito, na "ang pangangaral ng salita ay may lakas na umakay sa mga tao na *gawin* yaong matwid—oo, may higit itong malakas na bisa sa isipan ng mga tao kaysa sa espada Alma 31:5; idinagdag ang pagbibigay-diin). Bakit? Dahil ang espada ay nakatuon lamang sa pagpaparusa sa ugali—o *paggawa*— samantalang ang pangangaral ng salita ay nagpapabago sa likas na ugali ng tao—sa kung sino sila *noon* o ano sila *magiging*.


Ang malambing at masunuring bata ay magtuturo ng simpleng kurso lamang sa pagiging magulang o Parenting 101. Kung nabiyayaan kayo ng anak na susubok sa inyong pasensya

nang sukdulan para kayong kumuha ng graduate course sa pagiging magulang o Parenting 505. Sa halip na isipin kung ano ang maaaring maling nagawa ninyo sa buhay bago kayo isinilang para danasin ito, isipin na ang ganitong anak ay pagpapala at oportunidad upang kayo'y maging higit na katulad ng Diyos. Sa aling anak malamang na masubukan, mapaunlad, at mapadalisay ang inyong pagtitiyaga, pagtitiis, at iba pang katangiang tulad ng kay Cristo? Hindi kaya posibleng kailangan ninyo ang anak na ito gaya ng kailangan niya kayo?

Narinig nating lahat ang payo na isumpa ang kasalanan ngunit hindi ang nagkasala. Gayundin na kapag gumawa ng masama ang ating mga anak kailangang mag-ingat tayo na huwag magsabi ng bagay para maniwala sila na ang *ginawa* nilang mali ay siyang pagkatao *nila*. "Huwag hayaan ang kabiguan o pagkakamali na maging tatak na gaya ng "mangmang," "mabagal," "tamad," o "lampa."[2] Ang ating mga anak ay mga anak ng Diyos. Iyan ang kanilang tunay na pagkatao at potensiyal. Ang Kanya mismong plano ay tulungan ang Kanyang mga anak na daigin ang mga pagkakamali at sumulong upang maging katulad Niya. Ang hindi kasiya-siyang pag-uugali, kung gayon, ay dapat ituring na pansamantala lamang—hindi permanente, isang bagay na nagawa at hindi identidad o pagkatao.

Kailangan nating maging maingat, kung gayon, na gumamit palagi ng mga salitang "Lagi kang ganyan . . ." o "Kahit kailan hindi ka . . ." kapag nagdidisiplina. Ingatang sabihin ang mga salitang tulad ng "Wala kang pakialam sa nararamdaman namin" o "Bakit lagi mo na lang kaming pinaghihintay?" Ang mga ganitong salita ay nagiging parang pagkatao na niya at makaaapekto nang masama sa pagtingin at pagpapahalaga ng bata sa sarili.

Ang kalituhan din sa pagkatao ay maaaring mangyari kapag tinanong natin ang isang bata kung ano ang nais nilang *maging* kapag malaki na sila, na para bang ang *ginagawa* ng tao sa paghahanap-buhay ay nagpapakita ng kanyang *pagkatao*. Ang



propesyon o ari-arian ay hindi dapat pagbatayan ng identidad o halaga ng isang tao. Ang Tagapagligtas ay isang abang karpintero, ngunit hindi iyon ang batayan ng Kanyang buhay.

Sa pagtulong sa mga bata na tuklasin kung sino sila at lalong pahalagahan ang kanilang sarili, dapat nating purihin ang nagawa o asal nila—ang *nagawa*. Ngunit mas matalinong ituon ang ating mahalagang papuri sa kanilang pag-uugali at paniniwala—kung sino *sila*.

Sa isang palaro, ang matalinong paraan ng pagpuri sa naitanghal ng ating mga anak—*nagawa*—ay sa pamamagitan ng pananaw na *maging*—gaya ng kanilang lakas, pagsisikap, pagharap sa kagipitan, atbp.—sa gayon ay napupuri kapwa ang *naging* at *nagawa*.

Kapag hinilingan natin ang mga bata na *gawin* ang gawaing-bahay, maaari din tayong maghanap ng paraan para purihin sila sa *pagiging,* gaya ng, "Maligaya ako kapag ginagawa mo ito nang bukal sa puso mo."

Kapag nakatanggap ang mga anak ng report card mula sa paaralan, maaari nating purihin ang maganda nilang marka o grado, ngunit mas kapaki-pakinabang na purihin ang kanilang *pagtitiyaga:* "Ipinasa mo ang lahat ng asaynment. Alam mo kung paano harapin at tapusin ang mahihirap na bagay. Ipinagmamalaki kita."

Sa oras ng pag-aaral ng banal na kasulatan ng pamilya, hanapin at talakayin ang mga halimbawa ng katangiang natuklasan sa inyong pagbabasa sa araw na iyon. Dahil ang mga katangiang tulad ng kay Cristo ay mga kaloob mula sa Diyos at hindi ito mapauunlad kung wala ang Kanyang tulong,[3] sa mga pampamilya at personal na panalangin, ipagdasal ang mga kaloob na iyon.

Sa hapag-kainan, pag-usapan paminsan-minsan ang mga katangian, lalo na ang natuklasan ninyo sa mga banal na kasulatan sa umagang iyon. "Sa paanong paraan kayo naging mabuting kaibigan ngayon? Sa anong paraan kayo nagpakita ng awa? Paano kayo natulungan ng pananampalataya na malampasan ang mga hamon ngayon? Sa paanong paraan kayo naasahan? tapat? bukas-palad? mapagpakumbaba?" May ilang mga katangian sa mga banal na kasulatan na kailangang ituro at matutuhan.

Ang pinakamahalagang paraan sa pagtuturo na *maging* ay *maging* uri ng mga magulang na nais ng ating Ama sa Langit para sa ating mga anak. Siya ang perpektong magulang, at ibinahagi Niya sa atin ang Kanyang manwal sa pagiging magulang—ang mga banal na kasulatan.

Ang mensahe ko ngayon ay patungkol sa mga magulang, ngunit ang mga alituntunin ay angkop sa lahat. Nawa ang inyong mga pagsisikap na magkaroon ng mga katangiang tulad ng kay Cristo ay magtagumpay, upang ang Kanyang larawan ay makita sa inyong mukha at ang Kanyang mga katangian ay makita sa inyong pag-uugali. At, kapag nadama ng inyong mga anak o ng iba ang inyong pagmamahal at nakita ang inyong pag-uugali, ipaaalala nito sa kanila ang Tagapagligtas ang siyang dalangin ko at patotoo sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. William Shakespeare, *Hamlet, Prince of Denmark,* yugto 3, tagpo 1, linya 56.
2. Carol Dweck, sinipi sa Joe Kita, "Bounce Back Chronicles," *Reader's Digest,* Mayo 2009, 95.
3. Tingnan sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero*(2004), 131.



**Ni Elder Benjamín De Hoyos**
Ng Pitumpu

# Tinawag na mga Banal

*Napakapalad nating mapabilang sa kapatirang ito ng mga Banal sa mga Huling Araw!*

Minamahal kong mga kapatid, dalangin ko na tulungan ako ng Espiritu Santo sa paghahatid ko ng aking mensahe.

Sa mga pagdalo ko sa mga kumperensya sa mga stake, ward, at branch, ikinagagalak kong lagi na makausap ang mga miyembro ng Simbahan, na tinatawag ngayon at kahit noong kalagitnaan ng panahon na mga Banal. Ang diwa ng kapayapaan at pagmamahal na lagi kong nadarama kapag kasama sila ay nagpapabatid sa akin na ako ay bahagi ng Sion.

Bagama't marami sa kanila ang mula sa mga pamilyang matagal nang miyembro ng Simbahan, marami rin ang kabibinyag lamang. Sa kanila ay inuulit natin ang malugod na pagtanggap ni Apostol Pablo sa mga taga Efeso:

"Kaya nga hindi na kayo mga taga ibang lupa at mga manglalakbay, kundi kayo'y mga kababayan na kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Dios;

"Na mga itinatayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok" (Mga Taga Efeso 2:19–20).

Ilang taon na ang nakalilipas habang naglilingkod pa ako sa tanggapan ng Public Affairs ng Simbahan sa Mexico, inanyayahan kaming lumahok sa isang programa sa radyo. Layon ng programa na ilarawan at pag-usapan ang iba't ibang relihiyon sa mundo. Dalawa sa amin ang inatasang maging kinatawan ng Simbahan upang sumagot sa maaaring itanong sa ganitong uri ng programa. Matapos ang ilang commercial o patalastas, ika nga sa terminolohiya nila sa radio, nagsalita ang direktor ng programa: "Kasama natin ngayong gabi ang dalawang elder mula sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw." Huminto siya sandali at nagtanong, "Bakit ang haba ng pangalan ng Simbahan ninyo? Bakit hindi kayo gumamit nang mas maikli o mas madaling tandaan na pangalan?"

Ngumiti kami ng kompanyon ko sa makabuluhang tanong na iyon at ipinaliwanag na ang pangalan ng Simbahan ay hindi pinili ng tao. Ibinigay ito ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng propeta sa mga huling araw na ito: "Sapagkat sa ganito tatawagin ang aking simbahan sa mga huling araw, maging Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw" (D at T 115:4). Kaagad at magalang na tumugon ang direktor ng programa, "Kung gayon ay malugod naming uuliting sabihin ito." Hindi ko na matandaan kung ilang beses niyang inulit ang mahalagang pangalan ng Simbahan, ngunit naaalala ko pa ang magiliw na diwang nadama roon nang ipaliwanag namin hindi lang ang pangalan ng Simbahan, kundi kung paano ito nauugnay sa mga miyembro ng Simbahan—ang mga Banal sa mga Huling Araw.

Mababasa natin sa Bagong Tipan na ang mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo ay tinawag na mga Kristiyano sa unang pagkakataon sa Antioquia (tingnan sa Mga Gawa 11:26.), ngunit tinatawag nila ang *isa't isa* na mga Banal. Tiyak na naantig sila nang marinig nila si Apostol Pablo na tinawag silang "kababayan na kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Dios" (Mga Taga Efeso 2:19) at sinabi

***Ushuaia, Argentina***





rin na sila'y "tinawag *na mga banal*" (Mga Taga Roma:1:7; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang mga miyembro ng Simbahan ay mapapabanal nang unti-unti at maaaring hindi mapapansin, batay sa kung gaano nila kabuting naipamumuhay ang ebanghelyo at nasusunod ang payo ng mga propeta. Ang mapagpakumbabang mga miyembro ng Simbahan na nagdarasal bilang pamilya at nag-aaral ng mga banal na kasulatan araw-araw, nakikibahagi sa gawain ng family history at madalas na sumasamba sa templo, ay nagiging mga banal. Sila ang mga taong tapat na bumubuo ng walang-hanggang pamilya. Sila rin ang naglalaan ng oras sa kabila ng marami nilang gawain para tulungan ang mga nawalay sa Simbahan at hikayatin ang mga ito na bumalik at makibahagi sa hapag ng Panginoon. Sila ang mga elder at sister, at mga may edad na mag-asawa na tumugon sa tawag na maglingkod bilang misyonero ng Panginoon. Oo, mga kapatid, sila ay nagiging mga banal sa puntong nadarama na nila ang masigla at napakagandang damdaming iyon na tinatawag na pag-ibig sa kapwa-tao, o ang dalisay na pag-ibig ni Cristo (tingnan sa Moroni 7:42–48).

Ang mga banal, o mga miyembro ng Simbahan, ay nakilala rin ang ating Tagapagligtas sa pamamagitan ng paghihirap at pagsubok. Huwag nating kalimutan na maging Siya man ay pinagdusahan ang lahat ng bagay. "At dadalhin niya sa kanyang sarili ang kamatayan, upang makalag niya ang mga gapos ng kamatayan na gumagapos sa kanyang mga tao; at dadalhin niya ang kanilang mga kahinaan, upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, ayon sa laman, upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alisunod sa kanilang mga kahinaan" (Alma 7:12).

Sa nakalipas na ilang taon, nasaksihan ko ang paghihirap ng maraming tao, kabilang na ang marami sa ating mga Banal. Patuloy natin silang ipinagdarasal, sumasamo na mamagitan ang Panginoon upang hindi manghina ang kanilang pananampalataya at magpatuloy sila nang may tiyaga. Sa lahat ng ito babanggitin nating muli ang nakapapanatag na salita ni propetang Jacob mula sa Aklat ni Mormon:

"O kung gayon, mga minamahal kong kapatid, lumapit sa Panginoon, sa yaong Banal. Pakatandaan na ang kanyang mga landas ay mabuti. Masdan, ang daan para sa tao ay makipot, ngunit ito'y nasa isang tuwid na daranan sa harapan niya, at ang Banal ng Israel ang tanod sa pasukan; at wala siyang inuupahang tagapaglingkod doon; at walang ibang daan maliban sa pasukan; sapagkat Panginoong Diyos ang kanyang pangalan.

"At ang sinumang kakatok, siya ay kanyang pagbubuksan" (2 Nephi 9:41–42).

Hindi mahalaga kung anuman ang kalagayan, pagsubok, o mga hamon na nakapalibot sa atin; ang pag-unawa sa doktrina ni Cristo at Kanyang Pagbabayad-sala ang mapagkukunan natin ng lakas at kapayapaan—oo, mga kapatid, ang kapayapaang iyon na nagmumula sa Espiritu at ibinibigay ng Panginoon sa Kanyang tapat na mga Banal. Inaaliw Niya tayo, nagsasabing: "Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo. . . . Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man" (Juan 14:27).

Sa loob ng maraming taon nasaksihan ko ang katapatan ng mga miyembro ng Simbahan, mga Banal sa mga huling araw na, taglay ang pananampalataya sa plano ng ating Ama sa Langit at sa Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, ay nadaig ang mga dusa at paghihirap nang may tapang at pagpupunyagi, kaya't sila ay matatag at nagpapatuloy sa tuwid at makipot na landas na nakapagpapabanal. Hindi ko lubusang mailarawan sa mga salita ang aking pasasalamat at paghanga sa lahat ng matatapat na Banal na nakahalubilo ko!

Kahit na ang pang-unawa natin sa ebanghelyo ay hindi kasinglalim ng ating patotoo sa katotohanan nito, kung magtitiwala tayo sa Panginoon, palalakasin tayo sa lahat ng ating suliranin, pagsubok, at paghihirap (tingnan sa Alma 36:3). Ang pangakong ito mula sa Panginoon sa Kanyang mga Banal ay hindi nagpapahiwatig na tayo ay hindi na daranas ng pagdurusa o pagsubok, kundi tayo ay palalakasin upang makayanan ang mga ito at malaman na ang Panginoon ang nagpapalakas sa atin.

Minamahal kong mga kapatid, napakapalad nating mapabilang sa kapatirang ito ng mga Banal sa mga Huling Araw! Napakapalad nating magkaroon ng patotoo tungkol sa Tagapagligtas na patooo rin ng mga propeta noon at ngayon!

Pinatototohanan ko na ang ating Panginoon, ang Banal ng Israel, ay buhay at pinamamahalaan ang Kanyang Simbahan, maging Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, sa pamamagitan ng ating pinakamamahal na propetang si Thomas S. Monson. Sa pangalan ng ating Panginoong Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder C. Scott Grow**
Ng Pitumpu

# Ang Himala ng Pagbabayad-sala

*Walang kasalanan o paglabag, pasakit o kalungkutan, na hindi mapapagagaling ng kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala.*

Habang inihahanda ko ang aking mensahe para sa kumperensyang ito, nakatanggap ako ng nakabibiglang tawag sa telepono mula sa aking ama. Sinabi niyang namatay ang nakababata kong kapatid na lalaki nang umagang iyon sa kanyang pagtulog. Lungkot na lungkot ako. Siya ay 51 taong gulang lang. Habang iniisip ko siya, nadama kong magbahagi ng ilang pangyayari sa buhay niya. Gagawin ko ito nang may pahintulot.

Noong kabataan niya, makisig ang kapatid ko, mabait at palakaibigan—lubos na tapat sa ebanghelyo. Matapos maglingkod nang marangal sa misyon, pinakasalan niya ang kanyang kasintahan sa templo. Biniyayaan sila ng isang anak na lalaki at isang anak na babae. Maganda ang kinabukasang naghihintay sa kanya.

Ngunit napatangay siya sa isang kahinaan. Pinili niyang magpakasaya sa buhay, na naging kapalit ng kanyang kalusugan, asawa, at pagiging miyembro sa Simbahan.

Nagpakalayu-layo siya sa kanyang pamilya. Patuloy niyang sinira ang kanyang buhay nang mahigit sampung taon, ngunit hindi siya kinalimutan ni tinalikuran ng Tagapagligtas. Sa huli dahil sa kawalang-pag-asa siya ay nagpakumbaba. Nagsimulang mapawi ang kanyang galit, paghihimagsik, at tapang. Tulad ng alibughang anak, "[siya'y nakapag-isip]."[1] Hinanap niya ang Tagapagligtas at bumalik sa piling ng matatapat na magulang na hindi lumimot sa kanya.

Tinahak niya ang landas ng pagsisisi. Hindi iyon madali. Matapos mapalayo sa Simbahan nang 12 taon, muli siyang nabinyagan at natanggap na muli ang kaloob na Espiritu Santo. Naibalik ang kanyang priesthood at mga pagpapala ng templo kalaunan.

Pinalad siyang makatagpo ng isang babaeng handang balewalain ang mga naging epekto sa kanyang kalusugan ng dati niyang pamumuhay, at nabuklod sila sa templo. Nagkaroon sila ng dalawang anak. Matapat siyang naglingkod nang ilang taon sa bishopric.

Namatay ang kapatid ko noong Lunes ng umaga, ika-7 ng Marso. Biyernes ng gabi bago iyon, nagpunta silang mag-asawa sa templo. Linggo ng umaga, ang araw bago siya namatay, nagturo siya ng aralin sa priesthood sa kanyang high priests group. Natulog siya noong gabing iyon, na hindi na muling gigising sa buhay na ito—ngunit magbabangong muli sa pagkabuhay na mag-uli ng mabubuti.

Nagpapasalamat ako sa himala ng Pagbabayad-sala sa buhay ng aking kapatid. Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay para sa bawat isa sa atin—sa tuwina.

Nagkakaroon ng bisa ang Pagbabayad-sala sa atin sa pamamagitan ng pagsisisi. Kapag nagsisi tayo, tinutulutan tayo ng Panginoon na kalimutan ang ating mga pagkakamali.

"Masdan, siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, ay siya ring patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito.

"Sa pamamagitan nito inyong malalaman kung ang isang tao ay nagsisi ng kanyang mga kasalanan—masdan, kanyang aaminin ang mga yaon at tatalikdan ang mga yaon."[2]

Bawat isa sa atin ay may kilalang isang tao na nagkaroon ng matitinding hamon sa buhay—mga taong nalihis ng landas o nag-alinlangan. Ang taong iyon ay maaaring isang kaibigan o kamag-anak, isang magulang o anak, isang asawa. Maaari pa ngang ang taong iyon ay kayo.

Nangungusap ako sa lahat, maging sa inyo. Magsasalita ako tungkol sa himala ng Pagbabayad-sala.

Naparito ang Mesiyas para tubusin ang mga tao mula sa Pagkahulog ni Adan.[3] Lahat sa ebanghelyo ni Jesucristo ay nakatuon sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Mesiyas, ang Anak ng Diyos.[4]

Ang plano ng kaligtasan ay hindi maisasakatuparan kung walang pagbabayad-sala. "Kaya nga, ang Diyos na rin ang magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan, upang maisakatuparan ang plano ng awa, upang tugunin ang hinihingi ng katarungan, at nang sa gayon, ang Diyos ay maging isang ganap, makatarungang Diyos, at isa ring maawaing Diyos."[5]

Ang nagbabayad-salang sakripisyo ay kinailangang isagawa ng walang-salang Anak ng Diyos, dahil ang taong nagkasala ay hindi maaaring magbayad-sala para sa sarili niyang mga kasalanan.[6] Ang Pagbabayad-sala

ay kinailangang maging walang-katapusan at walang hanggan—upang masakop ang lahat ng tao sa buong kawalang-hanggan.[7]

Sa pamamagitan ng Kanyang pagdurusa at kamatayan, nagbayad-sala ang Tagapagligtas para sa mga kasalanan ng lahat ng tao.[8] Ang Kanyang Pagbabayad-sala ay nagsimula sa Getsemani at nagpatuloy sa krus at nagwakas sa Pagkabuhay na Mag-uli.

"Oo, . . . siya ay dadalhin, ipapako sa krus, at papatayin, ang laman ay mapasasakop, maging sa kamatayan, ang kalooban ng Anak ay mapasasakop sa kalooban ng Ama."[9] Sa pamamagitan ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, ginawa Niyang "pinakahandog ang Kanyang kaluluwa para sa kasalanan."[10]

Bilang Bugtong na Anak ng Diyos, namana Niya ang kapangyarihang daigin ang pisikal na kamatayan. Kaya Siya nanatiling buhay nang Siya ay magdusa "nang higit sa matitiis ng tao, maliban na yaon ay sa kamatayan; sapagkat masdan, ang dugo ay lumalabas sa bawat butas ng kanyang balat, napakasidhi ng kanyang [naging] pagdurusa dahil sa kasamaan at mga karumal-dumal na gawain ng kanyang mga tao."[11]

Hindi lamang Niya pinagbayaran ang halaga ng mga kasalanan ng lahat ng tao, dinala pa Niya "ang mga pasakit at ang mga sakit ng kanyang mga tao." At "dadalhin niya ang kanilang mga kahinaan, upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, . . . upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan."[12]

Nadama ng Tagapagligtas ang bigat ng dalamhati ng buong sangkatauhan--ang dalamhati ng kasalanan, at ng kalungkutan. "Tunay na kanyang pinasan ang ating mga dalamhati, at dinala ang ating mga kalungkutan."[13]

Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, pinagagaling Niya hindi lamang ang lumabag, pinagagaling din Niya ang walang-sala na nagdurusa dahil sa mga paglabag na iyon. Kapag sumampalataya ang walang-sala sa Tagapagligtas at sa Kanyang



Pagbabayad-sala at pinatawad ang nagkasala, sila man ay mapagagaling.

May mga pagkakataon na "kailangang maalis [ng bawat isa sa atin] ang damdamin ng pagkaligalig na dulot ng mga kamalian at kasalanan."[14] Kapag nagsisisi tayo, inaalis ng Tagapagligtas ang pagkaligalig sa ating kaluluwa.

Dahil sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, pinatatawad ang ating mga kasalanan. Maliban lang sa mga anak ng kapahamakan, ang Pagbabayad-sala ay para sa lahat sa lahat ng oras, gaano man kalaki o kaliit ang kasalanan, "kung sila ay magsisisi."[15]

Dahil sa Kanyang walang katapusang pagmamahal, inaanyayahan tayo ni Jesucristo na magsisi para hindi na natin pagdusahan ang buong bigat ng sarili nating mga kasalanan:

"Magsisi—magsisi, upang . . . ang iyong mga pagdurusa ay [hindi] maging masakit—kung gaano kasakit ay hindi mo nalalaman, kung gaano kasidhi ay hindi mo nalalaman, oo, kung gaano kahirap dalhin ay hindi mo nalalaman.

"Sapagkat masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi;

"Subalit kung hindi sila magsisisi sila ay kinakailangang magdusa na katulad ko;

"Kung aling pagdurusa ay dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu."[16]

Ang Tagapagligtas ay nag-aalok ng pagpapagaling sa mga nagdurusa dahil sa kasalanan. "Hindi pa ba kayo ngayon magbabalik sa akin, at magsisisi sa inyong mga kasalanan, at magbalik-loob, upang mapagaling ko kayo?"[17]

Si Jesucristo ang Dakilang Manggagamot ng ating kaluluwa. Maliban lang sa mga kasalanang ginawa ng mga anak ng kapahamakan, walang kasalanan o paglabag, pasakit o kalungkutan, na hindi mapapagaling ng kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala.

Kapag nagkakasala tayo, sinasabi



sa atin ni Satanas na naliligaw tayo. Sa kabilang banda, ang ating Manunubos ay naghahandog ng pagtubos sa lahat—anuman ang nagawa nating mali—maging sa inyo at sa akin.

Kapag inisip ninyo ang sarili ninyong buhay, mayroon ba kayong kailangang baguhin? Nakagawa ba kayo ng mga pagkakamaling kailangan pang itama?

Kung nakakaramdam kayo ng panunurot ng budhi o pagsisisi, kapaitan o galit, o kawalan ng pananampalataya, inaanyayahan ko kayong hanapin ang kapanatagan. Magsisi at talikuran ang inyong mga kasalanan. Pagkatapos, humingi ng tawad sa Diyos sa panalangin. Humingi ng tawad mula sa mga nagawan ninyo ng pagkakasala. Patawarin ang mga nagkasala sa inyo. Patawarin ang inyong sarili.

Magpunta sa bishop kung kailangan. Siya ang sugo ng awa ng Panginoon. Tutulungan niya kayo habang nagsisikap kayong maging malinis sa pamamagitan ng pagsisisi.

Isubsob ang inyong sarili sa pagdarasal at pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Kapag ginawa ninyo ito, madarama ninyo ang nagpapabanal na impluwensya ng Espiritu. Sinabi ng Tagapagligtas, "Pabanalin ang inyong sarili; oo, dalisayin ang inyong mga puso, at linisin ang inyong mga kamay . . . sa harapan ko, upang akin kayong gawing malinis."[18]

Kapag tayo ay nalinis ng kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala, nagiging tagapamagitan natin ang Tagapagligtas sa Ama, na nagsusumamong:

"Ama, masdan ang mga pagdurusa at ang kamatayan niya na walang ginawang kasalanan, na inyong lubos na kinalulugdan; masdan ang dugo ng inyong Anak na nabuhos, ang dugo niya na inyong ibinigay upang ang inyong sarili ay luwalhatiin;

"Kaya nga, Ama, iligtas ang mga kapatid kong ito na naniniwala sa aking pangalan, upang sila ay makaparito sa akin at magkaroon ng buhay na walang hanggan."[19]



Bawat isa sa atin ay nabigyan ng kaloob na kalayaang moral. "Ang tao ay . . . malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng dakilang Tagapamagitan ng lahat ng tao, o piliin ang pagkabihag at kamatayan, alinsunod sa . . . kapangyarihan ng diyablo."[20]

Ilang taon na ang nakalilipas ginamit ng kapatid ko ang kanyang kalayaan nang piliin niyang mamuhay sa paraang ang naging kapalit ay ang kanyang kalusugan, pamilya at pagiging miyembro sa Simbahan. Pagkaraan ng ilang taon, ginamit niya ang kalayaan ding iyon nang piliin niyang magsisi, iayon ang kanyang buhay sa mga turo ng Tagapagligtas, at literal na isilang na muli sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala.

Pinatototohanan ko ang himala ng Pagbabayad-sala. Nakita ko na ang nagpapagaling na kapangyarihan nito sa buhay ng aking kapatid, at nadama ito sa sarili kong buhay. Ang nagpapagaling at nakatutubos na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ay para sa bawat isa sa atin—sa tuwina.

Pinatototohanan ko na si Jesus ang Cristo—ang Manggagamot ng ating kaluluwa. Dalangin ko na bawat isa sa atin ay pipiliing tumugon sa paanyaya ng Tagapagligtas na, "Hindi pa ba kayo ngayon magbabalik sa akin, at magsisisi sa inyong mga kasalanan, at magbalik-loob, upang mapagaling ko kayo?"[21] Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Lucas 15:17.
2. Doktrina at mga Tipan 58:42–43.
3. Tingnan sa 2 Nephi 2:25–26.
4. Tingnan sa Alma 34:14.
5. Alma 42:15.
6. Tingnan sa Alma 34:11.
7. Tingnan sa Alma 34:10.
8. Tingnan sa Alma 22:14.
9. Mosias 15:7.
10. Mosias 14:10.
11. Mosias 3:7.
12. Alma 7:11–12.
13. Mosias 14:4.
14. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 2.
15. Doktrina at mga Tipan 18:12.
16. Doktrina at mga Tipan 19:15–18.
17. 3 Nephi 9:13.
18. Doktrina at mga Tipan 88:74.
19. Doktrina at mga Tipan 45:4–5.
20. 2 Nephi 2:27.
21. 3 Nephi 9:13.



**Ni Elder Jeffrey R. Holland**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Isang Sagisag sa mga Bansa

*Kung nagtuturo kami sa pamamagitan ng Espiritu at nakikinig kayo sa pamamagitan ng Espiritu, may isa sa amin na magsasalita ng may kaugnayan sa kalagayan ninyo.*

Lubha akong naantig sa bawat himig ng musika at bawat salitang binigkas kaya't dalangin ko na sana makapagsalita ako.

Bago lisanin ang Nauvoo noong taglamig ng 1846, nanaginip si Pangulong Brigham Young na nakita niya ang isang anghel na nakatayo sa isang burol na korteng-apa sa isang lugar sa Kanluran na nakaturo sa isang lambak sa ibaba. Pagpasok niya sa Salt Lake Valley pagkaraan ng mga 18 buwan, nakita niya sa itaas lamang ng lugar kung saan tayo ngayon nagtitipon, ang burol na iyon na nakita niya sa pangitain.

Tulad ng madalas banggitin sa pulpitong ito, pinamunuan ni Brother Brigham ang ilang pinuno sa tuktok ng burol na iyon at tinawag itong Ensign Peak, isang pangalang puno ng banal na kahulugan para sa mga makabagong Israelitang ito. Dalawampu't limang daang taon bago iyon ipinahayag ni propetang Isaias na sa mga huling araw, "ang bundok ng bahay ng Panginoon ay matatatag sa taluktok ng mga bundok . . . at siya'y maglalagay [doon] ng pinakawatawat sa mga bansa."[1]

Nang matanto na ang kanilang ginawa ay bahagyang katuparan ng propesiyang iyon, ninais ng mga Kapatid na magtaas ng bandila upang gawing literal ang ideyang "pinakawatawat sa mga bansa." Naglabas si Elder Heber C. Kimball ng dilaw na bandana. Itinali ito ni Brother Brigham sa tungkod na dala ni Elder Willard Richards, at itinusok sa lupa ang pansamantalang bandila, at ipinahayag na ang lambak ng Great Salt Lake at ang kabundukan sa paligid nito ang ipinropesiyang lugar kung saan ipahahayag ang salita ng Panginoon sa mga huling araw.

Mga kapatid, ang pangkalahatang kumperensyang ito at ang iba pang tulad nito ay karugtong ng unang pagpapahayag na iyon sa mundo. Pinatotohanan ko na ang mga kaganapan ng nakaraang dalawang araw ay isa pang katibayan na, sabi nga sa ating himno, "Ating masdan ang bandila ng Sion [ay iwinagayway na]"[2]—at ang dalawang kahulugan ng salitang *bandila* ay sinadya. Hindi pagkakataon lamang na ang paglalathala ng ating pangkalahatang kumperensya sa Ingles ay nasa isang magasing pinamagatan lamang na *Ensign [Ang Sagisag].*

Sa pagtatapos ng ating kumperensya, hinihiling ko sa inyo na pag-isipan sa darating na mga araw, hindi lamang ang mga mensaheng narinig ninyo kundi maging ang natatanging diwang hatid ng pangkalahatang kumperensya—kung ano ang inaasahan nating mga Banal sa mga Huling Araw na dapat mangyari sa gayong mga kumperensya at kung ano ang nais nating iparinig at ipakita sa mundo. Pinatototohanan natin sa bawat bansa, lahi, wika, at tao na sa ating panahon ang Diyos ay hindi lamang buhay kundi Siya ay nangungusap din, na sa ating panahon ang payong inyong naririnig, sa patnubay ng Banal na Espiritu Santo, ay ang "kalooban ng Panginoon, . . . salita ng Panginoon, . . . tinig ng Panginoon, at ang kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan."[3]

Marahil ay alam na ninyo (ngunit kung hindi pa ay dapat ninyong malaman) na maliban sa iilan, na hindi inaatasan ng paksa ang sinumang lalaki o babaeng nagsasalita dito. Bawat isa ay kailangang mag-ayuno at manalangin, mag-aral at maghanap, isulat muli't muli ang kanyang mensahe hanggang sa tiwala na siya na para sa kumperensyang ito, sa oras na ito, ang paksang napili niya ang gustong ipalahad sa kanya ng Panginoon kahit may iba siyang gusto. Bawat lalaki o babaeng narinig ninyo sa nakaraang 10 oras ng pangkalahatang kumperensya ay sinikap na sundin ang pahiwatig na iyan. Bawat isa ay umiyak, nag-alala, at taos na humiling ng patnubay sa Panginoon na gabayan ang kanyang isipan at pagpapahayag. At tulad ni Brigham Young na nakita ang isang anghel na nakatayo sa ibabaw ng lugar na ito, ako man ay may nakikitang mga anghel na nakatayo sa ibabaw nito. Ang aking mga kapatid na mga pangkalahatang pinuno ng Simbahan ay hindi komportableng matawag na mga anghel, ngunit iyan ang nakikita ko—mga mortal na sugong may mensahe ng mga anghel, mga lalaki at babaeng pawang may problema sa kalusugan at kabuhayan at pamilya gaya natin, ngunit may pananampalatayang inilaan ang kanilang buhay sa mga katungkulang dumating sa kanila,



at sa tungkuling ipangaral ang salita ng Diyos, at hindi ang sa kanila.

Isipin ang iba't ibang mensaheng naririnig ninyo—na lalo pang mahimala dahil walang pag-uugnayan maliban sa patnubay ng langit. Ngunit bakit hindi magkakaiba ang mga ito? Halos buong kongregasyon natin, dito man o sa ibang lugar, ay binubuo ng mga miyembro ng Simbahan. Gayunman, sa kamangha-manghang mga bagong pamamaraan ng komunikasyon, dumarami pa ang mga nakikinig sa ating mga kumperensya na hindi miyembro ng Simbahan—sa ngayon. Kaya dapat tayong magsalita sa mga taong kilalang-kilala tayo at sa mga taong walang alam tungkol sa atin. Kung sa ating Simbahan lamang dapat tayong magsalita sa mga bata, kabataan at young adult, sa nasa katanghalian na ng buhay, at sa matatanda. Dapat tayong magsalita sa mga pamilya at magulang at anak sa tahanan at maging sa mga walang asawa, walang anak, at marahil ay napakalayo sa tahanan. Habang idinaraos ang pangkalahatang kumperensya, lagi naming binibigyang-diin ang mga walang-hanggang alituntunin ng pananampalataya, pag-asa, pag-ibig sa kapwa,[4] at ang pagpako kay Cristo sa krus[5] kahit nagsasalita kami nang tuwiran tungkol sa napapanahong isyu ng moralidad. Iniutos sa atin sa mga banal na kasulatan na "huwag mangaral ng anuman kundi pagsisisi sa salinlahing ito,"[6] kundi mangaral tayo ng "mabubuting balita sa mga maamo . . . [at] magpagaling ng mga bagbag na puso." Anuman ang mga paksa, ang mga mensahe sa kumperensya ay "[nagpapahayag] ng kalayaan sa mga bihag"[7] at nagpapahayag ng "mga di malirip na mga kayamanan ni Cristo."[8] Sa iba't ibang mensaheng ibinigay naroon ang paniniwalang may isa roon na sadyang nauukol sa bawat isa. Tungkol dito, palagay ko angkop na angkop ang sinabi ni Pangulong Harold B. Lee ilang taon na ang nakararaan nang sabihin niya na ang ebanghelyo ay "para paginhawahin ang nagdurusa at pagdusahin ang [maginhawa]."[9]

Gusto natin palagi na ang itinuturo natin sa pangkalahatang kumperensya ay bukas at para sa lahat gaya ng pagtuturo noon ni Cristo, na tinatandaan na kailangan ng disiplina ng taong nakikinig sa Kanyang mga mensahe. Sa pinakabantog na sermon na ibinigay, nagsimula si Jesus sa pagbanggit sa matatamis na pagpapalang gustong makamtan ng bawat isa sa atin—mga pagpapalang ipinangako sa mga bagbag ang espiritu, sa dalisay ang puso, mga tagapamayapa, at mababa ang kalooban.[10] Nakasisigla ang mga Lubos na Pagpapalang iyon at nakapapanatag sa kaluluwa. Totoo ang mga ito. Ngunit sa sermon ding iyon nagpatuloy ang Tagapagligtas, na nagpapakita kung gaano dapat ang pagtuwid ng landas ng tagapamayapa at ang kadalisayan ng puso ng tao. "Narinig ninyo na sinabi sa mga tao sa una, Huwag kang papatay," pagpuna Niya. "Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawat mapoot sa kaniyang kapatid . . . ay [nanga]nganib sa kahatulan."[11]

Gayundin,

"Narinig ninyong sinabi, huwag kang mangangalunya,"

"Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala na ng pangangalunya sa kaniyang puso."[12]

Kitang-kita na kapag tayo ay nagiging mas mabubuting disipulo, mas malaki ang inaasahan sa atin hanggang sa marating natin ang pinakamatinding hinihingi sa atin na tinukoy sa mensaheng kababanggit lamang ni Elder Christofferson: "Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal."[13] Madali ang maging disipulo kapag nagsisimula pa lamang tayong matuto sa ebanghelyo ngunit lumalaki ang pagsubok kapag narating na natin ang antas ng pagiging tunay na disipulo. Malinaw na ang sinumang nag-iisip na hindi itinuro ni Jesus na pananagutan ng tao ang kanyang kasalanan ay hindi nabasa ang mga banal na kasulatan! Hindi, ang pagiging disipulo sa Simbahan ay hindi tulad ng tindahan ng pagkain; hindi puwedeng palaging "ang gusto natin ang nasusunod." Balang-araw *bawat* tuhod ay luluhod at *bawat* dila ay magpapahayag na si Jesus ang Cristo at ang kaligtasan ay darating lamang sa *Kanyang* paraan.[14]

Kahit gusto naming ituro ang mahigpit at nakapapanatag na katotohanan ng ebanghelyo sa pangkalahatang kumperensya, makatitiyak

kayo na kapag nagsasalita kami tungkol sa mahihirap na paksa ay nauunawaan namin na hindi lahat ay nanonood ng pornograpiya, o ipinagwawalang-bahala ang kasal, o sangkot sa seksuwal na pakikipag-relasyon. Alam naming hindi lahat ay lumalabag sa araw ng Sabbath o nambibintang o nang-aabuso ng asawa. Alam namin na karamihan sa aming mga tagapakinig ay *hindi* ginagawa iyon, ngunit kami ay inutusang magbabala sa mga taong gumagawa nito—saanman sila naroon sa mundo. Kaya kung sinisikap ninyong gawin ang lahat ng inyong makakaya—kung palagi ninyong sinisikap na magdaos ng family home evening sa kabila ng kaguluhan sa bahay na puno ng maliliit na bata—bigyan ninyo ng mataas na marka ang sarili ninyo kapag nabanggit ang paksang iyan at pakinggan ang iba pang paksa at alamin kung alin pa ang dapat ninyong pag-igihin. Kung nagtuturo kami sa pamamagitan ng Espiritu at nakikinig kayo sa pamamagitan ng Espiritu, may isa sa amin na magsasalita ng may kaugnayan sa kalagayan ninyo, maghahatid ng mensahe na talagang para sa inyo.

Mga kapatid, sa pangkalahatang kumperensya ay ibinabahagi namin ang aming patotoo kasama ang iba pang patotoo, dahil sa anumang paraan ay iparirinig ng Diyos ang Kanyang tinig. "Isinugo ko kayo upang magpatotoo at balaan ang mga tao," sabi ng Panginoon sa Kanyang mga propeta.[15]

"[At] pagkaraan ng inyong patotoo ay sasapit ang patotoo ng mga paglindol . . . ng mga kulog, . . . mga kidlat, at . . . mga unos, at ang tinig ng mga alon sa dagat na iaalon nito ang sarili na lagpas sa mga hangganan nito. . . .

"At ang mga anghel ay . . . [sisigaw] sa malakas na tinig, pinatutunog ang pakakak ng Diyos."[16]

Ngayon, ang mga mortal na anghel na ito sa pulpito ay "pinatutunog ang pakakak ng Diyos" sa sarili nilang paraan." Bawat sermon na ibinibigay ay palaging patotoo ng pagmamahal at babala, gaya ng pagpapatotoo mismo ng kalikasan



***Bucharest, Romania***

nang may pagmamahal at pagbabala sa mga huling araw.

Ngayon, sa loob ng ilang sandali si Pangulong Thomas S. Monson ay lalapit sa pulpito para tapusin ang kumperensyang ito. Hayaan ninyong magbanggit ako tungkol sa pinakamamahal na taong ito, ang senior na Apostol at ang propeta sa ating panahon. Taglay ang mga responsibilidad na nabanggit ko at lahat ng inyong narinig sa kumperensyang ito, kitang-kita na ang buhay ng mga propeta ay hindi madali, at ang buhay ni Pangulong Monson ay hindi madali. Partikular niyang tinukoy iyan kagabi sa miting ng priesthood. Tinawag na maging apostol sa edad na 36, ang kanyang mga anak noon ay edad 12, 9, at 4 na taon. Si Sister Monson at ang mga batang iyon ay ibinigay ang kanyang asawa at kanilang ama sa Simbahan at sa mga tungkulin nito sa loob ng mahigit 50 taon na ngayon. Nagtiis sila ng mga karamdaman at kagipitan, dumanas ng mga pagsubok na kinakaharap ng lahat ngayon, ilan dito ay tiyak na daranasin pa nila sa hinaharap. Gayunman si Pangulong Monson ay nanatiling masayahin sa kabila ng lahat ng ito. Walang makapagpabagsak sa kanya. Kakaiba ang kanyang pananampalataya at lakas ng katawan.

President, sa buong kongregasyong ito, dito man o sa ibang lugar, nais kong sabihing minamahal at iginagalang namin kayo. Ang katapatan ninyo ay halimbawa sa aming lahat. Salamat sa inyong pamumuno. Ang labing-apat na iba pa na may hawak ng katungkulan ng apostol, kasama ang iba pang narito sa harapan, ang mga nakaupo sa kongregasyon, at ang napakaraming nakatipon sa iba't ibang panig ng mundo ay nagmamahal sa inyo, sinasang-ayunan namin kayo, at kabalikat ninyo kami sa gawaing ito. Pagagaangin namin ang inyong pasanin sa abot ng aming makakaya. Isa kayo sa mga sugong anghel na tinawag bago pa itatag ang mundo upang iwagayway ang bantayog ng ebanghelyo ni Jesucristo sa buong mundo. Kahanga-hanga po ang nagagawa ninyo. Sa pagpapahayag ng ebanghelyong iyan, sa kaligtasang hatid nito, at sa Kanya na naglaan nito, ay nagpapatotoo ako sa dakila at maluwalhating pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Isaias 2:2; 11:12.
2. "Umaga Na," *Mga Himno,* blg. 1.
3. Doktrina at mga Tipan 68:4.
4. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 13:13.
5. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 1:23.
6. Doktrina at mga Tipan 6:9; 11:9.
7. Isaias 61:1.
8. Mga Taga Efeso 3:8.
9. Tingnan sa Harold B. Lee, sa "The Message," *New Era,* Ene. 1971, 6.
10. Tingnan sa Mateo 5:3–12.
11. Mateo 5:21–22; tingnan din sa 3 Nephi 12:22.
12. Mateo 5:27–28.
13. Mateo 5:48.
14. Tingnan sa Mga Taga 14:11; Mosias 27:31.
15. Doktrina at mga Tipan 88:81.
16. Doktrina at mga Tipan 88:89–90, 92.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

# Sa Paghihiwa-hiwalay

*Hindi kayang maunawaan ng sinuman sa atin ang buong kahalagahan ng ginawa ni Cristo para sa atin sa Getsemani, ngunit nagpapasalamat ako araw-araw sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo para sa atin.*

Minamahal kong mga kapatid, ang puso ko ay punung-puno sa pagtatapos nitong kumperensya. Ang Espiritu ng Panginoon ay damang-dama natin. Nagpapasalamat ako at ang mga miyembro ng Simbahan sa lahat ng dako sa bawat isa na nakilahok, kabilang na ang mga nag-alay ng mga panalangin. Nawa'y maalaala natin tuwina ang mga mensaheng narinig natin. Sa pagtanggap natin ng mga isyu ng mga magasing *Ensign* at *Liahona* na maglalaman ng mga mensaheng ito nang nakasulat, nawa'y basahin at pag-aralan natin ang mga ito.

Minsan pa ang musika sa lahat ng mga sesyon ay napakagaganda. Personal akong nagpapasalamat sa mga handang ibahagi sa atin ang kanilang mga talento, na umaantig at nagbibigay-inspirasyon sa atin.

Sinang-ayunan natin, sa pagtataas ng kamay, ang mga kapatid na tinawag sa mga bagong katungkulan sa kumperensyang ito. Gusto naming malaman nila na inaasam naming makatuwang sila sa layunin ng Panginoon.

Ipinaaabot ko ang aking pagmamahal at pasasalamat sa aking matatapat na tagapayo, sina Pangulong Henry B. Eyring at Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Sila'y mga lalaking puno ng kaalaman at pang-unawa. Napakahalaga ng kanilang paglilingkod. Minamahal at sinusuportahan ko ang aking mga kapatid sa Korum ng Labindalawang Apostol. Sila'y naglilingkod nang epektibo, at sila'y lubos na matatapat sa gawain. Ipinaaabot ko rin ang aking pagmamahal sa mga miyembro ng Pitumpu at Presiding Bishopric.

Marami tayong kinakaharap na hamon sa mundo ngayon, ngunit tinitiyak ko sa inyo na iniisip tayo ng ating Ama sa Langit. Mahal Niya ang bawat isa at pagpapalain tayo kapag hinanap natin Siya sa panalangin at sinikap na sundin ang Kanyang mga kautusan.

Tayo ay pandaigdigang simbahan. Ang ating mga miyembro ay matatagpuan sa lahat ng dako ng mundo. Nawa'y maging mabubuting mamamayan tayo ng mga bansang ating tinitirhan at mabubuting kapwa sa ating komunidad, na tumutulong sa mga miyembro ng ibang pananampatalaya at sa mga kamiyembro rin natin. Nawa'y maging mga halimbawa tayo ng katapatan at integridad saanman tayo magpunta at anuman ang ating ginagawa.

Salamat sa inyong mga panalangin alang-alang sa akin, mga kapatid, at sa ngalan ng lahat ng mga General Authority ng Simbahan. Taos-puso kaming nagpapasalamat sa inyo at sa lahat ng ginagawa ninyo para isulong ang gawain ng Panginoon.

Sa inyong pag-uwi sa inyong mga tahanan, nawa'y maging ligtas kayo. Nawa'y mapasainyo ang mga pagpapala ng langit.

Ngayon, bago tayo umalis, hayaang ibahagi ko ang pagmamahal ko sa Tagapagligtas at sa Kanyang dakilang sakripisyo ng pagbabayad-sala para sa atin. Makalipas ang tatlong linggo ang lahat ng Kristiyano ay ipagdiriwang ang Linggo ng Pagkabuhay. Naniniwala akong hindi maiisip ng sinuman ang buong kahalagahan ng ginawa ni Cristo para sa atin sa Getsemani, ngunit nagpapasalamat ako araw-araw sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo para sa atin.

Sa huling sandali, maaari pa sana Siyang umatras. Ngunit hindi Niya ginawa. Nagpailalim Siya sa lahat ng bagay upang mailigtas Niya ang lahat ng bagay. Sa gayong paraan, binigyan Niya tayo ng buhay nang lampas sa buhay na ito. Sinagip Niya tayo mula sa Pagkahulog ni Adan.

Sa kaibuturan ng aking kaluluwa, nagpapasalamat ako sa Kanya. Itinuro Niya sa atin kung paano mabuhay. Itinuro Niya sa atin kung paano mamatay. Tiniyak Niya ang ating kaligtasan.

Sa aking pagtatapos, hayaang ibahagi ko ang nakaaantig na mga salitang isinulat ni Emily Harris na naglalarawang mabuti sa nadarama ko sa pagsapit ng Paskua o Linggo ng Pagkabuhay:

*Ang linong minsang nakabalot sa*
*Kanya'y walang laman.*
*Doon iyo'y naiwan,*
*Buong kaputian at kalinisan.*
*Ang pintua'y nabuksan.*
*Ang bato'y iginulong sa kung saan,*
*At halos marinig ko ang pag-*
*awit ng mga anghel at Siya'y*
*pinapupurihan.*
*Lino'y hindi na Siya kayang balutan.*
*Bato'y hindi na Siya kayang*
*hadlangan.*
*Ang mga salita'y naririnig sa libi-*
*ngang walang-laman,*

*"Siya'y wala rito."*
*Ang linong minsang nakabalot sa*
*Kanya'y wala nang laman.*
*Doon iyo'y naiwan,*
*Buong kaputian at kalinisan*
*At oh, aleluya, ito'y walang laman.*[1]

Pagpalain kayo, aking mga kapatid. Sa pangalan ni Jesucristo, na ating Tagapagligtas, amen. ■

**TALA**

1. Emily Harris, "Empty Linen," *New Era,* Abr. 2011, 49.







**Ni Ann M. Dibb**
Pangalawang Tagapayo sa Young Women General Presidency

# Naniniwala Ako sa Pagiging Matapat at Tunay

*Ang pagiging tunay o matapat sa ating paniniwala—hindi man ito tanggap ng iba, hindi madali, o masaya—ay ligtas na aakay sa atin sa buhay na walang-hanggan sa piling ng ating Ama sa Langit.*

Mahal kong mga kabataang babae, malaking pribilehiyo at pagkakataon para sa akin ang tumayo sa inyong harapan sa gabing ito. Napakaganda at napakasaya ninyong masdan.

Ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya ang tema sa Mutual ngayong 2011. Sa pagdalo ko sa mga pagtitipon ng kabataan at mga miting ng sakrament sa taong ito, narinig kong ibinahagi ng mga kabataan ang ibig sabihin sa kanila ng ikalabintatlong saligan ng pananampalataya at paano ito naaakma sa buhay nila. Marami ang nakaaalam na ito ang huling saligan ng pananampalataya, ang pinakamahaba, pinakamahirap isaulo, at ang saligan ng pananampalataya na umaasa silang hindi ipabibigkas sa kanila ng bishop. Gayunman, marami sa inyo ang nakauunawa rin na ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya ay higit pa riyan.

Ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya ay gabay sa matwid na pamumuhay bilang Kristiyano. Isipin ninyo kung ano ang mangyayari sa mundo kung pipiliin ng lahat na mamuhay ayon sa mga turong matatagpuan sa ikalabintatlong saligan ng pananampalataya: "Naniniwala kami sa pagiging matapat, tunay, malinis, mapagkawanggawa, marangal at sa paggawa ng mabuti sa lahat ng tao; sa katotohanan, maaari naming sabihing sinusunod namin ang payo ni Pablo—Naniniwala kami sa lahat ng bagay, umaasa kami sa lahat ng bagay, nakapagtiis kami ng maraming bagay, at umaasang makapagtitiis sa lahat ng bagay. Kung may anumang bagay na marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri, hinahangad namin ang mga bagay na ito."

Sa unang mensaheng ibinigay ni



***Montalban, Philippines***

Pangulong Thomas S. Monson sa umaga ng Linggo ng pangkalahatang kumprensya bilang propeta, binanggit niya ang payo ni Pablo na makikita sa Mga Taga Filipos 4:8, na pinagbatayan ng marami sa mga alituntunin na nasa ikalabintatlong saligan ng pananampalataya. Inamin ni Pangulong Monson na maraming pagsubok sa ating panahon at pinalakas niya ang ating loob. Sabi niya, "Dito sa kung minsan ay mapanganib na paglalakbay sa mortalidad, maaari . . . nating sundin ang payo mula kay Apostol Pablo na makatutulong upang manatili tayong ligtas at nasa tamang landas."[1]

Sa gabing ito gusto kong pagtuunan ang dalawang magkaugnay na alituntunin sa ikalabintatlong saligan ng pananampalataya na talagang tutulong upang "manatili tayong ligtas at nasa tamang landas." Matatag ang aking patotoo at katapatan sa mahahalagang alituntunin ng pagiging matapat at totoo.

Una, "Naniniwala [ako] sa pagiging matapat." Ano ang ibig sabihin ng maging matapat? Itinuturo ng buklet na *Tapat sa Pananampalataya* na, "Ang ibig sabihin ng maging matapat ay maging taos, makatotohanan, at walang panlilinlang sa lahat ng oras."[2] Kautusan mula sa Diyos ang maging matapat,[3] at "ang lubos na katapatan ay kailangan sa ating kaligtasan."[4]

Itinuro ni Pangulong Howard W. Hunter na dapat ay handa tayong maging tunay na matapat. Sabi niya:

"Ilang taon na ang nakararaan may mga poster sa mga pasukan ng mga chapel natin na may pamagat na, 'Maging Matapat sa Sarili.' Karamihan sa mga ito ay tungkol sa maliliit at simpleng bagay sa buhay. Dito nalilinang ang alituntunin ng katapatan.

"May ilang nagsasabi na masama ang hindi tapat sa malalaking bagay pero naniniwala na palalampasin ito kung hindi naman gaanong mahalaga ang bagay na iyon. May kaibhan ba kung hindi ka tapat kapag isang libong dolyar na ang pinag-uusapan sa hindi ka tapat kung ang pinag-uusapan ay sampung sentimo lang? . . . Talaga bang nasusukat ang antas ng katapatan batay sa laki o liit ng bagay na pinag-uusapan?"

Pagpapatuloy ni Pangulong Hunter: "Kung nais nating makasama ang Panginoon at ang Espiritu Santo, dapat tayong maging tapat sa ating sarili, sa Diyos, at sa ating kapwa. Magbubunga ito ng tunay na galak."[5]

Kapag tayo ay tapat sa lahat ng bagay, malaki man o maliit, napapanatag ang isip natin at budhi. Bumubuti ang ating pagsasamahan dahil naroon ang pagtitiwala. At ang pinakamalaking pagpapalang nagmumula sa pagiging tapat ay ang makasama natin ang Espiritu Santo.

Magbabahagi ako ng isang simpleng kuwento na nagpatibay sa aking pangako na maging tapat sa lahat ng bagay:

"Isang gabi isang lalaki ang nagpunta sa bukid para magnakaw ng mais. Isinama niya ang kanyang maliit na anak, pinaupo at pinagbantay sa bakod para sabihan siya kung may darating man. Tumalon ang lalaki sa bakod na may dalang malaking supot, at bago niya simulan ang pagkuha ng mais, lumingun-lingon siya sa paligid, at nang walang makitang sinuman, humanda na siya para punuin ang kanyang supot. . . . [Noon sumigaw ang bata]:

"'Itay, may isa pa kayong hindi natitingnan! . . . Nakalimutan ninyong tumingala.'"[6]

Kapag natutukso tayong maging hindi tapat, at dumarating ang tuksong ito sa ating lahat, inaakala natin na walang makaaalam. Ipinaaalala sa atin ng kuwentong ito na alam ng Ama sa Langit ang lahat, at mananagot tayo sa Kanya sa bandang huli. Ang kaalamang ito ang tumulong sa akin na laging magsikap na tuparin ang pangakong ito: "Naniniwala [ako] sa pagiging matapat."

Ang pangalawang alituntuning itinuturo sa ikalabintatlong saligan ng pananampalataya ay, "Naniniwala [ako] sa pagiging tunay." Ang kahulugan ng salitang *tunay* sa diksyonaryo ay pagiging "matatag," "tapat," "tumpak," o "walang paglihis."[7]

Isa sa mga paborito kong aklat



ay ang klasiko sa Britain na *Jane Eyre,* na isinulat ni Charlotte Bronte at inilathala noong 1847. Ang bida o pangunahing tauhan, si Jane Eyre, ay dukha, ulilang tinedyer na nagpapakita ng kahulugan ng pagiging totoo o tunay. Sa kathang-isip na kuwentong ito, isang lalaki, si Mr. Rochester, ang nagmamahal kay Miss Eyre pero hindi niya ito maaaring pakasalan. Sa halip, isinamo niya kay Miss Eyre na magsama sila kahit hindi sila kasal. Mahal din ni Miss Eyre si Mr. Rochester, at sandali rin siyang natukso, at tinanong ang sarili, "Sino ba naman ang nagmamalasakit sa *iyo*? o sino ba ang masasaktan sa gagawin mo?"

Mabilis na sumagot ang konsyensya ni Jane: "*Ako* ang nagmamalasakit sa sarili ko. Kung mas madalas akong nag-iisa, mas kaunti ang kaibigan, mas kaunti ang tumutustos, lalo kong igagalang ang sarili ko. Susundin ko ang batas na ibinigay ng Diyos. . . . Ang mga batas at prinsipyo ay hindi sa mga pagkakataong walang tukso: ang mga ito ay para sa mga pagkakataong tulad nito. . . . Kung dahil lang sa sarili kong kaginhawahan ay lalabagin ko ang mga ito, ano ang magiging kabuluhan nito? May kabuluhan ang mga ito—kaya noon pa man ay pinaniniwalaan ko na ito. . . . Ang aking paniniwala, at napagpasiyahan noon pa man, ang tanging nasa akin sa sandaling ito: na siyang paninindigan ko."[8]

Sa matinding sandali ng tukso, tunay na tapat si Jane Eyre sa kanyang pinaniniwalaan, nagtiwala siya sa batas na ibinigay ng Diyos, at nanindigan siyang lalabanan ang tukso.

Ang pagiging tunay o matapat sa ating paniniwala—hindi man ito tanggap ng iba, hindi madali o masaya—ang ligtas na aakay sa atin sa buhay na walang-hanggan sa piling ng ating Ama sa Langit. Gustung-gusto ko ang







idinrowing na ito ng isang dalagita para maalala niya na gusto niyang madama ang galak na makasama ang Ama sa Langit magpakailanman.

Sa pagiging tapat ay nagbibigay din tayo ng mabuting impluwensya sa buhay ng ibang tao. Kamakailan narinig ko ang magandang kuwento tungkol sa isang dalagita na, dahil tapat siya sa kanyang paniniwala ay naimpluwensiyahan niyang mabuti ang isang dalagita.

Maraming taon na ang nakararaan sina Kristi at Jenn ay magkasamang nag-aaral sa high school choir sa Hurst, Texas. Kahit hindi sila gaanong magkakilala, narinig minsan ni Jenn si Kristi na kausap ang kanyang mga kaibigan tungkol sa relihiyon, mga paniniwala nila, mga paboritong kuwento sa Biblia. Nang makausap muli ni Jenn si Kristi kamakailan, ito ang sinabi niya:

"Nalungkot ako na wala akong alam sa pinag-uusapan ninyo ng mga kaibigan mo, kaya ang hiningi kong pamasko sa mga magulang ko ay Biblia. Natanggap ko ang Biblia at sinimulang basahin ito. Dito nagsimula ang interes ko sa relihiyon at paghahanap sa totoong Simbahan. . . . Lumipas ang labindalawang taon. Noong panahong iyon nagpunta ako sa iba't ibang simbahan at regular na nagsimba ngunit dama kong may kulang pa rin. Isang gabi lumuhod ako at nagsumamong ipaalam sa akin ang gagawin. Nang gabing iyon, napanaginipan kita, Kristi. Hindi na kita nakita mula noong nagtapos tayo ng high school. Inisip kong kakatwa ang panaginip ko, pero hindi ko iyon binigyan ng kahulugan. Napanaginipan kitang muli sa tatlong sunud-sunod na gabi. Pinag-isipan ko na kung ano ang kahulugan ng mga panaginip ko. Naaalala ko na isa kang Mormon. Tiningnan ko ang Mormon website. Ang una kong nakita ay tungkol sa Word of Wisdom. Namatay ang nanay ko sa kanser sa baga dalawang taon bago iyon. Naninigarilyo siya noong buhay pa kaya naantig ako nang mabasa ko ang tungkol sa Word of Wisdom. Kalaunan bumisita ako sa bahay ng aking tatay. Habang nakaupo sa sala, sinimulan kong magdasal. Tinanong ko kung saan ako pupunta at ano ang gagawin ko. Nang sandaling iyon ipinakita sa telebisyon ang isang patalastas ng Simbahan. Isinulat ko ang numero at tumawag ako nang gabi ring iyon. Tinawagan ako ng mga misyonero pagkaraan ng tatlong araw, at itinanong kung puwede silang magdala ng Aklat ni Mormon sa aking tahanan. Ang sabi ko'y 'Oo.' Nabinyagan ako pagkaraan ng tatlo't kalahating buwan. Pagkalipas ng dalawang taon nakilala ko sa simbahan

ang napangasawa ko. Ikinasal kami sa Dallas Temple. Ngayon mayroon na kaming dalawang magagandang anak.

"Gusto kitang pasalamatan, Kristi. Nagpakita ka ng mabuting halimbawa noong high school. Mabait ka at marangal. Tinuruan ako ng mga misyonero at inanyayahang magpabinyag, pero *ikaw* ang pangatlo kong misyonero. Nagtanim ka ng binhi sa pamamagitan ng mga kilos mo, at totoong pinabuti mo ang buhay ko. Walang-hanggan na ang pamilya ko. Magsisilaki ang mga anak ko na nalalaman ang kabuuan ng ebanghelyo. Ito ang pinakamalaking biyaya na maibibigay sa sinuman sa atin. Tinulungan mo akong makamit iyon."

Nang makausap ko si Kristi, sabi niya: "Kung minsan iniisip ko na naririnig natin ang mga katangiang nasa ikalabintatlong saligan ng pananampalataya, at parang hindi natin kayang taglayin. Pero alam ko na kapag ipinamumuhay natin ang mga pamantayang ito at sinikap na tularan ang halimbawa ni Cristo, makagagawa tayo ng kaibhan. . . . Para akong si Ammon sa Alma 26:3 nang sabihin niyang, 'At ito ang pagpapalang ipinagkaloob sa atin, na tayo ay gawing mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos upang maisagawa ang dakilang gawaing ito.'"

Dalangin ko na hindi lamang natin sasabihin ang "Naniniwala ako sa pagiging matapat at tunay" kundi matapat ding tutuparin ang pangakong iyan araw-araw. Dalangin ko na sa paggawa ninyo nito, tutulungan kayo ng lakas, pagmamahal, at pagpapala ng Ama sa Langit sa gawaing nais Niyang ipagawa sa inyo. Sinasabi ko ang mga bagay na ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Thomas S. Monson, "Paglingon at Pagsulong," *Liahona,* Mayo 2008, 90.
2. *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 71.
3. Tingnan sa Exodo 20:15–16.
4. *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*(2009), Kabanata 22.
5. Howard W. Hunter, "Basic Concepts of Honesty," *New Era,* Peb. 1978, 4, 5.
6. William J. Scott, "Forgot to Look Up," *Scott's Monthly Magazine,* Dis. 1867, 953.
7. Tingnan sa *Merriam-Webster's Collegiate Dictionary,* 11th ed. (2003), "true."
8. Charlotte Brontë, *Jane Eyre* (2003), 356.



**Ni Mary N. Cook**
Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency

# "Kaya't Tandaan: Ang Kabaitan sa 'Kin Nagmumula"

*Makikita ninyo na ang kagandahang-loob ay maghahatid ng galak at pagkakaisa sa inyong tahanan, klase, ward, at paaralan.*

Ilang linggo na ang nakalilipas may natutuhan akong mahalagang aral mula sa isang Laurel na nagsalita sa aking ward. Naantig ako nang buong tiwala siyang nagturo at nagpatotoo tungkol kay Jesucristo. Tinapos niya ang kanyang mensahe sa pagsasabing: "Kapag si Jesucristo ang sentro ng buhay ko, mas maganda ang araw ko, mas mabait ako sa mga mahal ko sa buhay, at maligayang-maligaya ako."

Palagi kong napagmamasdan ang dalagitang ito sa nakaraang ilang buwan. Binabati niya ang lahat nang may ningning sa kanyang mga mata at palaging nakangiti. Nakita ko siyang nagalak sa tagumpay ng iba pang kabataan. Kamakailan ay may sinabi sa akin ang dalawang Mia Maid tungkol sa desisyon ng dalagitang ito na hindi na lang gamitin ang kanyang tiket sa isang palabas sa sine nang malaman niyang hindi iyon "marangal at kaaya-aya."[1] Siya'y mapagmahal, mabait, at masunurin. Mula siya sa tahanang isa lang ang magulang, at may mga pagsubok na pinagdadaanan, kaya't nagtataka ako kung paano siya nananatiling masaya, at mabait. Nang magpatotoo ang dalagitang ito na, "Nakasentro ang buhay ko kay Jesucristo," alam ko na ang sagot.

"Naniniwala kami sa pagiging matapat, tunay, malinis, mapagkawanggawa, marangal, at sa paggawa ng mabuti sa lahat ng tao." Ang magandang listahang ito ng mga katangiang taglay ni Cristo, na matatagpuan sa ikalabintatlong Saligan ng Pananampalataya, ang maghahanda sa atin sa mga pagpapala ng templo at buhay na walang-hanggan.

Gusto kong bigyan ng pansin ang isa lang sa mga salitang ito—*mapagkawanggawa. Ang mapagkawanggawa* ay magandang salita na bihira nating marinig. Ang salitang-ugat nito ay Latin, at ibig sabihin ay "hangarin ang kabutihan ng iba."[2] Ang pagkakawanggawa ay kabaitan, magandang hangarin, at pagmamahal sa kapwa. Nalaman ng marami sa inyo ang ideya



ng pagkakawanggawa noong nasa Primary kayo at isinaulo ang kantang ito:

*Maging mabait ang nais ko,*
*'Pagka't 'yan ang tama.*
*Kaya't tandaan: "Ang kabaitan:*
*sa 'kin nagmumula."*[3]

Itinuro sa atin ng Tagapagligtas ang tungkol dito at namuhay sa pagkakawanggawa. Minahal ni Jesus ang lahat at naglingkod Siya sa lahat. Ang pagsentro ng ating buhay kay Jesucristo ay makatutulong upang maging mapagkawanggawa tayo. Para taglayin natin ang mga katangiang ito ni Cristo, dapat nating malaman ang tungkol sa Tagapagligtas at "sundan ang Kanyang landas."[4]

Sa talinghaga ng Mabuting Samaritano ay natutuhan nating dapat mahalin ang lahat. Nagsimula ang kuwento sa Lucas kabanata 10, nang itanong ng abugado sa Tagapagligtas, "Anong aking gagawin upang magmana ng walang hanggang buhay?"

Ang sagot: "Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong lakas mo, at ng buong pagiisip mo; at ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili."

At nagtanong ang abugado, "Sino ang aking kapuwa tao?" Nakakatuwang tanong iyan ng isang abugado, dahil may kapitbahay ang mga Judio sa hilaga, ang mga Samaritano, na hindi nila gusto kaya't kapag naglalakbay sila mula Jerusalem papuntang Galilea, ay dumaraan sila sa mas mahabang daan sa Lambak ng Jordan sa halip na dumaan sa Samaria.

Sinagot ni Jesus ang tanong ng abugado sa pagkukuwento ng talinghaga ng mabuting Samaritano. Batay sa talinghaga:

"Isang tao'y bumaba sa Jerico na mula sa Jerusalem, at siya'y nahulog sa kamay ng mga tulisan, na sa kaniya'y sumamsam at sa kaniya'y humampas, at nagsialis na siya'y iniwang halos patay na. . . .

"Datapuwa't ang isang Samaritano, sa kaniyang paglalakbay, ay dumating sa kinaroroonan niya: at nang siya'y makita niya, ay nagdalang habag,

"At lumapit sa kaniya, at tinalian ang kaniyang mga sugat, na binuhusan ng langis at alak, at siya'y isinakay sa kaniyang sariling hayop, at dinala siya sa bahay-tuluyan, at siya'y inalagaan.

"At nang kinabukasa'y dumukot siya ng dalawang denario, at ibinigay sa katiwala ng bahay-tuluyan, at sinabi, Alagaan mo siya; at ang anomang magugol mong higit, ay aking pagbabayaran sa iyo pagbabalik ko."[5]

Hindi tulad ng saserdoteng Judio at ng Levita na dumaan lamang sa sugatang lalaki, na kababayan nila, ang Samaritano ay mabait sa kabila ng pagkakaiba nila. Ipinakita niya ang mapagkawanggang katangian ni Cristo. Itinuro sa atin ni Jesus sa kuwentong ito na lahat ay ating kapwa.

Isang tagapayo sa bishopric ang nagbahagi kamakailan ng karanasan na nagtuturo kung gaano kahalaga ang bawat kapwa. Habang nakatingin sa kongregasyon, nakita niya ang isang batang may malaking kahon ng mga krayola na puno ng iba't ibang kulay. Habang nakatingin sa maraming miyembro ng kanyang ward, naalala niya na tulad ng mga krayola, sila ay magkakatulad ngunit bawat tao ay kakaiba rin.

Sabi niya: "Ang kulay na hatid nila sa ward at sa daigdig ay sariling kanila. . . . Bawat isa ay may mga kalakasan at kahinaan, mga sariling hangarin, at pangarap. Ngunit lahat ng ito ay magkakatugma sa color wheel ng espirituwal na pagkakaisa. . . .

"Ang pagkakaisa ay espirituwal na katangian. Ito ang matamis na damdamin ng kapayapaan at layunin ng pagiging kabilang sa isang pamilya. . . . Ito'y paghahangad ng pinakamainam para sa iba gaya ng nais mo para sa iyong sarili. . . . Ito'y ang kaalaman na walang gustong manakit sa iyo. [Ibig sabihin, hindi ka kailanman malulungkot.]"[6]

Binubuo natin ang pagkakaisang iyon at ibinibigay ang sarili nating kulay sa kagandahang-loob: sa bawat gawa ng kabaitan.



Naging malungkot ka na ba? Napapansin mo ba ang mga nalulungkot, ang mga taong hindi maligaya sa buhay? Mga kabataan, namasdan ko ang pagbibigay ninyo ng kakaibang kulay sa buhay ng ibang tao sa inyong mga ngiti, mabait na pananalita, o mensahe ng panghihikayat.

Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson kung paano makitungo sa ating mga kaibigan at sa lahat ng nakikilala natin nang sabihin niya sa mga dalagita ng Simbahan, "Mahal kong mga batang kapatid, nakikiusap ako na magkaroon kayo ng lakas ng loob na iwasang husgahan at batikusin ang mga nakapaligid sa inyo, at magkaroon din ng lakas ng loob na tiyaking lahat ay kabilang at damang mahal sila at pinahahalagahan."[7]

Masusundan natin ang halimbawa ng mabuting Samaritano at "baguhin ang mundo" ng isang tao sa pagkakaroon ng magandang kalooban.[8] Nais kong anyayahan kayong gawin ang ginawa ng Samaritano sa darating na linggo. Maaaring kailangan ninyong tumulong kahit sa hindi ninyo kaibigan o kaya'y alisin ang inyong pagkamahiyain. Maaaring lakas-loob ninyong piliing paglingkuran ang taong masungit sa inyo. Nangangako ako na kung gagawin ninyo ang hindi madaling gawin, sasaya ang pakiramdam ninyo at ang kabaitan ay magiging bahagi na ng inyong buhay. Makikita ninyo na ang kagandahang-loob ay maghahatid ng galak at pagkakaisa sa inyong tahanan, klase, ward, at paaralan. "Kaya't Tandaan: ang kabaitan sa 'kin nagmumula."

Hindi lamang minahal ng Tagapagligtas ang lahat; pinaglingkuran Niya ang lahat. Magpakita ng kabaitan sa marami. Bata't matanda ay mapagpapala ng inyong mabait na paglilingkod. Si Pangulong Monson, mula pa noong kanyang pagkabata, ay may puwang na sa puso ang matatanda. Alam niyang mahalaga ang sandaling pagbisita, agad na pagngiti, o pagpisil sa kulubot nang kamay. Ang simpleng pagpapakita ng pag-ibig sa kapwa ay naghahatid ng kulay sa buhay na kung minsa'y malungkot. Aanyayahan ko kayong alalahanin ang inyong mga lolo't lola at ang matatanda. Lumingun-lingon sa simbahan bukas at hanapin ang mga taong nangangailangan ng inyong kulay sa kanilang buhay. Simple lang ang gagawin: batiin sila't banggitin ang pangalan nila, kausapin sila sandali, alalayan sila. Maaari ba ninyo silang pagbuksan ng pinto o kaya'y tulungan sa kanilang tahanan o halamanan? Ang simpleng gawain sa murang edad ninyo ay napakalaking proyekto na sa isang nakatatanda. "Kaya't Tandaan: ang kabaitan sa 'kin nagmumula."

Kung minsan ang kagandahang-loob ay napakahirap gawin sa sariling pamilya. Ang matatag na pamilya ay kailangang pagsikapan. "Maging masayahin, matulungin, at makonsiderasyon sa iba. Maraming problema sa tahanan ang lumilitaw dahil sa pananalita at kilos ng mga kapamilya na makasarili o hindi magiliw. Isipin ninyo ang mga pangangailangan ng iba pang miyembro ng pamilya. Maging tagapamayapa sa halip na manukso, makipaglaban, at mang-away."[9] "Kaya't Tandaan: ang kabaitan sa 'kin nagmumula."

Minahal ni Jesus ang mga bata, kinarga Niya sila, at binasbasan sila.[10] Gaya ng Tagapagligtas, mapagpapala ng inyong kabaitan ang lahat ng bata, hindi lamang ang mga nasa inyong tahanan.

Maaaring hindi ninyo alam ang epekto ng inyong buhay at halimbawa sa isang batang musmos. May natanggap ako kamakailan na mensahe mula sa isang kaibigan na nag-aasikaso sa daycare center sa isang lokal na hayskul. Nag-aaral sa hayskul na iyon ang ilang kabataang lalaki at babae na mga miyembro ng Simbahan. Ikinuwento niya sa akin ang karanasang ito: "Habang naglalakad ako sa mga pasilyo kasama ang maliliit na bata nakakatuwang makita ang mga locker na may mga larawan ni Jesus o ng mga templo na nakadikit sa loob ng mga pinto nito. Nakita ng isa sa mga bata ang larawan ni Jesus sa loob ng nakabukas na pinto ng locker ng isang [dalagita] at sinabing, "Tingnan n'yo, nasa paaralan natin si Jesus!' Naiyak ang estudyante nang yumuko siya at yakapin ang bata. Pinasalamatan ko ang dalagita sa mabuting halimbawa niya sa mga nakapaligid sa kanya. Nakakatuwang malaman na marami sa mga kabataan ang nagsisikap na manindigan sa katotohanan at kabutihan at gawin ang kanilang bahagi sa pag-anyaya sa Espiritu sa kanilang buhay, kahit mahirap kung minsan dahil sa ingay at kalupitan sa kanilang paligid. Kahanga-hanga ang ilang kabataan natin sa Simbahan."

Wala na akong masasabi pa! Mga kabataan, binabago *ninyo* ang mundo sa pagsesentro ng inyong buhay kay Jesucristo at kayo'y "nagiging tulad ng nais Niya kayong maging."[11]

Salamat sa inyong kagandahang-loob; sa pagsasali sa mga taong maaaring kaiba; sa kabaitan ninyo sa mga kaibigan, matatanda, pamilya, at maliliit na bata; sa pakikipagkapwa sa mga nalulungkot at mga taong maraming hamon sa buhay at nagdadalamhati. Sa inyong kagandahang-loob, "itinuturo ninyo [sa iba] ang liwanag ng Tagapagligtas."[12] Salamat sa pag-alaala na "ang kabaitan sa 'kin nagmumula."

Alam kong si Pangulong Thomas S. Monson ay propeta ng Diyos na ang buhay ay huwaran ng kagandahang-loob na maaari nating tularan. Sundin ang ating propeta. Matuto sa kanyang halimbawa at pakinggan ang kanyang mga salita. Naniniwala ako sa ebanghelyo ni Jesucristo, at alam kong sa pamamagitan ni Joseph Smith ang priesthood ay naipanumbalik sa lupa.

Alam kong buhay ang ating Tagapagligtas at mahal Niya ang bawat isa sa atin. Inialay Niya ang Kanyang buhay para sa lahat. Dalangin ko na isentro natin ang ating buhay kay Jesucristo at "sundan ang Kanyang landas" sa pamamagitan ng pagmamahal at paglilingkod sa isa't isa.[13] Sa paggawa nito, alam kong magiging mas mabuting lugar ang mundo, dahil, "naniniwala [tayo] sa pagiging . . . mapagkawangga."[14] Pinatototohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13.
2. Tingnan sa *Oxford English Dictionary Online,* 2nd ed. (1989), "benevolent," oed.com.
3. "Kabaitan sa 'Kin Nagmumula," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 83.
4. "Guardians of Virtue," *Strength of Youth Media 2011: We Believe* (DVD, 2010); makukuha rin sa lds.org/youth/video/youth-theme-2011-we-believe.
5. Lucas 10:25, 27, 29, 30, 33–35.
6. Jerry Earl Johnston, "The Unity in a Ward's Uniqueness," *Mormon Times,* Peb. 9, 2011, M1, M12.
7. Thomas S. Monson, "Nawa Magkaroon Kayo ng Lakas ng Loob," *Liahona,* Mayo 2009, 125.
8. "Guardians of Virtue."
9. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2002), 10–11.
10. Tingnan sa Marcos 10:16.
11. "Guardians of Virtue."
12. "Guardians of Virtue."
13. "Guardians of Virtue."
14. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13.



**Ni Elaine S. Dalton**
Young Women General President

# Mga Tagapangalaga ng Kabanalan

*Maghanda ngayon upang karapat-dapat ninyong matanggap ang lahat ng pagpapalang naghihintay sa inyo sa banal na mga templo ng Panginoon.*

May mga pagkakataong hindi kayang ilarawan ng mga salita ang nadarama natin. Dalangin kong ipadama ng Espiritu sa inyong puso ang inyong banal na pagkatao at walang-hanggang responsibilidad. Kayo ang pag-asa ng Israel. Kayo ay mga pinili at mariringal na anak ng ating mapagmahal na Ama sa Langit.

Noong nakaraang buwan nagkaroon ako ng pagkakataong dumalo sa kasal sa templo ng isang dalagang kilala ko na mula pa noong ipanganak siya. Habang nakaupo ako sa sealing room, nakatingin sa magandang chandelier na kumikislap sa ilaw ng templo, naalala ko ang araw noong una ko siyang kargahin. Binihisan siya ng kanyang ina ng puting damit, at para sa akin isa siya sa pinakamagagandang sanggol na nakita ko. Pagkatapos ay pumasok na ang dalagang ito sa pinto, na nakasuot muli ng puting damit. Masigla siya at masaya. Habang papasok siya sa silid, inasam ko sa aking puso na nawa'y makinita ng bawat kabataang babae ang sandaling iyon at laging sikaping maging karapat-dapat at sundin ang mga sagradong tipan at tanggapin ang mga ordenansa ng templo bilang paghahanda sa mga pagpapala ng kadakilaan.

Sa pagluhod ng magkasintahang ito sa sagradong altar, nakatanggap sila ng mga pangakong hindi kayang maunawaan ng tao na magpapala, magpapalakas, at tutulong sa kanila habang sila'y nabubuhay. Isa iyon sa mga sandali na parang tumigil ang pag-inog ng mundo at nagalak ang buong kalangitan. Nang tumingin ang bagong kasal sa malalaking salamin sa silid, tinanong ang lalaki kung ano ang nakita niya. Sabi niya, "Lahat ng mga ninuno kong namayapa na." Pagkatapos ay tumingin ang mag-asawa sa salamin sa likuran nila at sinabi ng babae nang may luha sa mga mata, "Nakikita ko ang mga susunod sa amin." Nakita niya ang kanyang magiging pamilya—ang kanyang angkan o inapo. Alam ko na naunawaan niyang muli sa sandaling iyon kung gaano kahalaga ang maging dalisay ang puri at banal. Wala nang mas gaganda pa kaysa sa makita ang lalaki at babaeng naihanda nang tama at magkasamang nakaluhod sa altar ng templo.

Ang mga taon ninyo sa Young



Women ang maghahanda sa inyo sa templo. Doon ay tatanggap kayo ng mga pagpapala bilang mga minamahal na anak na babae ng Diyos. Mahal kayo ng inyong Ama sa Langit at gusto kayong maging maligaya. Ang paraan para magawa ito ay "[lumakad] sa landas ng kabanalan"[1] at "tuparin ang mga tipan na [inyong] ginawa."[2]

Mga kabataang babae, sa mundo na patuloy na nagiging imoral, nangungunsinti sa kasamaan, nananamantala sa kababaihan, at binabago ang mga papel na ginagampanan, kailangang bantayan ninyo ang inyong sarili, inyong pamilya, at lahat ng nakakasama ninyo. Dapat kayong maging tagapangalaga ng kabanalan.

Ano ang kabanalan at ano ang tagapangalaga? "Ang kabanalan ay huwaran ng pag-iisip at pag-uugali na nakabatay sa matataas na pamantayan ng moralidad. Kabilang dito ang kalinisang-puri at kadalisayan."[3] At ano ang tagapangalaga? Ang tagapangalaga ay isang taong nagpoprotekta, kumakanlong, at nagtatanggol.[4] Kaya't, bilang tagapangalaga ng kabanalan, poprotektahan, kakanlungan, at ipagtatanggol ninyo ang kalinisang-puri sapagkat ang kapangyarihang lumikha ng buhay ay sagrado at dinakilang kapangyarihan at kailangang maingatan hanggang sa kayo ay ikasal. Kailangan ang kabanalan upang makasama ang Espiritu Santo at magabayan nito. Kakailanganin ninyo ang gabay na iyan upang makapamuhay nang mabuti sa daigdig na inyong ginagalawan. Kailangan ng kabanalan para makapasok sa templo. At kailangan din ito para maging karapat-dapat na tumayo sa harapan ng Tagapagligtas. Naghahanda na kayo ngayon para sa sandaling iyon. Ang Pansariling Pag-unlad at ang mga pamantayang makikita sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ay mahalaga. Ang pamumuhay ng mga alituntuning makikita sa bawat buklet ay magpapalakas sa inyo at tutulungan kayong maging "mas karapat-dapat sa kaharian."[5]

Noong nakaraang tag-init isang grupo ng mga kabataang babae mula sa Alpine, Utah, ang nagpasiya na sila'y magiging "mas karapat-dapat sa kaharian." Nagpasiya silang ituon ang pansin sa templo sa pamamagitan ng paglalakad mula sa Draper Utah Temple hanggang sa Salt Lake Temple, na may layong 22 milya (35 kilometro), tulad ng ginawa ng isa sa mga pioneer na si John Roe Moyle. Si Brother Moyle ay isang kantero na tinawag ni Propetang Brigham Young na magtrabaho sa Salt Lake Temple. Linggu-linggo ay nilalakad niya ang layong 22 milya o 35 kilometro mula sa kanyang tahanan papunta sa templo. Isa sa kanyang mga trabaho ang iukit ang mga salitang "Kabanalan sa Panginoon" sa silangang bahagi ng Salt Lake Temple. Hindi iyon madali at maraming balakid na dapat niyang lampasan. Minsan, sinipa siya sa binti ng isa sa kanyang mga baka. Dahil ayaw gumaling ang sugat, kinailangang putulin ang binting ito. Ngunit hindi iyan naging hadlang sa kanyang pangako sa propeta at sa pagtatrabaho sa templo. Umukit siya ng kahoy na binti, at pagkaraan ng maraming linggo ay nilakad niyang muli ang 22 milya o 35-kilometro papunta sa templo para tuparin ang kanyang ipinangako.[6]

Nagpasiya ang mga dalagita sa Cedar Hills Sixth Ward na lakarin ang gayunding distansya para sa isang ninuno at para sa isang taong nagsisisilbing inspirasyon nila upang manatiling karapat-dapat na makapasok sa templo. Nagsanay sila linggu-linggo sa Mutual, at habang naglalakad ibinabahagi nila ang kanilang natututuhan at nadarama tungkol sa mga templo.

Sinimulan nila ang maagang pagpunta sa templo nang may panalangin. Habang naglalakad sila, humanga ako sa kanilang pananalig. Naghanda silang mabuti, at alam nilang sila ay handa. Nakatuon sila sa kanilang mithiin. Bawat hakbang nila ay sumasagisag sa bawat isa sa inyo dahil kayo man ay naghahanda ngayon na makapasok sa templo. Ang inyong pagsasanay ay nagsimula sa araw-araw ninyong pananalangin, pagbabasa ng Aklat ni Mormon, at paggawa sa Pansariling Pag-unlad.

Habang patuloy sa paglakad ang mga dalagitang ito, may mga sagabal sa daan, ngunit nanatili silang nakatuon sa kanilang mithiin. Ang ilan sa kanila ay nagsimulang mamaltos ang mga paa, at ang iba ay nakadama ng pangingiinig ng mga tuhod, pero nagpatuloy pa rin sila. Ang bawat isa sa inyo ay maraming sagabal, sakit, at hadlang sa pagpunta ninyo sa templo, ngunit determinado rin kayong magpatuloy. Ang rutang dinaanan ng mga kabataang ito ay pinagplanuhan ng kanilang mga lider, na nakapaglakad na doon at naglagay ng mga tanda para matiyak ang pinakaligtas at pinakadiretsong daan. Muli, may tanda rin ang inyong daraanan, at makatitiyak kayo na hindi lamang nalakaran ng Tagapagligtas ang daan kundi lalakad na muli kasama ninyo—sa bawat hakbang.

Sa paglalakbay na ito patungong templo may mga ama, ina, miyembro ng pamilya, at lider ng priesthood na nagsilbing mga tagapangalaga. Tungkulin nilang siguruhin na ligtas ang lahat at malayo sa panganib. Sinisiguro nila na bawat dalagita ay hindi kinukulang sa tubig at may sapat na pagkain para manatiling malakas. May mga istasyong inilaan ang mga lider ng priesthood para mapagpahingahan at mapag-inuman ng tubig. Mga kabataang babae, ang inyong ama, inyong ina, inyong bishop, at marami pang iba ang magiging tagapangalaga ninyo

sa pagtahak ninyo sa daan patungo sa templo. Magbibigay sila ng mga babala at gagabayan kayo, at kung sakaling kayo ay masugatan o masaktan o maligaw, tutulungan nila kayo.

Natuwa ako na noong malapit na silang matapos sa kanilang paglalakbay ay dumating ang kanilang mga kapatid na lalaki, ang iba pang mga kabataang lalaki, at mga kaibigan upang suportahan ang mga determinadong dalagitang ito at pasayahin sila. Isang lalaki ang binuhat ang kanyang kapatid, na may malaking paltos sa paa, at pinasan niya ang kapatid hanggang sa makarating sa templo. Nang marating ng kahanga-hangang mga dalagitang ito ang kanilang mithiin, naiyak sila nang hawakan nila ang templo at nangako na mananatiling karapat-dapat sa tuwina na makapasok doon.

Ang paglakad papuntang templo ay parang paglalakbay ninyo sa buhay. Ang mga magulang at lider ng priesthood ang nagbantay sa daraanan. Nagbigay sila ng tulong. Pinangalagaan at hinikayat ng mga kabataang babae ang isa't isa. Hinangaan ng mga binatilyo ang lakas, katapatan, at kakayahang magtiis ng mga dalagita. Binuhat ng mga lalaki ang mga kapatid nilang nasaktan. Nagalak ang mga pamilya kasama ang kanilang mga anak na babae nang matapos nila ang





paglakad papuntang templo at ligtas silang iniuwi.

Para manatili sa landas na patungo sa templo, dapat ninyong pangalagaan ang inyong karangalan at ang karangalan ng ibang nakakasama ninyo. Bakit? Itinuro ni Mormon sa Aklat ni Mormon na ang karangalan at puri ang "pinakamahal at pinakamahalaga sa lahat ng bagay."[7]

Ano ang magagawa ninyo upang maging tagapangalaga ng kabanalan? Nagsisimula ito sa paniniwalang may magagawa kayong kaibhan. Nagsisimula ito sa matibay na pangako. Noong dalagita pa ako, nalaman ko na may mga desisyon na isang beses lang gagawin. Gumawa ako ng listahan ng mga bagay na *lagi* kong gagawin at mga bagay na *hindi kailanman* gagawin sa maliit na kuwaderno. Kabilang dito ang susundin ang Word of Wisdom, magdarasal araw-araw, magbabayad ng aking ikapu, at palaging magsisimba. Ginawa ko na noon ang mga desisyong ito, kaya't nang dumating ang oras na kailangan kong magdesisyon, alam ko na ang gagawin ko dahil nakapagdesisyon na ako noon pa man. Nang sabihin ng mga kaibigan ko sa high school na, "Hindi masamang uminom kung isang beses lang," natawa ako at sinabi kong, "nagdesisyon ako noong 12 anyos ako na hindi ko gagawin iyan." Ang maagang pagdedesisyon ay tutulong sa inyo na maging tagapangalaga ng kabanalan. Umaasa ako na maglilista kayo ng mga bagay na *lagi* ninyong gagawin at mga bagay na *hindi kailanman* ninyo gagawin. Pagkatapos ay sundin ang inyong listahan.


Ang maging tagapangalaga ng kabanalan ay nangangahulugang hindi lang kayo mahinhin sa pananamit kundi maging sa inyong pananalita, inyong kilos, at inyong paggamit ng media. Ibig sabihin nito ay hindi kayo kailanman magpapadala ng text o larawan sa mga binatilyo na maaaring maging dahilan para mawala sa kanila ang Espiritu, mawala ang kanilang kapangyarihan ng priesthood, o mawala ang kanilang kabanalan. Ibig sabihin nito ay nauunawaan ninyo ang kahalagahan ng kalinisang-puri dahil nauunawaan din ninyo na ang inyong katawan ay templo at ang sagradong kapangyarihang lumikha ay hindi dapat dungisan bago ang kasal. Nauunawaan ninyo na nagtataglay kayo ng sagradong kapangyarihan na may banal na responsibilidad na isilang sa mundo ang iba pang mga espiritu upang tumanggap ng katawan na pananahanan ng kanilang walang-hanggang espiritu. Kasama sa kapangyarihang ito ang isa pang banal na kaluluwa. Kayo ay tagapangalaga ng isang bagay na "mas mahalaga nga kay sa mga rubi."[8] Maging matapat. Maging masunurin. Maghanda ngayon upang karapat-dapat ninyong matanggap

ang lahat ng pagpapalang naghihintay sa inyo sa banal na mga templo ng Panginoon.

Para sa mga ina na nakikinig ngayong gabi, kayo ang pinakamahalagang halimbawa ng inyong mga anak sa kahinhinan at kabanalan—maraming salamat sa inyo. Huwag mag-atubiling ituro sa kanila na sila ay mariringal na anak ng Diyos at ang kanilang halaga ay hindi nababatay sa kanilang nakaaakit na kagandahan. At ipakita sa kanila na ang inyong paniniwala ay naipapakita nang tama at palagi sa inyong pag-uugali at anyo.[9] Kayo ay mga tagapangalaga rin ng kabanalan.

Sa linggong ito, umakyat akong muli sa Ensign Peak. Mag-uumaga noon at habang minamasdan ko mula sa bundok na iyon ang Bundok ng Bahay ng Panginoon—ang Salt Lake Temple—nakita kong lalo ang kahalagahan nito. Ibinigay ng mga pioneer ang lahat-lahat makarating lamang sa tuktok ng bundok upang kayo at ako ay mapagpala ng templo at mabuklod nang walang-hanggan bilang pamilya. Apatnapung taon silang nagsakripisyo, mabusising nagtrabaho, at naglakad mula Alpine hanggang sa templo—bakit? Dahil tulad ninyo, naniwala sila! Naniwala sila sa propeta. Naniwala sila na nakita at nakausap niya ang Diyos at ang Kanyang Pinakamamahal na Anak. Naniwala sila sa Tagapagligtas. Naniwala sila sa Aklat ni Mormon. Kaya masasabi nilang, "Naniniwala kami sa lahat ng bagay, umaasa kami sa lahat ng bagay, nakapagtiis kami ng maraming bagay, at umaasang makapagtitiis sa lahat ng bagay."[10] Nagawa nila iyon kaya magagawa rin natin. Ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya ay ang pinaniniwalaan natin dahil iyon mismo ang mga bagay na tutulong upang maging karapat-dapat tayo na makapasok sa templo at balang-araw ay tumayo sa harap ng ating Ama sa Langit—na napatunayang marapat, dalisay, at nabuklod. Kailangan dito na kayo ay "mas karapat-dapat sa kaharian" at naghahanda na ngayon at naniniwalang magagawa ninyo ang mahihirap na bagay.

Mga kabataang babae, kayo ay



bahagi ng dakilang gawain! At hindi kayo nag-iisa! Habang pinangangalagaan ninyo ang inyong kabanalan at kadalisayan, bibigyan kayo ng lakas. Kapag tinupad ninyo ang inyong mga tipan, gagabayan at pangangalagaan kayo ng Espiritu Santo. Palilibutan kayo ng hukbo ng mga anghel sa langit. Ipinaaalala sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson, "Alalahanin na hindi tayo mag-isang tumatakbo sa malaking paligsahang ito ng buhay; may karapatan tayo sa tulong ng Panginoon."[11] Maghanda para sa araw na iyon na pupunta kayo sa templo ng Panginoon nang karapat-dapat at handa upang gumawa ng mga sagradong tipan. Bilang mga tagapangalaga ng kabanalan, nanaisin ninyong *hanapin* ang Tagapagligtas sa Kanyang banal na bahay.

Pinatototohanan ko na buhay ang Diyos at na ang Kanyang Pinakamamahal na Anak, ang ating Manunubos, si Jesucristo, ay buhay at dahil sa nakatutubos na kapangyarihan ng Kanyang dakilang Pagbabayad-sala, kayo ay magagabayan at mapangangalagaan sa landas na papunta sa templo at pabalik sa Kanilang piling. Dalangin ko na bawat isa sa inyo ay mapalakas para sa pinakamaluwalhati ninyong sandali. Asamin ang magandang araw na iyon na binanggit sa aklat ng Apocalipsis kung kailan kayo ay "magsisilakad na may mga damit na maputi; [sapagka't kayo'y] karapat-dapat."[12] Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Doktrina at mga Tipan 25:2.
2. Doktrina at mga Tipan 25:13.
3. *Personal na Pag-unlad ng Young Women* (buklet, 2009), 70.
4. Tingnan sa thefreedictionary.com/guardian.
5. "Kabanalang Lalo, Aking Kahilingan," *Mga Himno,* blg. 80.
6. Tingnan sa Dieter F. Uchtdorf, "Magbuhat Kung Saan Kayo Nakatayo," *Liahona,* Nob. 2008, 56.
7. Moroni 9:9.
8. Mga Kawikaan 3:15.
9. Tingnan sa M. Russell Ballard, "Mga Ina at Anak na Babae," *Liahona,* Mayo 2010, 18–21.
10. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13.
11. Thomas S. Monson, "Great Expectations" (Church Educational System fireside para sa mga young adult, Ene. 11, 2009), http://lds.org/library/display/0,4945,538-1-4773-1,00.html.
12. Apocalipsis 3:4.

***São Paulo, Brazil***





**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Isang Buhay na Patotoo

*Ang patotoo ay kailangang pangalagaan ng panalangin ng pananampalataya, ng pagkagutom sa salita ng Diyos na nasa mga banal na kasulatan, at pagsunod sa katotohanan.*

Minamahal kong mga batang kapatid, kayo ang pag-asa ng Simbahan ng Panginoon. Layon ko sa gabing ito na tulungan kayong maniwala dito. Kung ang paniniwalang iyan ay magiging malalim na patotoo mula sa Diyos, huhubugin nito ang mga desisyon ninyo sa bawat araw at bawat oras. At mula sa inaakala ninyong maliliit na pagpili, aakayin kayo ng Panginoon sa kaligayahang nais ninyo. Sa inyong mga pagpili ay mapagpapala Niya ang marami pang tao.

Ang desisyon ninyong makasama namin sa gabing ito ay halimbawa ng mahahalagang pagpili. Mahigit sa isang milyong kabataang babae, mga ina, at lider ang inanyayahan. Sa kabila ng iba pang mga bagay na maaari sana ninyong piliing gawin, pinili ninyong makapiling kami. Ginawa ninyo iyan dahil sa inyong paniniwala.

Kayo ay naniniwala sa ebanghelyo ni Jesucristo. Sapat ang paniniwala ninyo para pumunta dito upang pakinggan ang Kanyang mga lingkod na umaasang may maririnig o madarama kayo na hihikayat sa inyo tungo sa mas mabuting buhay. Nadama ng inyong puso na ang pagsunod kay Jesucristo ang landas tungo sa dagdag na kaligayahan.

Ngayon, maaaring hindi ninyo inisip na kusang pagpili iyan na may malaking kahalagahan. Maaaring gusto ninyong makasama ang mga kaibigan o pamilya. Maaaring tumugon lang kayo sa kabaitan ng isang taong nag-imbita sa inyong pumarito. Ngunit kahit hindi ninyo napansin, kahit paano'y nadama ninyo ang paanyaya ng Tagapagligtas na: "Magsisunod kayo sa akin."[1]

Sa oras ng pagsasama-sama natin, pinalalim ng Panginoon ang inyong paniniwala sa Kanya at pinalakas ang inyong patotoo. Higit pa sa mga salita at musika ang narinig ninyo. Nadama ninyo ang pagsaksi ng Espiritu sa inyong puso na may mga buhay na propeta sa mundo sa tunay na Simbahan ng Panginoon at ang landas sa kaligayahan ay nasa Kanyang kaharian. Lumago ang inyong patotoo na ito ang tanging totoo at buhay na Simbahan sa lupa ngayon.

Ngayon, hindi magkakapareho ang nadama natin. Para sa ilan iyon ay pagsaksi ng Espiritu na si Thomas S. Monson ay propeta ng Diyos. Para sa iba iyon ay pagsaksi na ang katapatan, kabanalan, at paggawa ng mabuti sa lahat ng tao ay totoong mga katangian ng Tagapagligtas. At kasama niyon ang mas malaking hangaring maging tulad Niya.

Lahat kayo'y naghahangad na ang inyong patotoo sa ebanghelyo ni Jesucristo ay mapalakas. Nakita ni Pangulong Brigham Young ang inyong mga pangangailangan maraming taon na ang nakararaan. Siya ay isang propeta ng Diyos noon, at sa kanyang pananaw bilang propeta 142 taon na ang nakalilipas, nakita niya kayo at ang inyong mga pangangailangan. Siya'y mapagmahal na ama at isang buhay na propeta noon.

Nakita niya ang paglaganap ng impluwensya ng daigdig sa kanyang mga anak na babae mismo. Nakita niyang inilalayo sila ng mga impluwensya ng daigdig sa landas ng kaligayahan ng Panginoon. Noong panahon niya ang mga impluwensyang iyon ay dulot na rin ng bagong transcontinental railroad na nagkokonekta sa malalayo at protektadong mga Banal sa mundo.

Maaaring hindi niya nakita ang makabagong teknolohiya ngayon na kahit hawak lamang ninyo sa inyong kamay ay magagawa na ninyong malaman ang mga ideya ng ibang tao at makipag-ugnayan sa kanila sa iba't ibang panig ng mundo. Ngunit nakita niya na mahalagang pumili ang kanyang mga anak na babae—at kayo—batay sa malakas na patotoo sa buhay at mapagmahal na Diyos at sa Kanyang plano ng kaligayahan.

Ito ang kanyang propesiya at inspiradong payo sa kanyang mga anak at sa inyo sa tuwina.

Ito ang pinakamensahe ko sa gabing ito. Sinabi niya sa isang silid sa kanyang tahanan, na walang isang milya ang layo sa pinagmumulan ng mensaheng ito ngayon sa mga anak na babae ng Diyos sa iba't ibang bansa sa mundo: "Kailangan na ang mga batang anak na babae ng Israel ay magkaroon ng buhay na patotoo ng katotohanan."[2]

At pagkatapos ay nilikha niya ang samahan ng mga kabataang babae



na ngayon ay tinatawag sa Simbahan ng Panginoon na "Young Women." Nadama ninyo sa gabing ito ang ilan sa magagandang epekto ng desisyong ginawa niya sa pulong na iyon ng Linggo ng gabi sa kanyang tahanan.

Pagkalipas ng mahigit isandaang taon, ang mga anak na babae ng Israel sa iba't ibang panig ng mundo ay naghahangad na magkaroon ng sariling buhay na patotoo ng katotohanan. Ngayon, habang kayo'y nabubuhay, kailangan ninyo ang buhay at lumalagong patotoo upang tumatag kayo at akayin sa landas tungo sa buhay na walang-hanggan. At kaakibat nito kayo ang magiging tagahatid ng Liwanag ni Cristo sa inyong mga kapatid sa iba't ibang panig ng mundo at sa mga henerasyon.

Alam ninyo batay sa sariling karanasan kung ano ang patotoo. Itinuro ni Pangulong Joseph Fielding Smith na ang patotoo ay "nakahihikayat na kaalaman na ibinigay sa paghahayag sa isang taong mapagpakumbabang naghahanap ng katotohanan." Ang sabi niya tungkol sa patotoo at sa Espiritu Santo na naghahatid ng paghahayag, "Ang kapangyarihan nitong manghikayat ay napakalakas kaya't walang maiiwang pagdududa sa isipan kapag nangusap ang Espiritu. Ito lamang ang paraan upang tunay na malaman ng isang tao na si Jesus ang Cristo at ang kanyang ebanghelyo ay totoo."[3]

Nadama na ninyo ang inspirasyong iyan. Maaaring ito'y upang pagtibayin ang isang bahagi ng ebanghelyo, gaya ng ginawa nito sa akin sa gabing ito. Nang marinig ko ang mga salita mula sa ikalabintatlong saligan ng pananampalataya tungkol sa pagiging "matapat, tunay, malinis, [at] mapagkawanggawa," para bang ang Panginoon ang nagsasalita. Muli kong nadama na iyan ang Kanyang mga katangian. Nadama ko na si Joseph Smith ang Kanyang propeta noon. Kaya't para sa akin hindi lamang mga salita iyon.

Nakinita ko ang maalikabok na daan ng Judea at ang Halamanan ng Getsemani. Kahit paano nadama ko sa puso ko kung ano ang maaaring pakiramdam ng lumuhod tulad ng ginawa ni Joseph sa harapan ng Ama at ng Anak sa kakahuyan sa New York. Hindi ko makinita ang isang liwanag na higit kaysa katanghaliang-tapat na tulad ng nakita niya ngunit nadama ko ang init at himala ng isang patotoo.

Ang patotoo ay darating sa inyo nang unti-unti habang ang mga bahagi ng buong katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo ay pinagtitibay. Halimbawa, habang binabasa at pinag-iisipan ang Aklat ni Mormon, ang mga talatang nabasa na ninyo ay tila bago at maghahatid ng mga bagong ideya. Ang iyong patotoo ay lalawak at lalalim habang pinagtitibay ng Espiritu Santo na ito ay totoo. Ang inyong buhay na patotoo ay lalakas habang inyong pinag-aaralan, ipinagdarasal, at pinag-iisipan ang mga banal na kasulatan.

Ang pinakamainam na paglalarawan sa akin kung paano magkaroon at panatilihin ang buhay na patotoong ito ay nabanggit na. Ito ay nasa ika-32 kabanata ng Alma sa Aklat ni Mormon. Siguro maraming beses na ninyo itong nabasa. May bago akong natutuklasan sa tuwing babasahin ko ito. Balik-aralan natin ang aral na itinuturo nito ngayong gabi.

Tinuturuan tayo sa mga inspiradong talatang iyon na simulan ang pagkakaroon ng patotoo nang may "bahagyang pananampalataya" at hangaring lumago ito.[4] Sa gabing ito nadama ninyo ang pananampalataya at hangarin habang nakikinig sa nakaaantig na mga mensahe ng kabaitan ng Tagapagligtas, Kanyang katapatan, at kadalisayan ng Kanyang mga kautusan at Pagbabayad-salang ginawa para sa atin.

Kaya't ang binhi ng pananampalataya ay naitanim na sa inyong puso. Maaaring nadama na ninyo ang paglaganap nito sa inyong puso gaya ng pangako sa Alma. Nadama ko ito.

Ngunit gaya ng lumalagong halaman, kailangan itong alagaan dahil kung hindi ito ay malalanta. Ang palagian at taos-pusong mga panalangin ng pananampalataya ay mahalaga at kailangang sangkap. Ang pagsunod sa katotohanang natanggap ninyo ang magpapanatiling buhay sa patotoo at magpapalakas dito. Ang pagsunod sa mga kautusan ay bahagi ng pangangalagang kailangan ninyo sa inyong patotoo.

Alalahanin ninyo ang pangako ng Tagapagligtas: "Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito'y sa Dios, o kung ako'y nagsasalita na mula sa aking sarili."[5]

Nangyari iyan sa akin, at mangyayari iyan sa inyo. Isa sa mga doktrina ng ebanghelyong itinuro sa akin noong bata pa ako ay na ang pinakadakila sa lahat ng mga kaloob ng Diyos ay ang buhay na walang hanggan.[6] Natutuhan ko na bahagi ng buhay na walang-hanggan ang mamuhay nang may pagmamahalan sa mga pamilya magpakailanman.

Mula noong unang marinig ko ang mga katotohanang iyon at pinagtibay ito sa puso ko nadama kong tungkulin kong piliing iwasang makipagtalo at

hangarin ang kapayapaan sa aking pamilya at sa aking tahanan.

Ngayon, tanging pagkatapos ng buhay na ito ko matatamasa ang kabuuan ng pinakadakila sa lahat ng mga pagpapala, ang buhay na walang-hanggan. Ngunit sa kabila ng mga hamon ng buhay na ito, nabigyan ako ng kaunting ideya kung ano ang magiging kalagayan ng pamilya ko sa langit. Mula sa mga karanasang iyon ang patotoo ko sa katunayan ng kapangyarihang magbuklod na ginagawa sa mga templo ay lumago at lumakas.

Ang mamasdan ang dalawa kong anak na babae na mabinyagan sa templo para sa kanilang mga ninuno ay nagpalapit sa kanila sa aking puso at sa mga ninunong natunton namin. Ang pangako ni Elijah na ibabaling ang mga puso sa bawat isa sa kanilang mga pamilya ay ipinagkaloob sa amin.[7] Kaya't para sa akin ang pananampalataya ay tiyak na kaalaman, gaya ng ipinangako sa Aklat ni Alma.

Nadama ko kahit paano ang kagalakang nadama ng mga ninuno ko nang magpunta ang Tagapagligtas sa daigdig ng mga espiritu matapos ang Kanyang mortal na ministeryo. Narito ang paglalarawan sa Doktrina at mga Tipan:

"At ang mga banal ay nagsaya sa kanilang pagkakatubos, at lumuhod at kinilala ang Anak ng Diyos bilang kanilang Manunubos at Tagapagligtas mula sa kamatayan at sa mga tanikala ng impiyerno.

"Ang kanilang mga mukha ay nagniningning, at ang liwanag mula sa kinaroroonan ng Panginoon ay nanahan sa kanila, at sila ay umawit ng mga papuri sa kanyang banal na pangalan."[8]

Nadama ko ang kagalakan nila dahil kumilos ako ayon sa aking patotoo sa pangako ng Panginoon na ang buhay na walang-hanggan ay tunay. Ang patotoong iyon ay lumakas dahil pinili kong kumilos ayon dito gaya ng ipinangako ng Tagapagligtas.

Itinuro din Niya sa atin na bukod sa pagpiling sumunod kailangan nating hingin sa panalangin ang patotoo ng katotohanan. Itinuro iyan sa atin ng Panginoon sa Kanyang utos na ipagdasal ang tungkol sa Aklat ni Mormon. Sinabi Niya sa Kanyang propetang si Moroni:

"Masdan, nais kong ipayo sa inyo na kung inyong mababasa ang mga bagay na ito, kung karunungan sa Diyos na mabasa ninyo ang mga yaon, na inyong maalala kung paano naging maawain ang Panginoon sa mga anak ng tao, mula sa paglikha kay Adan, maging hanggang sa panahong inyong matanggap ang mga bagay na ito, at pagbulay-bulayin ang mga yaon sa inyong mga puso.

"At kapag inyong matanggap ang mga bagay na ito, ipinapayo ko sa inyo na itanong ninyo sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo, kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo; at kung kayo ay magtatanong nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

"At sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay."[9]

Umaasa akong napatunayan na ninyong lahat sa inyong sarili ang pangakong iyan o na gagawin ninyo ito kaagad. Ang sagot ay maaaring hindi dumating nang minsanan at sa napakalakas na espirituwal na karanasan. Sa akin tahimik muna itong dumating. Ngunit lumalakas ito sa tuwing babasahin at ipagdarasal ko ang Aklat ni Mormon.

Hindi ako umaasa sa mga nangyari na. Upang maging tiyak ang aking buhay na patotoo hinggil sa Aklat ni Mormon, madalas kong gawin ang pangako ni Moroni. Hindi ko iniisip na ang biyaya ng patotoo ay patuloy na lang na nasa akin.

Ang patotoo ay kailangang pangalagaan ng panalangin ng pananampalataya, ng pagkagutom sa salita ng Diyos na nasa banal na kasulatan, at pagsunod sa katotohanang ating natanggap. Mapanganib ang pagpapabaya sa panalangin. Nanganganib ang ating patotoo sa kaswal na pagaaral at pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Mahahalagang sangkap ito sa ating patotoo.

Alalahanin ang babala mula kay Alma:

"Subalit kung inyong pababayaan ang punungkahoy, at hindi iisipin ang pangangalaga rito, masdan, iyon ay hindi magkakaroon ng anumang ugat; at kung ang init ng araw ay matindi at darangin ito, sapagkat wala itong ugat ito ay malalanta, at ito ay inyong bubunutin at itatapon.

"Ngayon, ito ay hindi dahil ang binhi ay hindi mabuti, ni ito ay dahil ang bunga niyon ay hindi magiging kanais-nais; kundi ito ay dahil ang inyong lupa ay tigang, at hindi ninyo inaalagaan ang punungkahoy, anupa't hindi kayo magkakaroon ng bunga niyaon."[10]

Ang pagpapakabusog sa salita ng Diyos, taos-pusong panalangin, at pagsunod sa mga utos ng Panginoon ay kailangang magawa lahat at patuloy upang ang inyong patotoo ay lumago at umunlad. Lahat tayo kung minsan ay may mga pagkakataong hindi natin kayang kontrolin na nakagagambala sa ating pag-aaral ng banal na kasulatan. Maaaring may mga panahon na sa kung anong dahilan ay pinipili nating



huwag manalangin. Maaaring may mga kautusan na pinili nating hindi muna pansinin.

Ngunit hindi ninyo makakamit ang hangad ninyong buhay na patotoo kung kalilimutan ninyo ang babala at pangako sa Alma:

"At kung magkagayon, kung hindi ninyo aalagaan ang salita, na umaasa nang may pananampalataya sa bunga niyon, hindi kayo kailanman makapipitas ng bunga ng punungkahoy ng buhay.

"Subalit kung inyong aalagaan ang salita, oo, aalagaan ang punungkahoy habang ito ay nagsisimulang lumaki, sa pamamagitan ng inyong pananampalataya nang may malaking pagsisikap at may pagtitiyaga, umaasa sa bunga niyon, ito ay magkakaugat, at masdan, ito ay magiging isang punungkahoy na sumisibol tungo sa buhay na walang hanggan.

"At dahil sa inyong pagsisikap at inyong pananampalataya at inyong pagtitiyaga sa salita sa pag-aalaga nito upang ito'y mapapag-ugat ninyo, masdan, di maglalaon, kayo ay pipitas ng bunga niyon, na pinakamahalaga, na pinakamatamis sa lahat ng matamis, at pinakamaputi sa lahat ng maputi, oo, at pinakadalisay sa lahat ng dalisay; at kayo ay magpapakabusog sa bungang ito hanggang sa kayo ay mapuno, upang hindi na kayo magutom pa, ni hindi na kayo mauuhaw.

"Kung magkagayon . . . inyong aanihin ang mga gantimpala ng inyong pananampalataya, at inyong pagsisikap, at pagtitiyaga, at mahabang pagtitiis, sa paghihintay sa punungkahoy na magbigay ng bunga sa inyo."[11]

Ang mga salita sa talatang iyon na "umaasa sa bunga niyaon" ang gabay sa matalinong aral na natanggap ninyo sa gabing ito. Iyan ang dahilan kaya't ang iyong mga mata ay nakatuon sa hinaharap sa sealing room sa templo. Iyan ang dahilan kaya't tinulungan kayong ilarawan sa isipan ngayong gabi ang tila walang-patid na liwanag na nababanaag sa pagharap sa mga salamin sa dingding ng sealing room kung saan maaari kayong ikasal sa templo ng Diyos.

Kung aasamin ninyo ang araw na iyon nang may sapat na hangarin na bunga ng patotoo, palalakasin kayo upang mapaglabanan ang mga tukso ng daigdig. Sa tuwing pipiliin ninyong sikaping mamuhay nang higit na katulad ng Tagapagligtas ay lalakas ang inyong patotoo. Darating kayo sa puntong malalaman ninyo na Siya ang Ilaw ng Sanglibutan.

Madarama ninyong lalo iyong nagliliwanag sa inyong buhay. Hindi ito darating nang walang pagsisikap. Ngunit darating ito habang lumalago ang inyong patotoo at pinipili ninyong pangalagaan ito. Narito ang tiyak na pangako mula sa Doktrina at mga Tipan: "Yaong sa Diyos ay liwanag; at siya na tumatanggap ng liwanag, at nagpapatuloy sa Diyos, ay tumatanggap ng marami pang liwanag; at ang liwanag na yaon ay lumiliwanag nang lumiliwanag hanggang sa ganap na araw."[12]

Kayo ang magiging liwanag sa sanlibutan sa pagbabahagi ng inyong patotoo sa iba. Maipakikita ninyo sa iba ang liwanag ni Cristo sa inyong buhay. Hahanap ng paraan ang Panginoon upang maantig ng liwanag na iyon ang mga mahal ninyo sa buhay. At sa sama-samang pananampalataya at patotoo ng Kanyang mga anak na babae, aantigin ng Diyos ang buhay ng milyun-milyon sa Kanyang kaharian at sa iba't ibang panig ng mundo sa pamamagitan ng Kanyang liwanag.

Sa inyong patotoo at mga pagpili nakasalalay ang pag-asa ng Simbahan at ng mga henerasyong susunod sa inyong halimbawa ng pakikinig at pagtanggap sa paanyaya ng Panginoon na: "Magsisunod kayo sa akin." Kilala at mahal kayo ng Panginoon.

Iniiwan ko sa inyo ang aking pagmamahal at patotoo. Kayo ay mga anak ng mapagmahal at buhay na Ama sa langit. Alam ko na ang Kanyang nabuhay na mag-uling Anak, si Jesucristo, ang Tagapagligtas at liwanag ng mundo. At nagpapatotoo ako na ang Espiritu Santo ay may mga mensahe sa inyo ngayong gabi na nagpapatibay ng katotohanan sa inyong puso. Si Pangulong Thomas S. Monson ang buhay na propeta ng Diyos. Pinatototohanan ko ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

***St. Catherine, Jamaica***



**MGA TALA**

1. Lucas 18:22.
2. Brigham Young, sa *A Century of Sisterhood: Chronological Collage, 1869–1969* (1969), 8.
3. Joseph Fielding Smith, *Answers to Gospel Questions,* tinipon ni Joseph Fielding Smith Jr., 5 tomo (1957–66), 3:31.
4. Tingnan sa Alma 32:27.
5. Juan 7:17.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 14:7.
7. Tingnan sa Malakias 4:5–6; Joseph Smith—Kasaysayan 1:38–39.
8. Doktrina at mga Tipan 138:23–24.
9. Moroni 10:3–5.
10. Alma 32:38–39.
11. Alma 32:40–43.
12. Doktrina at mga Tipan 50:24.

# Indeks ng mga Kaganapan sa Kumperensya

Ang sumusunod ay listahan ng mga piling karanasan mula sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya para gamitin sa personal na pag-aaral, family home evening, at iba pang pagtuturo. Ang mga numero ay tumutukoy sa unang pahina ng mensahe.

| TAGAPAGSALITA | KUWENTO |
|---|---|
| Jean A. Stevens | (10) Ang mga bata ay nagpapakita ng halimbawa ng pagbabayad ng ikapu.<br>Pinakikinggan ni Liam ang boses ng kanyang ama habang ginagamot siya. |
| Elder Walter F. González | (13) Iniisip ng reporter kung ang mabubuting pakikitungo sa mga asawa ay totoo o kathang-isip lamang. |
| Elder Kent F. Richards | (15) Nakakita ang isang batang babae ng mga anghel na nakapalibot sa mga bata sa isang ospital. |
| Elder Quentin L. Cook | (18) Ang laman ng isang pitaka ay nagpapakita na ipinamumuhay ng isang kabataang babae ang ebanghelyo.<br>Nagmungkahi ang isang sister sa Tonga ng paraan upang matulungan ang mga lalaking young adult. |
| Pangulong Henry B. Eyring | (22) Naglingkod ang komunidad pagkatapos masira ang Teton Dam. |
| Pangulong Boyd K. Packer | (30) Pinayuhan ng stake president ang isang lalaki na "hayaan na lamang" ang mga bagay-bagay nang mamatay ang kanyang asawa. |
| Elder Dallin H. Oaks | (42) Hindi na natulog si Captain Ray Cox upang manatiling ligtas ang mga sundalo.<br>Nagtipon ng lakas ng loob si Aron Ralston upang iligtas ang kanyang buhay. |
| Elder M. Russell Ballard | (46) Natutuhang pahalagahan ng taong naghahanap ng ginto ang mumunting piraso ng ginto. |
| Elder Neil L. Andersen | (49) Pinili ni Sidney Going ang misyon kaysa maglaro ng rugby. |
| Larry M. Gibson | (55) Nalaman ng pangulo ng deacons quorum ang kanyang mga responsibilidad. |
| Pangulong Dieter F. Uchtdorf | (58) Hindi alam ng isang tao ang mga pribilehiyong kasama sa pagsakay sa isang cruise ship. |
| Pangulong Henry B. Eyring | (62) Hinanap ng korum ang miyembrong nawala o naligaw sa kakahuyan.<br>Dinalaw ni Henry B. Eyring ang matapat na high priest. |
| Pangulong Thomas S. Monson | (66) Inanyayahan ni Thomas S. Monson ang mag-asawa na saksihan ang sealing o pagbubuklod. |
| Elder Paul V. Johnson | (78) Naging miyembro ng simbahan ang isang dalagita na matagal nang may karamdaman. |
| Bishop H. David Burton | (81) Tumulong si Robert Taylor Burton sa pagsagip sa isang handcart company. |
| Silvia H. Allred | (84) Isang bata pang ina ang pinaglingkuran ng kanyang visiting teacher. |
| Pangulong Thomas S. Monson | (90) Naglakbay nang malayo ang mga Banal na taga-Brazil mula Manaus papunta sa templo.<br>Nagsakripisyo ang pamilya Mou Tham para makapunta sa templo.<br>Nakilahok si Thomas S. Monson sa seremonya ng groundbreaking para sa templo sa Rome, Italy. |
| Elder Richard G. Scott | (94) Hinikayat si Richard G. Scott na makipaglaro na lamang sa mga anak sa halip na ayusin ang washing machine.<br>Itinabi ni Jeanene Scott ang mga munting liham ng pagmamahal.<br>Inalagaan ni Richard G. Scott ang batang anak na lalaki na may sakit sa puso. |
| Elder D. Todd Christofferson | (97) Pinungusan ni Hugh B. Brown ang isang currant bush at siya rin ay tila napungusan. |
| Elder Carl B. Pratt | (101) Nagbayad ng ikapu ang pamilya Whetten at tumanggap ng mga pagpapala. |
| Elder C. Scott Grow | (108) Nakagawa ng mga maling desisyon ang kapatid na lalaki ni C. Scott Grow ngunit nagsisi rin pagkatapos. |
| Ann M. Dibb | (115) Si Kristi ay nagpakita ng halimbawa na naaalala ni Jenn kapag naghahanap siya ng katotohanan. |
| Mary N. Cook | (118) Nakita ng isang bata ang larawan ni Jesus sa isang locker sa paaralan.<br>Pinili ng isang dalagita na huwag nang panoorin ang isang hindi magandang pelikula. |
| Elaine S. Dalton | (121) Naglakad ang mga kabataang babae mula sa Draper, Utah, papunta sa Salt Lake Temple. |

# Gawing Bahagi ng Ating Buhay ang Kumperensya

*Isiping gamitin ang ilan sa mga aktibidad at tanong na ito bilang pasimula ng talakayan sa pamilya o personal na pagninilay habang ginagawa ninyong bahagi ng inyong buhay ang mga itinuro sa pangkalahatang kumperensya.*

Makikita ninyo ang lahat ng mensahe sa pangkalahatang kumperensya online sa conference.lds.org.

**Paunawa:** Ang mga bilang ng pahina na nakalista sa ibaba ay nagsasaad ng unang pahina ng binanggit na mensahe.

### *Para sa mga Bata*

- Ibinalita ni Pangulong Thomas S. Monson na magtatayo ang Simbahan ng tatlong bagong templo, kaya't ang kabuuang bilang ng mga templong gumagana, kasalukuyang itinatayo, o ibinalita ay aabot na sa 160. Tingnan ang mapa upang mahanap ang Meridian, Idaho, USA; Fort Collins, Colorado, USA; Winnipeg, Manitoba, Canada; at ang pinakamalapit na templo sa inyong tahanan. Basahin o muling isalaysay ang ilan sa mga ikinuwento ni Pangulong Monson tungkol sa matatapat na miyembro na nagsakripisyo nang malaki upang makapunta sa templo (pahina 90). Mithiing magpunta sa templo sa lalong madaling panahon, o talakayin ang mga paraan upang manatiling karapat-dapat na pumasok sa templo.
- Noong nabubuhay pa sina Adan at Eva sa lupa, ang isa sa mga paraan na sinamba nila ang Ama sa Langit ay sa pamamagitan ng pag-aalay ng mga hayop. Itinuro ni Elder L. Tom Perry na pinasimulan ng Tagapagligtas ang sakramento sa Kanyang mga disipulo sa araw ng Sabbath bilang bagong anyo ng pagsamba. Patuloy tayong sumasamba sa pakikibahagi ng sakramento sa araw ng Sabbath. Rebyuhin ang mensahe ni Elder Perry (pahina 6) bilang isang pamilya upang malaman ang tungkol sa wastong pananamit sa araw ng Linggo at iba pang paraan upang igalang ang sakramento at ang Sabbath.
- Itinuro ni Elder D. Todd Christofferson na inutusan tayo ni Jesucristo na dapat nating sikaping maging katulad Niya at ng ating Ama sa Langit (pahina 97). Kung minsan ay "pinagagalitan o pinarurusahan" ng ating Ama sa Langit ang Kanyang mga anak upang tulungan tayong maging higit na katulad Niya. Talakayin kung ano ang ibig sabihin ng pagalitan o parusahan. Basahin o muling ikuwento ang mayabong na currant bush. Talakayin kung paanong ang kabiguan ay makatutulong sa atin na mas lumakas at maging higit na mabunga o kapaki-pakinabang.
- Itinuro ni Elder Richard J. Maynes na ang mga pamilya ay maaaring



*Ljubljana, Slovenia*





***Coatzacoalcos, Mexico***

maging tulad ng mga lubid (pahina 37). Ang lubid o pisi ay maraming hibla na mahihina kung mag-isa lang ang mga ito ngunit malakas ang mga ito kapag pinagsala-salabid na. Gayundin naman na kapag ginagawa ng lahat ng miyembro ng pamilya ang tama at nagtutulungan sila, bawat tao sa pamilya ay napalalakas at makakagawa nang higit pa kaysa magagawa niya nang mag-isa. Bigyan ang bawat miyembro ng inyong pamilya ng kapirasong tali o pisi. Pag-usapan ang mga paraan na napaglilingkuran at napalalakas ng bawat miyembro ng pamilya ang iba pang mga kapamilya. Pagkatapos ay tingnan kung gaano kalakas o katatag ang mga kaputol na pisi o tali kapag magkakasama ang mga ito.

### *Para sa Kabataan*

• Ang inyo bang klase o korum ay nagkakaisa hangga't maaari? Pagkatapos rebyuhin ang mensahe ni Pangulong Henry B. Eyring tungkol sa pagkakaisa (pahina 62), gumawa ng listahan ng maaari mong gawin upang lalo pang magkalapit ang inyong grupo.

• Binanggit ni Elder Russell M. Nelson ang tungkol sa "estilo ng turu-turo" sa pagsunod (pahina 34). Pag-usapan sa inyong pamilya, klase, o korum ang ibig sabihin nito at bakit hindi ito uubra.

• Inilarawan ni Elder M. Russell Ballard ang dalisay na pag-ibig ni Cristo bilang aktibong pagmamahal (pahina 46) na ipinakikita sa mga simpleng kabaitan at paglilingkod. Magplano ng isang paraan na maipapakita ng inyong klase o korum ang pagmamahal sa isang tao sa inyong ward, branch, o komunidad at pagkatapos ay isakatuparan ang inyong plano.

• Ikinuwento ni Elder Quentin L. Cook ang tungkol sa nakita o natagpuang bag pagkatapos ng isang sayawan ng mga kabataan (pahina 18). Ang nakita ng mga lider sa loob ng bag ay nagsabi ng marami tungkol sa dalagita o kabataang babae na nagmamay-ari nito. Ano ang sinasabi ng mga nilalaman ng inyong bag o pitaka tungkol sa inyo, at anong mga pagbabago ang gugustuhin ninyong gawin sa mga bagay na malapit sa inyo?

• Nagsalita si Elder Lynn G. Robbins tungkol sa pagiging higit na katulad ng Tagapagligtas (pahina 103). Isipin kung ano ang ibig sabihin ng *maging* katulad ni Jesucristo sa halip na *gawin* lamang ang ipinagagawa Niya. Pagkatapos ay isipin kung ano ang mga pagbabagong magagawa ninyo sa inyong buhay upang maging higit na katulad ng Tagapagligtas.

### *Para sa Matatanda*

• Ibinahagi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf (pahina 58) ang kuwento tungkol sa isang lalaking namuhay nang mas mababa sa kanyang mga pribilehiyo nang palampasin niya ang maraming aktibidad at masasarap na pagkaing inialok sa kanya sa cruise ship dahil hindi niya alam na ang mga bagay na iyon ay kasama pala sa presyo ng tiket na kanyang binayaran. Talakayin sa mga miyembro ng pamilya na maytaglay ng priesthood ang mga paraan na makapamumuhay sila nang ayon sa kanilang mga "pribilehiyo na may kaugnayan sa sagradong kapangyarihan, mga kaloob, at pagpapala na oportunidad at karapatan [nila] bilang mga maytaglay ng priesthood ng Diyos."

• Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer ang tungkol sa kapangyarihan ng pagpapatawad (pahina 30). May mga tao bang kailangan ninyong patawarin, o may mga nakababagabag na karanasan na kailangan ninyong "hayaan na lamang"? Hangarin ang tulong ng Panginoon sa paghahanap ng kapayapaan at ng kapangyarihang magpatawad.


• Ikinuwento ni Elder Richard G. Scott kung paano niya ipinakita at ng kanyang asawang si Jeanene ang pag-ibig sa isa't isa sa pamamagitan ng pagsusulatan nila ng maiikling liham (pahina 94). Isiping sumulat ng maikling liham na nagsasabi kung gaano mo kamahal at pinahahalagahan ang iyong asawa. Ilagay ito sa lugar na makikita ng iyong asawa.


• Binanggit ni Elder David A. Bednar ang karanasan ni Pangulong Joseph F. Smith tungkol sa pagkakaroon ng patotoo (pahina 87). Rebyuhin ang kuwentong ito at isipin kung anong mga karanasan ang nakaimpluwensya sa inyong patotoo. ■

## Mga General Auxiliary Presidency

### RELIEF SOCIETY



Silvia H. Allred
Unang Tagapayo



Julie B. Beck
Pangulo


Barbara Thompson
Pangalawang Tagapayo


### YOUNG WOMEN



Mary N. Cook
Unang Tagapayo



Elaine S. Dalton
Pangulo


Ann M. Dibb
Pangalawang Tagapayo

### PRIMARY


Jean A. Stevens
Unang Tagapayo


Rosemary M. Wixom
Pangulo


Cheryl A. Esplin
Pangalawang Tagapayo

### YOUNG MEN



Larry M. Gibson
Unang Tagapayo


David L. Beck
Pangulo


Adrián Ochoa
Pangalawang Tagapayo

### SUNDAY SCHOOL


David M. McConkie
Unang Tagapayo


Russell T. Osguthorpe
Pangulo


Matthew O. Richardson
Pangalawang Tagapayo

# Mga Turo para sa Ating Panahon

Ang mga aralin sa Melchizedek Priesthood at Relief Society sa mga ikaapat na Linggo ay iuukol sa "Mga Turo para sa Ating Panahon." Bawat aralin ay maaaring hanguin mula sa isa o mahigit pang mga mensaheng ibinigay sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya. Maaaring piliin ng mga stake at district president ang mga mensaheng dapat gamitin, o maaari nilang iatas ang responsibilidad na ito sa mga bishop at branch president. Dapat bigyang-diin ng mga lider na mahalagang magkapareho ang mensaheng pag-aaralan ng mga kapatid sa Melchizedek Priesthood at Relief Society sa mga Linggong ito.

Ang mga dumadalo sa mga aralin sa ikaapat na Linggo ay hinihikayat na pag-aralan at dalhin sa klase ang pinakahuling isyu ng magasin sa pangkalahatang kumperensya.

**Mga Mungkahi sa Paghahanda ng Aralin mula sa mga Mensahe**

Ipagdasal na mapasainyo ang Banal na Espiritu habang pinag-aaralan at itinuturo ninyo ang (mga) mensahe. Maaari kayong matuksong maghanda ng aralin gamit ang ibang mga materyal, ngunit ang mga mensahe sa kumperensya ang inaprubahang kurikulum. Ang tungkulin ninyo ay tulungan ang iba na matutuhan at ipamuhay ang ebanghelyo ayon sa itinuro sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya ng Simbahan.

Repasuhin ang (mga) mensahe, na naghahanap ng mga alituntunin at doktrinang tumutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Maghanap din ng mga kuwento, reperensya sa banal na kasulatan, at mga pahayag mula sa (mga) mensahe na tutulong sa inyo na maituro ang mga katotohanang ito.

Gumawa ng outline kung paano ituturo ang mga alituntunin at doktrina. Dapat isama sa outline ninyo ang mga tanong na makakatulong sa mga miyembro ng klase:

- Hanapin ang mga alituntunin at doktrina sa (mga) mensahe.
- Isipin ang kahulugan ng mga ito.
- Magbahagi ng pagkaunawa, mga ideya, karanasan, at patotoo.
- Ipamuhay ang mga alituntunin at doktrinang ito. ■

| MGA BUWAN | MGA MATERYAL NG ARALIN SA IKAAPAT NA LINGGO |
|---|---|
| Mayo 2011–Oktubre 2011 | Mga mensaheng inilathala sa Mayo 2011 *Liahona** |
| Nobyembre 2011–Abril 2012 | Mga mensaheng inilathala sa Nobyembre 2011 *Liahona** |

**Ang mga mensaheng ito ay makukuha (sa maraming wika) sa conference.lds.org.*

# Ipinagdiwang ng mga Pinuno ng Simbahan ang Gawaing Pangkapakanan, Ibinalita ang mga Templo

Mahigit 100,000 katao ang dumalo sa limang sesyon ng Ika-181 Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Conference Center sa Salt lake City, Utah, USA, habang milyun-milyon naman ang nanood o nakinig sa pamamagitan ng TV, radyo, satellite, at mga brodkast sa Internet.

Nakilahok ang mga miyembro sa iba't ibang panig ng mundo sa kumperensyang isinahimpapawid sa 93 wika. Ang audio, video, at text ng brodkast ay online na sa maraming wika sa conference.lds.org at makukuha kalaunan sa DVD at CD.

Binuksan ni Pangulong Thomas S. Monson ang kumperensya sa pagbabalita ng mga pagtatayuan ng tatlong bagong templo—Fort Collins, Colorado, USA; Meridian, Idaho, USA; at Winnipeg, Manitoba, Canada—kaya magiging 26 na ang mga templong ibinalita o itinatayo. Sa ngayon, 134 na templo ang gumagana.

Binigyang-diin din ni Pangulong Monson ang kahalagahan ng gawaing misyonero, na sinasabing, "Gawaing misyonero ang buhay ng kaharian." Mga 52,000 misyonero ang kasalukuyang naglilingkod sa 340 mission sa buong mundo.






*Itaas: Nag-aani ng mga ubas ang isang binatilyo sa ubasang pag-aari ng simbahan sa Madera, California, USA, na gumagawa ng mga pasas para sa sistemang pangkapakanan ng Simbahan. Bandang ibaba kaliwa: Dumalo ang isang pamilya sa satellite broadcast ng pangkalahatang kumperensya sa Coimbra, Portugal.*

Noong Sabado ng hapon, 10 bagong General Authority at 41 Area Seventy ang sinang-ayunan, samantalang 34 na Area Seventy ang na-release. Dagdag pa rito, tinawag na maglingkod si Elder Don R. Clarke ng Pangalawang Korum ng Pitumpu sa Unang Korum ng Pitumpu. Ipinakita sa Ulat sa Estadistika ng 2010 na mahigit 14 na milyon na ang mga miyembro ng Simbahan.

Ilang mensaheng ibinigay sa dalawang-araw na kumperensya ang nagtuon sa temang pangkapakanan ng Simbahan at sa kakaibang programang pangkapakanan ng Simbahan—na nagdiriwang ng ika-75 anibersaryo ngayong 2011.

Noong Sabado, ibinalita ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, na para maipagdiwang ng ika-75 anibersaryo ng programang pangkapakanan, inaanyayahan ang mga miyembro sa buong mundo na lumahok sa isang araw na paglilingkod. Ang araw ng paglilingkod ay dapat idaos sa ward o stake level kahit anong araw ng buong taon. Mga lokal na lider ang dapat magdesisyon sa mga detalye ng bawat proyekto, at hinihikayat ang mga miyembro na anyayahan ang iba na lumahok kung naaangkop.

Tinapos ni Pangulong Monson ang kumperensya sa kanyang patotoo kay Cristo sa araw ng Paskua: "Sa huling sandali, maaari pa sana[ng] . . . umatras [si Jesucristo]. Ngunit hindi Niya ginawa. Nagpailalim Siya sa lahat ng bagay upang mailigtas Niya ang lahat ng bagay. Sa gayong paraan, binigyan Niya tayo ng buhay nang lampas sa buhay na ito." ■



## Elder José L. Alonso

*Ng Pitumpu*

Bago pa man siya sumapi sa Simbahan, may patotoo na si José Luis Alonso Trejo sa bisa ng panalangin. "Noong 11 taong gulang ako," wika niya, "muntik na akong mamatay. Sumuko na ang mga doktor sa akin—naulinigan ko ang sinasabi nila. Kaya nagdasal ako nang nagdasal sa Panginoon, at pinagaling Niya ako.

"Nang marinig ko kalaunan ang kuwento tungkol kay Joseph Smith at malaman ko kung paano nakipag-usap sa Diyos ang 14 na taong gulang na batang lalaki, nalaman ko na iyon ay totoo. Nalaman ko na masasagot ng Diyos ang ating mga dalangin, na kilala Niya tayo."


Nadama rin ni Elder Alonso ang kapanatagang iyon nang pag-aralan niya ang Aklat ni Mormon. "Dahil sa panalangin at sa aklat na ito, alam ko nang may katiyakan na si Jesus ang Cristo," wika niya.

Si Elder Alonso ay isinilang sa Mexico City, Mexico, noong Nobyembre 1958 kina Luis at Luz Alonso. Noong tinedyer pa siya lumipat siya sa lungsod ng Cuautla, Mexico, kung saan siya sumapi sa Simbahan. Sa pagdalo sa Mutwal nakaugnayan niya ang matatag na mga kabataan na kinaibigan siya at binigyan ng pangalawang tahanan. Sa pagdalo rin sa Mutwal niya nakikilala si Rebecca Salazar, ang babaeng kalaunan ay mapapangasawa niya.

Nang mag-19 si Elder Alonso, naglingkod siya sa full-time mission sa Mexico Hermosillo Mission. Pagkatapos ng kanyang mission, nagpakasal sina Elder Alonso at Rebecca noong Pebrero 24, 1981, sa Mesa Arizona Temple. Dalawa ang anak nila.

Bukod pa sa paglilingkod bilang institute director para sa Church Educational System, si Elder Alonso ay may medical degree in pediatric development at nagtrabaho bilang homeopathic physician at surgeon. Ang propesyon niya ay nagpapakita ng matagal na niyang pagnanais na paglingkuran at pagpalain ang iba—tulad noong pagpalain siya ng Panginoon nang magkasakit siya noong bata pa. "Ang paglilingkod sa iba ay nagbubuo ng pagkakaisa at kapatiran," wika niya, "at nag-aanyaya ng kapangyarihan ng Panginoon sa ating buhay."

Bago siya tinawag sa Unang Korum ng Pitumpu, si Elder Alonso ay naglingkod bilang bishop, stake mission president, stake president, tagapayo sa mission president, pangulo ng Mexico Tijuana Mission, at Area Seventy. ■



## Elder Ian S. Ardern

*Ng Pitumpu*

Tuwing may tawag sa telepono o katok sa pintuan, ang karaniwang unang namumutawi sa bibig ni Elder Ian Sidney Ardern ay "Ano ang maitutulong ko?"

Isinilang kina Harry at Gwladys McVicar Wiltshire sa Te Aroha, New Zealand, noong Pebrero 1954, sinabi ni Elder Ardern na kadalasan ay ang tila maliliit na paglilingkod ang gumagawa ng pinakamalaking kaibhan sa buhay ng nagbigay at ng tumanggap. "Hindi laging madaling maglingkod, ngunit lagi nitong pinagpapala ang inyong buhay," sabi ni Elder Ardern.

Nagkakilala sina Elder at Sister Ardern habang nag-aaral sa Church College of New Zealand at nagpakasal sa Hamilton New Zealand Temple noong Enero 17, 1976. Ang apat nilang anak ay lumaki sa isang tahanang may mapagmahal na malasakit sa isa't isa at mga prayoridad ang pangangailangang maunawaan at ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. "Pagpapalang makita ang mga prayoridad na ito sa tahanan ng aming mga anak na may-asawa," sabi ni Elder Ardern.

Ang pagsunod sa mga turo ng mga propeta sa tahanan ay prayoridad na ng pamilya Ardern. Nakagawian na nilang pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw dahil tiniyak ng mga bata na naidaos ito para makapaghalinhinan sila sa paglalagay ng pulang sticker sa kalendaryo upang ipakita na nakabasa sila sa araw na iyon. "Sa maliliit at mga simpleng bagay nabubuo ang mabubuting gawi," sabi ni Sister Ardern.

Bago siya tinawag sa Unang Korum ng Pitumpu, naglingkod si Elder Ardern bilang misyonero sa France at Belgium, stake Young Men president, high councilor, tagapayo sa bishop, bishop, tagapayo sa stake president, pangulo ng Fiji Suva Mission, at Area Seventy.

Si Elder Ardern ay tumanggap ng bachelor's at master's degrees in education sa University of Waikato sa New Zealand. Kabilang sa kanyang propesyon ang maraming katungkulan sa Church Educational System, kabilang na ang guro, director, seminary coordinator sa New Zealand, prinsipal ng Church College of New Zealand, at Pacific Area Director. ■



# Elder Carl B. Cook

*Ng Pitumpu*

Bilang binatang misyonero sa Language Training Mission (na hinalinhan ng Missionary Training Center) na naghahandang magpunta sa Hamburg, Germany, nahirapang matuto ng German si Carl Bert Cook. Habang pilit na inuunawa ang pangunahing bokabularyo, nakasulong na kaagad ang mga miyembro ng kanyang district sa mas kumplikadong mga konsepto.

Bigo sa hindi niya pag-unlad, humingi ng tulong ng langit ang bata pang si Elder Cook sa pamamagitan ng basbas ng priesthood at panalangin. Pagkaraan ng isang partikular na taos na panalangin, naaalala ni Elder Cook na tumanggap siya ng partikular na sagot: hindi siya tinawag ng Panginoon na maging dalubhasa sa wikang German kundi maglingkod nang buong puso, isipan, at lakas.

"Agad kong naisip, 'Kaya kong gawin iyan,'" sabi ni Elder Cook, na tinawag kamakailan bilang miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu. "'Makapaglilingkod ako nang buong puso, isipan, at lakas.' Tumayo ako at napanatag. Biglang nagbago ang aking panukat mula sa pag-alam kung ano ang ginagawa ng aking kompanyon at mga miyembro ng district sa kung ano sa pakiramdam ng Panginoon ang ginagawa ko."

Kahit sinabi ni Elder Cook na hindi naman niya talaga natutuhan ang wika nang mas mabilis pagkatapos niyon, hindi na niya nadama ang dati niyang mga problema dahil alam niya na ginagawa niya ang nais ipagawa sa Kanya ng Panginoon. Ang aral na iyon, wika niya, ay naging mahalaga sa lahat ng katungkulang hinawakan niya mula noon, kabilang na ang pagiging bishop, tagapayo sa stake presidency, stake president, pangulo ng New Zealand Auckland Mission, Area Seventy, at sa kanyang tungkulin ngayon.

Si Elder Cook ay nagtamo ng bachelor's degree in business marketing sa Weber State College at master's degree in business administration sa Utah State University. Nagtrabaho siya sa real estate development.

Si Elder Cook ay isinilang sa Ogden, Utah, USA, noong Oktubre 1957 kina Ramona Cook Barker at ang yumaong si Bert E. Cook. Pinakasalan niya si Lynette Hansen noong Disyembre 14, 1979, sa Ogden Utah Temple. Lima ang anak nila. ■



# Elder LeGrand R. Curtis Jr.

*Ng Pitumpu*

Alam ni Elder LeGrand Raine Curtis Jr. Na "hinihingi ng Panginoon ang puso at may pagkukusang isipan" (D at T 64:34).

"Gustung-gusto niyang maglingkod sa Simbahan, at ginagawa niya ito nang buong pagsisikap at kahandaan," sabi ng kanyang asawang si Jane Cowan Curtis, na pinakasalan niya sa Salt Lake Temple noong Enero 4, 1974. "Paglilingkod ang kanyang pinakamalaking pangarap at pagnanais."

Si Elder Curtis ay isinilang noong Agosto 1952, sa Ogden, Utah, USA, kina LeGrand R. at Patricia Glade Curtis. Ang kanyang ama kalaunan ay naging miyembro ng Pangalawang Korum ng Pitumpu (1990–95).

Bago siya tinawag sa Unang Korum ng Pitumpu, si Elder Curtis Jr. ay naglingkod sa Italy North Mission at bilang bishop, high councilor, stake president, pangulo ng Italy Padova Mission, at Area Seventy. Naglilingkod siya bilang miyembro ng Panlimang Korum ng Pitumpu sa Utah Salt Lake City Area nang tawagin siya sa Unang Korum.

Si Elder Curtis ay nagtapos sa Brigham Young University na may degree in economics at natamo ang kanyang juris doctorate sa University of Michigan. Nang tawagin, nagtatrabaho siya bilang abugado at partner sa isang law firm. Bukod pa sa pag-aaral at pagtatrabaho, nakapagpalaki ng limang anak si Elder Curtis at kanyang asawa.

Matapos maglingkod bilang Area Seventy mula 2004 hanggang 2011, sinabi ni Elder Curtis na pinasalamatan niya ang pagkakataong makatrabaho ang mga General Authority. "Pinagpala akong makatrabaho ang ilang pambihirang lider sa Simbahan," wika niya. "Malaking pribilehiyo ang mamasdan sila at matuto mula sa kanila."

Sabi ni Sister Curtis, laging handa ang mga kamay at puso ni Elder Curtis. "Ang ugali niya ay laging, 'Gagawin ko,'" wika niya.

Nagtatapos ang Doktrina at mga Tipan 64:34 sa mga salitang ito: "Ang may pagkukusa at ang masunurin ay kakainin ang taba ng lupain ng Sion sa mga huling araw na ito." Sabi nina Brother at Sister Curtis, naging pambihira ang mga pagpapala sa kanila at sa kanilang mga anak at apo dahil sa paglilingkod sa Panginoon. ■



# Elder W. Christopher Waddell

*Ng Pitumpu*

Ang di-nakasulat na gabay na alituntunin sa pamilya ni Elder Wayne Christopher Waddell noon pa man ay, "Magtiwala sa Panginoon."

"Kapag nagtiwala ka sa Panginoon, hindi mo kailangang mag-alala tungkol sa malalaking pagbabago," sabi ni Elder Waddell tungkol sa mga di-inaasahang pagbabago sa buhay. "Alam natin na hangad Niya ang pinakamainam sa atin, at pagpapalain tayo. "

Si Elder Waddell ay isinilang noong Hunyo 1959 sa Manhattan Beach, California, USA, at anak siya nina Wayne at Joann Waddell. Tumanggap siya ng bachelor's degree in history sa San Diego State University, kung saan naglaro din siya ng volleyball. Nakapagtrabaho siya sa maraming katungkulan sa isang pandaigdigang kumpanya sa pamumuhunan.

Pinakasalan ni Elder Waddell si Carol Stansel noong Hunyo 7, 1984, sa Los Angeles California Temple. Apat ang kanilang anak. Mahalaga ang pagkakaisa sa pamilya Waddell. Dahil iyan sa pagkakaisa na sikaping sundin ang ebanghelyo ng Tagapagligtas sa kanilang tahanan. Naging mahalaga rin ang mga aktibidad ng pamilya—ang paggugol ng panahon na magkakasama sa dalampasigan malapit sa kanilang tahanan at panonood ng isports bilang pamilya.

Bago siya tinawag sa Unang Korum ng Pitumpu, si Elder Waddell ay naglingkod bilang full-time missionary sa Spain, bishop, high councilor, tagapayo sa mission president, stake president, pangulo ng Barcelona Spain Mission, at Area Seventy.

Kapag paghahanda para sa bago niyang tungkulin ang pinag-usapan, tinutukoy ni Elder Waddell ang templo.

"Ano ang naghanda sa amin para dito? Nang magpunta kami sa templo sa unang pagkakataon at nakipagtipan, nangako kami na handa kaming gawin ang anumang ipagawa sa amin ng Panginoon, kahit hindi madali," wika niya. "Magpunta sa templo, magmisyon, makipagtipan, at pagkatapos ay makita ang Kanyang kamay at kung paano Niya pinamamahalaan ang gawain—iyan lamang ang kailangan ninyo. Wala tayong ginagawang kakaiba; tinutupad natin ang mga tipang ginawa natin, tulad ng ginagawa ng lahat." ■



# Elder Kazuhiko Yamashita

*Ng Pitumpu*

Simula nang maging bata pang bishop sa Fukuoka, Japan, maraming taon na ang nakararaan, natuto na si Elder Kazuhiko Yamashita mula sa mabubuting halimbawa at pag-uugali ng kanyang nakatatandang mga lider.

Matapos pakasalan ni Elder Yamashita ang kanyang asawang si Tazuko Tashiro, lumipat sila mula sa Tokyo patungong Fukuoka, kung saan tinawag si Elder Yamashita bilang bishop noong siya ay mahigit 25 taong gulang na.

"Mahirap iyon para sa amin ng aking pamilya," sabi ni Elder Yamashita. "Maliliit pa ang tatlong anak namin noon at bago pa kami sa lugar—ngunit napakagandang turo at aral din niyon para sa akin, at mas tumatag ang aking patotoo at pananampalataya."

Sabi ni Sister Yamashita, nakita na niya ang kanyang asawa na tumanggap ng maraming tungkulin at maging mabuting ama at espirituwal na lider sa kabila ng mga hamon ng mga tungkuling iyon. Sa pagdaan ng mga panahon nakita niya itong magbago at maging mas mabait at mapagmahal na ama at asawa. Natutuwa ang pamilya na magkasama-sama, pati na sa paglalakbay nang malayuan taun-taon.

Si Elder Yamashita, na isinilang noong Setyembre 1953, ay anak nina Kiyoshi at Sadae Yamashita. Lumaki siya sa Tokyo, Japan, kung saan niya natagpuan ang Simbahan noong 1971 sa pamamagitan ng Expo 70, ang World's Fair.

Si Elder Yamashita ay tumanggap ng bachelor's degree in education sa Saitama University at master's degree in sport science sa Tsukuba University. Nag-aral din siya ng philosophy of physical education sa Brigham Young University. Si Elder Yamashita ay naging tagapagturo at propesor sa iba't ibang unibersidad at naglingkod sa iba't ibang organisasyon sa siyensya, komunidad, at isports.

Si Elder Yamashita at ang kanyang asawa ay ikinasal noong Marso 29, 1980, at nabuklod noong Disyembre 1980, nang matapos ang Tokyo Japan Temple. Anim ang kanilang anak.

Bago siya tinawag sa Unang Korum ng Pitumpu, si Elder Yamashita ay naglingkod bilang bishop, high councilor, stake mission president, stake president, at Area Seventy. ■

## Elder Randall K. Bennett

*Ng Pitumpu*



Nasa tugatog siya ng tagumpay sa kanyang propesyon bilang orthodontist nang madama ni Randall Kay Bennett at ng kanyang asawang si Shelley ang "malinaw na pakiramdam" na maghandang maglingkod sa mga misyon. Nangahulugan ito na kakailanganin nilang ibenta kaagad ang kanilang bahay.

Hindi kaagad naging malinaw ang dahilan sa panghihikayat—tatlong taon ang nagdaan bago nila naipagbili ang bahay nila, isang prosesong nangailangan ng "malaking pagtitiyaga" at kanilang "maipakita sa Panginoon na talagang gagawin nila ito," sabi ni Elder Bennett. "Patuloy kaming nagtiwala sa Panginoon at sinikap naming manatiling malapit sa Kanya sa pamamagitan ng madalas na pagdalo sa templo, araw-araw na pag-aaral ng banal na kasulatan, panalangin, pag-aayuno, at paglilingkod sa iba."

Hindi nagtagal matapos maibenta ang bahay nila, tinawag na maglingkod si Elder Bennett sa Provo Missionary Training Center at pagkatapos ay bilang pangulo ng Russia Samara Mission.

"Napakaganda—at lubhang nakapapakumbaba—ang malaman na matagal na kaming inaalala at inihahanda ng Panginoon," sabi ni Elder Bennett. "Nalaman namin na batid ng Panginoon ang nilalaman ng ating puso't isipan. Natutuhan naming magtiwala na alam Niya ang mas mabuti kaysa atin, na mas marami Siyang alam kaysa atin, at mahal Niya tayo."

Bukod pa sa kanyang mga tungkulin bilang miyembro ng Pangalawang Korum ng Pitumpu at mission president, si Elder Bennett ay naglingkod na bilang pangulo at tagapayo sa isang branch ng Provo Missionary Training Center, miyembro ng stake high council, tagapayo sa bishopric, ward Young Men president, iba't iba pang tungkulin, at bilang misyonero sa France Paris at France Toulouse Missions.

Si Elder Bennett ay nagtamo ng doctor of dental surgery degree sa University of Alberta (Canada) at master's degree in orthodontics sa Loma Linda University sa Southern California, USA.

Si Elder Bennett ay isinilang noong Hunyo 1955 sa Magrath, Alberta, Canada. Ang kanyang mga magulang ay sina Donald Kay Bennett at Anne Darlene Long. Pinakasalan niya si Shelley Dianne Watchman noong Abril 23, 1977, sa Cardston Alberta Temple. Apat ang anak nila. ■

## Elder J. Devn Cornish

*Ng Pitumpu*



Alam ni Elder John Devn Cornish na bawat miyembro at bawat tungkulin sa Simbahan ay mahalaga.

"Mahalagang tandaan kapag iniisip nating tumanggap ng mga tungkulin sa Simbahan na hindi mahalaga kung saan tayo nakaupo sa eroplano—ang mahalaga ay nakasakay tayo sa eroplano," wika niya. "Walang hanggan ang kahalagahan ng maging bahagi ng gawain. Anuman ang ating katungkulan ay hindi gaanong mahalaga."

Mula sa tawag sa kanya na maglingkod sa Guatemala–El Salvador Mission hanggang sa pinakahuling tawag sa kanya sa Pangalawang Korum ng Pitumpu, tumutupad na ng mga tungkulin sa Simbahan si Elder Cornish, kabilang na ang ward Young Men president, elders quorum president, ward executive secretary, high priests group leader, high councilor, bishop, stake president, pangulo ng Dominican Republic Santiago Mission, at Area Seventy.

Isinilang noong Abril 1951 sa Salt Lake City, Utah, USA, kina George at Naomi Cornish, si Elder Cornish ay lumaki sa Utah, Georgia, at Virginia, USA, bago nagbalik sa Utah para magkolehiyo.

Habang naninirahan sa Provo, nakilala niya si Elaine Simmons sa isang aktibidad ng mga young single adult. Ikinasal sila sa Manti Utah Temple noong Agosto 1973.

Habang pinalalaki nilang mag-asawa ang anim na anak, si Elder Cornish ay naglingkod sa United States Air Force Medical Corp, nagtamo ng bachelor's at medical degrees sa Johns Hopkins University, at itinuloy ang kanyang residency in pediatrics sa Harvard Medical School—Boston Children's Hospital.

Dahil sa pag-aaral at trabaho sa Idaho, Texas, California, at Georgia, USA, madalas lumipat ng tirahan ang pamilya sa pagdaan ng mga taon, ngunit saanman sila naroon, sinasabi nina Elder at Sister Cornish, gustung-gusto nilang maglingkod sa Simbahan.

"Lumalawak ang gawain sa buong mundo, at malaking pagpapala ang makatulong sa paglilingkod sa mga anak ng Panginoon saanman sila naroon," sabi ni Elder Cornish.

Ang tungkuling ito sa Pitumpu, "tulad ng lahat ng tungkulin sa Simbahan, ay isa pang pagkakataong maging bahagi ng gawain ng Panginoon," sabi ni Elder Cornish. "Nagpapasalamat kami sa pribilehiyong iyan." ■



# Elder O. Vincent Haleck

*Ng Pitumpu*

Bata pa si Elder Otto Vincent Haleck ay nagbayad na siya ng ikapu, nag-ayuno, at nag-aral ng mga banal na kasulatan—at pagkatapos ay nakilala niya ang mga misyonero at nabinyagan.

Ang ina ni Elder Haleck ay miyembro ng Simbahan ngunit matagal nang hindi nagsisimba. Ang kanyang ama ay hindi miyembro ng Simbahan. Subalit ang pamilya ay nagbayad ng ikapu, nag-ayuno linggu-linggo, nagbasa ng Biblia araw-araw, at nagbigay ng kung ano ang mayroon sila sa mga nangangailangan. Si Elder Haleck ay nagmula sa isang pamana ng pananampalataya.

Si Elder Haleck ay isinilang noong Enero 1949 sa American Samoa. Pinag-aral siya ng kanyang mga magulang, sina Otto at Dorothy Haleck, sa California, USA. Sa edad na 17, napansin niya na may ilang kaibigan siya sa student government na naiiba sa ibang mga estudyante. "Inanyayahan nila ako sa Mutwal, at diyan na nagsimula ang lahat," sabi ni Elder Haleck.

Si Elder Haleck ay tumanggap ng bachelor's degree in advertising and marketing sa Brigham Young University. Nagmamay-ari siya ng ilang negosyo sa American Samoa at isa siyang pilantropo. Si Elder Haleck at ang kanyang asawang si Peggy Ann Cameron ay ikinasal noong Hunyo 29, 1972, sa Provo Utah Temple. Tatlo ang anak nila.

Kalaunan nasumpungan ng buong pamilya ni Elder Haleck ang ebanghelyo. Si Elder Haleck ay nagkaroon ng pribilehiyong binyagan ang kanyang 80-taong-gulang na ama at nakitang magbalik sa pagkaaktibo ang kanyang ina pagkaraan ng 50 taon ng pagsasama ng mag-asawa.

Bago siya tinawag sa Pangalawang Korum ng Pitumpu, naglingkod si Elder Haleck bilang full-time missionary sa Samoa Apia Mission, bishop, stake high councilor, patriarch, stake president, at nitong huli, bilang pangulo ng Samoa Apia Mission.

Naniniwala si Elder Haleck na lahat ng karanasan niya sa buhay ay nag-akay sa kanya kung saan siya ngayon. "Ginugunita ko ang buhay ko, at masasabi ko na nakikita ko ang kamay ng Panginoon," sabi ni Elder Haleck. "Nagpapasalamat ako at ikinararangal ko na pinagtiwalaan kami ng Panginoon. Mahal ko ang Panginoon at umaasa ako na maging mabuting kasangkapan. Alam kong tutulungan ako ng Panginoon." ■



# Elder Larry Y. Wilson

*Ng Pitumpu*

Ang pagbabalanse ng mga responsibilidad sa gawain, Simbahan, at pamilya ay naging hamon kay Elder Larry Young Wilson, ngunit tiniyak niya na alam ng mga kapamilya kung gaano kahalaga ang mga ito sa kanya.

"Ang karanasan na pinakamalaki ang epekto sa akin ay ang pagiging asawa at ama," sabi ni Elder Wilson. "Bihira kong kaligtaan ang pagtatanghal ng isang bata sa palakasan, musikal, o iba pang kaganapan. Binabasahan ko sila ng bedtime stories at nagdarasal na kasama sila bago ko sila patulugin sa gabi. Napakahalaga na naroon ako."

Alam na alam ni Elder Wilson ang bigat ng responsibilidad ng isang lider sa lahat ng aspeto ng buhay. Siya ay isinilang noong Disyembre 1949 sa Salt Lake City, Utah, USA, kina George at Ida Wilson at lumaki sa Pocatello, Idaho, USA. Tumanggap siya ng bachelor's degree in English and American literature sa Harvard University, at ng master's degree in business administration sa Stanford Graduate School of Business kalaunan.

Si Elder Wilson at nagtrabaho bilang consultant at executive sa industriya ng health care. Bagaman mabigat ang trabaho, tiniyak ni Elder Wilson na hinding-hindi maubos dito ang buong panahon niya.

"Kailangan mong lagyan ng hangganan ang trabaho mo," wika niya. "Kung hindi, mawawalan ka ng panahon para sa iba. Sa praktikal na pananaw, ang oras para sa gawain, simbahan, at pamilya ay kailangang maghalinhinang ipagpaliban. Manalangin upang magabayan kayo at malaman ninyo kung alin ang uunahin sa anumang partikular na araw."

Si Elder Wilson ay buong sigasig na naglingkod bilang misyonero sa Brazil Central Mission at bilang bishop, stake president, at Area Seventy bago tinawag sa Pangalawang Korum ng Pitumpu.

Naroon ang kanyang asawang si Lynda Mackey Wilson, na pinakasalan niya noong Hulyo 10, 1974, sa Logan Utah Temple, para tulungan si Elder Wilson na makita ang mahalagang balanseng iyan sa lahat ng kanyang paglilingkod. Nagpalaki ng apat na anak ang mga Wilson.

"Tuwing umaalis ako para sa mga pulong sa Simbahan, sinasabi niya, 'Paalam, mahal. Maglingkod ka sa Panginoon,'" sabi ni Elder Wilson. "Itinuturo niya sa aming mga anak ang mas malalim na kahulugan ng aking paglilingkod. Hindi nagtatagal at sinasabi nilang, 'Paalam, Daddy. Maglingkod kayo sa Panginoon!'" ■


*Bumisita sina Pangulong David O. McKay, Heber J. Grant, at J. Reuben Clark Jr. (kaliwa pakanan) ng Unang Panguluhan sa Welfare Square noong 1940.*

# Pagdiriwang ng Ika-75 Taon ng Gawaing Pangkapakanan

**Ni Heather Wrigley**
*Mga Magasin ng Simbahan*

Ilang mensahe noong Ika-181 Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan ang inilaan sa pagdiriwang ng programang pangkapakanan ng Simbahan,na nagdiriwang ng ika-75 taong anibersaryo ngayon.

Sa inagurasyon nito noong 1936, pinagtibay ni Pangulong David O. McKay, na tagapayo noon sa Unang Panguluhan, ang banal na pinagmulan ng planong pangkapakanan ng Simbahan: "[Ang programang pangkapakanan] ay itinatag sa pamamagitan ng banal na paghahayag, at wala nang iba pa sa buong mundo na epektibong makapangangalaga sa mga miyembro nito."[1]

Pitumpu't limang taon na ang nagdaan at lumipas. Nangyari at lumipas ang mga pagbabago sa kasaysayan ng ekonomiya ng mundo. Dumanas ng malalaking pagbabago ang mundo sa lipunan at kultura, at malaki ang inilago ng Simbahan.

Ngunit ang mga salitang sinambit tungkol sa banal na planong pangkapakanan ng Simbahan sa araw na iyon noong 1936 ay totoo pa rin ngayon tulad noon.

### Mga Alituntuning Pangkapakanan

Noong 1929 ang Estados Unidos ay dumanas ng malaking pagkalugi nang bumagsak ang stock market. Pagsapit ng 1932 umabot sa 35.8 porsiyento ang walang trabaho sa Utah.

Kahit mayroon nang mga alituntuning pangkapakanan ang Simbahan, pati na isang sistema ng mga storehouse at programa para tulungan ang mga miyembro na makahanap ng trabaho, maraming miyembrong umasa sa tulong ng pamahalaan.

"Naniniwala ako na nahihilig ang mga tao sa pagsisikap na makakuha ng tulong sa pamahalaan ng Estados Unidos nang halos walang pag-asang mabayaran ito," pagpuna ni Pangulong Heber J. Grant (1856–1945) noong panahong ito.[2]

Gustong tulungan ng mga pinuno ng Simbahan ang nahihirapang mga miyembro nang hindi naghihikayat ng katamaran at hindi nila iniisip na nararapat silang tulungan. Ang mithiin ay tulungan ang mga tao na tulungan ang kanilang sarili na hindi umasa sa iba.

Noong 1933 ipinahayag ng Unang Panguluhan: "Ang ating mga miyembrong malalakas ang katawan ay dapat mahiya, maliban kung wala nang ibang magagawa, na tumanggap ng isang bagay nang walang kapalit. . . . Ang mga opisyal ng Simbahan na nangangasiwa sa pagtulong ay dapat umisip ng mga paraan para lahat ng miyembro ng Simbahan na malalakas ang katawan at nangangailangan ay magantihan ng paglilingkod ang tulong sa kanila."[3]

Dahil sa mga alituntunin at pananampalataya ng mga Banal, kumilos ang bawat yunit ng Simbahan gayundin ang buong Simbahan upang mag-organisa ng mga klase sa pananahi at pagdede-lata, magbuo ng mga proyekto, bumili ng mga sakahan, at bigyang-diin ang pamumuhay na matwid, matipid, at hindi umaasa sa iba.

### Ang Church Welfare Plan

Nang maorganisa ang Church Security Plan (na tinawag nang Church Welfare Plan noong 1938), nabigyan ng pagkakataon ang mga tao na pagtrabahuhan, hangga't kaya nila, ang tulong na natanggap nila. Tinuruan ng plano ang mga tao na umasa sa sarili para sa "tulong" sa halip na patulong sila sa ibang tao.

"Ang ating pangunahing layunin ay magtayo ng . . . sistema na kung saan mapapawi ang sumpa ng katamaran, mawawala ang mga kasamaan ng paglilimos, at minsan pang makintal sa ating mga tao ang pagtayo sa sariling paa, kasipagan, katipiran, at paggalang sa sarili," sabi ni Pangulong Grant sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1936. "Ang trabaho ay dapat muling bigyan ng halaga bilang pangunahing alituntunin sa buhay ng mga miyembro sa ating Simbahan."[4]

Sa pagdaan ng mga taon, ang sistemang pangkapakanan ng Simbahan ay kinabilangan na ng maraming programa: Social Services (ngayon ay LDS Family Services), LDS Charities, Humanitarian Services, at Emergency



***Gumagawa man ng tinapay (itaas kaliwa), nagpapalago ng mga ubas (itaas kanan), o nagbibigay ng tulong sa ibang paraan, ang layon ng programang Pangkapakanan ng Simbahan ay para magkaroon ng pag-asa sa sarili sa pamamagitan ng pagsampalataya kay Jesucristo.***

Response. Ang mga programang ito at iba pa ay nagpala sa buhay ng daan-daang libo kapwa sa loob at labas ng Simbahan.

**Pagiging Internasyonal**

Kahit nang magwakas ang Great Depression [Matinding Kahirapan] sa pagsisimula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sa kabutihang-palad ay itinuloy ni Pangulong J. Reuben Clark Jr., Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ang programang pang-kapakanan. Noong Oktubre 1945, pinakiusapan ni U.S. President Harry S. Truman ang Pangulo ng Simbahan na si George Albert Smith (1870–1951) na alamin kung paano at kailan maipapadala ang mga suplay sa mga lugar sa Europa na winasak ng digmaan. Sa pagkamangha ni Pangulong Truman, sumagot ang mga pinuno ng Simbahan na nakolekta at handa nang ipadala ang mga pagkain at damit at iba pang tulong.

Sa pagdaan ng mga panahon, pinalawak ng Simbahan ang mga pasilidad at programang pangkapakanan nito upang makatugon sa mas maraming pangangailangan, sa mas maraming lugar. Noong 1970s, pinalawak ng Simbahan ang mga proyektong pangkapakanan at produksyon sa Mexico, England, at sa Pacific Islands. Sa sumunod na dekada ang Argentina, Chile, Paraguay, at Uruguay ang naging mga unang bansa sa labas ng Estados Unidos na nagkaroon ng mga employment center ng Simbahan.

Nang mabuo ang Church Humanitarian Services noong 1985, lubhang lumago ang mga pagsisikap sa pangkapakanang internasyonal ng Simbahan nang mabukud-bukod ang mga damit at iba pang bagay para ipadala sa lahat ng panig ng mundo bilang tugon sa kahirapan at mga kapinsalaan.

Ngayon sa pagdami ng mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo, lalo na sa umuunlad na mga bansa, nagkaroon ng mga bagong hamon, na sisikaping tugunan ng programang pangkapakanan.

**Isang Inspiradong Plano para sa Ngayon**

Ang mga pangunahing alituntunin ng gawaing pangkapakanan—pag-asa sa sarili at kasipagan— ay hindi pa rin nagbabago ngayon tulad noong utusan ng Panginoon si Adan, "Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay" (Genesis 3:19).

Sa mga huling araw, ipinahayag ng Panginoon, "At ang kamalig ay pananatilihin sa pamamagitan ng mga paglalaan ng simbahan; at ang mga balo at ulila ay paglalaanan, gayon ang mga maralita" (D at T 83:6). Pagkatapos ay pinaalalahanan Niya tayo, "Subalit ito ay talagang kinakailangang magawa sa aking sariling pamamaraan" (D at T 104:16).

Ang mga alituntuning pangkapakanan ay gumagana sa buhay ng mga miyembro sa lahat ng panig ng mundo bilang alituntuning pang-araw-araw sa bawat tahanan.

"Ang katatagan ng Simbahan at ng tunay na kamalig ng Panginoon ay nasa mga tahanan at puso ng kanyang mga tao," sabi ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol.[5]

Habang nagkakaroon ng pag-asa sa sarili ang mga tao sa pamamagitan ng pagsampalataya kay Jesucristo, ang pangmatagalang layon ng programa, ayon ay Pangulong Clark, ay patuloy na natutupad: "ang pagpapalakas sa pagkatao ng mga miyembro ng Simbahan, ang mga nagbibigay at mga tumatanggap[, na nagliligtas sa] lahat ng pinakapinong katangian na nasa kanilang kalooban, at pinamumukadkad at pinagbubunga ang lihim na yaman ng espiritu, na siyang misyon at layunin at dahilan ng pagiging kasapi ng Simbahang ito."[6] ■

**MGA TALA**

1. David O. McKay, sa Henry D. Taylor, *The Church Welfare Plan,* di-inilathalang mensahe, Salt Lake City (1984), 26–27.
2. Heber J. Grant, sa Conference Report, Okt. 1933, 5.
3. Sa James R. Clark, tinipon, *Messages of the First Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints,* 6 na tomo, (1965–75) 5:332–34.
4. Heber J. Grant, sa Conference Report, Okt. 1936, 3.
5. Robert D. Hales, "Welfare Principles to Guide Our Lives: An Eternal Plan for the Welfare of Men's Souls," *Ensign,* Mayo 1986, 28.
6. J. Reuben Clark Jr., sa isang espesyal na pulong ng mga stake president, Okt. 2, 1936.

# Inspiradong mga Salita tungkol sa Isang Inspiradong Gawain: Ang Sinabi ng mga Tagapagsalita tungkol sa Gawaing Pangkapakanan

Ilang mensahe noong Ika-181 Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan ang inilaan sa pagdiriwang ng programang pangkapakanan ng Simbahan, na nagdiriwang ng ika-75 taon ngayon.

Nasa ibaba ang mga hango sa mga mensahe ng mga tagapagsalita na nakatuon sa programa at mga alituntuning pangkapakanan na inilahad ng Panginoon upang tulungan ang Kanyang mga anak na tulungan ang kanilang sarili.

**Pangulong Thomas S. Monson**

"Ipinapahayag ko na ang gawaing pangkapakanan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay binigyang-inspirasyon ng Diyos na Maykapal." (Tingnan sa "Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo," pahina 90.)

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan**

"Ang malalaking temporal na pangangailangan ng mga anak ng Ama sa Langit ay nangyayaring muli sa ating panahon tulad noon at mangyayari pa sa darating na mga panahon. Ang mga alituntunin sa pagtatatag ng programang pangkapakanan ng Simbahan ay hindi pangminsanan o sa isang lugar lamang. Ang mga ito ay para sa lahat ng panahon at lugar."

"Inanyayahan at inutusan . . . tayo [ng Panginoon na] makilahok sa Kanyang gawaing tulungan ang mga nangangailangan. Nakikipagtipan tayong gawin iyon sa tubig ng binyag at sa mga banal na templo ng Diyos. Pinaninibago natin ang tipang iyon tuwing Linggo kapag tumatanggap tayo ng sacrament." (Tingnan sa "Mga Pagkakataong Gumawa ng Mabuti," pahina 22.)

**Bishop H. David Burton, Presiding Bishop**

"Ang planong pangkapakanan na ipinahayag ng propeta ay hindi lamang isang kasiya-siyang kuwento sa kasaysayan ng Simbahan. Ang mga alituntuning pinagbatayan nito ay nagpapakilala sa atin bilang isang grupo. Ito ang pinakadiwa ng pagiging mga disipulo ng ating Tagapagligtas at Halimbawa na si Cristo Jesus."

"Ang sagradong gawaing ito ay hindi lamang para makinabang at mapagpala ang mga nagdurusa o nangangailangan. Bilang mga anak ng Diyos, hindi natin mamanahin ang kaganapan ng buhay na walang hanggan kung hindi natin lubos na pangangalagaan ang isa't isa habang narito tayo sa mundo. Natututo tayo ng mga selestiyal na alituntunin ng pagsasakripisyo at paglalaan kapag nagsakripisyo tayo at naglingkod sa iba."

"Ito ang sagradong gawaing inaasahan ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo. Ito ang gawaing minahal Niya noong narito Siya sa lupa. Ito ang gawain na alam kong makikita nating ginagawa Niya kung kasama natin Siya ngayon." (Tingnan sa "Ang Nagpapabanal na Gawaing Pangkapakanan," pahina 81.)

**Silvia H. Allred, Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency**

"Ang kalalakihan at kababaihan ng Simbahan ay magkasama ngayong nagbibigay-ginhawa sa mga nangangailangan. . . . Kapag pagmamahal ang naging gabay na alituntunin natin sa pangangalaga sa iba, ang paglilingkod natin sa kanila ay nagiging halimbawa ng pamumuhay sa ebanghelyo. Ito ay matwid na pamumuhay sa ebanghelyo. Ito ay dalisay na relihiyon." (Tingnan sa "Ang Kahulugan ng Pagiging Disipulo," pahina 84.) ■

---

# Tinutupad ng Perpetual Education Fund ang mga Pangako ng Propeta

**Ni Natasia Garrett**
*Mga Magasin ng Simbahan*

Sampung taon na ang nakaraan, binalangkas ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) ang isang problema—hindi nakatakas sa kahirapan ang maraming nakauwi nang misyonero at iba pang karapat-dapat na kabataan sa umuunlad na mga lugar—at inilaan ang isang solusyon: ang Perpetual Education Fund (PEF). Isang umiikot na pondong bubuuin sa paggamit ng mga donasyon mula sa mga miyembro at kaibigan ng Simbahan, ang PEF ay magpapautang sa mga kabataan para sila makapag-aral sa pag-asang maghahanda silang makapagtrabaho sa kanilang komunidad at mabayaran nila ang utang para mabigyan ang iba ng gayon ding mga pagkakataon. Sinabi niya na aasa ang Simbahan sa mga boluntaryo at umiiral na mga pagkukunan ng Simbahan para magtagumpay.

**Mga Himalang Nangyari**

Nang umakyat sa pulpito si Pangulong Hinckley noong Marso 31, 2001, at ilahad sa priesthood ng simbahan ang isang pangitain tungkol sa Perpetual Education Fund, malinaw sa marami na tumanggap ng utos ang



LARAWANG KUHA NI BRIAN WILCOX

***Ang Perpetual Education Fund, na nagsimula 10 taon na ang nakararaan, ay nakatulong na sa mahigit 47,000 kalahok.***

propeta ng Panginoon.

Ang potensyal na mabigo ay tila sumulpot nang magmadali ang bagong hirang na mga pinuno ng PEF na simulan ang pagpapautang pagsapit ng taglagas noong 2001, ayon sa utos ni Pangulong Hinckley. Maliban sa inspiradong balangkas ng propeta walang umiiral na plano ni detalyadong panukala noon. Ang programa ay inorganisa gamit ang teksto ng mensahe ni Pangulong Hinckley sa kumperensya bilang kasunduan nito. Daan-daang aplikasyon sa pag-utang ang bumaha sa headquarters ng Simbahan habang tinatawag ang mga direktor at binubuo ang pangunahing istruktura ng programa.

Ngunit nangyayari na ang mga himala. Sa loob ng isang taon, milyunmilyong dolyar ang donasyon sa programa. Naroon kaagad ang ilang tao na kakaiba ang pinagmulan kaya naging karapat-dapat para sa gawain ng PEF upang maglingkod bilang mga boluntaryong direktor. Ang balangkas na kailangan para suportahan ang PEF sa buong daigdig ay nailatag na sa mga Church Educational System institute program at mga Church Employment Resource Center. Anuman ang kailangan ay agad nalagay sa lugar, na naglaan ng programa ayon sa ulat ni Pangulong Hinckley noong Abril 2002 na magiging isang "matibay na pundasyon."[1]

> "Ang paanyaya ni Pangulong Hinckley ay tumutulong sa mga nag-aambag sa PEF gayundin sa mga [gumagamit nito upang] paunlarin ang kanilang sarili upang higit na mapalapit sa ating Tagapagligtas."
> **–Elder John K. Carmack**

Sabi ni Rex Allen, na kasalukuyang naglilingkod bilang boluntaryong direktor ng training and communications para sa PEF, "Noong araw, iniunat ni Moises ang kanyang tungkod sa ibabaw ng Dagat na Pula at nahati ang tubig. Nabanaag din kay Pangulong Hinckley ang pananampalatayang ito nang gamitin niya ang kanyang pagkapropeta upang lutasin ang kahirapan at pasimulan ang PEF."

"Isang himala ito," paulit-ulit na pagpapatibay ni Pangulong Hinckley.

Kahit pagkaraan ng 10 taon, nagsisimula pa lang ang pinakadakilang mga himala.

### Natupad ang mga Pangako

Nang magpahayag siya tungkol sa PEF at sa sumunod na mga pananalita,

nangako si Pangulong Hinckley na dadaloy ang ilang pagpapala mula sa PEF. Bawat isa ay mas mabilis na natutupad habang mas maraming kalahok ang nagtatapos sa pag-aaral mula sa PEF at nagbabayad ng kanilang mga utang.

*Pagkakataon at Pagtatrabaho*

"[Ang mga kalahok] ay makapag-aaral na upang maka[ahon] sila sa kahirapan," sabi ni Pangulong Hinckley.[2]

Pagsapit ng Pebrero 2011, halos 90 porsiyento ng mga naghanap ng trabaho nang makatapos sa pag-aaral ang nakakita ng trabaho. Mga 78 porsiyento ng nagtatrabaho na ngayon ang nagsasabi na ang kasalukuyan nilang trabaho ay pag-asenso sa dati nilang trabaho bago sila nakatanggap ng training. Ang karaniwang suweldo pagkatapos mag-aral ng mga kalahok sa PEF ay tatlo hanggang apat na ulit na mas mataas kaysa suweldo nila bago sila nag-aral, na kumakatawan sa malaking pag-unlad ng kanilang kabuhayan.

*Pamilya at Komunidad*

"Mag-aasawa sila at susulong nang may mga kasanayan para kumita nang malaki at magkaroon ng lugar sa lipunan kung saan malaki ang kanilang maiaambag," paghayag ni Pangulong Hinckley.[3] Mahigit sangkatlo lang ng kasalukuyang mga kalahok sa PEF ang nakapag-asawa na.

Sabi ni Elder John K. Carmack, executive director ng PEF: "Ang isa sa pinaka-nakahihikayat na resulta ng PEF sa ngayon ay na nakikita natin na lumalaki ang pag-asa ng mga kabataan. Ang pag-asang ito ay nagpapalakas ng kanilang loob na mag-asawa at sumulong sa buhay."

Kapag ginawa nila ito, aasam ang kanilang lumalaking pamilya sa mas maaliwalas na hinaharap.

*Simbahan at Pamumuno*

"Bilang matatapat na miyembro ng Simbahan, magbabayad sila ng ikapu at mga handog, at dahil sa kanila, mas lalakas ang Simbahan sa pook kung saan sila nakatira," sabi ni Pangulong Hinckley.[4]

Sa mga lugar kung saan may PEF na nang ilang taon, kasindami ng 10 hanggang 15 porsiyento ng kasalukuyang pamunuan ng Simbahan ang bumubuo sa mga kalahok sa PEF.

"Hinikayat ng mga kalahok ang iba pang kabataan na umutang sa PEF at umahon sa kahirapan," sabi ni Rex Allen. "Pagkaraan ng 10 taon nakikita namin na lumalaki ang pag-asa habang ibinabahagi ng mga napagpala ang mga pagpapala sa iba."

*Mga Epekto sa Buhay ng Marami*

"[Ang PEF] ay magiging pagpapala sa lahat ng buhay na maitataguyod nito—sa mga kabataang lalaki at babae, sa kanilang pamilya sa hinaharap, sa Simbahan na mapagpapala ng kanilang matatag na pamumuno," ipinangako ni Pangulong Hinckley.[5]

Mahigit 47,000 katao na ang lumahok sa PEF mula noong taglagas ng 2001. Hindi pa kasama riyan ang mga kamag-anak na sinusuportahan at binibigyang-inspirasyon ng mga miyembro ng pamilya na lumahok sa PEF, sa mga ward at branch na nakikinabang sa mga miyembrong higit ang kakayahang maglingkod at mag-ambag, at sa ekonomiya ng lugar na nangangailangan ng mga bihasang trabahador upang umunlad.

"Wariin ninyo ang epekto habang iniisip ninyo ang lahat ng apektado," sabi ni Brother Allen. "Umaabot ito sa mga yaong nagbibigay ng donasyon sa PEF—ang mga donor, kanilang mga pamilya, kanilang mga ward at branch—lahat ay pinagpala sa kanilang mga kontribusyon."

"Abot-kamay ng halos lahat ng Banal sa mga Huling Araw ang kakayahang regular na magbigay ng isang bagay sa pondong ito at sa iba pang karapat-dapat na pagsisikap," sabi ni Elder Carmack. "Ang paanyaya ni Pangulong Hinckley ay tumutulong sa mga nag-aambag sa PEF gayundin sa mga [gumagamit nito upang] paunlarin ang kanilang sarili upang higit na mapalapit sa ating Tagapagligtas."

**Patuloy na Pag-unlad**

Ang pangitain ni Pangulong Hinckley bilang propeta tungkol sa Perpetual Education Fund ay nagkatotoo nang lumaganap ang impluwensya ng binigyang-inspirasyong programang ito sa buong mundo, at patuloy itong magkakatotoo habang patuloy na dumarami ang donasyon at nababayaran ang mga utang, na nagtutulot sa bagong henerasyon ng mga kalahok na paunlarin ang kanilang sarili at kanilang sitwasyon.

Para malaman pa ang iba tungkol sa Perpetual Education Fund mangyaring bumisita sa pef.lds.org. ■

**MGA TALA**

1. Gordon B. Hinckley, "Umuunlad ang Simbahan," *Liahona,* Hulyo 2002, 4; *Ensign,* Mayo 2002, 6.
2. Gordon B. Hinckley, *Liahona,* Hulyo 2002, 4; *Ensign,* Mayo 2002, 6.
3. Gordon B. Hinckley, *Liahona,* Hulyo 2002, 4; *Ensign,* Mayo 2002, 6.
4. Gordon B. Hinckley, "Ang Perpetwal na Pondong Pang-edukasyon," *Liahona,* Hulyo 2001, 60; *Ensign,* Mayo 2001, 52.
5. Gordon B. Hinckley, "Ang Perpetwal na Pondong Pang-edukasyon," *Liahona,* Hulyo 2001, 60; *Ensign,* Mayo 2001, 52.

# Panawagang Lumahok sa Survey

Kung nais ninyong makaimpluwensya sa *Liahona* o *Ensign* at sa milyun-milyong nagbabasa ng mga mensahe sa mga magasin, narito ang pagkakataon ninyo. Ang mga magasin ay naghahanap ng mga miyembro sa buong mundo na handang magbigay ng feedback at lumahok sa ilang simpleng online survey bawat taon. Kung gusto ninyong lumahok, mangyaring mag-e-mail sa liahona@ldschurch.org o sa ensign@ldschurch.org at isulat ang "Magazine Evaluation" sa subject line. Ang mga boluntaryo ay kailangang may Internet access at marunong makipag-ugnayan sa Ingles, Portuges, o Espanyol. Ang inyong feedback ay makakatulong sa mga magasin na mas matugunan ang mga pangangailangan ng mga mambabasa sa buong mundo. ■


© IRI

*Ang 400-taong-gulang na King James Version ng Banal na Biblia ay patuloy na umiimpluwensya sa mga miyembro ng Simbahan ngayon.*

# Pinakamainam na Maipagdiriwang ang Ika-400 Anibersaryo sa Higit na Pag-aaral, ang Mungkahi sa mga Salita ng mga Apostol

"Hindi nagkataon lamang na napasaatin ang Biblia ngayon," sabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol.[1] Ipinaliwanag Niya na ang Biblia ay nariyan dahil sa pagsunod ng mga matwid na tao na sumunod sa mga panghihikayat na itala ang mga sagradong karanasan at turo, gayundin ang pananampalataya at katapangan ng iba, pati na mga tagapagsalin, na kalaunan ay malaki ang isinakripisyo upang "pangalagaan at ingatan" ang Biblia.

Sa Mayo 2, 2011, ipagdiriwang ang ika-400 anibersaryo ng unang paglalathala ng King James Version ng Biblia. Sa buong mundo, ginugunita na ng mga tao ang paglalathala ng Biblia sa mga pulong, pagdiriwang, konsiyerto, paligsahan sa pagtatalumpati, at marami pang iba. Nagmungkahi ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ng isa pang paraan para maipagdiwang ang okasyon: sa pagkakaroon ng pagmamahal sa Biblia habang pinag-aaralan natin ang buhay at ministeryo ng Tagapagligtas at sa mga salita ng mga sinaunang propeta at apostol.

"Dapat tayong magpasalamat nang husto para sa Banal na Biblia," sabi ni Elder Ballard. "Mahal ko ang biblia, ang mga turo, aral, at diwa nito. . . . Gustung-gusto ko ang tamang pananaw at kapayapaang nagmumula sa pagbabasa ng Biblia."[2]

Sang-ayon si Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Mahal namin at pinagpipitaganan ang Biblia," wika niya. "Ito ay lagi nang unang tinutukoy sa ating kasulatan, ang ating 'pamantayang mga banal na kasulatan.'"[3] Ipinaalala niya sa atin na ang Panunumbalik ay nangyari dahil pinag-aralan ni Joseph Smith ang Biblia at nanalig siya sa pangakong ginawa sa Santiago 1:5 na sasagutin ng Diyos ang ating mga dalangin.

Sa paggunita sa mga kaganapang nagbigay-daan sa Panunumbalik, nagsalita nang may pasasalamat si Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol para sa lahat ng nagsalin at naglathala ng Biblia. Dahil sa kanilang ginawa, ang King James Version ng Biblia ay mababasa na ng kahit sino—at dahil nabasa ito ni Joseph Smith, naipanumbalik sa lupa ang tunay na Simbahan. "Nakakapagtaka ba na ang King James Version ang inaprubahang Bibliang Ingles ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ngayon?" tanong ni Elder Hales.[4]

"Alalahanin nating lagi ang di-mabilang na mga martir na nakabatid sa kapangyarihan nito at nagbuwis ng kanilang buhay upang makita natin sa mga salita nito ang landas tungo sa walang hanggang kaligayahan at kapayapaan sa kaharian ng ating Ama sa Langit," sabi ni Elder Ballard.[5]

Ibinahagi ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang isang kuwento noong tingnan nila ang napakaluma nang Biblia ng pamilya at makita nila ang isang sipi sa pahina ng pamagat na nagsabing, "Ang pinakamagandang Pagkalimbag ng Biblia ay ang mailimbag ito nang maayos sa puso ng Mambabasa."[6] Sinundan niya ito sa pagbasa ng talatang ito: "Kayo ay ang aming sulat, na nasusulat sa aming mga puso, nakikilala at nababasa ng lahat ng mga tao" (II Mga Taga Corinto 3:2).

Sa pagkaalam at pagmamahal sa Biblia at sa kasama nitong mga teksto sa banal na kasulatan, maipapakita natin ang ating pasasalamat at matatamasa ang mga pagpapala ng Panunumbalik ng ebanghelyo.

"Isipin ang laki ng pagpapalang mapasaatin ang Banal na Biblia at mga 900 karagdagang pahina ng banal na kasulatan," sabi ni Elder D. Todd Christofferson. "Nawa'y patuloy tayong magpakabusog sa mga salita ni Cristo na magsasabi sa atin ng lahat ng bagay na dapat nating gawin."[7] ■


**MGA TALA**

1. M. Russell Ballard, "Ang Himala ng Banal na Biblia," *Liahona* at *Ensign,* Mayo 2007, 80.
2. M. Russell Ballard, *Liahona* at *Ensign,* Mayo 2007, 81.
3. Jeffrey R. Holland, "Ang Aking mga Salita . . . ay Hindi Kailanman Magwawakas," *Liahona* at *Ensign,* Mayo 2008, 92.
4. Robert D. Hales, "Mga Paghahanda para sa Panunumbalik at ang Ikalawang Pagparito: Ang Aking Kamay ay Gagabay sa Iyo," *Liahona* at *Ensign,* Nob. 2005, 90.
5. M. Russell Ballard, *Liahona* at *Ensign,* Mayo 2007, 80.
6. Boyd K. Packer, "Ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo," *Liahona,* Ene. 2002, 73; *Ensign,* Nob. 2001, 63.
7. D. Todd Christofferson, "Ang Pagpapala ng Banal na Kasulatan," *Liahona* at *Ensign,* Mayo 2010, 35.



Paglalarawan ng disenyo ng gusali ng Rome Italy Temple

*"Bawat templo ay bahay ng Diyos, bawat isa sa kanila ay gayundin ang gamit at gayundin ang dulot na mga pagpapala at ordenansa," sabi ni Pangulong Thomas S. Monson sa sesyon sa Linggo ng umaga. "Ang Rome Italy Temple, kaiba sa lahat, ay itinatayo sa pinakamakasaysayang lugar sa mundo, sa lungsod kung saan ang mga sinaunang apostol na sina Pedro at Pablo ay nangaral ng ebanghelyo ni Cristo. . . . Sa mga darating na araw, ang matatapat dito, ang Walang-Hanggang Lungsod, ay tatanggap ng walang-hanggang mga ordenansa sa isang banal na bahay ng Diyos."*



*"Ibinabahagi ko sa inyo ang aking pagmamahal sa Tagapagligtas at sa Kanyang dakilang nagbabayad-salang sakripisyo para sa atin. . . . Naniniwala akong hindi maiisip ng sinuman ang buong kahalagahan ng ginawa ni Cristo para sa atin sa Getsemani, ngunit nagpapasalamat ako araw-araw sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo para sa atin," sabi ni Pangulong Thomas S. Monson sa pagtatapos ng ika-181 Taunang Pangkalahatang Kumperensya. ". . . Nagpasailalim Siya sa lahat ng bagay upang mailigtas Niya ang lahat ng bagay. Sa gayong paraan, binigyan Niya tayo ng buhay pagkatapos ng buhay sa mundong ito. Sinagip Niya tayo mula sa Pagkahulog ni Adan. Sa kaibuturan ng aking kaluluwa nagpapasalamat ako sa Kanya. Itinuro Niya sa atin kung paano mabuhay. Itinuro Niya sa atin kung paano mamatay. Tiniyak Niya ang ating kaligtasan."*

TAGALOG
4 02096 85893 8